

# Liahona

## Mga Mensahe sa Pangkalahatang Kumperensya

**Umabot na sa 15 Milyon ang  
mga Miyembro ng Simbahan**

**Bilang ng mga Full-time  
Missionary Ngayon ay  
Mahigit na sa 80,000**





SA KAGANDAHANG-LOOB NG CHURCH HISTORY MUSEUM

### Balsamo sa Galaad, ni Annie Henrie

*“Wala bagang balsamo sa Galaad?” (Jeremias 8:22) . . . Pagmamahal ang balsamo na nagpapagaling sa kaluluwa. . . [Ang] Anak, maging ang Panginoong Jesucristo, ay nag-alay ng Kanyang buhay upang tayo ay magkaroon ng buhay na walang hanggan, ganoon na lamang ang pagmamahal Niya sa Kanyang Ama at sa atin” (Thomas S. Monson, “A Doorway Called Love,” Ensign, Nob. 1987, 66).*

## SESYON SA SABADO NG UMAGA

- 4 Pagbati sa Kumperensya  
*Pangulong Thomas S. Monson*
- 6 Pangkalahatang Kumperensya:  
Nagpapalakas ng  
Pananampalataya at Patotoo  
*Elder Robert D. Hales*
- 9 Maging Maamo at May  
Mapagpakumbabang Puso  
*Elder Ulisses Soares*
- 12 Alam Ba Natin Kung Ano ang  
Mayroon Tayo?  
*Carole M. Stephens*
- 15 Tumingin sa Hinaharap at Maniwala  
*Elder Edward Dube*
- 17 Mga Dungawan sa Langit  
*Elder David A. Bednar*
- 21 Halina, Sumama sa Amin  
*Pangulong Dieter F. Uchtdorf*

## SESYON SA SABADO NG HAPON

- 25 Ang Pagsang-ayon sa mga Pinuno  
ng Simbahan  
*Pangulong Henry B. Eyring*
- 26 Ang Susi sa Espirituwal na  
Proteksyon  
*Pangulong Boyd K. Packer*
- 29 Ang Mabuting Impluwensya  
ng Kababaihan  
*Elder D. Todd Christofferson*
- 33 Pagpapabilis sa Plano ng  
Panginoon!  
*Elder S. Gifford Nielsen*
- 35 Maliliit at mga Karaniwang Bagay  
*Elder Arnulfo Valenzuela*
- 37 Ibig Mo Bagang Gumaling?  
*Elder Timothy J. Dyches*
- 40 Parang Basag na Sisidlan  
*Elder Jeffrey R. Holland*
- 43 Magtiwala Kayo sa Panginoon  
*Elder M. Russell Ballard*

## SESYON SA PRIESTHOOD

- 46 Ang mga Doktrina at Alituntuning  
Nasa mga Saligan ng  
Pananampalataya  
*Elder L. Tom Perry*
- 49 Hindi na Kayo mga Taga Ibang  
Bayan  
*Bishop Gérald Caussé*
- 52 Tinawag Niya upang Ipahayag  
ang Kanyang Salita  
*Elder Randy D. Funk*

- 55 Magagawa Na Ninyo Iyan  
Ngayon!  
*Pangulong Dieter F. Uchtdorf*
- 58 Talian ang Kanilang mga Sugat  
*Pangulong Henry B. Eyring*
- 61 Mga Tunay na Pastol  
*Pangulong Thomas S. Monson*

## SESYON SA LINGGO NG UMAGA

- 69 Sa Aking mga Apo  
*Pangulong Henry B. Eyring*
- 72 Walang Ibang mga Diyos  
*Elder Dallin H. Oaks*
- 76 Magbalik-loob Kayo  
*Bonnie L. Oscarson*
- 79 Lakas na Magtiis Hanggang Wakas  
*Elder Richard J. Maynes*
- 82 Sariling Lakas sa Pamamagitan  
ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo  
*Elder Richard G. Scott*
- 85 “Hindi Kita liwan ni Pababaya’an”  
*Pangulong Thomas S. Monson*

## SESYON SA LINGGO NG HAPON

- 88 Mga Panaghoy ni Jeremias:  
Mag-ingat sa Pagkaalipin  
*Elder Quentin L. Cook*
- 92 Kapangyarihan sa Priesthood  
*Elder Neil L. Andersen*
- 96 Pagtuturo nang may Kapangyarihan  
at Awtoridad ng Diyos  
*David M. McConkie*
- 99 Patuloy na Humawak nang Mahigpit  
*Elder Kevin S. Hamilton*
- 102 Tumingala  
*Elder Adrián Ochoa*
- 104 Pagiging Mas Malapit sa Diyos  
*Elder Terence M. Vinson*
- 106 Mga Pagpapasiya para sa  
Kawalang-Hanggan  
*Elder Russell M. Nelson*
- 110 Hanggang sa Muli Nating Pagkikita  
*Pangulong Thomas S. Monson*

## PANGKALAHATANG PULONG NG RELIEF SOCIETY

- 111 Ang Kapangyarihan, Galak, at  
Pagmamahal sa Pagtupad ng Tipan  
*Linda K. Burton*
- 115 May Malaking Dahilan Tayo para  
Magalak  
*Carole M. Stephens*
- 118 Kamtin ang mga Pagpapala  
ng Inyong mga Tipan  
*Linda S. Reeves*
- 121 Hindi Tayo Kailanman Nag-iisa  
*Pangulong Thomas S. Monson*
- 64 Mga General Authority ng Ang  
Simbahan ni Jesucristo ng mga  
Banal sa mga Huling Araw
- 124 Mga General Auxiliary Presidency
- 125 Indeks ng mga Kuwento sa  
Kumperensya
- 126 Mga Balita sa Simbahan



# Buod para sa Ika-183 Ikalawang Taunang Pangkalahatang Kumperensya

## SABADO NG UMAGA, OKTUBRE 5, 2013, PANGKALAHATANG SESYON

Namumuno: Pangulong Thomas S. Monson. Nangangasiwa: Pangulong Henry B. Eyring. Pambungad na Panalangin: Elder Kent F. Richards. Pangwakas na Panalangin: Matthew O. Richardson. Musika ng Tabernacle Choir; Mack Wilberg at Ryan Murphy, mga tagakumpas; Andrew Unsworth at Clay Christiansen, mga organista: “Dakila’t Sadyang Kahanga-hanga,” *Mga Himno*, blg. 168; “Tayo’y Magalak,” *Mga Himno*, blg. 3; “Israel, Diyos ay Tumatawag,” *Mga Himno*, blg. 6, isinaayos ni Wilberg, hindi inilathala; “May Liwanag sa ‘King Kaluluwa,” *Mga Himno*, blg. 141; “Mga Kautusan sa Tuwina ay Sundin,” *aklat ng mga Awit Pambata*, 68, isinaayos ni Murphy, hindi inilathala; “Come, Ye Thankful People,” *Hymns*, blg. 94, isinaayos ni Wilberg, inilathala ng Oxford.

## SABADO NG HAPON, OKTUBRE 5, 2013, PANGKALAHATANG SESYON

Namumuno: Pangulong Thomas S. Monson. Nangangasiwa: Pangulong Dieter F. Uchtdorf. Pambungad na Panalangin: Elder Paul V. Johnson. Pangwakas na Panalangin: Carol F. McConkie. Musika ng isang koro ng mga pamilya mula sa Roy, Kaneshville, Hooper, at West Haven, Utah; Jane Fjeldsted, tagakumpas; Linda Margetts, organista: “On This Day of Joy and Gladness,” *Hymns*, blg. 64, isinaayos ni Fjeldsted/Margetts, hindi inilathala; “I Know That My Savior Loves Me,” 2010 Children’s Sacrament Meeting Presentation, nina Bell at Creamer, isinaayos ni Fjeldsted/Margetts, hindi inilathala; “Magpunyagi, Mga Banal,” *Mga Himno*, blg. 43; “Pag-ibig sa Tahanan,” *Mga Himno*, blg. 183, isinaayos ni Fjeldsted/Margetts, hindi inilathala.

## SABADO NG GABI, OKTUBRE 5, 2013, SESYON NG PRIESTHOOD

Namumuno: Pangulong Thomas S. Monson. Nangangasiwa: Pangulong Henry B. Eyring. Pambungad na Panalangin: Elder Paul E. Koelliker. Pangwakas na Panalangin: Elder Walter F. González. Musika ng isang Aaronic Priesthood choir mula sa mga stake sa Murray, Utah; Kelly DeHaan, tagakumpas; Richard Elliott, organista: “Sing Praise to Him,” *Hymns*, blg. 70, isinaayos ni Kempton, di inilathala; “Like Ten Thousand Legions Marching,” *Hymns*, blg. 253, isinaayos ni Elliott, hindi inilathala; “Gawin ang Tama,” *Mga Himno*, blg. 144; “Diyos ay Lubhang Makapangyarihan,” *Mga Himno*, blg. 40, isinaayos ni Huff, hindi inilathala.

## LINGGO NG UMAGA, OKTUBRE 6, 2013, PANGKALAHATANG SESYON

Namumuno: Pangulong Thomas S. Monson. Nangangasiwa: Pangulong Dieter F. Uchtdorf. Pambungad na Panalangin: Cheryl A. Esplin. Pangwakas na Panalangin: Elder Francisco J. Viñas. Musika ng Tabernacle Choir; Mack Wilberg, tagakumpas; Clay Christiansen at Richard Elliott, mga organista: “O Kaylugod na Gawain,” *Mga Himno*, blg. 89; “Panginoo’y Hari!” *Mga Himno*, blg. 33; “Guro, Bagyo’y Nagngangalit,” *Mga Himno*, blg. 60, isinaayos ni Wilberg, hindi inilathala; “Lakas Mo ay Idagdag,” *Mga Himno*, blg. 154; “O Divine Redeemer,” ni Gounod; “Salamat, O Diyos, sa Aming Propeta,” *Mga Himno*, blg. 15, isinaayos ni Wilberg, hindi inilathala.

## LINGGO NG HAPON, OKTUBRE 6, 2013, PANGKALAHATANG SESYON

Namumuno: Pangulong Thomas S. Monson. Nangangasiwa: Pangulong Henry B. Eyring. Pambungad na Panalangin: David L. Beck. Pangwakas na Panalangin: Elder Claudio R. M. Costa. Musika ng Tabernacle Choir; Mack Wilberg at Ryan Murphy, mga tagakumpas; Bonnie Goodliffe, organista: “They, the Builders of the Nation,” *Hymns*, blg. 36, isinaayos ni Wilberg, inilathala ng Jackman; “Sa Kanyang Pagbabalik,” *Aklat ng mga Awit Pambata*, 46–47, isinaayos ni Murphy, di inilathala; “Tinawag Upang sa Diyos Maglingkod,” *Mga Himno*, blg. 151; “Manatili sa ‘King Tabi,” *Mga Himno*, blg. 96, isinaayos ni Wilberg, hindi inilathala.

## SABADO NG GABI, SETYEMBRE 29, 2013, PANGKALAHATANG PULONG NG RELIEF SOCIETY

Namumuno: Pangulong Thomas S. Monson. Nangangasiwa: Linda K. Burton. Pambungad na Panalangin: Laraine Swenson. Pangwakas na Panalangin: Ana De Agostini. Musika ng isang Relief Society choir mula sa Provo Missionary Training Center; Emily Wadley, tagakumpas; Bonnie Goodliffe, organista: “Manunubos ng Israel,” *Mga Himno*, blg. 5; “May Pananampalatayang Sumulong,” *Mga Himno*, blg. 163; “Bilang mga Magkakapatid sa Sion,” *Mga Himno*, blg. 197, isinaayos ni Sally DeFord, hindi inilathala; “Tutungo Ako Saanman,” *Mga Himno*, blg. 171, ang descant ay isinaayos ni Wadley, hindi inilathala; “Kabanalang Lalo, Aking Kahilingan,” *Mga Himno*, blg. 80, isinaayos ni Lyon, inilathala ng Jackman.

## MAKUKUHANG MGA MENSAHE SA KUMPERENSYA

Para ma-access ang mga mensahe sa pangkalahatang kumperensya sa Internet sa maraming wika, bisitahin ang [conference.lds.org](http://conference.lds.org). Pagkatapos ay pumili ng wika. Karaniwan sa loob ng dalawang buwan pagkatapos ng kumperensya, mayroon na ring mga audio recording sa mga distribution center.

## MGA MENSAHE SA HOME AT VISITING TEACHING

Para sa mga mensahe sa home at visiting teaching, pumili ng isang mensaheng lubos na tutugon sa mga pangangailangan ng mga binibisita ninyo.


## SA PABALAT

Harap: Larawang kuha ni Cody Bell.

Likod: Larawang kuha ni Cody Bell.

## MGA RETRATONG KINUNAN SA KUMPERENSYA

Ang mga tagpo ng pangkalahatang kumperensya sa Salt Lake City ay kinunan nina Welden C. Andersen, Cody Bell, Randy Collier, Weston Colton, Scott Davis, Craig Dimond, Lloyd Eldredge, Collin King, John Luke, Leslie Nilsson, Matthew Reier, Christina Smith, at Byron Warner; sa Arraiján, Panama, ay kinunan ni Josué Peña; sa Brasília, Brazil, ay kinunan ni Tomé Siqueira; sa Cavite, Philippines, ay kinunan ni Danilo Soleta; sa Colleyville, Texas, USA, ay kinunan ni Mark Mabry; sa Foz do Iguaçu, Brazil, ay kinunan ni Lincoln Parmezan de Melo; sa Guatemala City, Guatemala, ay kinunan ni Don Searle; sa Lima, Peru, ay kinunan ni Stephanie Navarette; sa London, England, ay kinunan ni Preston Judy; sa Lyon, France, ay kinunan ni Carolyn Carter; sa Panama City, Panama, ay kinunan ni Josué Peña; sa Rome, Italy, ay kinunan ni Massimo Criscione; at sa Santiago, Chile, ay kinunan ni Cristian F. Castro Marin.



**NOBYEMBRE 2013 TOMO 16 BLG. 11  
LIAHONA 10791 893**

Internasyonal na magasin ng Ang Simbahan ni Jesucristo  
ng mga Banal sa mga Huling Araw na inilimbag sa Tagalog

**Ang Unang Panguluhan:** Thomas S. Monson,  
Henry B. Eyring, Dieter F. Uchtdorf

**Ang Korum ng Labindalawang Apostol:**

Boyd K. Packer, L. Tom Perry, Russell M. Nelson,  
Dallin H. Oaks, M. Russell Ballard, Richard G. Scott,  
Robert D. Hales, Jeffrey R. Holland, David A. Bednar,  
Quentin L. Cook, D. Todd Christofferson, Neil L. Andersen

**Patnugot:** Craig A. Cardon

**Mga Tagapayo:** Mervyn B. Arnold, Shayne M. Bowen,  
Stanley G. Ellis, Christoffel Golden Jr.

**Namamahalang Direktor:** David T. Warner

**Direktor ng Operations:** Vincent A. Vaughn

**Direktor ng mga Magasin ng Simbahan:**

Allan R. Loyborg

**Business Manager:** Garff Cannon

**Namamahalang Patnugot:** R. Val Johnson

**Assistant na Namamahalang Patnugot:**

Ryan Carr, LaRene Porter Gaunt

**Writing and Editing Team:** Susan Barrett, Brittany Beattie,  
David Dickson, David A. Edwards, Matthew D. Flitton, Mindy  
Raye Friedman, Lori Fuller, Garrett H. Garff, Jennifer Grace Jones,  
Michael R. Morris, Sally Johnson Odekirk, Joshua J. Perkey,  
Jan Pinborough, Richard M. Romney, Paul VanDenBerghe,  
Marissa Widdison

**Namamahalang Direktor sa Sining:** J. Scott Knudsen

**Direktor sa Sining:** Tadd R. Peterson

**Disenyo:** Jeanette Andrews, Fay P. Andrus, C. Kimball Bott,  
Tom Child, Nate Gines, Colleen Hinckley, Eric P. Johnsen,  
Susan Lofgren, Scott M. Mooy, Mark W. Robison, Brad Teare,  
K. Nicole Walkenhorst

**Intellectual Property Coordinator:**

Collette Nebeker Aune

**Tagapamahala sa Produksyon:** Jane Ann Peters

**Production Team:** Kevin C. Banks, Connie Bowthorpe Bridge,  
Julie Burdett, Bryan W. Gygi, Denise Kirby, Ginny J. Nilson,  
Gayle Tate Rafferty

**Bago Ilimbag:** Jeff L. Martin

**Direktor sa Paglilimbag:** Craig K. Sedgwick

**Direktor sa Pamamahagi:** Stephen R. Christiansen

**Pagsasalín:** Maria Paz San Juan

Ipadala ang mga suskrisyon at mga katanungan sa Manila  
Distribution Center, at ang mga balita para sa Dateline  
Philippines sa Liahona sa Area News Editorial Committee,  
Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling  
Araw, Temple Drive, Greenmeadows Subdivision, Quezon  
City 1110, Metro Manila, Pilipinas o sa PO Box 1505, Ortigas  
Center, Emerald Avenue, Pasig 1600, Metro Manila, Pilipinas.  
Numero ng telepono 635-9183. Halaga ng suskrisyon sa  
Pilipinas, P86.40 bawat taon; P4.00 bawat sipi, mailban sa  
mga natatanging labas.

**Ipadala ang mga manuskrito at tanong** online sa  
liahona.lds.org; sa pamamagitan ng koreo sa Liahona, Rm. 2420,  
50 E. North Temple St., Salt Lake City, UT 84150-0024, USA;  
o mag-e-mail sa: liahona@ldschurch.org

Ang Liahona (salitang galing sa Aklat ni Mormon na ibig sabihin  
ay "kompas" o "panuro ng direksyon") ay inilalathala sa  
wikang Albanian, Armenian, Bislama, Bulgarian, Cambodian,  
Cebuano, Chinese, Chinese (pinasimple), Croatian, Czech,  
Danish, Dutch, Espanyol, Estonian, Fijian, Finnish, German,  
Griego, Hapon, Hungarian, Icelandic, Indonesian, Ingles, Italyano,  
Kiribati, Koreano, Latvian, Lithuanian, Malagasy, Marshalese,  
Mongolian, Norwegian, Polish, Portuges, Pranses, Romanian,  
Russian, Samoan, Slovenian, Swedish, Swahili, Tagalog, Tahitian,  
Thai, Tongan, Ukrainian, Urdu, at Vietnamese. (Ang dalas ng  
paglalathala ay nagkakaiba ayon sa wika.)

© 2013 ng Intellectual Reserve, Inc. Lahat ng karapatan ay  
nakalaan. Inilimbag sa Estados Unidos ng Amerika.

Maaaring kopyahin ang teksto at mga larawan sa Liahona para  
sa angkop, di pangkalakal na gamit sa simbahan o tahanan.  
Hindi maaaring kopyahin ang mga larawan kung may nakasaad  
na mga pagbabawal sa credit line sa gawang-sining. Dapat  
ipadala ang mga tanong sa Intellectual Property Office,  
50 East North Temple Street, Salt Lake City, UT 84150, USA;  
e-mail: cor-intellectualproperty@ldschurch.org.

**For Readers in the United States and Canada:**

November 2013 Vol. 16 No. 11. LIAHONA (USPS 311-480)  
Tagalog (ISSN 1096-5165) is published monthly by The Church  
of Jesus Christ of Latter-day Saints, 50 East North Temple, Salt  
Lake City, UT 84150. USA subscription price is \$10.00 per year;  
Canada, \$12.00 plus applicable taxes. Periodicals Postage Paid  
at Salt Lake City, Utah. Sixty days' notice required for change of  
address. Include address label from a recent issue; old and new  
address must be included. Send USA and Canadian subscriptions  
to Salt Lake Distribution Center at address below. Subscription  
help line: 1-800-537-5971. Credit card orders (Visa, MasterCard,  
American Express) may be taken by phone or at store.lds.org.  
(Canada Poste Information: Publication Agreement #40017431)

POSTMASTER: Send all UAA to CFS (see DMM 707.4.12.5).  
NONPOSTAL AND MILITARY FACILITIES: Send address changes  
to Distribution Services, Church Magazines, P.O. Box 26368,  
Salt Lake City, UT 84126-0368, USA.



**INDEX NG MGA  
TAGAPAGSALITA**

Andersen, Neil L., 92  
Ballard, M. Russell, 43  
Bednar, David A., 17  
Burton, Linda K., 111  
Caussé, Gérald, 49  
Christofferson, D. Todd, 29  
Cook, Quentin L., 88  
Dube, Edward, 15  
Dyches, Timothy J., 37  
Eyring, Henry B., 25, 58, 69  
Funk, Randy D., 52  
Hales, Robert D., 6  
Hamilton, Kevin S., 99  
Holland, Jeffrey R., 40  
Maynes, Richard J., 79  
McConkie, David M., 96  
Monson, Thomas S., 4, 61,  
85, 110, 121  
Nelson, Russell M., 106  
Nielsen, S. Gifford, 33  
Oaks, Dallin H., 72  
Ochoa, Adrián, 102  
Oscarson, Bonnie L., 76  
Packer, Boyd K., 26  
Perry, L. Tom, 46  
Reeves, Linda S., 118  
Scott, Richard G., 82  
Soares, Ulisses, 9  
Stephens, Carole M., 12, 115  
Uchtdorf, Dieter F., 21, 55  
Valenzuela, Arnulfo, 35  
Vinson, Terence M., 104

**INDEKS NG MGA PAKSA**

Aklat ni Mormon, 82  
Ama sa Langit, 69  
Awa, Habag, 40  
Banal na Kasulatan, 26  
Basbas, pagpapala, 17  
Depresyon, 40  
Espiritu Santo, 96  
Fellowshipping, 21, 49  
Gawaing misyonero, 4, 33,  
35, 43, 52  
Himala, mga, 43  
Home teaching, 61  
Huling araw, mga, 26  
Ikapu, 17  
Inspirasyon, 6, 58  
Jesucristo, 9, 15, 37, 82, 102,  
111  
Joseph Smith, 96, 102  
Kaamuan, 9  
Kababaihan, 29  
Kabutihán, 79  
Kalayaan, 106  
Kalayaan sa relihiyon, 88  
Kaligayahan, 69, 85  
Kalinisang-Puri, 29, 72  
Kapangyarihan, 92, 96  
Kapatawaran, 37  
Kapayapaan, 26  
Kasal, pag-aasawa, 69, 72,  
106  
Katawang mortal, 106  
Kautusan, mga, 72  
Media, 102  
Mga Saligan ng Pananampa-  
lataya, 46  
Missionary, mga, 33  
miting sa Simbahan, mga,  
15, 99  
Ordenansa, mga, 92, 115  
Pag-aaral ng banal na kasu-  
latan, 46, 96, 121  
Pagbabalik-loob, 76

Pagbabayad-sala ni  
Jesucristo, 52, 55, 69,  
82, 118  
Paggaling, 37  
Paghahanda, 102  
Paghihirap, 40, 55, 79, 85,  
104, 118, 121  
Pag-ibig sa Kapwa-Tao, 58  
Pagiging ina, 29, 72  
Pagiging kabilang, 21  
Pagkaalipin, 88  
Pagkakaisa, 15, 49  
paglago ng Simbahan, 4  
Paglilingkod, 12, 58, 61, 82,  
96, 111  
Pagmamahal, 12, 35, 43, 49,  
69, 104, 111, 121  
Pagpapaaktibo, 12, 21, 35  
Pagsisisi, 26, 52, 55, 82, 118  
Pagsupil sa sarili, 9  
Pagtitiis, 40, 79, 85, 99  
Pagtuturo, 96  
Pamilya, 29, 69, 72, 88, 106  
Panalangin, 121  
Panampalataya, 15, 21,  
43, 104  
Pangkalahatang kumperen-  
sya, 6, 110  
Pasasalamat, 85  
Patotoo, 76, 79, 102  
pinuno ng Simbahan, mga,  
25  
Plano ng kaligtasan, 72  
Priesthood, 46, 58, 92, 115  
Propeta, mga, 6  
Sabbath, 99  
Sakramento, 99, 118  
Sakripisyo, 76  
Sambahayan ni Israel, 88  
Templo, mga, 17, 115, 118  
Tipan, mga, 12, 82, 99, 111,  
115, 118  
Tungkulin sa Simbahan,  
mga, 15, 69



Ni Pangulong Thomas S. Monson

## Pagbati sa Kumperensya

*Dalangin ko na mapuspos tayo ng Espiritu ng Panginoon habang tayo ay nakikinig at natututo.*

**K**alugud-lugod, mga kapatid ko, na magkakasama tayong muli. Mahigit 183 taon na simula nang iorganisa ang Simbahan sa pamamagitan ni Propetang Joseph Smith, sa patnubay ng Panginoon. Sa pulong na iyon noong Abril 6, 1830, anim na miyembro ng Simbahan ang naroon.<sup>1</sup>

Masaya kong ibinabalita sa inyo na noong nakaraang dalawang linggo, ang bilang ng mga miyembro ng Simbahan ay 15 milyon na. Ang Simbahan ay patuloy na lumalago at binabago nito ang mas marami pang mga buhay sa bawat taon. Ito ay lumalaganap sa buong mundo habang hinahanap ng ating mga missionary ang mga taong naghahanap ng katotohanan.

Mahigit isang taon pa lang nang ibalita ko ang pagbaba ng edad ng paglilingkod ng mga missionary. Simula noon, ang bilang ng mga full-time missionary na nasa 58,500 noong Oktubre 2012 ay nasa 80,333 na ngayon. Lubos na kahanga-hanga at nagbibigay-inspirasyon ang tugon na nasaksihan natin!

Ang mga banal na kasulatan ay walang nilalamang pahayag na mas

mahalaga, responsibilidad na mas kailangang gawin, tagubiling mas tahasan kaysa sa utos ng nabuhay na mag-uling Panginoon nang magpakita Siya sa Galilea sa labing-isang disipulo. Sabi Niya, “Dahil dito magsiyaon nga kayo, at gawin ninyong mga alagad ang lahat ng mga bansa, na sila’y inyong bautismuhan sa pangalan ng Ama at ng Anak at ng Espiritu Santo.”<sup>2</sup> Tulad ng pahayag ni Propetang Joseph Smith, “Matapos masabi ang lahat, ang pinakadakila at pinakama-halagang tungkulin ay ipangaral ang Ebanghelyo.”<sup>3</sup> Maaalala pa ng ilan sa inyo na narito ngayon ang mga salita ni Pangulong David O. McKay, na binanggit ang pamilyar na katagang “Bawat miyembro ay misyonero!”<sup>4</sup>

Magdaragdag ako sa sinabi nila. Panahon na para ang mga miyembro at missionary ay magsama-sama, magtulungan, magsigawa sa ubasan ng Panginoon upang magdala ng mga kaluluwa sa Kanya. Naghanda Siya ng maraming paraan para maibahagi natin ang ebanghelyo, at tutulungan Niya tayo sa ating mga pagsisikap kung gagawin natin nang



may pananampalataya ang Kanyang gawain.

Para mapanatili ang pagdagdag ng bilang ng mga missionary, hiniling ko sa ating mga miyembro noon na magambag, sa abot-kaya nila, sa kanilang ward missionary fund o sa General Missionary Fund ng Simbahan. Ang tugon sa kahilingang iyan ay nakalulugod at nakatulong sa pagsuporta sa



libu-libong missionary na walang kaka-yahang suportahan ang kanilang sarili. Salamat sa inyong bukas-palad na mga kontribusyon. Patuloy ang pangangailangan ng tulong, upang patuloy nating matulungan ang mga taong matindi ang hangaring maglingkod, ngunit walang sapat na pantustos para dito.

Narito tayo ngayon, mga kapatid, upang matagubilinan at mabigyan ng

inspirasyon. Maraming mensahe, na tatalakay sa iba't ibang paksa sa ebanghelyo, ang ibibigay sa susunod na dalawang araw. Ang mga kalalakihan at kababaihang magsasalita sa inyo ay naghangad ng tulong ng langit hinggil sa mga mensaheng kanilang ibibigay.

Dalangin ko na mapuspos tayo ng Espiritu ng Panginoon habang tayo ay nakikinig at natututo. Sa pangalan ng

ating Tagapagligtas na si Jesucristo, amen. ■

#### **MGA TALA**

1. Bagamat ilang dosenang tao lamang ang naroon noong araw na iorganisa ang Simbahan, anim ang opisyal na nakalista bilang mga miyembrong nag-organisa nito.
2. Mateo 28:19.
3. *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Joseph Smith* (2007), 386.
4. David O. McKay, sa Conference Report, Abr. 1959, 122.



**Ni Elder Robert D. Hales**  
Ng Korum ng Labindalawang Apostol

# Pangkalahatang Kumperensya: Nagpapalakas ng Pananampalataya at Patotoo

*Ah, talagang kailangan natin ang pangkalahatang kumperensya! Sa mga kumperensya ang ating pananampalataya ay tumatag at ang ating patotoo ay lumalalim.*

Salamat po, Pangulong Monson, sa iyong pagtuturo at halimbawa ng paglilingkod na tulad ni Cristo at sa utos ninyo na kaming lahat ay maging mga missionary. Ipinagdarasal ka namin sa tuwina.

Sa ating dispensasyon, ang Tagapagligtas na si Jesucristo ay nagsabi na ang pagtitipon ng mga Banal ay “*aking pangkalahatang kumperensya*.”<sup>1</sup>

Saan man tayo naroroon sa mundong ito, paano man natin nangatanggap ang mga kaganapang ito, nagpatotoo ako na natitipon tayo sa *Kanyang* pagpupulong. Nagpatotoo rin ako na maririnig natin ang *Kanyang* salita, sapagkat sinabi Niya, “Maging sa pamamagitan ng sarili kong tinig o sa tinig man ng aking mga tagapaglingkod, ito ay iisa.”<sup>2</sup>

Ang mga kumperensya ay bahagi na noon pa man ng totoong Simbahan ni Jesucristo. Tinipon ni Adan ang kanyang mga inapo at nagproposiya hinggil sa mga bagay na darating. Tinipon ni Moises ang mga anak ni Israel at itinuro sa kanila ang mga kautusan na natanggap niya. Ang Tagapagligtas ay nagturo sa mga taong nagtipon kapwa sa Banal na Lupain at sa kontinente ng Amerika. Tinipon ni Pedro ang mga naniniwala sa Jerusalem. Ang unang pangkalahatang kumperensya sa mga huling araw ay idinaos dalawang buwan pagkatapos maorganisa ang Simbahan at nagpapatuloy ito hanggang sa araw na ito.

Ang mga kumperensyang ito ay palaging ayon sa patnubay ng Panginoon, sa paggabay ng *Kanyang* Espiritu.<sup>3</sup> Hindi kami binibigyan ng

partikular na mga paksa. Sa paglipas ng mga linggo at buwan, kadalasan hindi makatulog sa gabi, hinihintay namin ang Panginoon. Sa pag-aayuno, panalangin, pag-aaral, at pagninilay, nalalaman namin ang mensaheng nais *Niyang* ibigay namin.

Maaaring naitatanong ng ilan, “Bakit hindi mas madali at mabilis ang pagdating ng inspirasyon?” Itinuro ng Panginoon kay Oliver Cowdery, “Kailangan mong pag-aralan ito sa iyong isipan; pagkatapos kailangang itanong mo sa akin kung ito ay tama.”<sup>4</sup> Ang mga mensahe sa kumperensya ay napapasaamin matapos ang mapanalangin paghahanda, sa pamamagitan ng Espiritu Santo.

Ang prinsipyong ito ay totoo sa lahat ng miyembro ng Simbahan habang nakikilahok tayo sa ward, stake, at mga pangkalahatang kumperensya. Pinag-aaralan natin sa ating isipan ang kailangan natin at hangad mula sa Ama sa Langit, at nananalangin tayo na maunawaan at maipamuhay ang itinuturo sa atin. Sa pagsapit ng kumperensya, isinasakripisyo natin ang iba pang mga aktibidad, “isinasantabi muna ang mga bagay ng daigdig na ito, [upang] hangarin ang mga bagay na mas mabuti.”<sup>5</sup> At tinitipon natin ang ating pamilya para pakinggan ang salita ng Panginoon, gaya ng mga tao noon ni Haring Benjamin.<sup>6</sup>

Ibig ng mga bata at kabataan na kabilang sila. Malaking pagkakamali kung inaakala natin na ang kumperensya ay lampas sa kayang unawain ng kailang kaisipan at madama ng kanilang espiritu. Sa mga batang miyembro ng Simbahan, nangangako ako na kung makikinig kayo, madarama ninyo ang Espiritu na nag-uumapaw sa inyong kalooban. Sasabihin ng Panginoon sa inyo ang nais *Niyang* gawin ninyo.

Sa mga kumperensya matatanggap natin ang salita ng Panginoon na nakalaan para sa atin. Isang miyembro ang nagpatotoo: “Habang nakikinig po ako sa inyong mensahe, namangha po ako. . . . Ang inyong mensahe ay personal na paghahayag na direktang mula sa Panginoon para sa aking pamilya. Sa mga sandaling iyon na direktang nangusap sa akin ang Espiritu



Santo noon ko lang nadama nang gayon kalakas ang pagpapamalas ng Espiritu sa aking buhay.”

Sinabi ng isa pa, “Hindi ko kailanman nadama nang ganoon kataimtim na ang isang mensahe ay ibinibigay sa akin.”

Posible ito dahil ang Espiritu Santo ang naghahatid ng salita ng Panginoon sa ating puso sa paraan na mauunawaan natin.<sup>7</sup> Kapag nagsusulat ako ng mga tala sa kumperensya, hindi ko palaging naisusulat nang eksakto ang sinasabi ng tagapagsalita; ang isinusulat ko ay ang personal na direksyon na ibinibigay sa akin ng Espiritu.

Ang *sinasabi* ay hindi kasing-halaga ng *naririnig* at *nadarama* natin.<sup>8</sup> Iyan ang dahilan kaya sinisikap nating damhin ang kumperensya sa isang kapaligiran kung saan ang munting banyagad na tinig ng Espiritu ay malinaw na maririnig, madarama, at mauunawaan.

Ah, talagang kailangan natin ang pangkalahatang kumperensya! Sa mga kumperensya ang ating pananampalataya ay tumatag at ang ating patotoo ay lumalalim. At kapag nagbagong-loob tayo, pinalalakas natin ang isa’t isa upang matatag na makatayo sa gitna ng nag-aapoy na mga sibot ng mga huling araw na ito.<sup>9</sup>

Sa nakaraang ilang dekada hindi ipinadanas sa Simbahan ang maling pagkaunawa ng mga tao rito at pang-uusig na naranasan ng mga Banal noong una. Hindi palaging gayon ang mangyayari. Ang mundo ay mas mabilis na lumalayo sa Panginoon higit kailanman. Ang kaaway ay pinakawalan sa lupa. Ating pinanonood, pinakikinggan, binabasa, pinag-aaralan, at ibinabahagi ang mga salita ng mga propeta upang mabigyang babala at maprotektahan tayo. Halimbawa, “Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo” ay ibinigay bago pa man natin maranasan ang mga hamon na kinakaharap ngayon ng pamilya. “Ang Buhay na Cristo: Ang Patotoo ng mga Apostol” ay inihanda noon pa bago pa natin ito kinailangang mabuti.

Maaaring hindi natin alam ang lahat ng dahilan kung bakit ang mga propeta at tagapagsalita sa kumperensya ay nakatuon sa partikular na mga



paksa, ngunit alam ito ng Panginoon. Itinuro ni Pangulong Harold B. Lee: “Ang tanging kaligtasan natin ngayon bilang mga miyembro ng simbahang ito ay . . . makinig sa mga salita at kautusan na ibibigay ng Panginoon sa Kanyang propeta. . . May ilang bagay na mangangailangan ng pagtitiis at pananampalataya. Maaaring hindi ninyo magustuhan ang nagmumula sa awtoridad ng Simbahan. Maaaring salungat ito sa [sarili ninyong] pananaw. Maaaring salungat ito sa pananaw ninyo sa lipunan. Maaaring humadlang ito sa inyong pakikisalamuha. Ngunit kung pakikinggan ninyo ang mga bagay na ito, na tila nagmula mismo sa bibig ng Panginoon, nang may pagtitiis at pananampalataya, ang pangako ay na ‘ang pintuan ng impiyerno ay hindi mananaig laban sa inyo; . . . at itataboy ng Panginoong Diyos ang mga kapangyarihan ng kadiliman mula sa harapan ninyo, at payayanigin ang kalangitan para sa inyong ikabubuti, at sa ikaluluwalhati ng kanyang pangalan’ (D at T 21:6).”<sup>10</sup>

Paano nalaman ni Pangulong Lee ang makakaharap natin sa ating panahon? Nalaman niya dahil siya ay isang propeta, tagakita, at tagapaghayag. At kung pakikinggan at susundin natin ang mga propeta ngayon, pati na ang mga magsasalita sa kumperensyang ito, tayo ay lalakas at maprotektahan.

Ang pinakamalaking mga pagpapala ng pangkalahatang kumperensya ay dumarating sa atin pagkatapos ng

kumperensya. Alalahanin ang huwaran na madalas na nakatala sa banal na kasulatan: nagtitipon tayo para pakinggan ang mga salita ng Panginoon, at bumabalik tayo sa ating mga tahanan upang ipamuhay ang mga ito.

Matapos turuan ni Haring Benjamin ang kanyang mga tao, “pinauwi na niya ang maraming tao, at sila ay nagsiuwi, bawat isa, alinsunod sa kanilang mga mag-anak, sa kani-kanilang tahanan.”<sup>11</sup> Noong kanyang kapanahunan, gayundin ang ginawa ni Haring Limhi.<sup>12</sup> Pagkatapos turuan at paglingkuran ang mga tao na nasa templo sa lupaing Masagana, sinabihan ng Tagapagligtas ang mga tao na, “Magsiuwi kayo sa inyong mga tahanan, at bulay-bulayin ang mga bagay na aking sinabi, at tanungin ang Ama, sa aking pangalan, upang kayo’y makaunawa, at ihanda ang inyong mga isip para sa kinabukasan, at ako ay paparitong muli sa inyo.”<sup>13</sup>

Tinatanggap natin ang paanyaya ng Tagapagligtas kapag tayo ay nagbubulay at nagdarasal upang maunawaan ang itinuro sa atin at pagkatapos ay hahayo at gagawin ang Kanyang kalooban. Alalahanin ang mga salita ni Pangulong Spencer W. Kimball: “Nagpasiya na ako na kapag umuwi ako mula dito sa [pangkalahatang] kumperensya na ito . . . napakaraming aspeto sa buhay ko ang maaari kong gawing perpekto. Nakalista na ito sa isipan ko, at umaasa akong makapagtrabaho kaagad pagkatapos na pagkatapos natin.”<sup>14</sup> Sinabi ni Pangulong Monson kamakailan: “Hinihikayat ko kayong basahin . . . ang mga mensahe at pagisipang mabuti ang laman ng mga ito. Napag-alaman ko mula sa sarili kong karanasan na higit pa akong natututo mula sa mga inspiradong mensaheng ito kapag pinag-aaralan ko pa ito nang mas mabuti.”<sup>15</sup>

Bukod sa personal at pampamilyang pag-aaral ng banal na kasulatan, nais ng Ama sa Langit na regular nating pag-aralan at isabuhay ang natutuhan natin sa kumperensya. Nagpapatotoo ako na ang mga nagtitiwala sa Panginoon at nakikingin sa payong ito nang may pananampalataya ay magkakaroon ng malaking kalakasan upang pagpalain ang kanilang sarili at



kanilang mga pamilya sa susunod na mga henerasyon.

Ang Ama sa Langit ay naglaan ng paraan. Sa kumperensyang ito, 97 porsiyento ng Simbahan ang makaririnig sa mga mensaheng ito sa kanilang sariling wika. Milyun-milyong miyembro sa 197 mga bansa ang manonood sa kumperensyang ito sa 95 wika. Sa loob lamang ng dalawa o tatlong araw ang mga mensahe ay makikita na sa LDS.org sa Ingles, at sa loob ng isang linggo ang mga ito ay makukuha na sa 52 wika. Ngayon natatanggap natin ang nakalimbag na mga magasin ng Simbahan sa loob lamang ng tatlong linggo pagkatapos ng pangkalahatang kumperensya. Hindi na tayo naghihintay ng ilang buwan para dumating ang mga mensahe sa koreo. Sa isang computer, phone, o iba pang electronic device, maaari nating mabasa, mapakinggan, mapanood, at maibahagi ang mga turo ng mga propeta. Anumang oras, saan mang lugar, mapapalawak natin ang ating kaalaman, mapatatag ang ating pananampalataya at patotoo, mapoprotektahan ang ating mga pamilya, at ligtas silang maaakay pauwi.

Ang mga mensahe ng kumperensyang ito ay mailalangkap din sa online na kurikulum ng kabataan. Mga magulang, maaari ninyong ma-access ang mga aralin para sa kabataan sa LDS.org. Alamin kung ano ang pinag-aaralan ng inyong mga anak, at gawin itong paksa ng sarili ninyong pag-aaral, mga talakayan ng pamilya, mga family home evening, family council, at personal na interbyu sa inyong mga anak.

Hinihikayat ko ang lahat ng

miyembro na gamitin ang resources sa mga website ng Simbahan at mga mobile app. Patuloy na pinagaganda ang mga ito upang maging mas madaling gamitin at maging mas akma sa ating buhay. Sa LDS.org makikita ninyo ang resources na tutulong sa inyo na pag-aralan ang ebanghelyo, patatagin ang inyong tahanan at pamilya, at maglingkod sa inyong tungkulin. Mahahanap din ninyo ang inyong mga ninuno na nangangailangan ng mga ordenansa ng templo at ng resources para suportahan kayo sa gawain ng kaligtasan, pati na ang pagbabahagi ng ebanghelyo. Ang mga magulang ay maaaring manguna sa paghahanda ng kanilang mga anak para sa binyag, sa priesthood, at sa full-time mission. Matutulungan tayo ng mga ito na lumakad sa tuwid at makipot na landas ng mga ordenansa at tipan ng templo at maging marapat sa pagpapala ng buhay na walang-hanggan.

Sa kumperensya noong Abril, sa pangkalahatang miting ng priesthood, binanggit ko ang tungkol sa tatay ko na nagdrowing ng isang mandirigma na



**Suot ni Jason ang kanyang "buong baluti ng Diyos."**

may suot na baluti upang ituro sa akin ang tungkol sa baluti ng Diyos at ang espirituwal na proteksiyong hatid nito.

Pagkatapos ng sesyon, sinabi ng isang ama sa kanyang pamilya ang natutuhan niya. Dahil nabigyang-inspirasyon, ang bunso nilang anak na si Jason ay naghanap sa LDS.org para mapakinggan niya mismo ang mensahe. Makalipas ang ilang araw dumalo siya sa family home evening para ibahagi ang lesson sa kanyang mga kapatid. Heto siya.

Isang simpleng mensahe sa kumperensya, na binigyang-inspirasyon ng Panginoon, natanggap ng isang bata, ang itinuro sa isang pamilya sa personal at mabisang paraan. Gustung-gusto ko ang kanyang baluti sa dibdib ng kabutihan. Gusto ko ang kanyang kalasag ng pananampalataya na humaharag sa nag-aapoy na sibat ng kaaway. Ito ang mga pagpapala ng kumperensya.

Mga kapatid ko, ibinibigay ko ang natatangi kong patotoo na ang Panginoong Jesucristo ay buhay at Siya ang pinuno ng Simbahang ito. Ito ay *Kanyang* pangkalahatang kumperensya. Ipinapangako ko sa inyo sa Kanyang pangalan na kung mananalangin kayo nang may taimtim na hangaring marinig ang tinig ng inyong Ama sa Langit sa mga mensahe sa kumperensyang ito, matutuklasan ninyo na nag-salita Siya sa inyo para tulungan kayo, para palakas kayo, at akayin kayo pauwi sa Kanyang piling. Sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

#### MGA TALA

1. Doktrina at mga Tipan 124:88; idinagdag ang pagbibigay-diin.
2. Doktrina at mga Tipan 1:38.
3. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 46:2.
4. Doktrina at mga Tipan 9:8.
5. Doktrina at mga Tipan 25:10.
6. Tingnan sa Mosias 2:5.
7. Tingnan sa 2 Nephi 33:1.
8. Tingnan sa Spencer W. Kimball, sa Conference Report, Tonga Area Conference 1976, 27.
9. Tingnan sa Lucas 22:31-32.
10. *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Harold B. Lee* (2001), 99.
11. Mosias 6:3.
12. Tingnan sa Mosias 8:4.
13. 3 Nephi 17:3.
14. Spencer W. Kimball, "Spoken from Their Hearts," *Ensign*, Nob. 1975, 111.
15. Thomas S. Monson, "Patnubayan Nawa Kayo ng Diyos Hanggang sa Muli Nating Pagkikita," *Liahona*, Nob. 2012, 110.



**Ni Elder Ulisses Soares**  
Ng Panguluhan ng Pitumpu

# Maging Maamo at May Mapagpakumbabang Puso

*Ang pagiging maamo ay hindi nangangahulugan ng kahinaan, kundi pag-uugaling may kabutihan at kabaitan.*

Itinuro ni Mormon na ang tao ay “hindi . . . mag[ka]karoon ng pananampalataya at pag-asa, maliban kung siya ay maging maamo, at may mapagpakumbabang puso.”<sup>1</sup> Idinagdag pa niya na kung wala ang mga katangiang ito, ang “pananampalataya at pag-asa ay walang saysay, sapagkat walang isa mang katanggap-tanggap sa Diyos, maliban sa mababang-loob at may mapagpakumbabang puso.”<sup>2</sup>

Ang kababaang-loob ay katangian ng mga taong “may takot sa Diyos, mabuti, mapagpakumbaba, madaling turuan, at matiisin sa dusa o hirap.”<sup>3</sup> Ang mga nagtataglay nito ay handang sumunod kay Jesucristo, at ang kanilang ugali ay mahinahon, maamo, mapagpaubaya, at masunurin.

Itinuro ni Apostol Pablo na ang kababaang-loob ay bunga ng Espiritu.<sup>4</sup> Kung gayon, pinakamadaling makakamit ito kung tayo’y “nangabubuhay sa . . . Espiritu.”<sup>5</sup> At sa pamumuhay sa Espiritu, ang estilo ng ating pamumuhay ay dapat kakitaan ng kabutihan sa harapan ng Panginoon.

Sa pagtataglay natin ng pangalan ni

Cristo, inaasahan na sisikapin nating tularan ang Kanyang mga katangian sa ating buhay at babaguhin ang ating pag-uugali upang lalong matulad sa Kanya sa bawat araw. Ang Tagapagligtas, sa paghikayat sa Kanyang mga disipulo, ay nagsabi, “Kayo nga’y mangagpakasakdal, na gaya ng inyong Ama sa kalangitan na sakdal.”<sup>6</sup> Kung tayo ay “[lalapit] kay Cristo, . . . pag[ka] kaitan ang [ating sarili] ng lahat ng kasamaan; . . . at iibigin ang Diyos,” sa pamamagitan ng biyaya ni Cristo darating ang araw na maaari tayong maging ganap sa Kanya.<sup>7</sup>

“Ang mga katangiang tulad ng kay Cristo ay mga kaloob mula sa Diyos. Dumarating ang mga [katangiang ito] kapag ginamit [natin] nang wasto ang kalayaan [nating] pumili. . . . Taglay ang hangaring pasayahin ang Diyos, [dapat nating] alamin ang [ating] mga kahinaan at maging handa at sabik na magpakabuti.”<sup>8</sup>

Ang kaamuan ay mahalaga para lalo tayong maging katulad ni Cristo. Kung wala ito hindi mapapasaatin ang iba pang mahahalagang katangian.

Ang kababaan ng loob ay hindi nangangahulugan ng kahinaan, kundi ibig sabihin nito ay pagkilos na may kabutihan at kabaitan, pagpapakita ng lakas, katahimikan, mainam na pagpapahalaga sa sarili, at pagpipigil sa sarili.

Ang kaamuan ang isa sa mga nangingibabaw na katangian sa buhay ng Tagapagligtas. Itinuro Niya mismo sa Kanyang mga alagad, “Magaral kayo sa akin; sapagka’t ako’y maamo at mapagpakumbabang puso.”<sup>9</sup>

Mapalad tayong maisilang na taglay ang binhi ng kaamuan sa ating mga puso. Dapat nating maunawaan na hindi maaaring lumago at umunlad ang binhing iyon sa isang kisap-mata kundi sa paglipas ng panahon. Iniutos sa atin ni Cristo na “pasanin sa araw-araw ang [ating] krus,”<sup>10</sup> na ibig sabihin ito ay dapat palaging pagtuunan ng pansin at hangarin.

Si Pangulong Lorenzo Snow, ang ikalimang propeta ng ating dispensasyon, ay nagturo, “Tungkulin nating sikaping maging perpekto, . . . na bumuti sa bawat araw, at tingnan ang ginawa natin noong nakaraang linggo at pagbutihin pa sa linggong ito; pagbutihin ang mga gagawin ngayon kaysa kahapon.”<sup>11</sup> Kaya’t ang unang hakbang sa pagiging maamo ay ang pagbutihin pa ito araw-araw. Sa bawat araw kailangan nating sikaping mas bumuti kaysa sa nakaraan habang patuloy tayong sumusulong sa prosesong ito.

Idinagdag pa ni Pangulong Snow: “Nakagagawa tayo ng mumunting kahangalan at nariyan ang ating mga kahinaan; dapat nating sikaping daigin kaagad ang mga ito hangga’t maaari, at dapat nating maitimo ang damdaming ito sa puso ng ating mga anak, upang . . . matuto silang kumilos nang wasto sa Kanyang harapan sa lahat ng pagkakataon.

“Kung ang isang lalaki ay mabubuhay nang isang araw sa piling ng kanyang asawa nang hindi nakikipag-away o nang hindi nagmamalupit sa sinuman o nang hindi sinasaktan ang damdamin ng Espiritu ng Diyos sa anumang paraan . . . ; siya ay perpekto sa gayong aspeto. Pagkatapos ay hayaang sikapin niyang gawin ang gayon din sa susunod na araw.



Ngunit halimbawang nabigo siya sa pagtatangkang gawin ito kinabukasan, hindi iyon dahilan upang hindi niya matagumpay na magawa ito sa ikatlong araw.”<sup>12</sup>

Sa pagkilala sa ating katapatan at pagsisikap, ibibigay sa atin ng Panginoon ang bagay na hindi natin kayang makamtan dahil sa ating mga kakulangan at kahinaan bilang tao.

Ang isa pang mahalagang hakbang sa pagiging maamo ay ang matutong kontrolin ang ating galit. Dahil ang likas na tao ay nasa kalooban ng bawat isa sa atin at dahil nabubuhay tayo sa mundong puno ng pamimilit, ang pagkontrol sa ating galit ay maaaring isa sa mga hamon sa ating buhay. Isipin saglit kung paano ang magiging reaksyon mo sa isang taong hindi sumusunod sa nais mo sa oras na gusto mong sumunod sila. Paano naman kapag hindi sang-ayon ang mga tao sa iyong mga ideya, kahit na natitiyak mong ang mga ito ang tamang solusyon sa isang problema? Ano ang tugon mo sa taong nakasakit ng iyong damdamin, bumabatikos sa mga ginagawa mo, o hindi mabait sa iyo dahil mainit ang

ulo niya? Sa mga sandaling ito at sa iba pang mahihirap na situwasyon, dapat nating matutuhang kontrolin ang ating galit at magpakita ng pasensya at magiliw na panghihikayat. Pinakamahalaga ito sa ating mga tahanan at sa kaugnayan natin sa ating kabiyak sa walang-hanggan. Sa loob ng 31 taong pagsasama naming mag-asawa, mada-las niya akong bigyan ng magiliw na paalala sa pagharap namin sa mahihirap na hamon sa buhay.

Kabilang sa mga tagubilin na matatagpuan sa kanyang Pangalawang Liham kay Timoteo, sinabi ni Apostol Pablo:

“At ang alipin ng Panginoon ay hindi nararapat na makipagtaló, kundi maamo sa lahat, sapat na makapagturo, matiisin,

“Na sawaying may kaamuan ang mga nagsisisalangsang; baka sakaling sila’y pagkalooban ng Dios ng pagsisisi sa ikaaalam ng katotohanan;

“At sila’y makawala.”<sup>13</sup>

Sa pagkontrol sa ating mga reaksyon, sa pagiging kalmado at mahinahon, at pag-iwas sa pakikipagtaló, magiging marapat tayo sa kaloob

na kaamuan. Si Pangulong Henry B. Eyring ay minsang nagsabi, “Kapag nagpakahinahon tayo at nagpakumbaba nang may pananampalataya, sumasang-ayon ang Espiritu Santo, at nagiging tiyak ang mga sagradong pangako at tipan.”<sup>14</sup>

Ang isa pang hakbang para magkaroon ng kaamuan ay ang magpakumbaba. Inutusan ng Panginoon si Thomas B. Marsh sa pamamagitan ni Propetang Joseph Smith, na nagsasabing, “Maging mapagpakumbaba ka; at ang Panginoon mong Diyos ay aakayin ka sa kamay, at bibigyan ka ng kasagutan sa iyong mga panalangin.”<sup>15</sup>

Naniniwala ako na ang mga mapagpakumbaba lamang ang nakakikilala at nakauunawa sa mga sagot ng Panginoon sa kanilang mga panalangin. Ang mga mapagpakumbaba ay madaling turuan, nakikilala nila na dumedepende sila sa Diyos at hinahangad na mapailalim sa Kanyang kagustuhan. Ang mga mapagpakumbaba ay maamo at may kakayahang impluwensyahan ang iba na gawin din ang gayon. Ang pangako ng Diyos sa mga mapagpakumbaba ay aakayin Niya sila sa kamay. Naniniwala ako na maiiwasan natin ang mga pagliko at kalungkutan sa ating buhay kapag lumakad tayong kasabay ng Panginoon.

Isa sa mga pinakamaganda at makabagong halimbawa ng kaamuan na alam ko ay si Brother Moses Mahlangu. Ang kanyang conversion ay nagsimula noong 1964, nang matanggap niya ang kopya ng Aklat ni Mormon. Humanga siya habang binabasa niya ang aklat na ito, ngunit noong mga ‘70s lang niya nakita ang karatula ng Simbahang LDS sa isang gusali sa Johannesburg, South Africa, habang naglalakad siya sa kalye. Naging interesado si Brother Mahlangu at pumasok sa gusali para alamin pa ang tungkol sa Simbahan. Magiliw siyang sinabihan na hindi siya maaaring dumalo o mabinyagan dahil hindi ito pinapayagan ng mga batas ng bansa noong panahong iyon.

Tinanggap ni Brother Mahlangu ang desisyong iyon nang may

kaamuan, pagpapakumbaba, at nang walang pagdaramdam, ngunit patuloy ang malakas niyang hangarin na alamin pa ang tungkol sa Simbahan. Tinanong niya ang mga lider ng Simbahan kung maaaring iwan nilang nakabukas ang isa sa mga bintana ng meetinghouse kapag nagmimiting sa araw ng Linggo para makaupo siya sa labas at mapakinggan ang serbisyo. Sa loob ng ilang taon, si Brother Mahlangu at kanyang pamilya at mga kaibigan ay regular na nagsisimba “na nakatanaw mula sa bintana.” Isang araw noong 1980 sinabihan sila na maaari na silang magsimba at mabinyagan. Napakagandang araw niyon para kay Brother Mahlangu.

Kalaunan ang Simbahan ay nagkaroon ng branch sa kanilang kapitbahayan sa Soweto. Naging posible lamang ito dahil sa determinasyon, lakas-ng-loob, at katapatan ng mga taong tulad ni Brother Mahlangu na nanatiling matapat sa maraming taon kahit mahirap ang kalagayan.

Isa sa mga kaibigan ni Brother Mahlangu, na sumapi rin sa Simbahan noon, ang nagkuwento sa akin nito nang bisitahin ko ang Soweto stake. Pagkatapos naming mag-usap, niyakap niya ako. Nang sandaling iyon, mga kapatid, nadama ko na para akong yakap ng mapagpamahala na bisig ng Tagapagligtas. Damangdama ang kaamuan sa mga mata ng butihing kapatid na ito. Taglay ang pusong puno ng kabutihan at malaking pasasalamat, hiniling niya na sabihin ko kay Pangulong Thomas S. Monson kung gaano ang pasasalamat niya at kung gaano siya pinagpala at ang marami pang iba sa pagkakaroon ng tunay na ebanghelyo sa kanilang buhay. Ang halimbawa ng kababaang-loob ni Brother Mahlangu at ng kanyang kaibigan ay tunay na nakaimpluwensya sa maraming buhay sa kabutihan—lalo na sa akin.

Mga kapatid, naniniwala ako na ang Tagapagligtas na si Jesucristo ang dakilang halimbawa ng kaamuan. Kahit sa mga huling sandaling ng Kanyang buhay sa lupa, di makatarungang pinaratangan at isinumpa, buong pait na dinala ang Kanyang

krus paakyat sa Golgota, hinamak at isinumpa ng Kanyang mga kaaway, iniwan ng maraming nakakikilala sa Kanya at nakasaksi sa Kanyang mga himala, Siya ay ipinako sa krus.


Maging pagkatapos ng matinding dusa ng katawan, ang Panginoon ay bumaling sa Kanyang Ama at binigkas mula sa Kanyang maamo at mapagpapakumbabang puso: “Ama, patawarin mo sila; sapagka’t hindi nila nalalaman ang kanilang ginagawa.”<sup>16</sup> Si Cristo ay dumanas ng matinding hirap sa katawan at espiritu, na nagbigay sa atin ng pagkakataong baguhin ang ating espirituwal na pagkatao at maging maamong tulad Niya.

Nagpapatotoo ako na si Jesucristo ang ating Tagapagligtas. Nagpapatotoo ako sa inyo na, dahil sa Kanyang pagmamahal, posibleng magbago. Posibleng talikuran ang ating mga kahinaan. Posibleng tanggihan ang masasamang impluwensya sa ating buhay, pigilin ang ating galit, maging maamo, at taglayin ang mga katangian ng ating Tagapagligtas. Ipinakita Niya

sa atin ang daan. Ibinigay Niya sa atin ang perpektong halimbawa at inutusan ang bawat isa sa atin na maging katulad Niya. Ang Kanyang paanyaya sa atin ay sumunod sa Kanya, sundin ang Kanyang halimbawa, at maging katulad Niya. Ang mga katotohanang ito ay pinatotohanan ko sa Kanyang sagradong pangalan, maging ni Jesucristo, amen. ■

#### MGA TALA

1. Moroni 7:43.
2. Moroni 7:44.
3. Guide to the Scriptures, “Meek, Meekness;” scriptures.lds.org.
4. Tingnan sa Mga Taga Galacia 5:22–23.
5. Mga Taga Galacia 5:25.
6. Mateo 5:48.
7. Moroni 10:32.
8. *Mangaral ng Aking Ebanghelyo: Gabay sa Paglilingkod ng Misyonerong*, 132.
9. Mateo 11:29.
10. Lucas 9:23.
11. Lorenzo Snow, sa Conference Report, Abr. 1898, 13.
12. *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Lorenzo Snow* (2012), 113.
13. 2 Kay Timoteo 2:24–26.
14. Henry B. Eyring, “Mga Pamilyang Nakipagtipan,” *Liahona*, Mayo 2012, 65.
15. Doktrina at mga Tipan 112:10.
16. Lucas 23:34.





**Ni Carole M. Stephens**

Unang Tagapayo sa Relief Society General Presidency

# Alam Ba Natin Kung Ano ang Mayroon Tayo?

*Ang mga ordenansa at tipan ng priesthood ang daan upang matanggap ang kabuuan ng mga pagpapalang ipinangako sa atin ng Diyos, na ginawang posible ng Pagbabayad-sala ng Tagapagligtas.*

Sa “Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo,” ang Unang Panguluhan at ang Korum ng Labindalawang Apostol ay nagsabing: “Lahat ng tao—lalaki at babae—ay nilalang sa larawan ng Diyos. Bawat isa ay minamahal na espiritung anak na lalaki o anak na babae ng mga magulang na nasa langit, at, bilang gayon, bawat isa ay may katangian at tadhana na tulad ng sa Diyos.”<sup>1</sup> Upang makamit ang banal na tadhanang ito, bawat anak na lalaki at anak na babae ng Diyos ay nangangailangan ng mga ordenansa at tipan ng priesthood.

Kailangan natin ng binyag. Sa paglubog sa atin sa tubig ng binyag, nakikipagtipan tayo na tataglayin natin ang pangalan ni Cristo, lagi Siyang aalalahanin, tutuparin ang Kanyang mga utos, at paglilingkuran Siya hanggang sa wakas, upang ang Kanyang Espiritu ay palaging mapasaatin.<sup>2</sup>

Kailangan natin ang kaloob na Espiritu Santo. Sa pamamagitan ng

ordenansang iyan, maaaring mapa-saatin palagi ang Espiritu. Itinuro ni Pangulong Wilford Woodruff: “Ang bawat lalaki o babae na pumasok sa simbahan ng Diyos at nabinyagan para sa kapatawaran ng kasalanan ay may karapatan sa paghahayag, karapatan sa Espiritu ng Diyos, na tutulong sa kanilang mga gawain, sa pangangalaga at pagpapayo sa kanilang mga anak at sa mga taong iniatas na pamunuan nila. Ang Espiritu Santo ay hindi lamang para sa kalalakihan, o sa mga apostol o mga propeta; ito’y para sa bawat matapat na lalaki at babae, at sa bawat bata na nasa hustong edad para tumanggap ng ebanghelyo ni Cristo.”<sup>3</sup>

Kailangan nating matanggap ang endowment sa templo. Sinabi ni Elder M. Russell Ballard: “Kapag ang kalalakihan at kababaihan ay nagpupunta sa templo, sila ay kapwa pinagkakalooban ng iisang kapangyarihan, na tinatawag na kapangyarihan ng

priesthood. . . . Ang endowment ay literal na kaloob na kapangyarihan.”<sup>4</sup>

Kailangan natin ang ordenansa ng pagbubuklod, na hahantong sa buhay na walang-hanggan, ang “kaloob [na] pinakadakila sa lahat ng kaloob ng Diyos.”<sup>5</sup> Ang ordenansang ito ng priesthood ay natatanggap lamang ng isang lalaki at isang babae na magkasama. Itinuro ni Elder Russell M. Nelson na, “Ibinalik ang [awtoridad ng] priesthood upang mabuklod sa kawalang-hanggan ang mga pamilya.”<sup>6</sup>

Kailangan natin ang pagkakataon upang mapanibago ang mga tipan na ito bawat linggo sa pagtanggap natin ng sakramento. Itinuro din ng mga lider ng Simbahan na kapag karapat-dapat tayo sa pakikibahagi ng sakramento, hindi lamang natin pinaninibago ang ating mga tipan sa binyag kundi ang “lahat ng ginawa nating tipan sa Panginoon.”<sup>7</sup>

Ang mga ordenansa at tipan na ito ng priesthood ang daan upang matanggap ang kabuuan ng mga pagpapalang ipinangako sa atin ng Diyos, na ginawang posible ng Pagbabayad-sala ng Tagapagligtas. Sinasakbitan ng mga ito ang mga anak ng Diyos ng kapangyarihan, ng kapangyarihan ng Diyos,<sup>8</sup> at binibigyan tayo ng pagkakataong tumanggap ng buhay na walang-hanggan—ang makabalik sa piling ng Diyos at mamuhay na kasama Niya sa Kanyang walang-hanggang pamilya.

Sumama ako kamakailan sa mga priesthood leader para bisitahin ang mga tahanan ng apat na babae sa Honduras. Ang mga babaing ito at kanilang mga pamilya ay nangangailangan ng mga susi at awtoridad ng priesthood, mga ordenansa at tipan ng priesthood, at kapangyarihan at basbas ng priesthood.

Dinalaw namin ang isang mahal na sister na may-asawa at may dalawang magagandang anak. Siya ay tapat at aktibo sa Simbahan, at nagtuturo sa kanyang mga anak na pumili ng tama. Sinusuportahan siya ng kanyang asawa sa kanyang mga aktibidad sa Simbahan, pero hindi miyembro ang lalaki. Matatag ang kanilang pamilya, ngunit para magkaroon ng higit na lakas sa kanilang tahanan at

pamilya, kailangan nila ng karagdang mga pagpapala ng priesthood. Kailangang matanggap ng ama ang mga ordenansa ng binyag at kaloob na Espiritu Santo at maigawad sa kanya ang priesthood. Kailangan nila ang kapangyarihan ng priesthood na maaaring makamit sa pamamagitan ng endowment at sealing o pagbubuklod.

Sumunod naming binisita ang tahanan ng dalawang babaing walang asawa, mga babaing malakas ang pananampalataya. Ang isang babae ay may anak na naghahanda para sa misyon. Ang isa pa ay ginagamot sa sakit na kanser. Sa panahon ng pagkasiphayo at kawalan ng pag-asa, inaalala nila ang Pagbabayad-sala ng Tagapagligtas at napupuno sila ng pananampalataya at pag-asa. Kapwa nila kailangan ang dagdag na pagpapala at kapangyarihang nakakamit sa pamamagitan ng mga ordenansa sa templo. Hinikayat namin silang sabayan ang kanilang magiging missionary sa paghahanda sa pagtanggap ng mga ordenansang iyon.

Ang huling binisita namin ay ang tahanan ng isang babae na ang asawa ay kamamatay lang sa isang malagim na aksidente. Dahil bagong miyembro ng Simbahan, hindi niya alam na maaari siyang tumanggap ng sarili niyang endowment at mabuklod sa kanyang asawa. Nang ituro namin sa kanya na mapapasakanya at sa kanyang pumanaw na asawa ang mga pagpapalang ito, napuno siya ng pag-asa. Dahil alam niya na sa pamamagitan ng mga ordenansa at tipan sa templo ay samasamang mabubuklod ang kanyang pamilya, may pananampalataya at determinasyon siya na harapin ang darating na mga hamon.

Ang anak ng balo ay naghahanda nang tanggapin ang Aaronic Priesthood. Ang kanyang ordenasyon ay malaking pagpapala sa kanya at sa kanyang pamilya. Magkakaroon sila ng priesthood holder sa kanilang tahanan.

Nang makilala ko ang matatapat na kababaihang ito sa Honduras, nakita ko na sinisikap nilang panatiliing aktibo ang kanilang mga pamilya sa ebanghelyo. Nagpasalamat sila sa mga miyembro ng ward na tumutupad



sa mga tipan na magiliw na nangangalaga at tumutulong sa kanilang temporal at espirituwal na mga pangangailangan. Gayunman, bawat isa sa mga babaing ito ay may mga pangangailangan na hindi pa lubusang natutugunan.

Sa bawat isa sa tatlong tahananang binisita namin, isang matalinong lider ng priesthood ang nagtanong sa bawat babae kung nakatanggap na siya ng basbas ng priesthood. Ang sagot nila ay hindi. Bawat babae ay humiling at tumanggap ng basbas ng priesthood sa araw na iyon. Bawat isa sa kanila ay lumuha sa pasasalamat sa kapinatagan, patnubay, panghihikayat, at inspirasyon na nagmula sa kanyang Ama sa Langit sa pamamagitan ng isang karapat-dapat na mayhawak ng priesthood.

Ang mga babaing ito ay nagbigay-inspirasyon sa akin. Nagpakita sila ng pagpipitagan sa Diyos at sa Kanyang kapangyarihan at awtoridad. Nagpasalamat din ako sa mga priesthood leader na kasama kong dumalaw sa mga tahananang ito. Nang lisanin namin ang bawat tahanan, nag-usap-usap kami kung paano matutulungan

ang mga pamilyang ito na matanggap ang mga ordenansang kailangan nila upang umunlad sa landas ng tipan at mapatatag ang kanilang mga tahanan.

Kailangan ngayon ang kalalakhian at kababaihan na gagalang sa isa't isa bilang mga anak ng Diyos at magpipitagan sa ating Ama sa Langit at sa Kanyang priesthood—Kanyang kapangyarihan at awtoridad.

May plano Siya para sa atin, at kapag nagpakita tayo ng pananampalataya at tiwala sa Kanyang plano, ang pagpipitagan natin sa Kanya at sa kapangyarihan at awtoridad ng Kanyang priesthood ay madaragdagan.

Sa pandaigdigang pagsasanay sa pamumuno tungkol sa *Pagpapalakas sa Pamilya at sa Simbahan sa Pamamagitan ng Priesthood*, tinuruan tayo na ang mga babae na walang priesthood holder sa kanilang tahanan ay hindi kailangang madama na nag-iisa sila. Sila ay pinagpala at pinalakas sa pamamagitan ng mga ordenansa na natanggap nila at mga tipan na tinututpad nila. Hindi sila dapat mag-alangan na tumulong kapag kinakailangan. Itinuro ni Elder M. Russell Ballard na bawat babae sa Simbahan ay kailangang malaman na siya ay may bishop, may elders quorum president, home teacher, at iba pang karapat-dapat na mga mayhawak ng priesthood na maasahan niyang pupunta sa kanyang tahanan at tutulong sa kanya at upang, gaya ng sabi pa ni Sister Rosemary M. Wixom, “magbigay ng basbas.”<sup>9</sup>

Itinuro din ni Elder Ballard na: “Ang ating Ama sa Langit ay bukas-palad sa Kanyang kapangyarihan. Lahat ng lalaki at babae ay may karapatan sa kapangyarihang ito para makatulong sa kanilang buhay. Lahat ng gumawa ng mga sagradong tipan sa Panginoon at gumagalang sa mga tipang iyon ay marapat na tumanggap ng personal na paghahayag, upang mapagpala ng naglilingkod na mga anghel, [at] maki-pag-ugnayan sa Diyos.”<sup>10</sup>

Kailangan nating lahat ang bawat isa. Kailangan ng mga anak na lalaki ng Diyos ang mga anak na babae ng Diyos, at kailangan ng mga anak na babae ng Diyos ang mga anak na lalaki ng Diyos.



sa landas at makabalik sa ating tahanan sa langit, sa pamamagitan ng sagradong mga ordenansa at tipan ng priesthood.

Ang mga ordenansa at tipang ito ng priesthood ay ipinanumbalik sa mundo sa pamamagitan ni Propetang Joseph Smith, at ngayon si Pangulong Thomas S. Monson ang mayhawak ng lahat ng susi ng priesthood sa buong mundo.

Itinuro ni Elder D. Todd Christofferson: “Matatagpuan sa Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw ang awtoridad ng priesthood na mangasiwa sa mga ordenansa para tayo makapasok sa nagbubuklod na mga tipan sa ating Ama sa Langit sa pangalan ng Kanyang Banal na Anak. . . . Tutuparin ng Diyos ang mga pangako Niya sa inyo kung tutuparin ninyo ang inyong mga tipan sa Kanya.”<sup>13</sup>

Ang mga bagay na ito ay pinatotohanan ko sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

#### MGA TALA

1. “Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo,” *Liahona*, Nob. 2010, 129.
2. Tingnan sa Moroni 4:3; 6:3.
3. *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Wilford Woodruff* (2004), 54.
4. M. Russell Ballard, “Let Us Think Straight” (Brigham Young University Education Week devotional, Ago. 20, 2013); speeches.byu.edu.
5. Doktrina at mga Tipan 14:7; tingnan din sa Doktrina at mga Tipan 131:1–4.
6. Russell M. Nelson, “Pangangalaga sa Kasal,” *Liahona*, Mayo 2006, 37; o sa *Mga Anak na Babae sa Aking Kaharian: Ang Kasaysayan at Gawain ng Relief Society* (2011), 158.
7. Delbert L. Stapley, sa Conference Report, Oct. 1965, 14; sinipi sa L. Tom Perry, “Habang Aming Tinatangap Itong Sakrament,” *Liahona*, Mayo 2006, 41; tingnan din sa *Teachings of Gordon B. Hinckley* (1997), 561; *The Teachings of Spencer W. Kimball*, ed. Edward L. Kimball (1982), 220.
8. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 109:22.
9. Tingnan sa M. Russell Ballard at Rosemary M. Wixom, “Mga Pagpapala ng Priesthood sa Bawat Tahanan” sa *Patatagin ang Pamilya at ang Simbahan sa Pamamagitan ng Priesthood* (pandaigdigang pagsasanay sa pamumuno, 2013); lds.org/broadcasts.
10. M. Russell Ballard, “Let Us Think Straight”; speeches.byu.edu.
11. Tingnan din sa Doktrina at mga Tipan 46:9, 12.
12. Tingnan din sa Doktrina at mga Tipan 84:38.
13. D. Todd Christofferson, “Ang Kapangyarihan ng mga Tipan,” *Liahona*, May 2009, 22.

Magkakaiba tayo ng mga kaloob at kalakasan. Sa Unang Corinto kabanata 12 ay binibigyang-diin na kailangan ng mga anak na lalaki at anak na babae ng Diyos, ng bawat isa sa atin, na gampanan ang ating kani-kanyang papel at responsibilidad ayon sa plano ng Panginoon upang lahat ay makinabang.<sup>11</sup>

Mga anak na lalaki ng Diyos, alam ba ninyo kung sino kayo? Alam ba ninyo kung ano ang mayroon kayo? Karapat-dapat ba kayong gumamit ng priesthood at tanggapin ang kapangyarihan at mga pagpapala ng priesthood? Ginagampanan ba ninyo ang inyong papel at mga tungkulin na palakasin ang mga tahanan bilang mga ama, lolo, anak, kapatid, at tiyo? Nagpapakita ba kayo ng paggalang sa kababaihan, sa pagiging babae, at pagiging ina?

Mga anak na babae ng Diyos, alam ba natin kung sino tayo? Alam ba natin kung ano ang mayroon tayo? Karapat-dapat ba nating tanggapin ang kapangyarihan at mga pagpapala ng priesthood? Tinatangap ba natin ang mga kaloob na ibinigay sa atin nang may pasasalamat, kabutihang loob, at dignidad? Ginagampanan ba natin

ang ating papel at mga tungkulin na palakasin ang mga tahanan bilang mga ina, lola, anak, kapatid, at tiya? Nagpapakita ba tayo ng paggalang sa kalalakihan, sa pagiging lalaki, at sa pagiging ama?

Bilang mga pinagtipanang anak na lalaki at babae, mayroon ba tayong pananampalataya sa ating Ama sa Langit at sa Kanyang walang-hanggang plano para sa atin? Tayo ba ay may pananampalataya kay Jesucristo at sa Kanyang Pagbabayad-sala? Naniniwala ba tayo na mayroon tayong likas na kabanalan at banal na tadhana? At sa pagsisikap nating kamatin ang tadhanang ito at tanggapin lahat ng mayroon ang Ama,<sup>12</sup> sinisikap ba nating unawain ang kahalagahan ng pagtanggap ng mga ordenansa ng priesthood at paggawa, pagtupad, at pagpapanibago ng ating mga tipan sa Panginoon?

Tayo ay minamahal na mga anak ng mga magulang sa langit, na may banal na katangian at tadhana. Ang ating Tagapagligtas na si Jesucristo ay nagmahal sa atin ng sapat upang ibigay ang Kanyang buhay para sa atin. Ang Kanyang Pagbabayad-sala ang nagtuturo sa atin upang sumulong





**Ni Elder Edward Dube**  
Ng Pitumpu

# Tumingin sa Hinaharap at Maniwala

*Sa paningin ng Panginoon, hindi mahalaga kung ano ang nagawa natin o kung saan tayo galing kundi kung saan tayo handang pumunta.*

Noong bata pa ako, habang nagtatrabaho sa bukid kasama ang nanay ko, itinuro niya sa akin ang isa sa pinakamahahalagang aral sa buhay. Malapit nang magtanghai, mataas na ang sikat ng araw at sa isip ko ay napakatagal na naming nag-aararo. Tumigil ako para tingnan ang nagawa na namin at sinabi sa nanay ko, “Tingnan po ninyo ang nagawa na natin!” Hindi sumagot si Inay. Inisip na hindi niya ako narinig, inulit ko nang mas malakas ang sinabi ko. Hindi pa rin siya sumagot. Nagsalita ako nang mas malakas, inulit muli ang sinabi ko. Sa wakas, tumingin siya sa akin at sinabing, “Edward, huwag kang kailanman lumingong pabalik. Tumingin ka sa unahan sa mga kailangan pa nating gawin.”

Mahal kong mga kapatid, ang tipang ginawa natin sa Panginoon nang binyagan tayo, “tumayo bilang mga saksi ng Diyos sa lahat ng panahon at sa lahat ng bagay, at sa lahat ng lugar kung saan [tayo] maaaring naroroon” (Mosias 18:9), ay isang habambuhay na pangako. Ipinayo ni Pangulong Dieter F. Uchtdorf: “Ang mga lumusong sa tubig ng binyag

at nakatanggap ng kaloob na Espiritu Santo ay tumatahak sa landas ng pagkadisipulo at inuutusang patuloy at matapat na sundan ang mga yapak ng ating Tagapagligtas” (“Ang mga Banal sa Lahat ng Panahon,” *Liahona*, Set. 2013, 5). Tinatawag tayong maglingkod sa iba’t ibang tungkulin ng Panginoon sa pamamagitan ng Kanyang mga lingkod, na tinatanggap natin nang buong puso. Kapag ine-release tayo at tinawag sa ibang tungkulin, masaya nating tinatanggap ito, batid na, tulad ng alam ng ating mga ninuno, “sa paglilingkod sa Panginoon, hindi mahalaga kung saan ka naglilingkod kundi kung paano” (J. Reuben Clark Jr., sa Conference Report, Abr. 1951, 154).

Kaya’t kapag na-release ang isang stake president o bishop, masaya niyang tinatanggap ang kanyang pagka-release, at kapag tinawag siyang maglingkod sa anumang paraan na “minarapat” ng Panginoon, sa pamamagitan ng Kanyang mga lingkod, (Mosias 3:19), siya ay hindi napapanbigabawan ng dating karanasan, at hindi rin siya lumilingong pabalik at iniisip na nakapaglingkod na siya

nang sapat. Siya ay “hindi napapagod sa paggawa ng mabuti” dahil alam niya na siya ay “naglalagay ng saligan ng isang dakilang gawain” nang may malinaw na pananaw na ang ganitong pagsusumigasig ay magpapala ng mga buhay hanggang sa kawalang-hanggan. Sa gayon “mula sa maliliit na bagay nagmumula ang yaong dakila” (D at T 64: 33).

Dapat tayong lahat ay maging “sabik sa paggawa ng mabuting bagay, at gumawa ng maraming bagay sa [ating] sariling kalooban, at isakatuparan ang maraming kabutihian” (D at T 58:27).

Ipinayo ni Elder Jeffrey R. Holland ng Korum ng Labindalawang Apostol: “Dapat matuto sa nakaraan at hindi na buhayin pa ito. Lumingon tayo upang matuto mula sa magagandang karanasan ngunit huwag mamuhay sa nakaraan. At kapag natutuhan na natin kung ano ang dapat nating matutuhan at napulot na natin ang pinakamaganda sa ating naranasan, magpatuloy tayo at tandaan na *ang pananampalataya ay laging nakaturow tungo sa hinaharap*” (“Ang Pina-kamaganda ay Darating Pa,” *Liahona*, Ene. 2010, 18).

Samantalang nakatuon ang aral ni Inay sa mga hahawanin ko pang mga damong nasa harapan ko sa bukid, ito ay katiting lamang kung ihahambing sa mga pinagdaanan ng mga naunang mga Banal. Mahusay na inilarawan ni Elder Joseph B. Wirthlin ang karanasang ito: “Noong 1846, nilisan ng mahigit 10,000 katao ang maunlad na lungsod ng Nauvoo na nasa pam-pang ng Mississippi River. Dahil sa pagtitiwala sa propeta nilang pinuno, iniwan ng mga naunang miyembro ng Simbahan ang “Lungsod na Maganda” at naglakbay patungo sa ilang ng Amerika. Hindi nila alam kung saan sila pupunta, kung ilang milya ang babagtasin nila, kung gaano katagal ang paglalakbay, o ano ang kakaharapin nila. Ngunit *talagang alam* nila na ang Panginoon at Kanyang mga lingkod ang namumuno sa kanila” (“Faith of Our Fathers,” *Ensign*, Mayo 1996, 33).

Alam nila kung paano ang tuming-in sa hinaharap at maniwala. Mahigit labinlimang taon bago mangyari



Minsan dumalo si Pangulong Boyd K. Packer, Pangulo ng Korum ng Labindalawang Apostol, sa isang paligsahan ng pabilisan ng paghila ng mga baka, at ginamit niya ito sa analohiya. Sinabi niya tungkol sa karanasan: “Isang kahoy na kareta ang pinatungnan ng mga bloke ng semento: sampung libong libra [4,535 kg] — limang tonelada. . . . Ang layunin ay hilahin ng mga baka ang kareta sa layo na tatlong talampakan [91 cm]. . . . Napansin ko ang isang mainam na pares ng malalaking, nakakabisadang, kulay asul at abong mga hayop . . . [ang] malalaking asul na baka ng nakaraang mga panahon.”

Sa pagkuwento niya tungkol sa naging resulta ng paligsahan, sinabi niya: “Isa-isang natanggal sa paligsahan ang mga pares ng baka. . . . Ang malalaking asul na baka ay hindi man lamang tumagal sa paligsahan! Isang maliit at ordinaryong pares ng mga hayop, na hindi magkapares ng laki, ang nakahila ng kareta nang tatlong beses.”

Pagkatapos ay binigyan siya ng paliwanag sa nakakagulat na resulta: “Ang mga asul na baka ay mas malaki at mas malakas at mas magkapares ang laki kaysa sa ibang mga pares ng baka. Ngunit ang maliliit na baka ay mas mahusay sa pagtutulungan at koordinasyon. Sabay nilang hinahatak ang pamatok. Sabay na humahatak na pasulong ang dalawang baka at ang puwersang ito ang humahatak sa kareta” (“Equally Yoked Together,” mensaheng ibinigay sa seminar para sa mga regional representative, Abr. 3, 1975; sa *Teaching Seminary: Preservice Readings* [2004], 30).

Habang tumitingin tayo sa hinaharap at naniniwala, kailangan natin ang katulad ng pagtutulungang ito sa pagpapabilis sa gawain ng kaligtasan habang inaanyayahan natin ang iba na lumapit kay Cristo Sa ating sariling kakayahan, kailangan nating sundin ang payo ni Pangulong Dieter F. Uchtdorf na “magkakasama tayong tumayo at maglingkod kung saan man tayo tawagin” (“Magbuhat Kung Saan Kayo Nakatayo,” *Liahona*, Nob. 2008, 56). Magagamit natin ang ating buong potensiyal, tulad ng sinabi ni Elder

ito, ang ilan sa mga miyembrong ito ay naroon nang tanggapin ang isang paghahayag:

“Sapagkat katotohanang sinasabi ko sa inyo, pinagpala siya na sumusunod sa aking mga kautusan, maging sa buhay o sa kamatayan; at siya na matapat sa kapighatian, ang gantimpala ng gaya niya ay mas dakila sa kaharian ng langit.

“Hindi ninyo mamamasdan ng inyong likas na mga mata, sa kasalukuyan, ang balangkas ng inyong Diyos hinggil sa mga bagay na yaon na darating pagkaraan nito, at ang kaluwalhatianang susunod matapos ang maraming kapighatian” (D at T 58:2–3).

Tayo rin ay maaaring tumingin sa hinaharap at maniwala. Maaari nating tanggapin ang paanyaya ng ating Panginoon, na bukas ang mga kamay na nag-aanyaya sa atin:

“Magsiparito sa akin, kayong lahat na

nangapapagal at nangabibigatang lubha, at kayo’y aking pagpapahingahin.

“Pasanin ninyo ang aking pamatok, at magaral kayo sa akin; sapagka’t ako’y maamo at mapagpakumbabang puso: at masusumpungan ninyo ang kapahingahan ng inyong mga kaluluwa.

“Sapagka’t malambot ang aking pamatok, at magaan ang aking pasan” (Mateo 11: 28–30).

Ang ating mahal na propeta, si Pangulong Thomas S. Monson; ang kanyang mga tagapayo; at ang Korum ng Labindalawang Apostol ay bukas ang mga kamay na nag-aanyaya sa ating lahat na makibahagi sa gawain ng kaligtasan. Ang mga bagong binyag, kabataan, young adult, ang mga nag-retiro na mula sa kanilang propesyon, at mga full-time missionary ay kailangang maging pantay ang pamatok sa pagpapabilis sa gawain ng kaligtasan.

L. Tom Perry ng Korum ng Labindalawa: “Sa paglalakbay ko sa buong Simbahan namamangha ako sa magagandang bagay na nangyayari. Subalit hindi ko pa rin nadarama na tayo, bilang mga tao, ay nakagaganap sa tunay nating potensyal. Sa palagay ko hindi tayo laging nagtutulungan, lubos pa rin tayong interesado sa mga adhikain natin para sa ating personal na karangalan at tagumpay, at kakaunti lamang ang interes natin sa iisang mithiin na pagtatayo ng kaharian ng Diyos” (“United in the Kingdom of God,” *Ensign*, Mayo 1987, 35).

Sana’y magkaisa tayong lahat sa iisang layunin “na isakatuparan ang kawalang-kamatayan at buhay na walang hanggan ng tao” (Moises 1:39).

Ang ating Tagapagligtas na si Jesucristo, na nakakakita mula sa simula hanggang sa katapusan, ay alam na alam ang daan na tatahakin Niya patungong Getsemani at Golgota nang sabihin Niya, “walang taong pagkahawak ng araro, at lumilingon sa likod, ay karapat-dapat sa kaharian ng Diyos” (Lucas 9:62). Sa paningin ng Panginoon, hindi mahalaga kung ano ang nagawa natin o kung saan tayo galing kundi kung saan tayo handang pumunta.

Ang ating mga gabay na alituntunin ay itinuro sa atin ni Propetang Joseph Smith: “Ang mga pangunahing alituntunin ng ating relihiyon ay ang patotoo ng mga Apostol at Propeta, tungkol kay Jesucristo, na Siya’y namatay, inilibing, at muling nagbangon sa ikatlong araw, at umakyat sa langit; at ang lahat ng iba pang mga bagay na may kaugnayan sa ating relihiyon ay mga kalakip lamang nito” (*Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Si Joseph Smith* [2007], 58).

Nagpapatotoo ako na kapag tinutularan natin ang halimbawa ng ating Tagapagligtas na si Jesucristo, at magtataas ng kamay sa pagsuporta sa ating pinakamamahal na propeta, si Pangulong Thomas S. Monson, makatatagpo tayo ng kapayapaan, kapaatagan, kagalakan at ating “kakainin ang taba ng lupain . . . sa mga huling araw na ito” (D at T 64:34). Sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■



**Ni Elder David A. Bednar**  
Ng Korum ng Labindalawang Apostol

## Mga Dungawan sa Langit

*Darating ang mga espirituwal at temporal na pagpapala sa ating buhay kapag sinunod natin ang batas ng ikapu.*


**G**usto kong talakayin ang dalawang mahalagang aral na natutuhan ko tungkol sa batas ng ikapu. Ang unang aral ay nakatuon sa mga pagpapala na dumarating sa bawat tao at mga pamilya kapag tapat nilang sinusunod ang kautusang ito. Ang pangalawang aral ay nagbibigay-diin sa kahalagahan ng ikapu sa pag-unlad ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw sa buong mundo. Dalangin ko na mapagtibay ng Espiritu Santo sa bawat isa sa atin ang katotohanan ng mga alituntuning tatalakayin ko.

### **Aral Bilang 1—Mahalaga ngunit Hindi Napapansing mga Pagpapala**

Ang ina ni Sister Bednar ay tapat na babae at mahusay na tagapangalaga ng tahanan. Mula noong siya ay ikasal, maingat niyang inirerekord ang pananalapi ng pamilya. Ilang dekada niyang inirekord ang kita at gastos ng pamilya gamit ang simpleng mga ledger. Ang impormasyon na natipon niya sa maraming taon ay komprehensibo at kumpleto.

Noong dalagita pa si Sister Bednar, ginamit ng kanyang ina ang datos sa

mga ledger upang bigyang-diin ang mga pangunahing alituntunin ng masinop na pamumuhay at matalinong pangangasiwa sa tahanan. Isang araw habang magkasama nilang nirerepaso ang iba’t ibang pinagkagastusan, may magandang bagay na napansin ang kanyang ina. Ang gastos sa pagpapa-doktor at mga gamot para sa kanilang pamilya ay napakababa kaysa inaasahan. Naniwala siya na may kaugnayan ito sa ebanghelyo ni Jesucristo at ipinaliwanag sa kanyang anak ang isang malaking katotohanan: kapag sinunod natin ang batas ng ikapu, madalas tayong nakakatanggap ng mahahalagang ngunit hindi napapansing mga pagpapala na palaging hindi natin inaasahan at hindi agad nakikita. Hindi tumanggap ng anumang biglaan o karagdagan kita ang pamilya. Sa halip, nagbigay ang mapagmahal na Ama sa Langit ng mga simpleng pagpapala sa paraang tila karaniwan lang. Palaging naaalala ni Sister Bednar ang mahalagang aral na ito mula sa kanyang ina tungkol sa tulong na natatangap natin na inihuhulog mula sa mga dungawan sa langit, gaya ng ipinangako ni Malakias sa Lumang Tipan (Tingnan sa Malakias 3:10).



Madalas kapag itinuturo natin ang batas ng ikapu, binibigyang-diin natin ang mga daglian, malalaki at madaling napapansing temporal na pagpapala sa atin. At talaga namang ibinibigay ang gayong mga pagpapala. Gayunpaman ang ilan sa maraming pagpapala na natatamo natin kapag sinunod natin ang kautusang ito ay mahalaga ngunit hindi napapansin. Ang gayong pagpapala ay mahihiwatigan lamang kung tayo ay espirituwal na nakatuon at mapagmasid (tingnan sa I Mga Taga Corinto 2:14).

May itinuturo ang matalinghangang paggamit ni Malakias ng “mga dungawan” sa langit. Sa mga dungawan ng gusali pumapasok ang natural na liwanag. Sa gayon ding paraan, ang pagkaunawa at kaalamang espirituwal ay ibinubuhos sa ating buhay mula sa mga dungawan sa langit kapag sinunod natin ang batas ng ikapu.

Halimbawa, ang hindi napapansin ngunit mahalagang pagpapalang natatanggap natin ay ang espirituwal na kaloob na pasasalamat sa kung ano ang mayroon tayo at pagpipigil na maghangad ng gusto lamang natin. Ang mapagpasalamat na tao ay nakukuntento na. Ang taong hindi mapagpasalamat ay hindi kailanman nakukuntento (tingnan sa Lucas 12:15).

Maaaring kailangan at nagdarasal tayo na makahanap ng magandang

trabaho. Gayunpaman, kailangan ang mga mata at tainga ng pananampalataya (tingnan sa Eter 12:19), upang makilala ang kaloob na makahiwatig na magbibigay sa atin ng kakayahan na makahanap ng trabaho na maaaring hindi napapansin ng maraming tao—o mabigyan ng matinding determinasyon na maghanap ng trabaho nang mas masigasig at matiyaga kaysa sa kaya o handang gawin ng ibang tao. Maaaring gusto at umaasa tayong mabigyan ng trabaho, ngunit maaaring ang mga pagpapala na ihuhulog sa atin mula sa mga dungawan ng langit ay mas malaking kakayahan na kumilos at baguhin ang ating kalagayan sa halip na umasang mababago ng isang tao o bagay ang ating kalagayan.

Maaaring hangarin nating tumaas ang ating sweldo at pagtrabahuhan ito upang mas matugunan ang mga pangangailangan sa buhay. Gayunpaman, kailangan ang mga mata at tainga ng pananampalataya upang mapansin natin sa ating sarili ang dagdag na kakayahan sa espirituwal at temporal (tingnan sa Lucas 2:52) upang makapamuhay sa mas kakaunting pera, at ibayong kahusayan sa pagtatakda ng prioridad at pamumuhay nang simple, at tamang pamamahala sa natamasang mga materyal na bagay. Maaaring gusto at umaasam tayo na magkaroon ng mas malaking

pera, ngunit maaaring ang mga pagpapalang ihuhulog sa atin mula sa mga dungawan ng langit ay mas malaking kakayahan na baguhin ang ating kalagayan sa halip na umasang mababago ng isang tao o bagay ang ating kalagayan.

Ang kabataang mandirigma sa Aklat ni Mormon (tingnan sa Alma 53; 56–58) ay taimtim na nanalangin sa Diyos na sila ay palakasin at iligtas sa mga kamay ng kanilang kaaway. Mahalagang pansinin na ang sagot sa mga panalangin na ito ay hindi karagdagang sandata o kawal. Sa halip, tiniyak ng Diyos sa matatapat na mandirigmang ito na sila ay Kan-yang ililigtas, pinayapa ang kanilang kaluluwa, at binigyan ng malaking pananampalataya at pag-asa ng kanilang kaligtasan sa Kanya (tingnan sa Alma 58:11). Sa gayon, ang mga anak ni Helaman ay nagkalakas-loob, matatag na nagpasiyang gapiin ang kalaban, at humayo nang buo nilang lakas laban sa mga Lamanita (tingnan sa Alma 58:12–13). Maaaring sa una ay tila hindi katiyakan, kapayapaan, pananampalataya, at pag-asa ang nais na pagpapala ng mga mandirigma, ngunit ang mga pagpapalang ito ang talagang kailangan ng magigiting na kabataang iyon upang makasulong at pisikal at espirituwal na magtagumpay.

Kung minsan hinihiling natin sa Diyos na magtagumpay tayo, at binibigyan Niya tayo ng kalusugan at kata-linuhan. Maaaring ang hiling natin ay kasaganaan, at tumatanggap tayo ng mas malawak na kaalaman at ibayong pagtitiyaga o ang hiling natin ay pag-unlad at binibigyan tayo ng kaloob na biyaya. Maaaring pagkalooban Niya tayo ng pananalig at pagtitiwala habang sinisikap nating makamtan ang ating mabubuting mithiin. At kapag sumasamo tayo na maibsan ang paghihirap ng ating katawan, isipan, at espiritu, maaaring pag-ibayuhin Niya ang ating determinasyon at katatagan.

Ipinapangako ko na kapag sinunod natin ang batas ng ikapu, tunay na ang mga dungawan sa langit ay mabubuk-san at ihuhulog ang mga espirituwal at temporal na pagpapala na walang sapat na silid na kalalagyan (tingnan

sa Malakias 3:10). Maaalala rin natin ang sinabi ng Panginoon:

“Sapagka’t ang aking mga pag-iisip ay hindi ninyo mga pag-iisip, o ang inyo mang mga lakad ay aking mga lakad, sabi ng Panginoon.

“Sapagka’t kung paanong ang langit ay lalong mataas kay sa lupa, gayon ang aking mga lakad ay lalong mataas kay sa inyong mga lakad, at ang aking mga pag-iisip kay sa inyong mga pag-iisip” (Isaias 55:8–9).

Nagpapatotoo ako na kapag tayo ay espirituwal na nakatuon at mapagmasid, bibiyayaan tayo ng mga mata na may kakayahan na makakita nang malinaw, mga tainga na palaging nakaririnig, at pusong mas lubos na nakauunawa sa kahalagahan at hindi napapansing mga pamamaraan, pag-iisip at mga pagpapala Niya sa ating buhay.

## **Aral Bilang 2—Ang Kasimplehan ng Pamamaraan ng Panginoon**

Bago ako naglingkod bilang miyembro ng Korum ng Labindalawa, maraming beses ko nang nabasa sa Doktrina at mga Tipan ang tungkol sa council na itinalagang mangasiwa at mamahala sa sagradong ikapu. Ang Council on the Disposition of the Tithes ay itinatag sa pamamagitan ng paghahayag at binubuo ng Unang Panguluhan, ng Korum ng Labindalawang Apostol, at ng Presiding Bishopric (tingnan sa D at T 120). Habang naghahanda ako noong Disyembre 2004 upang dumalo sa unang miting ko sa council na ito, sabik kong inasam na matuto nang husto sa oportunidad na ito.

Naaalala ko pa ang mga bagay na naranasan at nadama ko sa council na iyon. Nagkaroon ako ng mas malaking pagpapahalaga at paggalang sa mga batas ng pananalapi ng Panginoon para sa indibiduwal, mga pamilya, at para sa Kanyang Simbahan. Ang pangunahing programa sa pananalapi ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw—para sa kita at paggamit nito—ay ipinaliwanag sa mga bahagi 119 at 120 ng Doktrina at mga Tipan. Dalawang pahayag na matatagpuan dito ang pinagbatayan



sa pamamahala sa pananalapi ng Simbahan.

Simpleng ipinahayag sa Bahagi 119 na lahat ng miyembro “ay magbabayad ng ikasampung bahagi ng lahat ng kanilang tinubo taun-taon; at ito ay mananatiling batas sa kanila magpakailanman, . . . wika ng Panginoon” (talata 4).

Pagkatapos, hinggil sa awtorisadong paggamit ng mga ikapu, sinabi ng Panginoon, “Ito ay ipamamahagi sa pamamagitan ng isang kapulungan, na binubuo ng Unang Panguluhan ng aking Simbahan, at ng obispo at ng kanyang kapulungan, at ng aking mataas na kapulungan; at ng sarili kong tinig sa kanila, wika ng Panginoon” (D at T 120:1). Ang “obispo at ng kanyang kapulungan” at “aking mataas na kapulungan” na tinukoy sa paghahayag na ito ay kilala ngayon bilang Presiding Bishopric at Korum ng Labindalawang Apostol. Ang mga sagradong pondong ito ay ginagamit sa mabilis na lumalaking simbahan upang espirituwal na mapagpala ang mga tao at mga pamilya sa pamamagitan ng pagtatayo at pagmementena ng mga templo at bahay-sambahan,

pagsuporta sa gawaing misyonero, pagsasalin at paglalathala ng mga banal na kasulatan, pagtataguyod ng family history research, pagpopondo ng mga paaralan at edukasyong pang-relihiyon, at pagsasagawa ng iba pang mga layunin ng Simbahan ayon sa tagubilin ng mga inordenang lingkod ng Panginoon.

Namangha ako sa pagiging malinaw at maikli ng dalawang paghahayag na ito kumpara sa kumplikadong tuntunin at pamamaraan sa pananalapi ng maraming organisasyon at gobyerno sa buong mundo. Paano napamamahalaan sa buong mundo ang gawaing temporal ng isang organisasyon na kasinglaki ng ipinanumbalik na Simbahan ni Jesucristo gamit ang malinaw at maikling tagubiling iyon? Tuwiran ang sagot dito: ito ay gawain ng Panginoon, magagawa Niya ang Kanyang sariling gawain (tingnan sa 2 Nephi 27:20), at binibigyang inspirasyon at ginagabayan ng Tagapagligtas ang Kanyang mga lingkod kapag sinunod nila ang Kanyang mga tagubilin at gumawa sa Kanyang layunin.

Sa unang council meeting na iyon na dinaluhan ko humanga ako sa

kasimplehan ng mga alituntunin na gumabay sa aming pag-uusap at pagpapasiya. Sa pamamahala sa pananalapi ng Simbahan, dalawang pangunahin at hindi nagbabagong alituntunin ang sinusunod. Una, ang Simbahan ay namumuhay nang hindi lampas sa pondo nito at hindi gumagastos nang higit sa tinatangap nito. Pangalawa, isang bahagi ng annual income ang inilalaan sa biglaan at di-inaasahang pangangailangan. Maraming dekada nang itinuturo ng Simbahan sa mga miyembro nito ang pagtatabi ng karagdang pagkain, panggatong, at pera para sa mga di-inaasahang pangyayari. Ang Simbahan bilang institusyon ay sumusunod lamang sa gayon ding mga alituntunin na paulit-ulit na itinuturo sa mga miyembro.

Habang patuloy ang miting, inasam ko na sana ay sundin ng lahat ng miyembro ng Simbahan ang kasimplehan, kalinawan, at kaayusan, kabutihan, at kahusayan ng sariling pamamaraan ng Panginoon (tingnan sa D at T 104:16) sa pamamahala sa temporal na gawain ng Kanyang Simbahan. Maraming taon na ako ngayong nakikibahagi sa Council on the Disposition of the Tithes. Ang pasasalamat at paggalang ko sa pamamaraan ng Panginoon ay lalo pang nag-ibayo sa bawat taon, at ang mga aral na natutuhan ay naging mas malalim.

Ang puso ko ay puno ng pagmamahal at paghanga sa matatapat at masunuring miyembro ng Simbahang

ito mula sa bawat bansa, lahi, wika, at tao. Sa pagpunta ko sa iba't ibang dako ng mundo, nalaman ko ang mga inaasam at pangarap ninyo, ang magkakaiba ninyong kalagayan sa buhay, at paghihirap. Dumalo ako sa mga miting ninyo sa Simbahan at pinuntahan ang ilan sa inyong mga tahanan. Ang inyong pananampalataya ay nagpalakas sa aking pananampalataya. Ang inyong katapatan ay lalo pang nagpatindi ng aking katapatan. At ang inyong kabutihan at kahandaang sundin ang batas ng ikapu ay nagbibigay-inspirasyon sa akin na maging mas mabuting tao, asawa, ama, at lider ng Simbahan. Naaalala at naiisip ko kayo sa tuwing dumadalo ako sa Council on the Disposition of the Tithes. Salamat sa inyong kabutihan at katapatan sa pagtupad sa inyong mga tipan.

Malaki ang responsibilidad ng mga lider ng ipinanumbalik na Simbahan ng Panginoon sa tamang pamamahala sa mga handog na inilaan ng mga miyembro ng Simbahan. Batid namin ang kasagraduhan ng lepta ng babaeng balo.

“At umupo [si Jesus] sa tapat ng kabang-yaman, at minasdan kung paanong inihuhulog ng karamihan ang salapi sa kabang-yaman: at maraming mayayaman ang nangaghuhulog ng marami.

“At lumapit ang isang babaing balo, at siya'y naghulog ng dalawang lepta, na ang halaga'y halos isang beles.

“At pinalapit niya sa kaniya ang

kaniyang mga alagad, at sinabi sa kanila, Katotohanang sinasabi ko sa inyo, Ang dukhang balong babaing ito, ay naghulog ng higit kay sa lahat ng nangaghuhulog sa kabang-yaman:

“Sapagka't silang lahat ay nagsipaghulog ng sa kanila'y labis, datapuwa't siya sa kaniyang kasalatan ay inihulog ang buong nasa kaniya, sa makatuwid baga'y ang buong kaniyang ikabubuhay” (Marcos 12:41-44).

Alam ko mula sa sarili kong karanasan na maingat na pinangangalagaan ng Council on the Disposition of the Tithes ang lepta ng babaeng balo. Pinasasalamat ko si Pangulong Thomas S. Monson at kanyang mga tagapayo sa kanilang mahusay na pamumuno sa banal na gawaing ito. At kinikilala ko ang tinig (tingnan sa D at T 120:1) at kamay ng Panginoon na sumusuporta sa Kanyang inorde-nang mga lingkod sa pagtupad ng tungkulin na kumatawan sa Kanya.

### **Isang Paanyaya at Patotoo**

Ang tapat na pagbabayad ng ikapu ay higit pa sa tungkulin; ito ay mahalagang hakbang sa pagpapabanal ng sarili. Kayo na nagbabayad ng ikapu, pinupuri ko kayo.

At kayo na hindi sumusunod sa batas ng ikapu sa kasalukuyan, inanyayahan ko kayo na pag-isipan ang inyong ginagawa at magsisi. Pinatotohanan ko na sa pagsunod ninyo sa batas na ito ng Panginoon, ang mga dungawan sa langit ay mabubuksan sa inyo. Mangyaring huwag ipagpaliban ang araw ng inyong pagsisisi.

Pinatotohanan ko na darating ang mga esprituwal at temporal na pagpapala sa ating buhay kapag sinunod natin ang batas ng ikapu. Nagpapatotoo ako na ang gayong mga pagpapala ay kadalasang mahalaga ngunit hindi napapansin. Ipinapahayag ko rin na ang kasimplehan ng pamamaraan ng Panginoon na nakikita sa temporal na gawain ng Kanyang Simbahan ay nagbibigay ng huwaran na gagabay sa atin bilang indibiduwal at pamilya. Dalangin ko na bawat isa sa atin ay matuto at makinabang sa mahahalagang aral na ito, sa sagradong pangalan ng Panginoong Jesucristo, amen. ■





**Ni Pangulong Dieter F. Uchtdorf**  
Pangalawang Tagapayo sa Unang Panguluhan

# Halina, Sumama sa Amin

*Anuman ang inyong mga kalagayan, sariling kuwento ng buhay, o lakas ng patotoo, may lugar para sa inyo sa Simbahang ito.*

Minsan may isang lalaki na naginip na nasa malaking bulwagan siya na pinagtipunan ng mga kinatawan ng mga relihiyon mula sa iba't ibang bansa. Nalaman niya na maraming bagay sa bawat relihiyon ang kanais-nais at mahalaga.

Nakilala niya ang mabait na mag-asawang kumatawan sa Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw at tinanong sila, “Ano ang ipinapagawa *ninyo* sa mga miyembro ninyo?”

“Wala *kaming* ipinapagawa sa mga miyembro namin,” sagot nila. “Pero gusto ng *Panginoon* na ilaan namin ang lahat.”

Ipinaliwanag ng mag-asawa ang mga tungkulin sa Simbahan, ang home teaching at visiting teaching, full-time na misyon, lingguhang family home evening, gawain sa templo, welfare at pagkakawanggawa, at pagtuturo sa klase.

“Binabayaran ba ninyo ang mga tao ninyo sa lahat ng ginagawa nila?” tanong ng lalaki.

“Ah, hindi,” ang sagot ng mag-asawa. “Nag-uukol sila ng panahon nang walang bayad.”

“Isa pa,” patuloy ng mag-asawa, “kada anim na buwan, dumadalo o nanonood ang mga miyembro ng Simbahan namin ng 10 oras na pang-kalahatang kumperensya.”

“Sampung oras na nagbibigay ng mensahe?” tanong ng lalaki.

“Kumusta naman ang lingguhang simba ninyo? Gaano ito katagal?”

“Tatlong oras, kada Linggo!”

“Talaga,” sabi ng lalaki. “Ginagawa ba talaga ng mga miyembro ng Simbahan ninyo ang lahat ng sinabi ninyo?”

“Oo at hindi lang iyan. Hindi pa namin nabanggit ang pagsasaliksik ng family history, youth camp, debosyonal, pag-aaral ng mga banal na kasulatan, pagsasanay sa mga namumuno, linggu-linggong aktibidad ng kabataan, maagang klase ng seminary, boluntaryong pagmementena ng gusali ng Simbahan, at syempre ang batas ng kalusugan ng Panginoon, buwanang pag-aayuno para makatulong sa maralita, at pagbabayad ng ikapu.”

Sabi ng lalaki, “Ngayon naguguluhan na ako. Bakit naman gugustuhin ng sinuman na magpamiyembro sa ganyang simbahan?”

Ngumiti ang mag-asawa at sinabi, “Mabuti’t naitanong mo.”

## **Bakit Gugustuhin ng Sinuman na Magpamiyembro sa Ganitong Simbahan?”**

Sa panahong maraming simbahan ang bumababa ang bilang ng mga miyembro, ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw—bagama’t maliit lang kumpara sa iba—ay isa sa mabibilis umunlad na simbahan sa mundo. Nitong Setyembre 2013 ang Simbahan ay may mahigit 15 milyong miyembro sa buong mundo.

Maraming dahilan kung bakit, pero hayaan ninyong magbigay lang ako ng ilan.

### **Ang Simbahan ng Tagapagligtas**

Una, ang Simbahang ito ay ipinananumbalik ni Jesucristo sa ating panahon. Makikita ninyo rito ang awtoridad na kumilos sa Kanyang pangalan—magbinyag para sa kapatawaran ng mga kasalanan, igawad ang kaloob na Espiritu Santo, at magbuklod sa lupa at sa langit.<sup>1</sup>

Ang mga sumasapi sa Simbahang ito ay nagmamahal sa Tagapagligtas na si Jesucristo at gusto nilang sundin Siya. Nagagalak sila na malamang nangungusap na muli ang Diyos sa mga tao. Kapag tumatanggap sila ng mga sagradong ordenansa ng priesthood at nakikipagtipan sa Diyos, nadarama nila ang Kanyang kapangyarihan sa kanilang buhay.<sup>2</sup> Kapag pumapasok sila sa templo, nadarama nila ang Kanyang presensya. Kapag nagbasa sila ng mga banal na kasulatan<sup>3</sup> at ipinamumuhay ang mga turo ng Kanyang mga propeta, mas nalalapit sila sa Tagapagligtas na kanilang pinakamamahal.

### **Ipinapamuhay na Pananampalataya**

Isa pang dahilan ay ang pagbibigay ng Simbahan ng mga pagkakataong gumawa ng mabuti.

Ang paniniwala sa Diyos ay kapuri-puri, ngunit hindi lamang gusto ng maraming tao na makinig sa magagandang mensahe o mangarap ng biyayang naghihintay.<sup>4</sup> Gusto nilang ipamuhay ang kanilang



sambahin ang Pinakamakapangyarihang Diyos ayon sa atas ng kanilang budhi, na karapatan din natin.<sup>5</sup>

### **Hindi Nasagot na mga Katanungan**

Ilan sa atin ang nababagabag sa mga tanong na hindi nasagot tungkol sa mga nangyari o nasabi noon. Tinatanggap natin na sa halos 200 taon ng kasaysayan ng Simbahan—kasabay ng patuloy na magaganda, marangal, at sagradong mga pangyayari—may mga nasabi at nagawa na naging dahilan ng pagtatanong ng mga tao.

Kung minsan nagtatanong tayo dahil lang sa kulang tayo sa impormasyon at kailangan lang nating maghintay pa nang kaunti. Kapag ang buong katotohanan ay naihayag na, ang mga bagay na hindi natin maunawaan noon ay lubos na ipauunawa sa atin.

Kung minsan iba-iba ang opinyon sa talagang kahulugan ng “katotohanan.” Ang tanong na nagiging dahilan ng pagdududa ng iba, matapos ang masusing pagsisiyasat, ay maaaring magpalakas naman ng pananampalata ng iba.

### **Mga Pagkakamali ng mga Taong Hindi Perpekto**

At, sinasabi ko ito nang buong katapatan, may mga pagkakataon na ang mga miyembro o mga lider ng Simbahan ay nagkakamali rin. Maaaring may mga bagay na sinabi o ginawa na hindi ayon sa ating mga pinahahalagahan, alituntunin, o doktrina.

Palagay ko magiging perpekto lang ang Simbahan kung pinangangasiwaan ito ng mga perpektong tao. Ang Diyos ay perpekto, at ang doktrina Niya ay dalisay. Ngunit kumikilos Siya sa pamamagitan natin—na Kanyang mga anak na hindi perpekto—at ang mga taong hindi perpekto ay nagkakamali.

Mababasa natin sa Aklat ni Mormon, “At ngayon, kung may mga pagkakamali ang mga yaon ay kamalian ng mga tao; dahil dito, huwag ninyong hatulan ang mga bagay ng Diyos, nang kayo ay matagpuang walang bahid-dungis sa hukumang-luklukan ni Cristo.”<sup>6</sup>

Ganito na ito noon pa at magpapatuloy ito bago dumating ang

pananampalata. Gusto nilang ihanda ang kanilang sarili at makibahagi sa dakilang gawaing ito.

At iyan ang nangyayari kapag sumapi sila sa atin—marami silang oportunidad na gamitin ang kanilang talento, pagkakawanggawa, at panahon sa mabubuting gawain. Dahil hindi swelduhan ang mga namumuno sa mga kongregasyon natin sa buong mundo, ang mga miyembro natin mismo ang naglilingkod para sa gawain. Tinatawag sila nang may inspirasyon ng langit. Kung minsan ay nagboboluntaryo tayo; kung minsan ay “ibinoboluntaryo tayo.” Hindi natin itinuturing na pasanin ang mga atas kundi mga oportunidad na tuparin ang mga tipan na masaya nating ginagawa para paglingkuran ang Diyos at Kanyang mga anak.

### **Natatanging mga Pagpapala**

Ang pangatlong dahilan ng pagsapi ng mga tao sa Simbahan ay dahil may natatanging pagpapala ang pagiging disipulo.

Itinuturing natin ang binyag bilang simula ng pagiging disipulo. Ang araw-araw na pagtahak sa landas ni Jesucristo ay humahantong sa kapayapaan at layunin sa buhay na ito at matinding galak at walang hanggang kaligtasan sa kabilang buhay.

Ang tapat na sumusunod sa landas na ito ay makaiwas sa mga pagkakamali, kalungkutan, at panghihinayang sa buhay.

Ang mga mapagkumbabang-loob at matapat ay makatatagpo ng malaking kayamanan ng kaalaman dito.

Ang mga nagdurusa o nagdadalamhati ay mapapanatag dito.

Ang mga nagdurusa sa kanilang kasalanan ay mapapatawad, mapapalaya, at mapapayapa.

### **Sa mga Nagsisialis**

Ang paghahanap ng katotohanan ay nagdala sa milyong mga tao sa Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw. Subalit may ilang iniwan ang Simbahan na dati nilang mahal.

Maaaring may magtanong, “Kung napakaganda ng ebanghelyo, bakit may mga umaalis pa?”

Kung minsan iniisip natin na iyon ay dahil nasaktan ang loob nila o kaya ay tamad o nagkasala sila. Ang totoo, hindi iyon ganoon kasimple. Sa katunayan, iba’t iba ang dahilan sa magkaikabang sitwasyon.

Ilan sa mga miyembro natin ang matagal nang pinag-iisipan kung lalayo sa Simbahan o hindi.

Sa Simbahang ito na pinahahalagahan ang kalayaang pumili, Simbahang ipinanumbalik ng isang binatilyo na nagtanong at naghanap ng sagot, nirespeto natin ang mga tapat na nagsasaliksik ng katotohanan. Maaaring malungkot tayo kapag lumalayo sila sa Simbahang minamahal natin at sa katotohanang natagpuan natin, ngunit kinikilala natin ang karapatan nilang



perpektong panahon na maghahari si Cristo sa mundo.

Nakalulungkot na nanghihina ang iba dahil sa mga pagkakamali ng tao. Ngunit sa kabila nito, ang walang hanggang katotohanan ng ipinang-balik na ebanghelyo na matatagpuan sa Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw ay hindi nadudungisan, napahihina, o nasisira.

Bilang Apostol ng Panginoong Jesucristo at bilang isang nakasaksi mismo sa mga kapulungan at gawain ng Simbahang ito, tapat kong pinatotohanan na walang mahalagang pagpapasiyang nakakaapekto sa Simbahan at sa mga miyembro nito ang ginawa nang hindi taimtim na inihingi ng inspirasyon, patnubay, at pagsang-ayon ng ating Walang Hanggang Ama sa Langit. Ito ang Simbahan ni Jesucristo. Hindi hahayaan ng Diyos na malihis ang Kanyang Simbahan mula sa itinakdang landas nito ni mabigong isakatuparan ang banal na tadhana nito.

### May Lugar para sa Inyo

Sa mga inilayo ang kanilang sarili sa Simbahan, gusto kong sabihin, mga minamahal kong kaibigan, na may lugar dito para sa inyo.

Halina at idagdag ang inyong mga talento, kaloob, at kakayahan sa amin. Tayong lahat ay higit na mapapabuti dahil dito.

*Maaring itanong ng ilan, “Paano na ang mga katanungan ko?”*

Natural lamang ang magtanong—ang binhi ng tapat na pagtatanong ay kadalasang sumisibol at lumalagong tulad ng malaking puno ng pang-unawa. May ilang mga miyembro ng Simbahan na, sa anumang pagkaka-taon, ay hindi nagkaroon ng anumang malalim o sensitibong tanong. Isa sa mga layunin ng Simbahan ang pangalagaan at linangin ang binhi ng pananampalataya—ito man ay nasa lupa ng pagdududa at walang-katiyakan. Ang pananampalataya ay pag-asa sa mga bagay na hindi nakikita ngunit totoo.<sup>7</sup>

Kung gayon, mahal kong mga kapatid—mahal kong mga kaibigan—mangyaring pagduduhan muna ang inyong pagdududa bago ninyo



**Guatemala City, Guatemala**

pagduduhan ang inyong pananampalataya.<sup>8</sup> Hindi natin dapat hayaang pigilan tayo ng pagdududa at ilayo tayo sa dakilang pagmamahal, kapayapaan at mga natatanging kaloob na dulot ng pananampalataya sa Panginoong Jesucristo.

*Maaaring sabihin ng ilan, “Hindi ako nababagay sa mga tao sa Simbahan ninyo.”*

Kung titingnan ninyo ang aming mga puso, makikita ninyo na nababagay kayo nang higit sa inaakala ninyo. Maaaring ikagulat ninyo na malamang may mga inaasam at paghihirap din kami na katulad ng sa inyo. Ang inyong pinagmulan o kinalakhan ay maaaring iba sa nakikita ninyo sa maraming Banal sa mga Huling Araw, ngunit iyan ay maaaring maging pagpapala. Mga kapatid, mahal naming mga kaibigan, kailangan namin ang natatangi ninyong talento at pananaw. Ang pagkakaiba-iba ng mga indibidwal at grupo sa iba’t ibang panig ng mundo ay lakas ng Simbahang ito.

*Maaaring sabihin ng ilan, “Pala-gay ko hindi ako makakaayon sa mga pamantayan ninyo.”*

Mas lalo kayong dapat sumama sa amin kung gayon! Layunin ng

Simbahan na pangalagaan ang mga may kakulangan, nahihirapan, at napapagal. Puno ito ng mga taong *naghangad* nang buong puso na sundin ang mga kautusan, kahit kulang pa ang *kakayahan nilang sundin* ang mga ito.

*Maaaring sabihin ng ilan, “May kilala akong miyembro ng Simbahan ninyo na mapagkunwari. Kahit kailan hindi ako sasapi sa simbahan na may ganyang klase ng miyembro.”*

Kung ang kahulugan sa inyo ng *mapagkunwari* ay hindi ganap na pamumuhay ng kanyang pinaniniwalaan, kung gayon lahat kami ay mapagkunwari. Wala ni isa sa amin ang ganap na tulad ni Cristo na alam naming siyang dapat naming kahinatan. Ngunit taimtim naming hinahangad na itama ang mga pagkakamali namin at huwag magkasala. Buong puso at kaluluwa naming hinahangad na maging mas mabuti sa tulong ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo.

Kung ito ang inyong mga hangarin, kung gayon anuman ang inyong mga kalagayan, sariling kuwento ng buhay, o lakas ng patotoo, may lugar para sa inyo sa Simbahang ito. Halina at sumama sa amin!

### Halina at Sumama sa Amin!

Sa kabila ng aming mga kahinaan bilang tao, tiwala ako na makikita ninyo sa mga miyembro ng Simbahang ito ang marami sa pinakamabubuting tao sa mundo. Ang Simbahan ni Jesucristo ay nahihikayat ang mababait at mapagmahal, ang matatapat at masisigasig.

Kung inaasahan ninyong makakakita kayo ng mga perpektong tao rito, mabibigo kayo. Ngunit kung hahana-pin ninyo ang dalisay na doktrina ni Cristo, ang salita ng Diyos “na humihilom sa sugatang kaluluwa,”<sup>9</sup> at ang nakapagpapabanal na impluwensya ng Espiritu Santo, makikita ninyo rito ang

mga ito. Sa panahong ito ng paghina ng pananampalataya—kung saan marami ang nakakaramdam na malayo na sila sa Diyos—makikita ninyo rito ang mga taong inaasam na makilala at mapalapit sa kanilang Tagapagligtas sa paglilingkod sa Diyos at kanilang kapwa, tulad ninyo. Halina at sumama sa amin!

### Magsisialis Din ba Kayo?

Naaalala ko ang panahon sa buhay ng Tagapagligtas noong Siya ay talikuran ng marami.<sup>10</sup> Tinanong ni Jesus sa Kanyang labindalawang disipulo:

“Ibig бага ninyong magsialis din naman?”

“Sinagot siya ni Simon Pedro, Panginoon, kanino kami magsisiparoon? ikaw ang may mga salita ng buhay na walang hanggan.”<sup>11</sup>

May mga pagkakataong gayon din ang mga tanong na kailangan nating sagutin. Magsisialis din ba tayo? O tayo ba, tulad ni Pedro, ay mahigpit na kakapit sa mga salita ng buhay na walang hanggan?

Kung naghahanap kayo ng katotohanan, kabuluhan at paraang isabuhay ang inyong pananampalataya; kung naghahanap kayo ng lugar na makakabilang kayo: Halina at sumama sa amin!

Kung iniwan ninyo ang relihiyong dati ninyong tinanggap: Bumalik na muli. Sumama sa amin!

Kung natutukso kayong sumuko: Magtiis pa nang kaunti. May lugar dito para sa inyo.

Nagsusumamo ako sa inyo na nakaririnig o nakababasa ng mga salitang ito: Halina at sumama sa amin Halina’t pakinggan ang pagtawag ng mapagmahal na Cristo. Pasanin ang inyong krus at sumunod sa Kanya.<sup>12</sup>

Halina at sumama sa amin! Sapagka’t dito ay matatagpuan ninyo ang isang bagay na hindi matutumbasan ng salapi.

Pinatotohanan ko na makikita ninyo rito ang mga salita ng buhay na walang hanggan, ang pangako ng dakilang pagtubos, at ang landas tungo sa kapayapaan at kaligayahan.

Taimtim kong idinadalangin na ang paghahanap ninyo ng katotohanan ay magtitimo sa inyong puso ng hangaring sumama sa amin. Sa banal na pangalan ni Jesucristo, amen. ■

### MGA TALA

1. Tingnan sa Mateo 16:18–19; Helaman 10:7.
2. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 84:20.
3. Tingnan sa 2 Nephi 33:10.
4. Tingnan sa “Ako Ba’y May Kabutihang Nagawa?” *Mga Himno*, blg. 135.
5. Tingnan sa Mga Saligan ng Pananampalataya 1:11.
6. Pahina ng pamagat ng Aklat ni Mormon; tingnan sa Mormon 8:17.
7. Tingnan sa Sa Mga Hebreo 11:1; Alma 32:21.
8. Tingnan sa F. F. Bosworth, *Christ the Healer* (1924), 23.
9. Jacob 2:8.
10. Tingnan sa Juan 6:66.
11. Juan 6:67–68.
12. Tingnan sa Mateo 16:24.





**Inilahad ni Pangulong Henry B. Eyring**  
Unang Tagapayo sa Unang Panguluhan

# Ang Pagsang-ayon sa mga Pinuno ng Simbahan

Iminumungkahing sang-ayunan natin sina Thomas Spencer Monson bilang propeta, tagakita, at tagapaghayag at Pangulo ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw; Henry Bennion Eyring bilang Unang Tagapayo sa Unang Panguluhan; at Dieter Friedrich Uchtdorf bilang Pangalawang Tagapayo sa Unang Panguluhan.

Ang mga sang-ayon ay ipakita lamang.

Ang hindi sang-ayon, kung mayroon, ay ipakita lamang.

Iminumungkahing sang-ayunan natin si Boyd Kenneth Packer bilang Pangulo ng Korum ng Labindalawang Apostol at ang mga sumusunod bilang mga miyembro ng korum na iyon: Boyd K. Packer, L. Tom Perry, Russell M. Nelson, Dallin H. Oaks, M. Russell Ballard, Richard G. Scott, Robert D. Hales, Jeffrey R. Holland, David A. Bednar, Quentin L. Cook, D. Todd Christofferson, at Neil L. Andersen.

Ang mga sang-ayon, mangyaring ipakita.

Ang hindi sang-ayon ay ipakita lamang.

Iminumungkahing sang-ayunan natin ang mga tagapayo sa Unang Panguluhan at ang Labindalawang Apostol bilang mga propeta, tagakita, at tagapaghayag.

Lahat ng sang-ayon, mangyaring ipakita.

Ang hindi sang-ayon, kung mayroon, ay ipakita rin.

Iminumungkahing i-release namin sina Elder John B. Dickson, Paul E. Koelliker, at F. Michael Watson bilang mga miyembro ng Unang Korum ng Pitumpu at italaga sila bilang emeritus na mga General Authority.

Iminumungkahi rin na i-release namin si Elder Kent D. Watson bilang miyembro ng Pangalawang Korum ng Pitumpu.

Kinikilala at pinasasalamatan din namin sina Elder César H. Hooker at Craig T. Wright, na na-release sa kani-lang serbisyo bilang mga Area Seventy.

Ang mga nagnanais makiisa sa amin sa pasasalamat sa mga Kapatid na ito sa mahusay nilang paglilingkod, mangyaring ipakita.

Iminumungkahing sang-ayunan natin ang sumusunod bilang mga bagong Area Seventy: Julio A. Angulo, Peter F. Evans, at Gennady N. Podvodov.

Lahat ng sang-ayon, mangyaring ipakita.

Ang mga hindi sang-ayon, kung mayroon.

Iminumungkahi na sang-ayunan natin si Randall L. Ridd bilang pangalawang tagapayo sa Young Men general presidency.

Ang mga sang-ayon ay ipakita lamang.

Ang hindi sang-ayon ay ipakita lamang.

Iminumungkahing sang-ayunan natin ang iba pang mga General Authority, Area Seventy, at general auxiliary presidency na kasalukuyang bumubuo nito.

Ang mga sang-ayon, mangyaring ipakita.

Ang hindi sang-ayon ay ipakita lamang.

Salamat, mga kapatid, sa inyong pagsang-ayon at patuloy na pananampalataya at mga dalangin para sa amin. ■





**Ni Pangulong Boyd K. Packer**  
Pangulo ng Korum ng Labindalawang Apostol

# Ang Susi sa Espirituwal na Proteksyon

*Ang kapayapaan ay maaaring sumapuso ng bawat tao na sumasangguni sa mga banal na kasulatan at nagtatamo ng mga pangako na proteksyon at pagtubos.*

**K**ailan lang, ibinuklod ko ang isang bata pang magkasintahan sa templo. Ang magkasintahang ito ay pinanatiling karapat-dapat ang kanilang sarili hanggang sa panahong lisanin na ng lalaki at babae ang tahananang kinalakhan nila at naging mag-asawa. Sa sagradong okasyong ito, sila ay dalisay at malinis. Di-magtatagal, sila ay magsisimulang magpalaki ng sarili nilang mga anak, ayon sa huwaring itinatag ng ating Ama sa Langit. Ang kanilang kaligayahan, at ang kaligayahan ng magiging inapo nila, ay batay sa pamumuhay sa mga pamantayang iyon na itinatag ng Taga-pagligtas at ipinaliwanag sa Kanyang mga banal na kasulatan.

Iniiisip ng mga magulang ngayon kung mayroon pang ligtas na lugar sa pagpapalaki ng mga anak. Mayroon pang ligtas na lugar. Iyon ay sa tahananang nakasentro sa ebanghelyo. Nakatuon kami sa mga pamilya sa Simbahan, at pinapayuhan namin ang mga magulang saanmang dako na palakihin ang kanilang mga anak sa kabutihan.

Si Apostol Pablo ay nagprope-siya at nagbabala na “sa mga huling

araw ay darating ang mga panahong mapanganib.

“Sapagka’t ang mga tao’y magiging maibigin sa kanilang sarili, maibigin sa salapi, mayayabang, mga mapagmalaki, mapagtungyaw, masuwayin sa mga magulang, mga walang turing, mga walang kabanalan,

“Walang katutubong pagibig, mga walang paglulubag, mga palabintangin, mga walang pagpipigil sa sarili, mga mabangis, hindi mga maibigin sa mabuti,

“Mga lilo, mga matitigas ang ulo, mga palalo, mga maibigin sa kalayawan kay sa mga maibigin sa Dios;

“Na may anyo ng kabanalan, data-puwa’t tinanggihan ang kapangyarihan nito: lumayo ka rin naman sa mga ito.”<sup>1</sup>

Ipinropesiya rin ni Pablo, “Ang masasamang tao at mga magdaraya ay lalong sasama ng sasama, na mangagdadaya, at sila rin ang mangadadaya.”<sup>2</sup>

Ang mga talatang ito ay isang babala, ipinapakita ang mga pag-uugaling dapat iwasan. Dapat ay palagi tayong maging mapagbantay at masigasig. Maaari nating repasuhin ang bawat isa sa mga propesiyang ito at mapapatunayan na ang mga ito ay nangyayari

na at ikinababahala ng mundo ngayon.

**Panahong mapanganib**—nangyayari na. Nabubuhay tayo sa napakamapanganib na panahon.

**Mayayabang, mga mapagmalaki, palalo**—lahat ay narito at nasa atin.

**Mga mapagtungyaw, masuwayin sa mga magulang, mga walang turing, mga walang kabanalan, walang katutubong pagibig**—lahat ng ito ay laganap sa panahong ito.

**Mga walang paglulubag, mga palabintangin**, at marami pang iba—lahat ng ito ay mapapatunayang nasa panahong ito sa mga katibayang nakikita sa paligid natin.

Nagsalita rin si Moroni tungkol sa kasamaan ng ating panahon nang magbabala siya:

“Kapag nakita ninyo ang mga bagay na ito na naitatag sa inyo . . . kayo ay magising sa pang-unawa sa inyong kakila-kilabot na kalagayan. . . .

“Samakatwid, ako, si Moroni, ay inutusang isulat ang mga bagay na ito upang ang kasamaan ay mawakasan, at upang dumating ang panahon na si Satanas ay mawalan ng kapangyarihan sa mga puso ng mga anak ng tao, bagkus ay mahikayat sila na patuloy na gumawa ng kabutihan, upang sila ay makarating sa bukal ng lahat ng kabutihan at maligtas.”<sup>3</sup>

Ang mga paglalarawang ibinigay nina Pablo at Moroni sa ating panahon ay napakatumpak na hindi maaaring balewalain. Para sa maraming tao maaaring ito ay nakababahala, at nakapagpapahina rin ng loob. Gayunpaman, kapag naiisip ko ang bukas, ako ay napupuno ng pag-asa at positibong pananaw.

Sa paghahayag ni Pablo, bukod pa sa isinaad na mga hamon at problema, sinabi rin niya sa atin ang magagawa natin para maprotektahan ang ating sarili:

“Manatili ka sa mga bagay na iyong pinagaralan at sa pinagkaroonan mo ng katunayan, yamang nalalaman mo kung kanino mo nangatutuhan;

“At mula sa pagkasanggol ay iyong nalalaman ang mga banal na kasulatan na makapagpadunong sa iyo sa ikaliligtas sa pamamagitan ng pananampalataya kay Cristo Jesus.”<sup>4</sup>

Nasa mga banal na kasulatan ang mga susi sa espirituwal na proteksyon. Ang mga ito ay naglalaman ng doktrina at mga batas at ordenansa na magdadala sa bawat anak ng Diyos sa patotoo tungkol kay Jesucristo bilang Tagapagligtas at Manunubos.

Sa maraming taon ng paghahanda, napakalaki ng pagsisikap na mailathala ang mga banal na kasulatan sa lahat ng wika, na may mga footnote at cross-reference. Sinisikap naming makakuha nito ang lahat ng gustong matuto. Itinuturo nito ang dapat nating puntahan at gawin. Nagbibigay ang mga ito ng pag-asa at kaalaman.

Ilang taon na ang nakalipas, isang aral ang itinuro sa akin ni Elder S. Dilworth Young ng Pitumpu tungkol sa pagbabasa ng mga banal na kasulatan. Nahihirapan ang isang stake dahil sa tensiyon at di-pagkakaunawaan ng mga miyembro, at kailangan silang mapayuhan.

Tinanong ko si Pangulong Young, “Ano po ang dapat kong sabihin?”

Simple ang sagot niya, “Sabihin mo sa kanila na magbasa ng mga banal na kasulatan.”

Tanong ko, “Alin pong mga talata sa banal na kasulatan?”

Sabi niya, “Hindi na mahalaga kung ano pa ‘yon. Halimbawa, sabihin mo sa kanila na buklatin ang Aklat ni Mormon at magsimulang magbasa. At agad na darating ang kapayapaan at inspirasyon, at makikita ang solusyon.”

Gawing bahagi ng regular ninyong gawain ang pagbabasa ng banal na kasulatan, at kayo ay pagpapalain. Naroon sa mga banal na kasulatan ang tinig ng babala, ngunit naroon din ang matinding panghihikayat.

Kung ang wika ng mga banal na kasulatan ay tila kakaiba sa inyo sa una, magpatuloy lang sa pagbabasa. Kalaunan ay makikita ninyo ang kagandahan at kapangyarihan na matatagpuan sa mga pahinang iyon.

Sinabi ni Pablo, “Ang lahat ng mga kasulatan na kinasihan ng Dios ay mapapakinabangan din naman sa pagtuturo, sa pagsansala, sa pagsaway, sa ikatututo na nasa katuwiran.”<sup>5</sup>

Masusubukan ninyo ang pangakong ito sa inyong sarili.



Tayo ay nabubuhay sa panahong mapanganib; gayunpaman, makatagpo tayo ng pag-asa at kapayapaan para sa ating sarili at para sa ating pamilya. Yaong mga namumuhay sa kalungkutan, na nawawalan ng pag-asa sa posibilidad na masagip ang mga anak na natangay sa mundo, ay hindi dapat sumuko kailanman. “Huwag kang matakot, manampalataya ka lamang.”<sup>6</sup> Ang kabutihan ay mas makapangyarihan kaysa kasamaan.

Ang mga anak na naturuan at naunawaan ang mga banal na kasulatan mula pagkabata ay nalalaman ang landas na dapat nilang tahakin at mas malamang na manatili sa landas na iyon. Yaong mga naligaw ng landas ay makakabalik pa rin at, kapag natulungan, ay mahahanap ang daan pabalik.

Kinalaban ng mga anak ni Mosias ang Simbahan ngunit kalaunan ay nagsisi at nakaranas ng malaking pagbabago. Sa Alma mababasa natin, “Ang mga anak na ito ni Mosias . . . ay naging malakas sa kaalaman ng katotohanan; sapagkat sila’y mga lalaking may malinaw na pang-unawa at sinaliksik nila nang masigasig ang mga banal na kasulatan upang malaman nila ang salita ng Diyos.”<sup>7</sup>

Si Pangulong Joseph F. Smith ay limang taong gulang nang ang kanyang ama, na si Hyrum, ay pinaslang sa Carthage Jail. Kalaunan, si Joseph ay naglakbay patawid sa kapatagan

kasama ang kanyang biyudang ina.

Sa edad na 15, siya ay tinawag na magmisyon sa Hawaii. Nakadama siya ng kalungkutan at pag-iisa at sinabing: “Talagang hirap na hirap ako. . . . Damang-dama kong abang-aba ang mahirap kong kalagayan, kulang sa katalinuhan at kaalaman, isang bata lamang, kung kaya’t ni hindi ako makatingin sa mukha ng kahit sino.”

Isang gabi habang pinag-iisipan ang kanyang kalagayan, nanaginip ang batang si Joseph na siya ay naglalakbay at nagmamadali. May dala siyang maliit na balutan. Sa wakas, nakarating siya sa isang napakagandang mansiyon, na kanyang destinasyon. Sa paglapit niya rito, may nakita siyang karatula na nagsasabing, “Paliguan.” Dali-dali siyang pumasok at naligo. Binuksan niya ang maliit niyang balutan at nakita roon ang malinis at puting kasuotan—“isang bagay,” sabi niya, “na matagal ko nang hindi nakikita.” Isinuot niya ang mga ito at pumunta sa pintuan ng mansiyon.

“Kumatok ako,” sabi niya, “at bumukas ang pinto, at ang taong nakatayo roon ay si Propetang Joseph Smith. Tumingin siya sa akin na medyo hindi nasisiyahan, at ang unang salitang binigkas niya ay: ‘Joseph, nahuli ka.’ Gayunman buong tiwala akong sumagot:

“‘Opo, pero malinis ako—malinis ako!’”<sup>8</sup>

At maaari ding mangyari iyon sa bawat isa sa atin.



### **Panama City, Panama**

Kung tinatahak ninyo ang landas ng pananampalataya at nakikibahagi sa aktibidad sa Simbahan, manatili sa landas na iyan at tupdin ang inyong mga tipan. Patuloy na sumulong hanggang sa dumating sa inyo ang mga pagpapala ng Panginoon at mahayag na ang Espiritu Santo ay malaking impluwensya sa inyong buhay.

Kung kayo ay nasa landas na salungat sa isinasaad sa mga banal na kasulatan, tinitiyak ko sa inyo na may daan pabalik.

Ibinigay ni Jesucristo ang isang napakalinaw na paraan para tayo makapagsisi at mapagaling sa ating buhay. Ang lunas sa halos lahat ng kasalanan ay matatagpuan sa paghingi ng tawad sa pamamagitan ng personal na pagdarasal. Gayunpaman, may ilang kasalanan, lalo na yaong may kinalaman sa paglabag sa batas ng moralidad, na talagang nangangailangan ng tulong at paglunas ng isang awtorisadong lider ng priesthood.

Maraming taon na ang nakalipas, pumunta sa opisina ko ang isang dalaga at kanyang matandang ama. Nagbiyahe sila nang napakalayo para malunasan ang ama na binabagabag ng kanyang konsiyensya. Noong kabataan ng ama nakagawa ito ng mabigat na kasalanan, at nang tumanda na siya ay naalala niya ito. Hindi ito maalís sa

kanyang isipan. Hindi na niya maibalik ang nakaraan at maitatama ang pagkakamali ng kanyang kabataan, ngunit maaari siyang magsimulang muli at, sa tulong ng iba, mapapawi ang kasalanan bumabagabag sa kanya sa buong panahong iyon.

Nagpapasalamat ako na sa pagtuturo ko sa kanya ng mga alituntunin mula sa Aklat ni Mormon ay para bang naalis ang malaking pasanin sa kanyang balikat. Nang umuwi na ang mag-ama sa malayo nilang tahanan, naalis na ang kasalanan bumabagabag noon sa matandang lalaki.

Kung kayo ay “magising sa pang-unawa sa inyong kakila-kilabot na kalagayan”<sup>9</sup> at hangad na lubos na gumaling sa espirituwal, kausapin ang inyong bishop. Hawak niya ang mga susi at matutulungan kayo sa landas ng pagsisisi.

Ang pagsisisi ay indibiduwal na ginagawa, at gayon din ang kapatawaran. Hinihingi lamang ng Panginoon na talikuran ng tao ang kanilang kasalanan, at “[Kanyang] ipatatawad ang kanilang kasamaan, at ang kanilang kasalanan ay hindi . . . naaalalahanin.”<sup>10</sup>

Kapag lubos na nakapagsisi, mauunawaan ninyo ang kahulugan ng pangako ni Isaias tungkol sa Pagbabayad-sala: “Magsiparito kayo ngayon, at tayo’y magkatuwiran,

sabi ng Panginoon: bagaman ang inyong mga kasalanan ay maging tila mapula, ay magiging mapuputi na parang niebe; bagaman maging mapulang gaya ng matingkad na pula, ay magiging parang balahibo ng tupa.”<sup>11</sup>

Gaya ng tsok [chalk] na mabubura sa pisara, sa taos-pusong pagsisisi ang mga epekto ng ating mga kasalanan ay mabubura sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo. Ang pangakong iyan ay para sa lahat ng sitwasyon.

Itinuturo ng ebanghelyo na maging masaya tayo, manampalataya at huwag matakot, hanapin ang pag-asa at daigin ang kalungkutan, lisanin ang kadiliman at lumakad sa liwanag ng walang-hanggang ebanghelyo.

Si Pablo at ang iba pa ay nagbabala sa mga pagsubok sa ating panahon at sa mga panahong darating. Gayunpaman ang kapayapaan ay maaaring sumapuso ng bawat tao na sumasanguní sa mga banal na kasulatan at nagtatamo ng mga pangako na proteksyon at pagtubos na itinuro doon. Inaanyayahan namin ang lahat na bumaling sa Tagapagligtas na si Jesucristo, sa Kanyang mga turo na matatagpuan sa Lumang Tipan, Bagong Tipan, Aklat ni Mormon, Doktrina at mga Tipan, at Mahalagang Perlas.

Pinatotohanan ko na ang mga banal na kasulatan ay susi sa ating espirituwal na proteksyon. Pinatotohanan ko rin ang nakapagpapagaling na kapangyarihan ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo, “na sa pamamagitan niya ang lahat ay maliligtas”<sup>12</sup> na gustong maligtas. Ang Simbahan ng Panginoon ay muling naitatag sa mundo. Ang katoohan ng ebanghelyo ay pinatotohanan ko. Sa Kanya ako ay sumasaksi. Sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

#### **MGA TALA**

1. II Kay Timoteo 3:1-5.
2. II Kay Timoteo 3:13.
3. Eter 8:24, 26.
4. II Kay Timoteo 3:14-15.
5. II Kay Timoteo 3:16.
6. Marcos 5:36.
7. Alma 17:2.
8. Joseph F. Smith, *Gospel Doctrine*, ika-5 ed. (1939), 542.
9. Eter 8:24.
10. Jeremias 31:34.
11. Isaias 1:18.
12. Doktrina at mga Tipan 76:42.



**Ni Elder D. Todd Christofferson**  
Ng Korum ng Labindalawang Apostol

# Ang Mabuting Impluwensya ng Kababaihan

*Ang inyong intuwisyon ay gumawa ng mabuti at maging mabuti, at sa pagsunod ninyo sa Banal na Espiritu, higit kayong magiging halimbawa ng kabutihan at magandang impluwensya.*

Noong araw pa man, umaasa na ang lipunan sa mabuting impluwensya ng kababaihan. Bagama't totoong hindi lang ito ang nakaiimpluwensya nang mabuti sa lipunan, ang pundasyon ng kabutihang laan ng kababaihan ay napatunayang kapaki-pakinabang sa kapakanan ng lahat. Marahil, dahil lagi naman itong naririyang, ang mabuting impluwensya ng kababaihan ay hindi gaanong napapahalagahan. Gusto kong pasalamatan ang impluwensya ng mabubuting kababaihan, tukuyin ang ilan sa mga pilosopiya at kalakaran na nagbabanta sa lakas at katayuan ng kababaihan, at magsumamo sa kababaihan na lina- ngin ang kabutihang likas sa kanila.

Isinilang ang kababaihan na may taglay na kabutihan, isang banal na kaloob na nagbibigay sa kanila ng kakayahang magkintal sa puso't isipan ng pananampalataya, katatagan, pakikiramay, at kapinuhan sa pakikipag-ugnayan at sa mga kultura.

Nang papurihan ang “pananampalatayang hindi pakunwari” na nakita niya kay Timoteo, sinabi ni Pablo na ang pananampalatayang ito ay “namalagi muna kay Loida na iyong lelang, at kay Eunice na iyong ina.”<sup>1</sup>


Noong nakatira pa ako sa Mexico, maraming taon na ang nakararaan, na- obserbahan ko mismo ang ibig sabihin ni Pablo. Naaalala ko ang isang bata pang ina, isa sa maraming kababaihan sa Simbahan sa Mexico na dahil likas nang ipinamumuhay ang pananam- palataya sa Diyos ay halos hindi na nila napapansin ito. Ang magandang babeng ito ay halimbawa ng kabutihan dahil sa likas na kabaitang nakaiimplu- wensya sa mga nasa paligid niya. Katu- wang ang kanyang asawa, isinakripisyo niya ang ilang kasiyahan at materyal na bagay kapalit ng mas mahalagang priyoridad, nang walang pag-aatubili. Sa kakayahan niyang magbuhat, yumuko, at magbalanse kasama ng kanyang mga anak ay para na siyang

superhuman. Marami siyang respon- sibilidad at kadalasan ay paulit-ulit at nakakapagod ang kanyang ginagawa, ngunit payapa ang kanyang kalooban, dahil alam niya na ang ginagawa niya ay gawain ng Diyos. Tulad ng Taga- pagligtas, ang pagtulong sa kapwa sa pamamagitan ng paglilingkod at sakripisyo ay nagpadakila sa kanya. Isa siyang halimbawa ng pagmamahal.

Lubos akong pinagpala ng mabu- ting impluwensya ng kababaihan, lalo na ng aking ina at ng aking asawa. Isa sa mga babaeng pinasasalamatan ko si Anna Daines. Si Anna at kanyang asawang si Henry, at ang kanilang apat na anak ay kabilang sa mga pioneer ng Simbahan sa New Jersey sa Estados Unidos. Simula 1930s, noong si Henry ay kumukuha pa ng doctorate sa Rut- gers University, masigasig silang naki- bahagi ni Anna sa mga organisasyon sa paaralan at sa komunidad sa Metuchen, kung saan sila nakatira, upang maalis ang maling paniniwala ng iba sa mga Mormon at gawing mas mabuting lugar ang komunidad para sa lahat ng magu- lang na nagpapalaki ng mga anak.

Halimbawa, nagboluntaryo si Anna sa Metuchen YMCA at napakahalaga ng tulong niya roon. Sa taon ding iyon hinirang siyang presidente ng Mothers' Auxiliary at pagkatapos “hinilingan siyang tumakbo para sa isa sa tatlong posisyon ng kababaihan sa YMCA board of directors. Nanalo siya nang walang tumututol, at naging bahagi ng konseho na ilang taon lang bago iyon ay tumanggap pagdausin ng pulong ang mga Banal sa kanilang gusali!”<sup>2</sup>

Lumipat ang pamilya ko sa New Brunswick Ward noong tinedyer ako. Napansin ako ni Sister Daines at madalas niyang sabihin sa akin na tiwala siya sa kakayahan at potensyal ko, at dahil doon nainspirasyunan akong magmithi nang mataas—mas mataas pa sa dati kong inasam noong hindi pa niya ako hinihikayat. Min- san, dahil sa magiliw na babala na tamang-tamang ibinigay niya sa akin, naiwasan kong malagay sa isang sitwasyon na tiyak na pagsisisihan ko. Bagama't pumanaw na, ang implu- wensya ni Anna Daines ay patuloy na nadarama at nakikita sa buhay



ng kanyang mga inapo at ng marami pang iba, pati na sa akin.

Itinuro sa akin ng lola kong si Adena Warnick Swenson na maging tapat sa paglilingkod sa priesthood. Hinikayat niya akong isaulo ang mga pagbabasbas sa sakramento ng tubig at tinapay, at ipinaliwanag na sa paraang ito ay masasambit ko ito nang may higit na pag-unawa at damdamin. Sa nakita kong pagsuporta niya sa aking lolo, na isang patriarch, nagkaroon ako ng pagpipitagan sa mga sagradong bagay. Kahit kailan hindi natutong magma-neho ng sasakyan si Lola Swenson, pero alam niya kung paano tulungan ang mga binatilyo na maging mabubuting lalaki na mayhawak ng priesthood.

Walang ibang lugar kung saan higit na nadarama o higit na napapakinabangan ang mabuting impluwensya ng babae kaysa sa tahanan. Ang pinakamainam na lugar sa pagpapalaki ng bagong henerasyon ay sa tradisyunal na pamilya, na may ama at ina na nagtataguyod, nagtuturo, at nangangalaga sa kanilang mga anak. Sa mga lugar na walang ganitong huwaran, pinipilit gayahin ng mga tao ang mga pakinabang nito hangga't

kaya nila sa kani-kanilang sitwasyon.

Sa lahat ng sitwasyon, ang impluwensya ng isang ina ay hindi mapapanatayan ng sinumang tao sa anupamang ugnayan. Sa kanyang mabuting halimbawa at aral, natututuhan ng kanyang mga anak na lalaki na igalang ang kababaihan at magkaroon ng disiplina at mataas na pamantayan ng moralidad sa kanilang buhay. Natututo ang kanyang mga anak na babae na linangin ang kanilang sariling kabutihan at manindigan sa tama, nang paulit-ulit, hindi man ito gusto ng nakararami. Ang pagmamahal at mataas na inaasahan ng ina ay humihikayat sa kanyang mga anak na mamuhay nang tama, maging responsable, pagbutihin ang pag-aaral at personal na pag-unlad, at patuloy na tumulong para sa kapakanan ng iba sa lipunang kanilang ginagalawan. Minsan ay itinanong ni Elder Neal A. Maxwell: “Kapag ang tunay na kasaysayan ng sangkatauhan ay ganap nang naihayag, itatampok ba nito ang tunog ng mga putok ng baril o ang magiliw na himig ng mga kantang pampatulog sa mga bata? Ang pansamantalang pagpapatigil ng labanan ng militar o ang pagpapayapa ng kababaihan sa tahanan at

sa komunidad? Ang nangyari ba sa mga duyan at kusina ay mas makaiimpluwensya kaysa sa nangyari sa mga kongreso?”<sup>5</sup>

Napakasagrado ng tungkulin ng babae sa paglikha ng buhay. Alam natin na ang ating pisikal na katawan ay may banal na pinagmulan<sup>4</sup> at na kailangan nating danasin kapwa ang pisikal na pagsilang at espirituwal na muling pagsilang upang matamo ang pinakamataas na selestiyal na kaharian ng Diyos.<sup>5</sup> Kaya nga napakahalaga ng tungkulin ng kababaihan (na kung minsan ay halos kanilang ikamatay) sa gawain at kaluwalhatian ng Diyos na “isakatuparan ang kawalang-kamatayan at buhay na walang hanggan ng tao.”<sup>6</sup> Bilang mga lola, ina, at huwaran, ang kababaihan ang nagsisilbing tagabantay ng pinagmumulan ng buhay, nagtuturo sa bawat henerasyon ng kahalagahan ng kadalisan ng puri—ng kalinisang-puri bago ikasal at katapatan sa asawa. Sa paraang ito, sila ang mapaglinang na impluwensya sa lipunan; nailalabas nila ang pinakamagandang katangian ng tao; napapanatili nila ang magandang kapaligiran kung saan makakapagpalaki sila ng matatatag at malulusog na anak.

Mga kapatid na babae, ayokong purihin kayo nang labis-labis tulad ng ginagawa natin kung minsan kapag Araw ng mga Ina na nakakaasiwa sa inyo. Hindi ninyo kailangang maging perpekto;<sup>7</sup> hindi ko sinasabing perpekto kayo (maliban lang sa isang nakaupo malapit dito). Ang ibig kong sabihin ay dalaga man kayo o may asawa, nagsilang man kayo ng mga anak o hindi, kayo man ay matanda, bata, o nasa pagitan nito, ang pagiging halimbawa ninyo ng kabutihan ay mahalaga, at marahil ay nababalewala na namin ito at kayo. Walang dudang may mga kalakaran at puwersang umiiral na nagpapahina at nagwawaksi pa sa inyong impluwensya, na ikinapapahamak ng mga indibidwal, pamilya, at lipunan sa kabuuan. Hayaan ninyong magbanggit ako ng tatlong paalala at babala.

Ang nakapipinsalang pilosopiya na nagpapahina sa mabuting impluwensya ng kababaihan ay ang



pagwawalang-halaga sa pag-aasawa at sa pagiging ina at simpleng maybahay. Tahasan pang hinahamak ng ilan ang pagiging maybahay, at ikinakatwiran na nagpapababa ito ng pagkatao ng kababaihan at na ang nakakapagod na pagpapalaki ng mga anak ay pananamantala sa kanila.<sup>8</sup> Kinukutya nila ang tinatawag nilang “mommy track” bilang propesyon. Hindi ito tama o makatwiran. Hindi natin binabawasan ang halaga ng naabot na tagumpay ng kababaihan o kalalakhian sa aumang makabuluhang gawain o propesyon—lahat tayo ay nakikinabang sa mga tagumpay na iyon—ngunit kinikilala pa rin natin na walang mas mabuti kaysa pagiging ina at ama sa pamilya. Walang matagumpay na propesyon, at walang malaking halaga ng salapi, kapangyarihan, o pagkilala ng tao ang makahihigit sa walang-kapantay na gantimpalang dulot ng pamilya. Anuman ang makamtan ng isang babae, wala nang ibang lugar na mas lubusan niyang magagamit ang kanyang mabuting impluwensya kaysa rito.

Ang pananaw sa seksuwalidad ay banta sa pagiging halimbawa ng kabutihan ng kababaihan sa maraming aspeto. Ang sadyang pagpapalaglag para sa personal na kaginhawahan o para walang masabi ang lipunan ay sumisira sa napakasagradong kapangyarihan ng isang babae at sumisira sa kanyang pagiging halimbawa ng kabutihan. Ganyan din sa imoralidad at mahalay na pananamit na hindi lamang nagpapababa ng pagkatao ng kababaihan kundi nagbibigay-diin din sa kasinungalingan na maganda ang isang babae kung siya ay kaakit-akit.

May matagal nang kulturang may pinapaboran na ang kababaihan ay inaasahang iingatan ang kanilang pagkababae samantalang binibigyan nila ng dahilan ang imoralidad ng kalalakhian. Kitang-kitang di-makatarungan ang ganitong kultura, at dapat lamang itong pulaan at huwag tanggapin. Sa di-pagtanggap na iyan, aasahan ng isang tao na itataas ng kalalakhian ang kanilang pamantayan ng moralidad, ngunit taliwas ang nangyari—hinihikayat na ngayon ang kababaihan na maging imoral batay

sa kulturang ito na pumapabor sa kalalakhian. Kung noong araw ay mas mataas ang pamantayan ng kababaihan sa pagiging tapat at responsable ng kalalakhian, ngayon ay may mga relasyong seksuwal nang walang pakundangan, mga pamilyang walang ama, at tumitinding kahirapan. Ang imoralidad na ito na ginagawa kapwa ng lalaki at babae ay nag-aalis ng mabuting impluwensya ng kababaihan at nagpapababa sa lahat ng lipunan.<sup>9</sup> Sa walang-kabuluhang relasyong ito, ang kalalakhian ang “nawawalan ng responsibilidad” at ang kababaihan at mga bata ang higit na nagdurusa.

Ang ikatlong bagay na nakababagabag ay nagmumula sa mga yaon, na naghahangad ng pagkakapantay-pantay, na gustong alisin ang pagkakaiba ng lalaki sa babae. Kadalasan ay hinihikayat pa nito ang mga babae na magkaroon ng katangiang panlalaki—maging mas agresibo, matigas ang loob, at palaban. Karaniwan na ngayong makakita sa pelikula at video games ng mababangis na babae, pumapatay at pumipinsala. Nakababagabag ng kalooban na makita ang kalalakhian sa gayong mga papel ngunit walang alinlangang mas nakababagabag kapag ang kababaihan ang gumagawa ng karahasan.

Itinuro ng dating Young Women general president na si Margaret D. Nadauld: “Sapat na ang malalakas na babae sa mundo; kailangan natin ng mapagmahal na mga babae. Sapat na ang magagaslaw na babae; kailangan natin ng mga babaeng mabait. Sapat na ang mga walang-galang na babae; kailangan natin ng mga babaeng pino. Sapat na ang mga babaeng bantog at mayaman; kailangan natin ng mga babaeng may pananampalataya. Sapat na ang kasakiman; kailangan natin ng higit na kabutihan. Sapat na ang kayabangan; kailangan natin ng kabutihan. Sapat na ang katanyagan; kailangan natin ng higit na kadalisan.”<sup>10</sup> Sa lumalabong kaibhang ito ng babae sa lalaki, nawawala sa atin ang magkakaiba ngunit magkakatugmang kaloob ng babae at lalaki na kung pagsasamahin ay lilikha ng mas magandang kabuuan.

Isinasamo ko sa kababaihan at kabataang babae ngayon na pangalagaan at linangin ang mabuting impluwensyang likas na sa inyo. Pangalagaan ang likas na kabutihang iyan at ang natatanging kaloob na taglay ninyo sa pagsilang ninyo sa mundo. Ang inyong intuwisyon ay gumawa ng mabuti at maging mabuti, at sa pagsunod ninyo sa Banal na Espiritu, higit kayong magiging halimbawa ng kabutihan at magandang impluwensya. Sa mga kabataang babae ay sinasabi ko, panatilihin ang mabuting impluwensyang iyan kahit hindi pa ninyo ito lubusang taglay. Tiyakin na malinis ang inyong pananalita, hindi magaspang; tiyakin na ang pananamit ninyo ay kakikitaan ng kahinhinan, hindi kayabangan; at na ang inyong ugali ay dalisay, hindi imoral. Hindi ninyo maaakay sa kabutihan ang iba kung kayo mismo ay hindi mabuti.

Mga kapatid na babae, sa lahat ng inyong pakikisama, ang pakikipag-ugnayan ninyo sa Diyos, na inyong Ama sa Langit, ang pinagmumulan ng impluwensya ng inyong kabutihan, na siyang dapat ninyong unahin palagi sa inyong buhay. Alalahanin na ang kapangyarihan ni Jesus ay nagmula sa katapatan Niya sa kagustuhan ng Ama. Hindi Siya lumihis kailanman





sa nakalulugod sa Kanyang Ama.<sup>11</sup> Pagsikapang maging ganyang uri ng disipulo ng Ama at ng Anak, at hindi maglalaho ang inyong impluwensya kailanman.

At huwag matakot na gamitin ang impluwensyang iyan nang hindi nangangamba o nangangatwiran. “Lagi kayong handa ng pagsagot sa bawa’t [lalaki, babae at bata] na humihingi sa inyo ng katuwiran tungkol sa pag-asang nasa inyo.”<sup>12</sup> “Ipangaral mo ang salita; magsikap ka sa kapanahunan, at sa di kapanahunan, sumawata ka, sumaway ka, mangaral ka na may buong pagpapahinuhod at pagtuturo.”<sup>13</sup> “Palakihin ang inyong mga anak sa liwanag at katotohanan.”<sup>14</sup> “[Turuan sila] na manalangin, at magsilakad nang matwid sa harapan ng Panginoon.”<sup>15</sup>

Sa mga payong ito sa kababaihan, huwag hayaang sadyang hindi ito maunawaan ng sinuman. Sa pagpuri at paghikayat na maging mabuting impluwensya ang kababaihan, hindi ko sinasabing huwag nang gampanan ng kalalakihan at kabataang lalaki ang tungkulin nilang manindigan para sa katotohanan at kabutihan,

na ang responsibilidad nilang maglingkod, magsakripisyo, at mangaral ay hindi kasimbigat ng sa kababaihan o maipapabahala na lang sa kababaihan. Kalalakihan, samahan natin ang kababaihan, tulungan natin sila sa kanilang pasanin, at pag-ibayuhin ang sarili nating impluwensya sa kabutihan sa ating kabiyak.

Mahal naming mga kapatid na babae, umaasa kami sa mabuting impluwensyang hatid ninyo sa mundo, sa buhay may-asawa, sa pamilya, sa Simbahan. Umaasa kami sa mga pagpapalang ibinaba ninyo mula sa langit sa pamamagitan ng inyong mga panalangin at pananampalataya. Dalangin namin ang inyong kaligtasan, kapakanan, at kaligayahan at nawa’y manatili ang inyong impluwensya. Sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

#### MGA TALA

1. II Kay Timoteo 1:5.
2. Orson Scott Card, “Neighborliness: Daines Style,” *Ensign*, Abr. 1977, 19.
3. Neal A. Maxwell, “The Women of God,” *Ensign*, Mayo 1978, 10–11.
4. Tingnan sa Moises 2:27.
5. Tingnan sa Moises 6:57–60.
6. Moises 1:39.
7. “Isang siglo na ang nakalipas, natuklasan

ni John Bowlby, isang attachment scholar, na ang pagkakabigkis ng ina sa anak na likha ng madalas na pakikipag-ugnayan nila sa isa’t isa ang pinakamahalagang pundasyon para sa sosyal at emosyonal na pag-unlad. . . . At tinukoy ng peministang si Sara Ruddick na ang ‘buong pusong pagmamahal’ ng isang ina ang pinakamahalaga sa pagpapalaki ng anak. Sa ‘matiyagang pagmamahal,’ nagkakaroon ng natatanging kaalaman ang mga ina tungkol sa kanilang mga anak—kaalamang nagtuturo sa kanilang kung ano ang ‘pinakamainam gawin’ sa bawat anak” (Jenet Jacob Erickson, “Love, Not Perfection, Root of Good Mothering,” *Deseret News*, Mayo 12, 2013, G3).

8. Totoong maraming kababaihan sa maraming henerasyon ang sinamantala o pinagpasan ng di-makataong mga pasanin sa pamilya at trabaho, ngunit hindi kailangan at hindi dapat abusuhin o samantalahin ang kanilang pagiging di-makasarili at sakripisyo. Napansin ni Elder Bruce C. Hafen: “Kung ang ibig sabihin ng ‘pagiging di-makasarili’ ay isantabi ng babae ang kanyang identidad at sariling pag-unlad, ang pagkaunawang iyan sa pagiging di-makasarili ay mali. . . . Ngunit ang pani-niwala ng mga nagtataguyod sa kababaihan ay lihis na lihis dito, na nagsasabing ang kababaihan ay dapat lang na *huwag asahan* sa kanilang pamilya. Ang mas makatwirang pananaw ay narapat na ang mag-asawa ay *umaasa* sa isa’t isa. . . . Ang mga kritikong nagsasabi na ang mga ina ay hindi dapat umasa at asahan ay winawalang-halaga ang kabutihan ng pag-asa sa isa’t isa. Ang mga nagsasabing dapat lamang isipin ng mga ina ang kanilang sarili ay winawalang-halaga ang kabutihan ng kusang paglilingkod na nagdaragdag sa pansariling pag-unlad ng isang babae, Dahil sa mga pagmamalabis na ito, ang mga pagtatalo tungkol sa halaga ng pagiging ina ay naging dahilan para balewalain ng buong lipunan hindi lamang ang mga ina kundi lahat ng kababaihan” (“Motherhood and the Moral Influence of Women,” [mensahe sa World Congress of Families II, Geneva, Plenary Session IV, Nob. 16, 1999], [http://worldcongress.org/wcf2\\_spkrs/wcf2\\_hafen.htm](http://worldcongress.org/wcf2_spkrs/wcf2_hafen.htm)).
9. Ipinahayag ng isang ina sa isang editoryal ng *Wall Street Journal*: “Maliban lang sa ilang Mormon, evangelical, at Orthodox Jew, marami sa atin ang hindi nakakaalam kung paano ituro sa ating mga anak na lalaki at babae na huwag iparaya kaagad ang kanilang katawan. . . . Sa amin ng mga kaibigan kong babae, gusto pa rin naming ibalik ang kahinhinan. Wala akong alam ni isa sa kanila na gustong balikan pa ang nagawa nila noon na may kinalaman sa seks. At wala ni isa sa mga babaeng tinanong ko tungkol sa bagay na iyan ang nagsabi na sana ay ‘sinubukan’ pa niya itong lalo” (Jennifer Moses, “Why Do We Let Them Dress Like That?” *Wall Street Journal*, Mar. 19, 2011, C3).
10. Margaret D. Nadauld, “Ang Kagalakan ng Pagkababae,” *Liahona*, Ene. 2001, 18.
11. Tingnan sa Juan 8:29.
12. I Ni Pedro 3:15.
13. II Kay Timoteo 4:2.
14. Doktrina at mga Tipan 93:40.
15. Doktrina at mga Tipan 68:28.



**Ni Elder S. Gifford Nielsen**  
Ng Pitumpu

## Pagpapabilis sa Plano ng Panginoon!

*Kailangan nating bumuo at magsagawa ng sarili nating plano upang masigasig na maglingkod na kasama ng mga full-time missionary.*

Lang taon na ang nakalipas kinailangan kong kausapin ang asawa ng isa sa mga bishop sa aming stake, kaya't tumawag ako sa kanilang tahanan. Isang batang anak na lalaki ang sumagot sa telepono. Sabi ko, "Hello. Nariyan ba ang nanay mo?"

Sagot niya ay: "Opo, narito siya. Tatawagin ko po. Sino po sila?"

Ang sagot ko'y: "Sabihin mo si President Nielsen ito."

Tumigil siya saglit, at pagkatapos, sa nakakatuwang tinig, narinig kong, "Nay, si President *Hinckley* po nasa telepono!"

Hindi ko maisip kung ano ang maaring iniisip noon ng ina. Siguro iyon ang pinakamatagal na paglalakad niya papunta sa telepono. Pumasok sa isip ko: "Dapat ba akong magpanggap?" Hindi ako nagpanggap, pero nagkawatanan kami. Ngayon kapag naiisip ko ito, siguro nadismaya siya na ako ang nakausap niya.

Ano ang gagawin ninyo kung ang propeta ng Panginoon ay talagang tumawag sa inyo? Talagang tumatawag siya! Si Pangulong Thomas S. Monson, tulad ng ginawa niya ulit sa umagang ito, ay tinatawag ang bawat isa sa

atin sa isang napakahalagang gawain. Sabi niya, "Panahon na para ang mga miyembro at missionary ay magsama-sama, magtulungan, magsigawa sa ubasan ng Panginoon upang magdala ng mga kaluluwa sa Kanya" ("Panampalataya sa Gawain ng Kaligtasan," [brodkast para sa pandaigdigang pagsasanay sa pamumuno, Hunyo 2013]; [lds.org/broadcasts](http://lds.org/broadcasts)).

Nakiking ba tayo?

Sa buong mundo, ang mga stake, district, at mission ay dumaranas ng bagong antas ng kasiglahan, habang natutupad ang pahayag ng Tagapagligtas kay Joseph Smith noong 1832 na: "Masdan, aking mamadaliin ang aking gawain sa panahon nito" (D at T 88:73).

Mga kapatid, ang panahong iyon ay *ngayon na!* Nadarama ko ito, at natitiyak kong kayo rin.

Gusto kong ipakita sa gawa ang aking pananabik at pananampalataya kay Jesucristo. Noong naglalaro ako ng football, ang nasa isip ko ay mga game plan. Tiwala kami noon na sa pagsali sa contest, kung ang aming team ay handa sa tamang paglalaro, magtatagumpay kami. Gayunman, nakausap ko kamakailan ang kilala

at mahusay na coach ng BYU na si LaVell Edwards tungkol sa aming mga game plan, at sabi niya, "Wala akong pakialam noon kung ano ang gusto mong laro basta ang mahalaga ay makapuntos tayo!" Bilang isa sa kanyang mga quarterback, akala ko mas kumplikado pa roon, pero siguro ang kanyang simpleng pilosopiya ang dahilan kaya ipinangalan sa kanya ang isang istadyum.

Yamang tayong lahat ay kabilang sa team ng Panginoon, may kani-kaniya ba tayong plano para manalo sa laro? Handa ba tayong maglaro? Kung tayo, bilang mga miyembro, ay tunay na nagmamahal sa ating pamilya, mga kaibigan, at kasamahan, hindi ba natin gugustuhing ibahagi sa kanila ang ating patotoo sa ipinanumbalik na ebanghelyo?

Sa seminar para sa mga bagong mission president noong Hunyo, naitalang 173 bagong president at kanilang mga asawa ang tumanggap ng mga huling tagubilin bago simulan ang paghilingkod nila. Lahat ng 15 miyembro ng Unang Panguluhan at ng Korum ng Labindalawang Apostol ay nagsalita sa espesyal na grupong ito.

Idinagdag ni Elder L. Tom Perry sa pangwakas na mensahe: "Ito ang pinakamahalagang panahon sa kasaysayan ng Simbahan. Ito ay katumbas ng mga dakilang pangyayari na naganap noon sa kasaysayan, gaya ng Unang Pangitain, gaya ng kaloob na Aklat ni Mormon, gaya ng Panunumbalik ng Ebanghelyo, gaya ng lahat ng bagay na nagtatayo sa pundasyong iyon upang makasulong tayo at magturo sa kaharian ng ating Ama sa Langit" ("Concluding Remarks" [mensaheng ibinigay sa seminar para sa mga bagong mission president, Hunyo 26, 2013], 1, Church History Library, Salt Lake City).

Kailangan tayong makibahagi higit kailanman upang tumugma sa kasiglahan ng ating mga lider at sa katapatan ng ating mga full-time missionary. Ang gawaing ito ay hindi susulong sa paraang nilayon ng Panginoon kung wala tayo! Gaya ng sabi ni Pangulong Henry B. Eyring, "Anuman ang ating edad, kakayahan, tungkulin sa



*Collegiate Dictionary*, ika-11 ed. [2003], “exclamation point”).

Naging interesado ako nang ang mga talata tungkol sa “pagtitipon” na nagtatapos sa punctuation mark na ito ay nagsimula kong makita, gaya ng taos-pusong pagsamo ni Alma: “O na ako’y isang anghel, at matatamo ang mithiin ng aking puso, na ako ay makahayo at makapangusap nang may pakakak ng Diyos, nang may tinig upang mayanig ang mundo, at mangaral ng pagsisisi sa lahat ng tao!” (Alma 29:1).

Ayon sa pagsasaliksik mayroong 65 talata na nagpapakita ng ganitong uri ng matinding damdamin ng missionary, kabilang na ang mga ito:

“At anong laki ng kanyang kagalakan sa kaluluwang nagsisisi! . . .

“At kung mangyayaring kayo ay gagawa nang buo ninyong panahon sa pangangaral ng pagsisisi sa mga taong ito, at magdala, kahit isang kaluluwa sa akin, anong laki ng inyong kagalakang kasama niya sa kaharian ng aking Ama!

“At ngayon, kung ang inyong kagalakan ay magiging malaki sa isang kaluluwa na inyong nadala sa akin sa kaharian ng aking Ama, anong laki ng inyong kagalakan kung makapagdadalayo kayo ng maraming kaluluwa sa akin!” (D at T 18:13, 15–16).

Ang pagkaunawa ko sa mga pam-bihirang talatang ito ay nagkaroon ng mahalagang papel sa unang assignment ko bilang Area Seventy. Medyo kabado ako noon dahil kasama ko ang isang Apostol, si Elder Quentin L. Cook, sa stake conference. Pagpasok ko sa opisina ng stake president para sa unang miting sa linggong iyon, napansin ko ang isang pares ng luma at kulay tansong sapatos na nasa kabinet sa likod ng kanyang mesa, may kasama itong talata mula sa banal na kasulatan na nagtatapos sa exclamation point. Nang basahin ko iyon, nadama kong batid ng Panginoon ang pag-aaral ko, sinagot ang mga dasal ko, at na alam Niya talaga ang kailangan ko para mapanatag ang balisang puso ko.

Hiniling ko sa stake president na ikuwento sa akin ang tungkol sa sapatos.

Simbahan, o kinaroroonan, tayong lahat ay tinawag sa gawain upang tulungan Siya sa pag-aani ng mga kaluluwa” (“Tayo’y Nagkakaisa,” *Liahona*, Mayo 2013, 62).

Maaari ko bang ibahagi sa inyo ang isang plano na nadama kong dapat isagawa matapos manalangin, basahin ang kabanata 13 ng *Mangaral ng Aking Ebanghelyo*, at pag-isipan ang mga naging karanasan noon? Inaanyayahan ko kayong isaisip ang tatlong puntong ito habang iniisip ang inyong sariling plano.

Una, ipanalangin na mas mailapit ang isang tao sa Tagapagligtas at sa Kanyang ebanghelyo araw-araw. Magagawa ninyo ito sa pagturing sa lahat ng tao bilang mga anak ng Diyos at pagtulong sa isa’t isa sa paglalakbay pauwi. Isipin ang mga magiging bagong kaibigan ninyo.

Pangalawa, ipagdasal ang mga missionary na naglilingkod sa inyong lugar at banggitin ang pangalan ng kanilang mga investigator araw-araw. Ang tanging paraan para gawin ito ay batiin sila, tingnan ang kanilang badge, tawagin ang kanilang pangalan, at itanong kung sino ang tinuturuan nila. Matalinong sinabi ni Elder

Russell M. Nelson, “Hangga’t hindi ninyo kilala sa pangalan at mukha ang isang tao, hindi kayo matutulongan ng Panginoon na malaman ang nilolob ng kanyang puso.”

Dumalo ako sa binyag ng isang kahanga-hangang babae, na nagbahagi ng kanyang patotoo. Palagi kong maaalala ang sinabi niya na, “Ngayon lang may ganito karaming tao na nagdarasal para sa akin at nagmahal sa akin nang lubos! Alam ko na totoo ang gawaing ito!”

Pangatlo, anyayahan ang isang kaibigan sa isang aktibidad sa loob o labas man ng inyong tahanan. Saanman kayo magpunta o anuman ang inyong ginagawa, isipin kung sino ang masisiyahan sa aktibidad at pakinggan ang Espiritu habang ginagabayan Niya kayo.

Isang aral ang itinuro ng Tagapagligtas sa akin sa personal kong pag-aaral ng ebanghelyo na pinaniniwalaan kong angkop talaga sa “pagpapabilis.” Kapag maganda ang pakiramdam ko sa isang bagay, nakikita ito sa aking pagsusulat at mada-las natatapos sa exclamation point na nagpapahiwatig ng “matinding damdamin [o] indikasyon ng malaking kahalagahan” (*Merriam-Webster’s*

Sabi niya:

“Ito ay sapatos ng isang batang naging miyembro ng Simbahan na ang pamilya ay mahirap, gayunman determinado siyang matagumpay na makapagmisyon at nagawa niya ito sa Guatemala. Nang bumalik siya nagkita kami para ipaabot ang honorable release at napansin ko ang kanyang lumang-lumang sapatos. Ibinigay ng binatang ito ang lahat ng mayroon siya sa Panginoon nang walang gaano, kung mayroon man, na suporta ng pamilya.

“Napansin niyang nakatingin ako sa kanyang sapatos at nagtanong, ‘President, may problema po ba?’

“Sumagot ako, ‘Wala, Elder, ayos lang ang lahat! Puwede bang akin na lang ang sapatos mo?’”

Sabi pa ng stake president:

“Ang paggalang at pagmamahal ko sa pauwing missionary na ito ay nag-uumapaw! Gusto kong lagi itong maalala, kaya’t hiningi ko ang kanyang kulay tansong sapatos. Paalala ito sa akin sa pagpasok ko sa opisina ng ito na tayong lahat ay kailangang magbahagi anuman ang ating kalagayan. Ang talata ay mula sa Isaias: ‘Anong pagkaganda sa mga bundok ng mga paa niyaong nagdadala ng mga mabuting balita, na naghahayag ng kapayapaan, na nangagdadala ng mga mabuting balita sa ikabubuti, na nagtatanyag ng kaligtasan, na nagsasabi sa Sion, Ang iyong Dios ay naghahari!’ (Isaias 52:7).”

Mahal kong mga kapatid, ang butihing asawa ng bishop ay maaaring nagtataka kung bakit siya tinawagan ng propeta. Nagpapatotoo ako na siya at tayo ay hindi na dapat magtaka pa—EXCLAMATION POINT!

Alam ko na kailangan nating bumuo at magsagawa ng sarili nating plano na masigasig na maglingkod na kasama ng mga full-time missionary—EXCLAMATION POINT!

Idaragdag ko ang aking patotoo sa patotoo ni Propetang Joseph Smith: “At ngayon, matapos ang maraming patotoo na ibinigay hinggil sa kanya, ito ang patotoo, na pinakahuli sa lahat, na aming ibibigay tungkol sa kanya: Na siya ay buhay!” (D at T 76:22). Sa sagradong pangalan ni Jesucristo, amen. ■



**Ni Elder Arnulfo Valenzuela**  
Ng Pitumpu

## Maliliit at mga Karaniwang Bagay

*Tulungan natin ang iba nang may pananampalataya at pagmamahal.*

Mahal kong mga kapatid, nito lang nakalipas na ilang linggo nasa mission training center ako sa Mexico City upang magbigay ng mensahe sa mga missionary. Sinadya naming mag-asawa na dumating doon nang maaga nang ilang oras. Habang nililibot namin ang magagandang hardin at malilinis na kalye ng MTC, hindi maiwasan na mapansin namin ang kaligayahang nababakas sa mga mukha ng daan-daang bata pang mga elder at sister, na bawat isa ay nakatuon sa pag-aaral ng bagong wika at para matuto na lalong pahalagahan ang kanyang layunin bilang missionary.

Habang pinagmamasdan ko ang kahanga-hangang tanawing ito, pinagnilayan ko ang mga salita ni Alma nang iutos niya sa kanyang anak na si Helaman na magtala ng kasaysayan ng kanyang mga tao bilang bahagi ng mga talaan na ipinagkatiwala sa kanya at ingatan ang lahat ng sagradong bagay na ito nang sa gayon ang mga ito ay maipalam sa lahat ng bansa, lahi, wika, at tao.

At sinabi sa kanya ni Alma:

“Ngayon, maaaring akalain mo na ito ay kahangalan sa akin; subalit masdan sinasabi ko sa iyo, na sa

pamamagitan ng maliliit at mga karaniwang bagay ay maisasakatuparan ang mga dakilang bagay; at sa maliliit na pamamaraan sa maraming pagkakataon ay lumilito sa marurunong.

“At ang Panginoong Diyos ay nagsasagawa ng mga pamamaraan upang isakatuparan ang kanyang dakila at mga walang hanggang layunin; at sa pamamagitan ng napakaliit na pamamaraan ay nililito ng Panginoon ang marurunong, at isinasakatuparan ang kaligtasan ng maraming tao” (Alma 37:6–7).

Ang kawalang-muwang at kabataan ng ating mga missionary ay halimbawa ng pamamaraan ng Panginoon—upang ang mga mapagpakumbaba ay “imbitahin ang iba na lumapit kay Cristo sa pagtulong sa kanila na matanggap ang [lipinang-balik] na ebanghelyo sa pamamagitan ng pananampalataya kay Jesucristo at sa Kanyang Pagbabayad-sala, pagsisisi, [pagpapa]binyag, pagtanggap ng kaloob na Espiritu Santo, at pagtitiis hanggang wakas” (*Mangaral ng Aking Ebanghelyo: Gabay sa Paglilingkod ng Misyonero* [2004], 1).

Bilang mga miyembro ng Simbahan, nagagawa natin, sa maliliit at



karaniwan nating mga paraan, na “[mapaniwala] ang marami sa kamalian ng kanilang mga gawain” at dinadala sila “sa kaalaman ng kanilang Diyos tungo sa kaligtasan ng kanilang mga kaluluwa” (Alma 37:8).

Minsan ay sinamahan ko ang stake president at bishop para bisitahin ang isang miyembro na di-gaanong aktibo. Itinuro namin sa kanya, sa napakasimpleng paraan, ang tungkol sa mga pagpapala ng Sabbath. Ipinahayag namin ang taos-puso naming pagmamahal sa kanya. Sinabi niya, “Ang kailangan ko lang ay may bumisita sa akin at bigyan ako ng *abrazo*,” o yakapin ako. Kaagad akong tumayo at niyakap siya. Kinabukasan ay Linggo. Ang miyembro ring ito ay dumalo sa sacrament meeting kasama ang kanyang buong pamilya.

Sa pagbisita bilang visiting teacher, si Martha, na isang miyembro ng aming ward, ay nagsabi sa aking asawa at sa kasama nito na huwag na silang babalik pa kahit kailan. Nagpasiya siyang huwag nang magsimba. Tinanong si Martha ng isa sa mga visiting teacher kung maaari silang magkakasamang kumanta ng himno sa huling pagbisitang ito, at pumayag siya. Habang sila ay kumakanta, may espeyal na nangyari. Unti-unti,

nadama ang Espiritu sa silid. Nadama ito ng bawat isa. Nagsimulang lumambot ang puso ni Martha. Napuno ng luha ang kanyang mga mata, at sinabi niya sa mga visiting teacher ang nadarama niya. Nang sandaling iyon, natanto niya na alam niya na totoo ang ebanghelyo. Pinasalamat niya ang kanyang mga visiting teacher at sinabing bumalik sila. Mula noon, malugod na niyang tinatanggap sila.

Nagsimulang magsimba si Martha kasama ang kanyang bata pang anak na babae. Nagsimba sila nang regular sa loob ng ilang taon, at patuloy na umasa si Martha na makakasama nila balang-araw ang kanyang asawa. Sa wakas ay dumating ang araw na naantig ng Panginoon ang puso ng kanyang asawa, at nagsimula siyang magsimba na kasama nila, pati ang isa pa nilang anak na babae. Nagsimulang madama ng pamilyang ito ang tunay na kagalakan na dulot ng pagpapala ng ebanghelyo sa kanilang tahanan. Mula noon ay naglingkod na nang tapat si Martha bilang Relief Society president sa aming ward, at ang kanyang asawa sa ilang tungkulin sa stake. Lahat ng ito ay nangyari sa pagkanta ng himno, isang maliit at karaniwang bagay na umantig sa puso ni Martha.

Si Naaman ay kapitan ng hukbo ng hari ng Siria, isang kagalang-galang na tao, isang malakas at matapang na lalaki, ngunit siya ay may ketong (tingnan sa II Mga Hari 5:1). Nang hindi makahanap ng lunas sa kanyang ketong mula sa hari ng Israel, nagpunta si Naaman sa bahay ni Eliseo, ang propeta. Nagpadala si Eliseo ng sugo sa kanya, na nagsasabing:

“Ikaw ay yumaon, at maligo sa Jordan na makapito, at ang iyong laman ay sasauli sa iyo, at ikaw ay magiging malinis.

“Ngunit si Naaman ay naginit, at umalis, at nagsabi, Narito, aking inakalang, walang pagsalang lalabasin niya ako, at tatayo, at tatawag sa pangalan ng Panginoon niyang Dios, at pagagalaw-galawin ang kaniyang kamay sa kinaroroonan, at mapapawi ang ketong. . . .

“At ang kaniyang mga lingkod ay nagsilapit, at nagsipagsalita sa kaniya, at nagsabi, Ama ko, kung ipinagawa sa iyo ng propeta ang anomang mahirap na bagay hindi mo ba gagawin? gaano nga kung sabihin niya sa iyo, Ikaw ay maligo, at maging malinis?

“Nang magkagayo’y lumusong siya at sumugbong makapito sa Jordan, ayon sa sabi ng lalake ng Diyos: at ang

kaniyang laman ay nagsauling gaya ng laman ng isang munting bata, at siya'y naging malinis" (II Mga Hari 5:10–11, 13–14).

Inaanyayahan tayo ng ating propeta na si Pangulong Thomas S. Monson na humayo at sagipin ang ating mga kapatid. Sabi niya: "Kailangan ng daigdig ang inyong tulong. May mga paa na dapat mapatatag, kamay na dapat abutin, isipan na dapat mahikayat, puso na dapat mapasigla, at mga kaluluwa na dapat mailigtas. Ang mga pagpapala ng kawalang-hanggan ay naghihintay sa inyo" ("Sa Pagsaklolo," *Liahona*, Hulyo 2001, 57).

Nagpapatotoo ako na naghihintay sa atin ang marami sa mga taong nangangailangan ng ating tulong. Malugod nilang tatanggapin ang kanilang matatapat na kapatid upang matulungan at masagip sila sa pamamagitan ng maliliit at karaniwang mga paraan. Marami na akong ginugol na oras sa pagbisita sa di-gaanong aktibong mga miyembro ng Simbahan na ang mga puso ay pinalambot na ng Panginoon, na ngayon ay handa nang tumanggap sa ating mga patotoo at sa ating taos-pusong pagpapakita ng pagmamahal. Kapag tinulungan at inanyayahan natin sila, sila ay babalik sa Simbahan nang walang pag-aatubili.

Tulungan natin ang iba nang may pananampalataya at pagmamahal. Alalahanin natin ang pangako ng Panginoon:

"At kung mangyayaring kayo ay gagawa nang buo ninyong panahon sa pangangaral ng pagsisisi sa mga taong ito, at magdala, kahit isang kaluluwa sa akin, anong laki ng inyong kagalakang kasama niya sa kaharian ng aking Ama!

"At ngayon, kung ang inyong kagalakan ay magiging malaki sa isang kaluluwa na inyong nadala sa akin sa kaharian ng aking Ama, anong laki ng inyong kagalakan kung makapagdadalayo kayo ng maraming kaluluwa sa akin!" (D at T 18:15–16).

Pinatototohanan ko ang pagmamahal ng Panginoon sa lahat ng Kanyang mga anak. Alam ko na Siya ay buhay at Siya ang ating Manunubos. Sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■



**Ni Elder Timothy J. Dyches**  
Ng Pitumpu

## Ibig Mo Bagang Gumaling?

*Kapag tayo ay nagsisi at nagbalik-loob sa Panginoon, tayo ay gagaling, at ang ating kasalanan ay napapawi.*

**S**a isang panahon ng masayang piging sa Jerusalem, iniwan ng Tagapagligtas ang maraming tao at hinanap ang mga higit na nangangailangan. Natagpuan niya sila sa Betesda, ang tangke na may limang portiko sa tabi ng pintuan ng mga tupa na bantog noon na dinadayo ng mga may karamdaman.

Sinasabi sa atin ng Ebanghelyo ni Juan na malapit sa tangke ay "nangaghandusay ang marami[ng] maysakit, mga bulag, mga pilay, mga natutuyo, na naghihintay sa paggalaw ng tubig.

"Sapagka't lumulusong ang isang anghel ng Panginoon sa mga tanging panahon sa tangke at kinakalawkaw ang tubig: at ang unang manaog sa tangke, pagkatapos na makalawkaw ang tubig ay gumagaling sa anomang sakit na dinaramdam" (Juan 5:3–4).

Ang pagbisita ng Tagapagligtas ay inilarawan sa isang magandang painting ni Carl Bloch na pinamagatang *Pinagagaling ni Cristo ang Maysakit sa Betesda*. Ipinakita ni Bloch si Jesus na dahan-dahang hinahawi ang pansamantalang tabing, at nalantad ang "lalaking maysakit" (Juan 5:7) na nakahiga malapit sa tangke, at naghihintay. Dito ang salitang *maysakit*

ay tumutukoy sa isang taong walang-lakas at binibigyang-diin ang awa at biyaya ng Tagapagligtas, na tahimik na naglingkod sa mga taong hindi kayang tulungan ang kanilang sarili.

Sa painting, ang lalaking maysakit ay nasa sahig sa gawing likuran, pagod at pinanghihinaan ng loob dahil 38 taon na siyang maysakit.

Nang hawiin ng Tagapagligtas ang tela gamit ang isang kamay, isinenyas Niya ang isa pang kamay at nakaka-antig na nagtanong: "Ibig mo bagang gumaling?"

Sumagot ang lalaki, "Ginoo, wala ng taong maglusong sa akin sa tangke, pagkalawkaw sa tubig: datapuwa't samantalang ako'y naparoroon, ay nakalusong na muna ang iba bago ako" (Juan 5:6–7).

Sa tila napakahirap na hamon sa lalaki, si Jesus ay nagbigay ng malalim at di-inaasahang sagot:

"Magtindig ka, buhatin mo ang iyong higaan, at lumakad ka.

"At pagdaka'y gumaling ang lalake, at binuhat ang kaniyang higaan, at lumakad" (Juan 5:8–9).

Sa isa pang madamdaming tagpo, sinabi sa atin ni Lucas na ang Tagapagligtas, habang papunta sa



Jerusalem, ay may nakitang 10 ketongin. Dahil sa karamdaman nila, sila’y “nagsitigil sa malayo” (Lucas 17:12). Sila’y mga taong pinabayaan—marurumi at inaayawan.

“Jesus, Guro, maawa ka sa amin,” ang samo nila (Lucas 17:13)—sa madaling salita, sinasabing, “Wala Ka bang magagawang *anuman* para sa amin?”

Batid ng Dakilang Manggagamot, na puno ng habag, na kailangang mauna ang pananampalataya bago ang himala kaya’t Kanyang sinabi sa kanila, “Magsihayo kayo at kayo’y pakita sa mga saserdote” (Lucas 17:14).

Nang humayo sila nang may pananampalataya, dumating ang himala. Nakikinita ba ninyo ang nag-uumapaw na galak sa bawat hakbang nila nang masaksihan nila mismo ang pagkalinis, paggaling, at panunumbalik sa dati ng kanilang katawan?

“Isa sa kanila, nang makita niyang siya’y gumaling, ay nagbalik, na niluluwalhati ang Dios ng malakas na tinig;

“At siya’y nagpatirapa sa . . . paaan [ng Panginoon], na nagpapasalamat sa kaniya. . . .

“At sinabi [ni Jesus] sa kaniya, Magtindig ka, at yumaon ka sa iyong lakad: pinagaling ka ng iyong pananampalataya” (Lucas 17:15–16, 19).

Sa aking dating trabaho bilang doktor at siruhano, nakatuon ako sa pagpapagaling at paggamot ng katawan. Pinagagaling ni Jesucristo ang katawan, isipan, at espiritu, at ang Kanyang pagpapagaling ay nagsisimula sa pananampalataya.

Naaalala ba ninyo nang punung-puno kayo ng galak at pananampalataya? Naaalala ba ninyo nang magkaroon kayo ng patotoo o nang pagtibayin ng Diyos na kayo ay Kanyang anak at na mahal na mahal Niya kayo—at nadama ninyong napagaling kayo? Kung tila nawala na ang panahong iyon, maaari itong madamang muli.

Pinapayuhan tayo ng Tagapagligtas kung paano tayo magiging buo—magiging kumpleto, o mapapagaling:

“Magsiparito sa akin, kayong lahat na nangapapagal at nangabibigatang lubha, at kayo’y aking papagpapahingahin.

“Pasanin ninyo ang aking pamatok, at magaral kayo sa akin; sapagka’t ako’y maamo at mapagpakumbabang puso: at masusumpungan ninyo ang kapahingahan ng inyong mga kaluluwa.

“Sapagka’t malambot ang aking pamatok, at magaan ang aking pasan” (Mateo 11:28–30).

Ang “Pumarito ka, sumunod ka sa

akin” (Luke 18:22) ay nag-aanyaya sa ating talikuran ang dating buhay at mga makamundong hangarin at maging bagong nilalang na “ang mga dating bagay ay nagsilipas na [at lahat ng bagay ay] pawang naging bago” (II Corinto 5:17), taglay ang isang bago, matapat na puso. At tayo ay muling napagaling.

“Magsilapit sa akin at ako ay lalapit sa inyo; masigasig akong hanapin at inyo akong matatagpuan; humingi, at kayo ay makatatanggap; kumatok, at kayo ay pagbubuksan” (D at T 88:63).

Sa paglapit natin sa Kanya, matatanto natin na ang mortalidad ay mahirap at na ang pagkakaroon ng “pagsalungat sa lahat ng bagay” (2 Nephi 2:11) ay hindi kamalian sa plano ng kaligtasan. Sa halip, ang pagsalungat ay mahalagang bahagi ng mortalidad at pinalalakas nito ang ating puso at isipan at dinadalisay ang ating mga pagpili. Ang malalaking pagbabago sa buhay ay tumutulong sa atin na magkaroon ng walang-hanggang ugnayan sa Diyos—at iniuukit ang Kanyang larawan sa ating mukha kapag isinuko natin ang ating puso sa Kanya (tingnan sa Alma 5:19).

“Gawin ninyo ito sa pagaalala sa akin” (Lucas 22:19) ang hiniling ng ating Tagapagligtas nang pasimulan Niya ang tinatawag nating sakramento. Ang ordenansang ito ng tinapay at tubig ay nagpapanibago ng mga sagradong tipan na ginawa natin sa Diyos at inaanyayahan ang kapangyarihan ng Pagbabayad-sala sa ating buhay. Napagagaling tayo sa pagtali-kod sa mga ugali at uri ng pamumuhay na nagpapatigas sa ating puso at leeg. Kapag ibinaba natin ang “[ating] mga sandata ng paghihimagsik” (Alma 23:7), tayo ay nagiging “mga kinatawan ng [ating] sarili” (D at T 58:28), hindi na nabubulag ng katusuhan ni Satanas o nabibingi ng magulong ingay ng sekular na daigdig.

Kapag tayo ay nagsisi at nagbalik-loob sa Panginoon, tayo ay napa-gagaling, at ang ating kasalanan ay napapawi. Maaaring isipin natin, gaya ni Enos, “Paano ito nangyari?” Ang sagot ng Panginoon: “Dahil sa iyong pananampalataya kay Cristo. . . .



Samakatwid humayo ka, ang iyong pananampalataya ang nagpagaling sa iyo” (Enos 1:7, 8).

Si Corrie ten Boom, isang tapat na babaing Dutch na Kristiyano, ay dumanas ng gayong paggaling kahit na nakulong siya sa mga concentration camp noong Ikalawang Digmaang Pandaigdig. Dumanas siya ng matinding hirap, ngunit hindi tulad ng mahal niyang kapatid na si Betsie, na namatay sa isa sa mga kampong iyon, si Corrie ay nakaligtas.

Pagkatapos ng digmaan lagi na siyang nagsasalita sa publiko tungkol sa kanyang mga karanasan at tungkol sa paggaling at pagpapatawad. Minsan, ang dating guwardiya ng Nazi na naging bahagi ng pagkakulong ni Corrie sa Ravensbrück, Germany, ay lumapit sa kanya na nagagalak sa kanyang mensahe ng pagpapatawad at pagmamahal ni Cristo.

“Maraming salamat sa mensahe mo, *Fraulein*,’ sabi niya. ‘Para isipin na, gaya ng sabi mo, pinawi Niya ang aking mga kasalanan!’

“Iniabot niya ang kanyang kamay para kamayan ako,” paggunita ni Corrie. “At ako, na madalas mangaral . . . na kailangang magpatawad, ay hindi nag-abot ng aking kamay.

“Kahit na ang galit at paghihimagsik ay nag-aalpas sa aking kalooban, nakita kong kasalanan ang mga ito. . . . Panginoong Jesus, dasal ko, patawarin po Ninyo ako at tulungan akong patawarin siya.

“Sinubukan kong ngumiti, [at] nahirapan akong itaas ang aking kamay. Hindi ko magawa. Wala akong madama, kahit kaunting habag o pag-ibig sa kapwa. Kaya’t muli akong tahimik na nanalangin. Jesus, hindi ko po siya mapatawad. Ibigay po Ninyo sa akin ang Inyong pagpapatawad.

“Nang hawakan ko ang kanyang kamay may kakaibang nangyari. Mula balikang hanggang sa bisig ko at sa palad ay tila may kuryenteng dumaloy mula sa akin papunta sa kanya, at sa puso ko ay nag-umapaw ang pagmamahal sa estrangherong ito.

“Kaya’t natuklasan ko na hindi sa ating pagpapatawad ni sa ating kabutihan nakasalalay ang paggaling, kundi

nasa Kanya. Kapag sinasabi Niyang mahal natin ang ating mga kaaway, ibinibigay Niya, kaakibat ng utos na ito, ang pagmamahal mismo.”<sup>1</sup>

Si Corrie ten Boom ay napagaling.

Sabi ni Pangulong Thomas S. Monson, “May isang buhay na nagbibigay-lakas sa mga nababagabag o puno ng lungkot at pighati—maging ang Panginoong Jesucristo.”<sup>2</sup>

Kung sa pakiramdam ninyo ay marumi kayo, hindi minamahal, malungkot, di-karapat-dapat, o hindi napagaling, alalahanin na “lahat ng di makatarungan sa buhay ay nawiwasto sa Pagbabayad-sala ni Jesucristo.”<sup>3</sup> Manampalataya at maging matiyaga sa takdang oras at sa mga layunin ng Tagapagligtas para sa iyo. “Huwag kang matakot, manampalataya ka lamang” (Marcos 5:36).

Mapanatag na hangad pa rin ng Tagapagligtas na pagalingin ang ating mga puso at kaluluwa. Siya ay naghihintay sa pinto at kumakataok. Sumagot tayo sa pamamagitan ng muling pananalangin, pagsisisi, pagpapatawad, at paglimot. Mahalin natin ang Diyos at paglingkuran ang ating kapwa at tumayo sa mga banal na lugar na may malinis na buhay.

Ang lalaking maysakit sa tangke ng Betesda, ang ketongin sa daan papuntang Jerusalem, at si Corrie ten Boom ay nagsigaling. “Ibig mo bagang gumaling?” Magtinding, at lumakad kayo. Ang Kanyang “biyaya ay sapat” (II Mga Taga Corinto 12:9), at hindi kayo mag-iisa.

Nalaman ko na ang Diyos ay buhay. Alam ko na tayong lahat ay Kanyang mga anak at mahal Niya tayo sa kung sino tayo at kung ano ang maaari nating marating. Alam ko na isinugo Niya ang Kanyang Anak sa daigdig upang magbayad-sala para sa buong sangkatauhan at ang tumatanggap sa Kanyang ebanghelyo at sumusunod sa Kanya ay mapagagaling at magiging ganap—“sa kanyang sariling panahon, at sa kanyang sariling pamamaraan, at alinsunod sa kanyang sariling kalooban” (D at T 88:68), sa pamamagitan ng Kanyang magiliw na awa. Ito ang patotoo ko sa inyo sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

#### MGA TALA

1. Corrie ten Boom, *The Hiding Place* (1971), 215.
2. Thomas S. Monson, “Meeting Life’s Challenges,” *Ensign*, Nob. 1993, 71.
3. *Mangaral ng Aking Ebanghelyo: Gabay sa Paglilingkod ng Misyonero* (2004), 57.





**Ni Elder Jeffrey R. Holland**  
Ng Korum ng Labindalawang Apostol

## Parang Basag na Sisidlan

*Paano kayo pinakamainam na makatutugon kapag kayo o ang mga mahal ninyo sa buhay ay nakararanas ng matinding depresyon?*

Isinulat ni Apostol Pedro na ang mga disipulo ni Jesucristo ay dapat maging “madamayin.”<sup>1</sup> Sa diwang iyan nais kong magsalita sa mga taong may karamdaman sa isip o damdamin, bahagya man ito o malubha, sa loob ng maikling panahon o habambuhay. Nauunawaan natin ang pagkakumplikado ng ganitong mga bagay kapag naririnig nating nagsasalita ang mga doktor tungkol sa neuroses at psychoses, genetic predisposition at mga depekto sa chromosome, tungkol sa bipolarity, paranoia, at schizophrenia. Gayunpaman, kahit nakakabalisa ang lahat ng ito, ang mga karamdamang ito ay ilan sa mga katotohanan ng mortal na buhay, at hindi dapat ikahiyang aminin ang mga ito katulad ng pag-amin sa pakikibaka sa altapresyon o sa biglang pagkakaroon ng isang nakamamatay na tumor.

Sa pagpupunyaging magkaroon ng kaunting kapayapaan at pag-unawa sa mahihirap na bagay na ito, mahalagang tandaan na nabubuhay tayo—at pinili nating mabuhay—sa isang mundong puno ng kasalanan kung saan dahil sa mga banal na layunin ay paulit-ulit na susubukan at patutunayan ang

ating pagsisikap na maging banal. Ang malaking katiyakan sa plano ng Diyos ay ang ipinangakong isang Tagapagligtas, isang Manunubos, na sa pamamagitan ng pananampalataya natin sa Kanya ay matagumpay nating malalagpasan ang mga pagsubok na iyon, bagama’t hindi lubos na maarok ng isipan natin ang Ama na nagsugo sa Kanya at ang Anak na pumarito. Tanging sa pagpapahalaga sa banal na pagmamahal na ito natin makakayanan ang mas magaan nating pagdurusa, pagkatapos ay mauunawaan na natin ito, at sa huli ay matutubos tayo.

Iiwanan ko muna ang mga pambihirang karamdamang nabanggit ko at magtutuon ako sa MDD—“major depressive disorder”—o, mas karaniwang tinatawag na, “depresyon.” Nang banggitin ko ito, hindi ko tinutukoy ang dimagagandang araw, tax deadline, o iba pang nakapanghihina ng loob na mga sandali na nararanasan nating lahat. Lahat ay nakararanas ng pag-aalala o panghihina ng loob paminsan-minsan. Ayon sa Aklat ni Mormon nalungkot si Ammon at ang kanyang mga kapatid sa isang napakahirap na sandali,<sup>2</sup> at maaari din tayong magkagayon.

Ngunit ngayon ay mas mahirap pa ang sinasabi ko, tungkol sa napakatitinding karamdamang lubhang nakakapigil sa kakayahan ng isang tao na lubusang kumilos, tungkol sa nagdidilim na isipan na napakalalim kaya walang makapagsabi na lilipas din ito kung magiging determinado lang ang mga biktimang iyon at mag-iisip nang mas positibo—bagama’t matindi kong hinihikayat ang pagiging determinado at pag-iisip nang positibo!

Hindi, ang pagdilim ng isipan at diwang ito ay higit pa sa panghihina ng loob. Nakita ko na ito sa isang napakabait na lalaki nang pumanaw ang pinakamamahal niyang asawa na 50 taon niyang nakasama. Nakita ko na ito sa kapapanganak na mga ina na may tinatawag na “after-baby blues” o lungkot pagkatapos manganak. Nakita ko na itong umatake sa nag-aalalang mga estudyante, beteranong sundalo, at mga lola na nag-aalala sa kapakanan ng matatanda na nilang anak.

At nakita ko na ito sa mga bata pang ama na nagsisikap itaguyod ang kanilang pamilya. Hinggil dito nakakatakot na minsan ko nang nakita ito sa sarili ko. Minsan sa buhay naming mag-asawa nang magsabay ang takot na mawalan ng ikabubuhay at matinding pagod, nakadama ako ng sobrang depresyon na hindi inaasahan ngunit totoo. Sa awa ng Diyos at sa pagmamahal ng pamilya ko, patuloy akong kumilos at nagtrabaho, at kahit lumipas na ang mga taon patuloy ang lubos kong pakikidalamhati sa iba na nakakaranas ng paulit-ulit o mas matinding depresyon kaysa sa akin noon. Ano’t anuman tayong lahat ay nakakakuha ng lakas ng loob mula sa mga tao na, ayon sa mga salita ni Propetang Joseph, ay “[sinaliksik] at [pinag-aralan] ang pinakamadilim na kailaliman”<sup>3</sup> at nalagpasan iyon—kabilang na sina Abraham Lincoln at Winston Churchill, at si Elder George Albert Smith, na isa sa mga taong napakagiliw at may katangiang katulad ng kay Cristo sa ating dispensasyon, na nilabanan ang pabalik-balik na depresyon nang ilang taon bago naging ikawalong propeta at Pangulo ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal

sa mga Huling Araw na pinakamama-hal ng lahat.

Kaya paano kayo pinakamainam na makatutugon kapag kayo o ang mga mahal ninyo sa buhay ay nakararanas ng matinding depresyon? Higit sa lahat, huwag mawalan ng pananampalataya sa inyong Ama sa Langit, na nagmamahal sa inyo nang higit pa sa kaya ninyong maunawaan. Tulad ng nakaaantig na sinabi ni Pangulong Monson sa kababaihan ng Relief Society noong Sabado ng gabi: “Ang pagmamahal na iyan ay hindi nagbabago. . . . Nariyan ito para sa inyo kapag malungkot o masaya kayo, nasisiphayo o umaasa. Ang pagmamahal ng Diyos ay nariyan para sa inyo kayo man ay marapat o hindi marapat [dito]. Basta nariyan lang ito palagi.”<sup>4</sup> Huwag na huwag ninyong itong pagdudahan, at huwag ninyong tigasang puso ninyo. Tapat na ipagpatuloy ang mabubuting gawain na naghahatid ng Espiritu ng Panginoon sa inyong buhay. Humingi ng payo sa mga mayhawak ng mga susi para sa inyong espirituwal na kapakanan. Humingi ng mga basbas ng priesthood at pahalagahan ito. Maki-bahagi sa sakramento linggu-linggo, at kumapit nang mahigpit sa nakasakdal na mga pangako ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo. Maniwala sa mga himala. Nakita ko nang dumating ang napakarami sa mga ito nang lahat ay nagpapahiwatig na wala nang pag-asa. Ang pag-asa ay *hindi kailanman* mawawala. Kung hindi man dumating kaagad o nang lubusan o hindi na talaga dumating ang mga himalang iyon, alalahanin ang sariling halimbawa ng pagdurusa ng Tagapagligtas: kung hindi lumampas ang mapait na saro, inumin ito at maging matatag, na nagtitiwalang darating ang mas masasayang araw.<sup>5</sup>

Sa pag-iwas na magkasakit hangga’t maaari, bantayan ang mga stress indicator sa inyong sarili at sa iba na maaari ninyong tulungan. Tulad sa inyong sasakyan, maging alisto sa pag-init ng temperatura, sobrang bilis ng takbo, o tangkeng paubos na ang gasolina. Kapag nakakaranas kayo ng “depresyon dahil sa pagod,” baguhin ang kailangang baguhin. Pagod ang karaniwang kalaban nating lahat—kaya maghinayhinay, magpahinga, magpalakas, at



kumain. Binalaan tayo ng mga doktor na kung hindi tayo magpapahinga, tiyak na magkakasakit tayo.

Kung patuloy na nakadarama ng depresyon, humingi ng payo sa mahuhusay na tao na may sertipiko sa pagsasanay, propesyonal, at mabubuti ang pinahahalagahan. Maging tapat sa kanila tungkol sa nangyayari sa inyo at mga paghihirap ninyo. Mapanalangin at responsableng pag-isipan ang payo at mga solusyong ibinibigay nila. Kung kayo ay may apendisitis, aasahan ng Diyos na magpapabasbas kayo sa priesthood at magpapagamot sa pinakamahusay na doktor. Gayon din sa depresyon o emotional disorder. Inaasahan ng ating Ama sa Langit na gagamitin natin ang *lahat* ng magagandang kaloob na ibinigay Niya sa dakilang dispensasyong ito.

Kung kayo ang maysakit o tagapagalaga nila, sikaping hindi manghina sa bigat ng inyong gawain. Huwag isipin na kaya ninyong ayusin ang lahat,

ayusin lamang ang kaya ninyo. Kung maliliit na tagumpay lang iyon, magpalamat para dito at maging matiyaga. Ilang beses sa banal na kasulatan, inutusan ng Panginoon ang isang tao na “tumayo nang hindi natitinag” o “mapanatang”—at maghintay.<sup>6</sup> Ang matiyagang pagtitiis sa ilang bagay ay bahagi ng pagkatuto natin sa buhay na ito.

Para sa mga tagapagalaga, sa inyong tapat na pagsisikap na tumulong sa kalusugan ng iba, huwag pabayaang sarili ninyong kalusugan. Maging matalino sa lahat ng ito. Huwag tumakbo nang mas mabilis kaysa kaya ng inyong lakas.<sup>7</sup> Anuman ang kaya o hindi ninyo kayang ibigay, makapagalagalaga kayo ng mga panalangin at makapagbibigay ng “pagibig na hindi pakunwari.”<sup>8</sup> “Ang pag-ibig sa kapwa-tao ay nagtitiis nang matagal, at mabait; . . . binabata [nito] ang lahat ng bagay, . . . umaasa sa lahat ng bagay, nagtitiis sa lahat ng bagay. Ang pagibig ay *hindi* nagkukulang kailan man.”<sup>9</sup>



Tandaan din natin na sa kabila ng anumang sakit o mabigat na pagsu-bok, marami pa rin tayong aasamin at pasasalamatan sa buhay. Talagang nakahihigit tayo sa ating mga limi-tasyon o ating mga karamdaman! Si Stephanie Clark Nielson at kanyang pamilya ay mahigit 30 taon na naming kaibigan. Noong Agosto 16, 2008, bumagsak ang eroplanong sina-sakyan ni Stephanie at ng kanyang asawang si Christian at nasunog ito na lumapnos sa buong katawan niya at tanging mga kuko na lang niya sa paa ang makikilala nang dumating ang kanyang mga kapamilya upang kilalanin ang mga biktima. Halos wala nang pag-asang mabubuhay pa si Stephanie. Pagkaraan ng tatlong buwan na pinatulog siya at walang-malay, nagising siya at nakita ang sarili. Dahil diyan, nakadama siya ng matinding kalungkutan at depresyon sa pagkasunog ng kanyang balat. May apat na anak na wala pang pitong taong gulang, ayaw ni Stephanie na makita pa siya ng mga ito kailanman. Mas gusto pa niyang mamatay. “Akala ko mas madali,” sinabi minsan ni Stephanie sa akin, “kung kalimutan

na lang nila ako at unti-unti akong maglaho sa buhay nila.”

Ngunit para maging karapat-dapat siya sa kawalang-hanggan, at sa pag-darasal ng kanyang asawa, pamilya, mga kaibigan, apat na magagandang anak, at ng ikalimang isinilang sa mga Nielson 18 buwan pa lamang ang nakararaan, nalampasan ni Stephanie ang kailaliman ng pagkawasak upang mapabilang sa pinakabantog na “mommy bloggers” sa bansa, na hayagang sinasabi sa apat na milyong tao na nagbabasa ng kanyang blog na ang kanyang “banal na layunin” sa buhay ay maging isang ina at pahalagahan ang *bawat araw* na ibinigay sa kanya sa magandang daigdig na ito.

Anuman ang inyong paghihirap, mga kapatid—sa isipan man o sa damdamin o sa katawan o anu-man—huwag piliing wakasan ang napakahalagang buhay! Magtiwala sa Diyos. Mananganan nang mahig-pit sa Kanyang pagmamahal. Dapat ninyong malaman na balang-araw ay magbubukang-liwayway at maglalaho ang lahat ng pasakit sa mortalidad. Bagama’t maaari nating madama na tayo ay “parang basag na sisidlan,”

tulad ng sabi ng Mang-aawit,<sup>10</sup> dapat nating tandaan, ang sisidlang iyan ay nasa mga kamay ng banal na magpa-palayok. Ang mga isipang nagkalamat ay mapapagaling na katulad ng mga baling buto at durog na puso. Bagama’t pinagagaling ng Diyos ang mga iyon, makatutulong ang iba sa atin sa pagiging maawain, hindi mapang-husga, at mabait.

Pinatotohanan ko ang banal na Pagkabuhay na Mag-uli, ang di-masambit na kaloob na bato sa panulok sa Pagbabayad-sala ng Pa-ningoong Jesucristo! Kasama si Apostol Pablo, pinatotohanan ko na ang itinanim na may kasiraan ay ibabangon balang-araw na walang kasiraan at ang itinanim na may kahinaan ay ibaba-ngon sa huli na may kapangyarihan.<sup>11</sup> Pinatotohanan ko ang araw na iyon kung saan ang ating mga mahal sa buhay na alam nating may mga kapan-sanan sa mortalidad ay tatayo sa ating harapan na niluwalhati at maringal, sakdal-ganda sa katawan at isipan. Napakasaya ng sandaling iyon! Hindi ko alam kung magiging mas masaya tayo para sa ating sarili na nasaksihan natin ang gayong himala o mas masaya tayo para sa kanila na ganap na perpekto at “malaya na rin sa wakas.”<sup>12</sup> Hanggang sa oras na iyon na makita nating lahat ang lubos na kaloob ni Cristo, nawa’y mamuhay tayo sa pananampalataya, mahigpit na nakakapit sa pag-asa, at magpakita ng “[pagdamay sa isa’t isa],”<sup>13</sup> ang dalangin ko, sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

#### MGA TALA

1. I Pedro 3:8.
2. Tingnan sa Alma 26:27; tingnan din sa Alma 56:16.
3. *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Joseph Smith* (2007), 311.
4. Thomas S. Monson, “Hindi Tayo Kailanman Nag-iisa,” *Liahona*, Nob. 2013, 123, 124.
5. Tingnan sa Mateo 26:39.
6. Tingnan, halimbawa sa, *Mga Awit* 4:4; Doktrina at mga Tipan 101:16.
7. Tingnan sa Mosias 4:27.
8. Doktrina at mga Tipan 121:41.
9. I Corinto 13:4, 7–8; idinagdag ang pagbibigay-diin; tingnan din sa Moroni 7:45–46.
10. *Mga Awit* 31:12.
11. Tingnan sa I Corinto 15:42–43.
12. “Free at Last,” sa John W. Work, comp., *American Negro Songs: 230 Folk Songs and Spirituals, Religious and Secular* (1998), 197.
13. I Pedro 3:8.



**Ni Elder M. Russell Ballard**  
Ng Korum ng Labindalawang Apostol

# Magtiwala Kayo sa Panginoon

*Gawin ang makakaya ninyo sa pagbabahagi ng dakilang mensahe ng Panunumbalik ng ebanghelyo ni Jesucristo.*

**K**ababalik lang namin ni Sister Ballard mula sa isang tungkulin sa limang bansa sa Europa. Nagkaroon kami ng pribilehiyong makausap doon ang marami sa ating mga missionary, na marahil ilan doon ay mga anak ninyo. Simula nang ipahayag ni Pangulong Thomas S. Monson ang pagbaba ng edad para makapagmisyong ang ating mga kabataang lalaki at babae, nagkaroon ako ng pribilehiyong makapulog ang mahigit 3,000 sa kanila. Mababakas ang Liwanag ni Cristo sa kanilang mukha, at sabik silang isulong ang gawain—maghanap at magturo, magbinyag, magpaaktibo, at patatagin at itayo ang kaharian ng Diyos. Gayunman, kapag nakausap ninyo sila, malalaman ninyo kaagad na hindi nila kayang gawing mag-isa ang gawaing ito. Ngayon nais kong magsalita sa lahat ng miyembro ng Simbahan, dahil kailangang-kailangang ibahagi ng bawat isa sa atin ang ebanghelyo.

Maraming beses nang nababanggit, ipinahayag ni Propetang Joseph Smith na “matapos masabi ang lahat, ang pinakadakila at pinakamahalagang tungkulin ay ipangaral ang Ebanghelyo” (*Mga Turo ng mga*

*Pangulo ng Simbahan: Joseph Smith* [2007], 386).

Noong 1974 ganito ang sinabi ni Pangulong Spencer W. Kimball: “Marahil ang pinakamalaking dahilan para sa gawaing misyonero ay mabigyan ang mundo ng pagkakataong marinig at matanggap ang ebanghelyo. Ang mga banal na kasulatan ay puno ng mga utos at pangako at panawagan at gantimpala sa pagtuturo ng ebanghelyo. Sadyang ginamit ko ang salitang *utos* dahil tila mariing tagubilin ito na hindi natin matatakas, nang mag-isa at nang sama-sama” (“When the World Will Be Converted,” *Ensign*, Okt. 1974, 4).

Noong Hulyo ng taon ding iyon, umalis kami ni Sister Ballard kasama ang aming mga anak para pamunuan ang Canada Toronto Mission. Parang naririnig ko pa ang mga salita ni Pangulong Kimball, lalo na nang sabihin niyang: “Mga kapatid, naiisip ko lang kung ginagawa nga ba natin ang lahat ng ating magagawa. Nasisiyahan na ba tayo sa ginagawa nating paraan sa pagtuturo sa buong mundo? Mga 144 na taon na tayong naghahanap ng matuturuan sa ebanghelyo. Handa na ba tayong dagdagan ang ating

pagsisikap? Lawakan ang ating pananaw?” (*Ensign*, Okt. 1974, 5).

Hiniling din niyang bilisan natin ang ating gawain, magtulungan na patatagin ang Simbahan at kaharian ng Diyos.

Nitong nakaraang Hunyo inulit ni Pangulong Thomas S. Monson ang mensahe ring iyon sa mga miyembro ng Simbahan. Sinabi ng Pangulo: “Panahon na para ang mga miyembro at missionary ay magsama-sama . . . [at] magsigawa sa ubasan ng Panginoon upang magdala ng mga kaluluwa sa Kanya. Naghanda Siya ng maraming paraan para maibahagi natin ang ebanghelyo, at tutulungan Niya tayo sa ating mga pagsisikap kung gagawin natin nang may pananampalataya ang Kanyang gawain” (“Pananampalataya sa Gawain ng Kaligtasan” [mensaheng ibinigay sa isang espesyal na brodkast, Hunyo 23, 2013]; *lds.org/broadcasts*).

Makabubuti, mga kapatid, na pag-isipan ang mga turo ng mga propeta mula noong panahon ni Joseph Smith hanggang ngayon. Nanghikayat at nanawagan sila sa pamunuan at mga miyembro ng Simbahan na maging masigasig sa paghahatid ng mensahe ng Panunumbalik ng ebanghelyo sa lahat ng anak ng ating Ama sa Langit sa buong mundo.

Ang mensahe ko ngayong hapon ay na ang Panginoon ay pinabibilis ang Kanyang gawain. Sa ating panahon magagawa lamang ito kapag lahat ng miyembro ng Simbahan ay tumutulong nang may pagmamahal upang maibahagi ang mga katotohanan ng ipinanumbalik na ebanghelyo ni Jesucristo. Kailangang makipagtulungan tayo sa 80,000 nating mga missionary na naglilingkod ngayon. Ang impormasyon tungkol sa dakilang gawaing ito, lalo na sa mga tungkulin ng mga lider ng stake at ward council, ay malinaw na nakasaad sa *lds.org* website na pinamagatang “Pagpapabilis sa Gawain ng Kaligtasan.”

Alam namin mula sa aming pagsasaliksik na nais ng karamihan sa mga aktibong miyembro ng Simbahan na maging bahagi ng buhay ng taong minamahal nila ang mga pagpapala ng ebanghelyo, maging ng mga taong



hindi pa nila nakikilala. At alam din namin na maraming miyembro ang nag-aalangang gumawa ng gawaing misyonero at magbahagi ng ebanghelyo dahil sa dalawang pangunahing dahilan.

- Ang una ay takot. Maraming miyembro ang hindi nagdarasal para sa mga pagkakataong maibahagi ang ebanghelyo, sa takot na baka tumanggap sila ng mga banal na pahiwatig na gumawa ng isang bagay na inaakala nilang hindi nila kayang gawin.
- Ang pangalawang dahilan ay maling pagkaunawa sa kahulugan ng gawaing misyonero.

Alam namin na kapag ang isang tao ay tumayo at nagbigay ng mensahe sa sacrament meeting at sinabing, “Ngayon ay tatalakayin ko ang gawaing misyonero,” o marahil kapag tumayo si Elder Ballard sa pangkalahatang kumperensya at sinabi rin ito, maaaring isipin ng ilan sa inyo na nakikinig, “Iyan na naman; narinig na namin iyan.”

Ngayon, alam namin na walang gustong makaramdam na may kasalanan siya. Siguro inaakala ninyo na hihilingan kayong gumawa ng di-makatotohanang mga bagay sa pakikipag-ugnayan ninyo sa mga kaibigan o kapitbahay. Sa tulong ng Panginoon, hayaan ninyong pawiin ko ang anumang takot ninyo o ng sinuman sa ating mga full-time

missionary sa pagbabahagi ng ebanghelyo sa iba.

Magpasiyang gawin ang ipinagagawa sa atin ni Jesucristo. Sinabi ng Tagapagligtas:

“Magsihingi kayo, at kayo’y bibigyan; magsihanap kayo, at kayo’y mangakasumpong; magsituktok kayo, at kayo’y bubuksan:

“Sapagka’t ang bawa’t humihingi ay tumatanggap; at ang humahanap ay nakasumpong; at ang tumutuktok ay binubuksan.

“O anong tao sa inyo, ang kung siya’y hingan ng tinapay ng kaniyang anak, ay bato ang ibibigay;

“O kung hingan siya ng isda, ay bibigyan niya ng ahas?

“Kung kayo nga . . . ay marurunong mangagbigay ng mabubuting kaloob sa inyong mga anak, gaano pa kaya ang inyong Ama na nasa Langit na magbibigay ng mabubuting bagay sa nagsisihingi sa kaniya?” (Mateo 7:7–11).

Mga kapatid, mapapalitan ng pananampalataya at tiwala ang takot kapag lumuhod at nanalangin ang mga miyembro at full-time missionary at hiniling sa Panginoon na bigyan sila ng mga pagkakataong makapagbahagi ng ebanghelyo. Pagkatapos, dapat tayong manampalataya at maghintay ng mga pagkakataong maipakilala ang ebanghelyo ni Jesucristo sa mga anak ng ating Ama sa Langit, at tiyak na darating ang mga pagkakataong iyon. Ang mga pagkakataong ito ay hindi mangangailangan kailanman ng pilit o ipinlanong sagot. Likas na dadaloy

ang mga ito dahil sa pagmamahal natin sa ating mga kapatid. Maging positibo lamang, at madarama ng mga kausap ninyo ang inyong pagmamahal. Hinding-hindi nila malilimutan ang pakiramdam na iyon, kahit hindi pa panahon para tanggapin nila ang ebanghelyo. Maaari ding magbago iyan sa hinaharap kapag nagbago ang kanilang sitwasyon.

Imposibleng mabigo tayo kapag ginagawa natin ang lahat ng makakaya natin sa paglilingkod sa Panginoon. Yamang ang kalalabasan ay resulta ng paggamit ng kalayaan, responsibilidad nating ibahagi ang ebanghelyo.

Magtiwala sa Panginoon. Siya ang Mabuting Pastol. Kilala Niya ang Kanyang mga tupa, at kilala ng Kanyang mga tupa ang Kanyang tinig; at ngayon ang tinig ng Mabuting Pastol ay tinig ninyo at tinig ko. At kung hindi tayo kikilos, malalagpasan ang maraming makikinig sana sa mensahe ng Panunumbalik. Sa madaling salita, kailangan tayong sumampalataya at kumilos. Simple lang ang mga alituntunin—manalangin, nang personal at kasama ang inyong pamilya, para sa mga pagkakataong magbahagi ng ebanghelyo. Sinabi ng Panginoon sa Doktrina at mga Tipan na maraming taong napagkaitan ng katotohanan “sapagkat hindi [lamang] nila alam kung saan ito matatagpuan” (D at T 123:12).

Hindi kailangang mahusay kayong makisama o magaling magsalita, at nakakakumbinsing magturo. Kung may namamayaning pagmamahal at pagasa sa inyong kalooban, nangako ang Panginoon na kung “[itataas ninyo] ang inyong mga tinig sa mga taong ito; [at sasabihin] ang mga bagay na ilalagay [Niya] sa inyong mga puso, . . . hindi kayo malilito sa harapan ng mga tao;

“[At] ibibigay sa inyo . . . sa sandali[ng iyon], kung ano ang inyong sasabihin” (D at T 100:5–6).

Ipinapaalala ng *Mangaral ng Aking Ebanghelyo* sa ating lahat na “walang mangyayari sa gawaing misyonero kung hindi [tayo] makahahapan ng tuturuan. Kausapin ang lahat ng taong maaari ninyong kausapin sa bawat araw. Natural lang na parang takot ka[yo]ng makipag-usap sa mga tao.

Gayunman, makapagdarasal kayo na magkaroon ng pananampalataya at lakas ng loob na makapagsalita para ipangaral ang ipinanumbalik na ebanghelyo” ([2004], 179). Kayong mga full-time missionary, kung nais ninyo na mas maraming maturuan, kailangan kayong kumausap ng mas maraming tao araw-araw. Noon pa man ay ito na ang ipinagagawa ng Panginoon sa mga missionary.

Kilala tayo ng Panginoon. Alam Niya ang ating mga pagsubok. Nauunawaan ko na maaaring nabibigatan ang ilan sa inyo, ngunit dalangin ko na hindi madama ng sinuman sa inyo na magiging pasanin ang magbahagi ng ebanghelyo sa natural at kasiyasiyang mga paraan. Sa halip, ito ay isang pribilehiyo! Walang higit na kagalakan sa buhay kaysa sa masigasig na paglilingkod sa Panginoon.

Ang mahalaga ay mabigyang-inspirasyon kayo ng Diyos, hilingin sa Kanya na patnubayan kayo at pagkatapos ay gawin na ninyo ang ipinapahiwatig sa inyo ng Espiritu. Kapag inisip ng mga miyembro na kanilang responsibilidad lamang ang gawain ng kaligtasan, nakakatakot iyon. Kapag inisip nilang paanyaya ito na sundin ang Panginoon sa pagdadala ng mga kaluluwa sa Kanya para maturuan ng mga full-time elder at sister, ito ay nagbibigay-inspirasyon, nagpapalakas, at nagpapasigla.

Hindi namin hinihiling na gawin ninyo ang lahat. Hinihiling lang

naming manalangin ang lahat ng miyembro, batid na kung lahat ng miyembro, bata at matanda, ay mag-aanyaya ng kahit “isa” mula ngayon hanggang Pasko, milyun-milyon ang makadarama sa pagmamahal ng Panginoong Jesucristo. At kaygandang regalo nito sa Tagapagligtas.

Anim na linggo na ang nakaraan nakatanggap ako ng liham mula sa napakamatagumpay na member missionary family, ang pamilya Munns ng Florida. Isinulat nila:

“Mahal naming Elder Ballard, 30 minuto pagkatapos ng pandaigdigang brodkast sa pagpapabilis sa gawain ng kaligtasan, nagdaos kami ng family missionary council. Natuwa kaming malaman na gustong sumali ng aming mga apong tinedyer. Masaya naming ibinabalita na simula noong council meeting namin, napalawak namin ang aming family teaching pool nang 200 porsiyento.

“Nagdala ng mga kaibigan ang aming mga apo sa simbahan, nagalak kaming makasama sa mga sacrament meeting ang ilan sa aming mga kaibigang di-gaanong aktibo, at ilan sa mga bago naming contact ang nangakong magpapaturo sa mga missionary. Ang isa sa aming mga sister na di-gaanong aktibo ay hindi lamang nagbalik sa simbahan kundi nagsama pa ng mga bagong investigator.

“Walang tumanggi sa paanyayang magpapaturo sa mga missionary. Napakasayang panahon na maging

miyembro ng Simbahang ito” (personal na liham, Ago. 15, 2013).

Sundin ang mga pahiwatig ng Espiritu. Magsumamo sa Panginoon sa taimtim na panalangin. Gawin ang makakaya ninyo sa pagbabahagi ng dakilang mensahe ng Panunumbalik ng ebanghelyo ni Jesucristo.

Uulitin ko ang sinabi ng isa pang matagumpay na member missionary na si Clayton Christensen: “Tuwing hahawakan mo sa kamay ang isang tao at ipakikilala mo siya kay Jesucristo, madarama mo ang tindi ng pagmamahal ng ating Tagapagligtas sa iyo at sa taong hawak mo” (*The Power of Everyday Missionaries: The What and How of Sharing the Gospel* [2013], 1).

Pagpalain kayo ng Diyos, mga kapatid, na madama ninyo ang malaking kagalakan mula sa mga himalang nararanasan ninyo dahil sa inyong pananampalataya. Tulad ng itinuro sa atin sa Moroni kabanata 7:

“Winika ni Cristo: Kung kayo ay magkakaroon ng pananampalataya sa akin, magkakaroon kayo ng kapangyarihang gawin kahit na anong bagay na kapaki-pakinabang sa akin. . . .

. . . Sapagkat sa pamamagitan ng pananampalataya ang mga himala ay nagagawa; at sa pamamagitan ng pananampalataya ang mga anghel ay nagpapakita at naglilingkod sa mga anak ng tao; kaya nga, kung ang mga bagay na ito ay tumigil, sa aba sa mga anak ng tao, sapagkat ito ay dahil sa kanilang kawalang-paniniwala, at lahat ay walang saysay” (Moroni 7:33, 37).

Mula sa sarili kong karanasan mapapatotohanan ko sa inyo na diringgin ng Panginoon ang inyong mga dalangin at magkakaroon kayo ng maraming pagkakataon ngayon at sa darating na mga taon na ipakilala ang ebanghelyo ni Jesucristo sa pinakamamahal na mga anak ng Ama sa Langit. Pangulong Monson, nakinig po kami. Hahangarin naming lahat na maibahagi sa isang tao ang ebanghelyo. Dalangin ko na maranasan nating lahat ang malaking kagalakang nagmumula sa pagbabahagi ng ebanghelyo, sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■





**Ni Elder L. Tom Perry**  
Ng Korum ng Labindalawang Apostol

# Ang mga Doktrina at Alituntuning Nasa mga Saligan ng Pananampalataya

*Bawat saligan ng pananampalataya ay nagdaragdag ng kakaibang kahalagahan sa ating pag-unawa sa ebanghelyo ni Jesucristo.*

**N**ang atasan akong magsalita sa sesyon sa priesthood ng pangkalahatang kumperensya, agad kong naisip ang isang kaha-nga-hangang guro sa Primary. Ang dakilang hangarin niya ay ihanda kaming maging marapat na tumanggap ng priesthood. Pinahirapan niya kami sa mga kailangang gawin noon para sa graduation ng Primary—ipina-saulo niya ang mga pangalan ng mga miyembro ng Korum ng Labindalawang Apostol at ang mga Saligan ng Pananampalataya. Nangako rin siya sa amin—kung sauladong mabibigkas naming lahat ang labintatlong Saligan ng Pananampalataya, mapipili namin ang lugar na papasyalan sa huling klase namin.

Pinili namin ang espesyal na lugar na gusto naming akyatin sa mabatong

dalisdis sa itaas ng unang prinsa sa bukana ng Logan Canyon, sa northern Utah. May maliit at patag na lugar sa mabatong talampas na ito na may natural na pugon na mapaglulutan ng hotdog at mapag-iihawan ng marshmallows. Pero nang piliin namin ang lugar, hindi namin inisip ang guro namin, na mas matanda at hindi na gaanong malakas. Kung napag-isipan namin iyon nang mas mabuti, naisip sana namin na mahihirapan siyang maglakad. Gayunman, gusto niyang tumupad sa pangako kaya sinundan lang niya kami.

Una'y inakyat namin ang munting burol. Noong panahon namin hindi nilagyan ng kuryente iyon para hindi ito akyatin. Sa kaunting tulong naakyat ng guro namin ang burol. Pagdating namin sa tuktok bumaba kami sa

mabatong gulod papunta sa tinatawag naming “Turtle Back.”

Pagdating namin, natagalang maghabol ng hininga ang aming guro. Nang maghanda na kaming umupo at kumain, maayos na ang pakiramdam niya para ituro sa amin ang huling lesson. Masaya raw siyang maturuan kami sa Primary sa nakalipas na dalawang taon. Pinuri niya kami sa husay naming magsaulo ng Mga Saligan ng Pananampalataya. Mababanggit niya ang bilang ng alinman sa mga ito, at mabibigkas namin ito sa kanya. Pagkatapos ay sinabi niya na walang kabuluhang isaulo ang Mga Saligan ng Pananampalataya kung hindi namin nauunawaan ang mga doktrina at tuntuning naroon. Hinikayat niya kaming pag-aralan ang doktrina ng ebanghelyo na itinuturo sa bawat Saligan ng Pananampalataya. Ipinaliwanag niya na ang doktrinang matatagpuan sa Mga Saligan ng Pananampalataya ay nahahati sa mga bahagi.

## I. Ang Panguluhang Diyos at ang Pangunahing Doktrina ni Cristo

Nalaman natin sa unang saligan ng pananampalataya na ang Panguluhang Diyos ay tatlong persona: ang Diyos Ama, si Cristo Jesus, at ang Espiritu Santo.

Ang ikalawang saligan ay itinuturo sa atin na mananagot tayo sa sarili nating mga gawa sa lupa.

Ang ikatlo ay nagpapaliwanag sa misyon ng Tagapagligtas para sa kaligtasan ng mga anak ng Ama sa Langit.

Ang ikaapat ay itinuturo ang kahalagahan ng mga pangunahing alituntunin at ordenansa.

Ang bisa ng mga salita ng aming guro ay napagkukunan ko ng inspirasyon dahil sa pagbibigay-diin niya sa pag-aaral ng ebanghelyo. Ang mga banal na kasulatan ay ginagabayan tayo sa pamantayan ng katotohanan na batayan ng paghatol natin sa kaa-lamang natatanggap natin, kung totoo ito o hindi. Ang tunay na doktrina ay nagmumula sa Diyos, ang mapagkukunan at pundasyon ng lahat ng katotohanan. Ang mga turo at konsepto ng tunay na doktrina ay matatagpuan sa ebanghelyo ng ating Panginoon



at Tagapagligtas. Ang mga huwad na turo ay nagmumula kay Satanas, ang ama ng lahat ng kasinungalingan. Hangad niyang baluktutin, baguhin, at ibahin ang inihayag na mga katotohanan. Gusto niyang linlangin tayo para maligaw ang ilan sa atin sa landas pabalik sa ating tahanan sa langit.

Itinuturo sa atin ng mga banal na kasulatan kung paano iwasan ang mga maling turo. Halimbawa, sa liham ni Pablo kay Timoteo, mababasa natin:

“Ang lahat ng mga kasulatan na kinasihan ng Dios ay mapapakinabangan din naman sa pagtuturo, sa pagsansala, sa pagsaway, sa ikatututo na nasa katuwiran:

“Upang ang tao ng Dios ay maging sakdal, tinuruang lubos sa lahat ng mga gawang mabuti” (II Kay Timoteo 3:16–17).

Ang halaga ng doktrina sa Simbahan ay parang halaga ng baterya sa cell phone. Kapag tinanggal mo ang baterya sa cell phone mo, nawawalan ito ng silbi. Ang simbahan hindi na nagtuturo ng tamang doktrina ay wala ring silbi. Hindi tayo nito magagabayan pabalik sa ating Ama sa Langit at sa ating walang-hanggang tahanan.

## II. Organisasyon at Orden ng Priesthood

Kapag naunawaan na natin ang pangunahing doktrina ni Cristo, ang ikalima at ikaanim na saligan ng pananampalataya ay itinuturo sa atin ang organisasyon at orden ng priesthood. Sa patnubay ng Panginoon, itinatag ni Joseph Smith ang Simbahan ng Tagapagligtas gamit ang awtoridad ng priesthood—ang kapangyarihan ng Diyos. Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw ang siyang organisasyon na itinatag at pinamahalaan ni Cristo noong narito Siya sa lupa.

Napakaluwalhati ng araw na iyon para kina Joseph Smith at Oliver Cowdery noong Mayo 1829 nang magpunta sila sa kakahuyan para magdasal tungkol sa doktrina ng binyag para sa kapatawaran ng mga kasalanan na nabasa nila habang isinasalin ang Aklat ni Mormon. Maraming turo noon tungkol sa binyag na itinuturo ng iba't ibang simbahan noong mga unang taon ng



1800s, at alam nina Joseph at Oliver na hindi maaari na totoo silang lahat. Gusto nilang malaman ang tamang paraan ng pagbibinyag at kung sino ang may awtoridad na magbinyag.

Bilang sagot sa kanilang mga pag-samo sa Panginoon, isang sugo mula sa langit, si Juan Bautista, ang nagpakita sa kanila. Isa-isa niya silang pinatungan ng kanyang mga kamay sa ulo at iginawad sa kanila ang awtoridad na magbinyag sa mga salitang ito: “Sa inyo na aking kapwa tagapaglingkod, sa pangalan ng Mesiyas aking iginagawad ang Pagkasaserdoteng Aaron” (D at T 13:1).

Napakagandang araw sa kasaysayan ng mundo! Ipinanumbalik ang priesthood sa lupa.

Kapag tinanggap natin ang priesthood, tinatanggap natin ang awtoridad na kumilos sa pangalan ng Diyos at mag-akay sa mga landas ng katotohanan at kabutihan. Ang awtoridad na ito ay mahalagang mapagkukunan ng mabuting kapangyarihan at impluwensya para sa kapakinabangan ng mga anak ng Diyos sa lupa at tatagal hanggang sa kabilang buhay. Kinailangang ipanumbalik ang priesthood bago maitatag ang totoong Simbahan ni Jesucristo. Ito ang mahalagang aral na natututuhan natin mula sa ikalima at ikaanim na mga saligan ng pananampalataya.

## III. Mga Walang-Hanggang Kaparaanan sa Mortal na Paglalakbay


Binabalangkas sa sumunod na tatlong saligan ng pananampalataya—

pito, walo, at siyam—ang mga kaparaanang magagamit para turuan tayo sa ating paglalakbay sa lupa. Binigyan tayo ng mga espirituwal na kaloob para gabayan tayo sa pagsunod sa mga turo ng Panginoon at pangalagaan tayo laban sa kasamaan. Ang mga banal na kasulatan ay isa pang gabay; kung babasahin nating mabuti ang salita ng Diyos, ihahayag Niya ang ating landas pabalik sa buhay na walang hanggan.

Itinuturo sa atin ng ikasiyam na saligan ng pananampalataya na ang Diyos ay naghayag, naghahayag, at maghahayag sa hinaharap ng maraming dakila at mahalagang katotohanan sa Kanyang mga propeta, tagakita, at tagapaghayag. Nalaman natin bukod pa sa pakikinig sa marahan at banayad na tinig ng Espiritu at pagbabasa ng mga banal na kasulatan, na ang isa pang mapagkukunan ng patnubay ay ang mga lider ng ating Simbahan, na pinili, tinawag, at itinalaga upang pagpalain ang ating buhay sa pamamagitan ng mga aral na itinuturo nila.

## IV. Mga Member Missionary

Ang ikasampu, ikalabing-isa, at ikalabindalawang saligan ng pananampalataya ay itinuturo sa atin kung paano gawin ang gawaing misyonero at ibahagi ang ebanghelyo sa isang mundong may maraming bansa at iba't ibang batas. Nalaman natin ang pagtitiyon ng Israel bilang paghahanda sa Ikalawang Pagparito ng Tagapagligtas.



Itinuro sa atin na ang kalalakihan at kababaihan ay nagpapasiya para sa kanilang sarili, at maaari nilang tanggapin o tanggihan ang salita ng Diyos ayon sa sarili nilang konsiyensya. At ang huli, nalaman natin sa pagpapalaganap ng ebanghelyo ni Jesucristo sa apat na sulok ng mundo na kailangan nating igalang ang mga pamahalaan ng bawat bansang pinapasok natin. Tunay ngang naniniwala tayo sa pagsunod, paggalang at pagtataguyod sa batas ng bawat lupain.

#### **V. Mga Katangiang Hahangarin Nating Taglayin**

Ang ikalabintatlong saligan ng pananampalataya ay naglalaan ng espesyal na pananaw kung paano tayo dapat mamuhay at makisama. Mababasa rito: “Naniniwala kami sa pagiging matapat, tunay, malinis, mapagkawanggawa, marangal, at sa paggawa ng mabuti sa lahat ng tao; sa katotohanan, maaari naming sabihing sinusunod namin ang payo ni Pablo—Naniniwala kami sa lahat ng

bagay, umaasa kami sa lahat ng bagay, nakapagtiis kami ng maraming bagay, at umaasang makapagtitiis sa lahat ng bagay. Kung may anumang bagay na marangal, kaaya-aya, o magandang balita, o maipagkakapuri, hinahangad namin ang mga bagay na ito.”

Dapat nating hangaring taglayin ang mga katangiang ito at ipamuhay ang mga ito. Ang mga katotohanang itinuturo sa Mga Saligan ng Pananampalataya ay sumusuporta sa isa’t isa kagaya ng pagsuporta ng mga bahagi ng isang cell phone sa isa’t isa. Tulad ng detalyadong supply chain na nagdaragdag ng mga bahagi sa isang cell phone, ang Mga Saligan ng Pananampalataya ay nagsusuportay sa atin ng mahahalagang doktrina ng Panunumbalik. Bawat saligan ng pananampalataya ay nagdaragdag ng kakaibang halaga sa ating pag-unawa sa ebanghelyo ni Jesucristo.

Tinulungan ako ng aking guro sa Primary na maging determinadong pag-aralan ang mga doktrina ng kaharian. Tinuruan niya akong hanapin

ang malalim na kahulugang nasa simpleng Mga Saligan ng Pananampalataya. Nangako siya na kung mag-uukol ako ng panahon na pag-aralan ang mga sagradong katotohanang ito, ang kaalamang nakuha ko ay babaguhin ang buhay ko, at pinatotohanan ko sa inyo na binago nga nito ang buhay ko.

Pagkatapos ng napakagandang turo ng aking guro sa bundok na iyon sa Logan Canyon, napansin namin na mas matagal kaming namalagi roon kaysa binalak namin. Malapit nang gumabi, at natanto namin na may problema kami.

Nahirapan ngang makarating ang aking guro sa napili naming lugar, pero malaking problema pa ang pag-balik namin. Nakakumplika lang ito sa maling pagpili namin ng papasyalang lugar. Nahirapan kaming umakyat pabalik, pero mas mahirap ito para sa isang taong may-edad na.

Habang nahihirapan kaming tulungan siyang umakyat sa burol, dalawang pulis ang lumitaw. Pinaki-usapan sila ng Primary president na hanapin kami, sa takot na baka naligaw kami. Ang pangyayaring iyon at ang mga aral na natutuhan ko ay hindi ko malilimutan kailanman.

Kayong mga kabataang lalaki—hinihikayat ko kayong gamitin ang inyong talino para pag-aralan at matutuhan ang Mga Saligan ng Pananampalataya at ang mga doktrinang itinuturo nito. Kabilang ito sa pinakamahalaga at tiyak na pinakamaikling pagpapahayag ng doktrina sa Simbahan. Kung gagamitin ninyong gabay ang mga ito sa inyong pag-aaral ng ebanghelyo ni Jesucristo, makikita ninyo na handa kayong patotohanan ang ipinanumbalik na katotohanan sa mundo. Maipapahayag ninyo sa simple, tuwiran, at malalim na mga paraan ang mahahalagang paniniwalang itinatangi ninyo bilang miyembro ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw.

Idinaragdag ko ang aking patotoo sa katotohanan ng labintatlong Saligan ng Pananampalataya sa pangalan ng ating Panginoon at Tagapagligtas, maging si Jesucristo, amen. ■



**Ni Bishop Gérald Caussé**  
Unang Tagapayo sa Presiding Bishopric

# Hindi na Kayo mga Taga Ibang Bayan

*Sa Simbahang ito, walang mga taga ibang bayan at hindi kabilang. Ang narito lamang ay magkakapatid.*

**K**aramihan sa atin ay naranasanang malagay sa isang sitwasyong bago sa atin, kung saan nadama natin na naiiba tayo at hindi panatag. Nalagay sa sitwasyong ito ang pamilya namin mga limang taon na ang nakararaan matapos akong tawagin ni Pangulong Thomas S. Monson bilang General Authority ng Simbahan. Dahil sa tungkuling ito kinailangang lisanin ng aming pamilya ang magandang lugar na tinirhan namin nang mahigit dalawang dekada. Naaalala pa naming mag-asawa ang kagyat na reaksyon ng aming mga anak nang malaman nila ang pagbabago. Sabi ng 16-na-taong-gulang naming anak, “Walang problema. Puwede kayong umalis; dito lang ako!”

Agad din naman niyang ipinasiyang sumama sa amin at may pananalig na tinanggap ang bagong oportunidad na ito sa kanyang buhay. Ang pagtira sa bagong kapaligiran sa nakalipas na ilang taon ay naging karanasang nagturo at nagpasaya sa aming pamilya, lalo na dahil sa magiliw na pagtanggap at kabutihan ng mga Banal sa mga Huling Araw. Dahil tumira kami sa iba't ibang bansa, nagpasalamat kami na ang pagkakaisa ng mga tao

ng Diyos sa buong mundo ay tunay at nakikita.

Dahil sa aking tungkulin nakapaglakbay ako sa maraming bansa at nabigyan ng pribilehiyong mangulo sa maraming pulong. Sa iba't ibang kongregasyong pinangasiwaan ko, madalas akong makakita ng mga miyembrong nagmula sa iba't ibang bansa, wika, at kultura. Ang isang kamangha-manghang aspeto ng dispensasyon ng ebanghelyo natin ngayon ay na hindi ito limitado sa isang lugar o grupo ng mga bansa. Ito ay para sa lahat ng bansa at sa lahat ng tao. Naghahanda ito para sa maluwalhating pagbalik ng Anak ng Diyos sa pamamagitan ng pagtitipon sa “kanyang mga anak mula sa apat na sulok ng mundo.”<sup>1</sup>

Bagama't dumarami ang mga miyembro ng Simbahan mula sa iba't ibang bansa, ang ating sagradong pinagmulan ay higit pa sa pagkakaiba-iba natin. Bilang mga miyembro ng Simbahan, tinatanggap tayo sa sambahayan ni Israel. Nagiging magkakapatid tayo, pantay na mga tagapagmana sa iisang espirituwal na angkan. Ipinangako ng Diyos kay Abraham na “sapagkat kasindami ng tatanggap

ng Ebanghelyong ito ay tatawagin alinsunod sa [kanyang] pangalan, at ibibilang sa [kanyang] mga binhi, at magbabangon at papupurihan [siya], bilang *kanilang* ama.”<sup>2</sup>

May pangako para sa lahat ng sumasapi sa Simbahan: “Kaya nga hindi na kayo mga taga ibang lupa at mga manglalakbay, kundi kayo'y mga kababayan na kasama ng mga banal, at sangbahayan ng Dios.”<sup>3</sup>

Ang salitang *taga ibang lupa* ay nagmumula sa salitang Latin na *extraneus*, na ibig sabihin ay “exterior” o “tagalabas.” Karaniwan, tinatawag nitong “tagalabas” ang isang tao sa iba't ibang dahilan, dahil man ito sa pinagmulan, kultura, opinyon, o relihiyon. Bilang mga disipulo ni Jesucristo na nagsisikap na mabuhay sa mundo ngunit hindi makamundo, ang pakiramdam natin kung minsan ay para tayong mga tagalabas. Alam natin, kaysa marami diyan, na maaaring sarado ang ilang pintuan para sa mga yaong itinuturing na kakaiba.

Sa lahat ng panahon inutusan ang mga tao ng Diyos na pangalagaan ang lahat ng taga ibang bayan o yaong maituturing na kakaiba. Noong unang panahon ang pangangalaga sa isang taga ibang bayan ay tulad ng pangangalaga sa isang balo o ulila. Tulad nila, ang taga ibang bayan ay madali ring

## **Panama City, Panama**





**Santiago Chile**

malagay sa panganib, at ang kaligtasan niya ay nakasalalay sa proteksyong matanggap niya mula sa mga tao sa lugar. Mahigpit ang tagubilang tinanggap ng Israel tungkol dito: “Ang taga ibang bayan na nakikipamayan na kasama ninyo, ay inyong aariing tubo sa lupain, at iibigin ninyo na gaya ng sa inyong sarili; sapagka’t naging taga ibang bayan kayo sa lupain ng Egipto.”<sup>4</sup>

Noong Kanyang ministeryo sa lupa, si Jesus ay halimbawa ng isang taong gumawa ng higit pa sa kabutihang-loob at pagpaparaya. Yaong mga itinaboy ng lipunan, mga itinakwil at itinuring na marumi ng mga nagmamagaling, ay kinahabagan Niya at iginalang. Tumanggap din sila ng Kanyang mga turo at ministeryo tulad ng iba.

Halimbawa, hindi sinunod ng Tagapagligtas ang mga kaugalian sa Kanyang panahon nang kausapin Niya ang babaeng Samaritana, at hingan ito ng inumin. Kasama Niyang kumain ang mga maniningil ng buwis. Hindi siya nag-atubiling lapitan, hawakan, at pagalingin ang ketongin. Sa paghanga sa pananampalataya ng isang Romanong senturion, sinabi Niya sa mga tao, “Katotohanang sinasabi ko sa inyo, na kahit sa Israel man, ay hindi ako nakasumpong ng ganito kalaking pananampalataya.”<sup>5</sup>

Inutusan tayo ni Jesus na sundin ang batas ng sakdal na pagmamahal, na ipinagkaloob sa lahat nang walang kapalit. Sabi niya:

“Sapagka’t kung kayo’y iibig sa nangagsisiibig lamang sa inyo, ano ang ganti na inyong kakamtin? hindi baga gayon din ang ginagawa ng mga maniningil ng buwis?

“At kung ang mga kapatid lamang ninyo ang inyong babatiin, ano ang kalabisan ng inyong ginagawa? hindi baga gayon din ang ginagawa ng mga Gentil?

“Kayo nga’y mangagpakasakdal, na gaya ng inyong Ama sa kalangitan na sakdal.”<sup>6</sup>

Sa Simbahang ito, walang mga taga ibang bayan at hindi kabilang. Ang narito lamang ay magkakapatid. Ang kaalaman na mayroon tayong Amang Walang Hanggan ay tumutulong sa atin na mas hangaring pairalin ang kapatiran sa lahat ng kalalakihan at kababaihan sa mundo.

Isang talata sa nobelang *Les misérables* ang naglalarawan kung paano maaaring pakitunguhan ng mga mayhawak ng priesthood ang mga itinuturing na taga ibang bayan. Si Jean Valjean ay kalalabas lang ng bilanguan. Pagod mula sa maha-bang paglalakbay at gutom at uhaw,

nakarating siya sa isang munting bayan sa paghahanap ng makakain at matutuluyan sa magdamag. Nang kumalat ang balita na dumating siya, isa-isa siyang pinagsarhan ng pintuan ng lahat ng nakatira doon. Walang hotel, o matutuluyan, o kahit bilanguan na nagpatuloy sa kanya. Tinanggihan siya at itinaboy. Sa huli, nang maubusan ng lakas, napahandusay siya sa harap ng pintuan ng obispo ng bayan.

Alam na alam ng butihing pari ang pagkatao ni Valjean, ngunit pinatuloy niya ang palaboy sa kanyang tahanan at buong habag na sinabi:

“Hindi akin ang bahay na ito; bahay ito ni Jesucristo. Hindi mahalaga kung may pangalan o wala ang pumasok sa pintuang ito, kundi kung siya ay nagdadalamhati. Nagdurusa ka, nagugutom ka at nauuhaw; tumuloy ka. . . . Bakit kailangan ko pang malaman ang pangalan mo? Tatal, bago mo pa sinabi sa akin [ang pangalan mo] alam ko na ang tawag sa iyo.’

“Namamanghang nanlaki ang mga mata [ni Valjean].

“Talaga? Alam mo na ang tawag sa akin?”

“‘Oo,’ sagot ng Obispo, ‘ang tawag sa iyo ay kapatid ko.’”<sup>7</sup>

Sa Simbahang ito ang ating mga ward at korum ay hindi sa atin. Ang mga ito ay kay Jesucristo. Sinumang pumasok sa ating mga meetinghouse ay dapat madamang tanggap siya. Ang responsibilidad na malugod na tanggapin ang lahat ay lalong nagiging mahalaga. Ang mundong ginagalawan natin ay dumaranas ng malaking pagbabago. Dahil mas madali nang magbiyahe, mabilis na ang komunikasyon, at ang globalisasyon ng ekonomiya, nagiging malaking kabayanan na ang mundo kung saan ang mga tao at mga bansa ay nagtatagpo, nakikipag-ugnayan, at nakikihalubilo sa isa’t sa nang higit kaysa noon.

Ang malawak na pagbabagong ito sa daigdig ay ayon sa plano ng Maka-pangyarihang Diyos. Ang pagtitipon ng Kanyang mga pinili mula sa apat na sulok ng mundo ay nagaganap hindi lamang sa pagpapadala ng mga missionary sa malalayong bansa kundi



maging sa pagdating ng mga taong nagmula sa ibang mga lugar sa ating mga lungsod at komunidad. Hindi batid ng marami na sila ay inaakay ng Panginoon sa mga lugar na maririnig nila ang ebanghelyo at maisasama sila sa Kanyang kawan.

Malamang na ang susunod na magbabalik-loob sa ebanghelyo sa inyong ward ay hindi nagmumula sa karaniwan ninyong grupo ng mga kaibigan at kakilala. Maaari ninyong mapansin ito sa kanyang hitsura, pananalita, pananamit, o kulay ng balat. Ang taong ito ay maaaring lumaki sa ibang relihiyon, iba ang pinagmulan o iba ang pamumuhay.

Ang pakikisama o pakikipagkaibigan ay mahalagang responsibilidad ng priesthood. Ang mga korum ng Aaronic at Melchizedek Priesthood ay dapat kumilos na kasabay ng kababaihan sa pamamahala ng bishop upang siguruhin na bawat tao ay matanggap nang may pagmamahal at kabaitan. Ang mga home teacher at visiting teacher ay magiging maingat na tiyakin na walang sinumang nalimutan o hindi napansin.

Lahat tayo ay kailangang magtungang magkaroon ng espirituwal na pagkakaisa sa ating mga ward at branch. Isang halimbawa ng ganap na pagkakaisa ang umiral sa mga tao ng Diyos matapos dalawin ni Cristo ang mga lupain ng Amerika. Sinasabi sa talaan na walang “mga Lamanita, ni anumang uri ng mga ‘ita’; kundi sila ay iisa, ang mga anak ni Cristo, at mga tagapagmana ng kaharian ng Diyos.”<sup>8</sup>

Hindi tayo magkakaisa kapag hindi natin pinansin o lumayo tayo sa mga miyembrong tila kakaiba o mas mahina sa atin at makikihalubilo lamang tayo sa mga taong katulad natin. Sa kabilang banda, magkakaisa tayo kapag tinanggap at pinaglingkuran natin ang mga bagong miyembro o yaong mga may partikular na pangangailangan. Ang mga miyembrong ito ay pagpapala sa Simbahan at nagbibigay sa atin ng pagkakataong maglingkod sa ating kapwa at sa gayon ay mapapadalisay ang ating puso.

Kaya, mga kapatid, tungkulin ninyong lapitan ang sinumang dumating sa mga pintuan ng mga gusali ng inyong Simbahan. Tanggapin sila

nang may pasasalamat at walang panghuhusga. Kung may mga taong hindi ninyo kilala na pumasok sa isa sa inyong mga miting, malugod silang batiin at anyayahang tumabi sa inyo. Kayo na ang gumawa ng unang hakbang para ipadama sa kanila na sila’y tanggap at minamahal, sa halip na hintaying sila pa ang lumapit sa inyo.

Matapos ninyo silang batiin, mag-isip kayo ng mga paraan para patuloy silang mapaglingkuran. Minsan ay nabalitaan ko na may isang ward kung saan, matapos binyagan ang dalawang babaeng bingi, dalawang kahanga-hangang miyembro ng Relief Society ang nagpasiyang mag-aral ng sign language para higit nilang makaugnayan ang mga bagong miyembrong ito. Napakagandang halimbawa ng pagmamahal para sa mga kapatid sa ebanghelyo!

Pinatotohanan ko na walang taga ibang bayan sa ating Ama sa Langit. Wala ni isang kaluluwang hindi mahalaga sa Kanya. Tulad ni Pedro, pinatotohanan ko na “hindi nagtatangi ang Dios ng mga tao: kundi sa bawa’t bansa siya na may takot sa kaniya, at gumagawa ng katuwiran, ay kalugod-lugod sa kaniya.”<sup>9</sup>

Dalangin ko na kapag tinipon ng Panginoon ang Kanyang mga tupa sa huling araw, nawa’y sabihin Niya sa bawat isa sa atin, “Ako’y naging taga ibang bayan, at inyo akong pinatuloy.”

At sasabihin natin sa Kanya, “Kailan ka namin nakitang isang taga ibang bayan at pinatuloy ka?”

At sasagot Siya sa atin, “Katotohanang sinasabi ko sa inyo, Yamang inyong ginawa sa isa dito sa aking mga kapatid, kahit sa pinakamaliit na ito, ay sa akin ninyo ginawa.”<sup>10</sup>

Sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

#### MGA TALA

1. 1 Nephi 22:25.
2. Abraham 2:10; idinagdag ang pagbibigay-diin.
3. Mga Taga Efeso 2:19.
4. Levitico 19:34.
5. Mateo 8:10; tingnan din sa Mateo 8:2–3; Marcos 1:40–42; 2:15; Juan 4:7–9.
6. Mateo 5:46–48.
7. Victor Hugo, *Les misérables*, isinalin ni Isabel F. Hapgood, 5 tomo (1887), 1:73.
8. 4 Nephi 1:17.
9. Mga Gawa 10:34–35.
10. Mateo 25:35, 38, 40.



**Ni Elder Randy D. Funk**  
Ng Pitumpu

# Tinawag Niya upang Ipahayag ang Kanyang Salita

*Kung kayo ay mapagpakumbaba at masunurin at nakikinig sa tinig ng Espiritu, higit na kaligayahan ang naghihintay sa inyong paglilingkod bilang missionary.*

**N**ang sang-ayunan ako bilang General Authority noong Abril, naglilingkod ako bilang mission president sa India. Sa aking paglilingkod napansin ko mismo ang sinasabi sa akin ng isa pang dating mission president: “Ang mga missionary ng Simbahang ito ay talagang kahanga-hanga.”<sup>1</sup>

Isa sa maraming bukod-tanging missionary na nakasama namin ni Sister Funk si Elder Pokhrel na taga-Nepal. Matapos maging miyembro ng Simbahan sa loob lamang ng dalawang taon, tinawag siyang maglilingkod sa India Bangalore Mission, na isang English-speaking mission. Sasabihin niya sa iyon na hindi siya gaanong nakapaghanda. Nauunawaan ko iyon. Nakakita lang siya ng missionary nang maging missionary na siya, dahil walang naglilingkod na missionary sa Nepal. Hindi siya gaanong mahusay magbasa ng Ingles para maunawaan ang mga tagubiling kalakip ng kanyang mission call. Nang magreport siya sa missionary training

center, sa halip na magdala ng magandang pantalon, mga puting polo, at mga kurbata, nag-empake siya, sabi niya, “ng limang pares ng pantalong maong, ilang kamiseta, at maraming hair gel.”<sup>2</sup>

Kahit matapos siyang makakuha ng angkop na kasuotan, asiwa raw siya araw-araw sa unang ilang linggo. Inilarawan niya ang panahong iyon ng kanyang mission: “Hindi lang mahirap ang Ingles, kundi malaking hamon din ang gawain. . . . Bukod pa riyon, ako’y gutom, pagod, at nangungulila sa pamilya. . . . Kahit mahirap ang sitwasyon, determinado ako. Nakadama ako ng kahinaan at kakulangan. Nagdasal ako sa mga pagkakataong iyon sa Ama sa Langit na tulungan ako. Walang palya, tuwing magdarasal ako, napapanatag ang loob ko.”<sup>3</sup>

Bagama’t bago at malaking hamon ang gawaing misyonero para kay Elder Pokhrel, naglilingkod siya nang may malaking pananampalataya at katapatan, na naghahangad na unawain

at sundin ang natutuhan niya mula sa mga banal na kasulatan, sa *Mangaral ng Aking Ebanghelyo*, at sa kanyang mga lider sa mission. Naging mabisang guro siya ng ebanghelyo—sa Ingles—at isang napakahusay na lider. Pagkatapos ng kanyang mission at kaunting panahon sa Nepal, nagbalik siya sa India para ituloy ang kanyang pag-aaral. Simula noong Enero naglilingkod na siya bilang branch president sa New Delhi. Dahil sa tunay na paglagong naranasan niya bilang missionary, patuloy siyang tumutulong sa tunay na paglago ng Simbahan sa India.

Paano naging missionary na may gayon kalakas na espirituwalidad ang isang binatang hindi pa nakakita ng missionary? Paano ka tatanggap ng espirituwal na kapangyarihan bilang missionary para mabuksan ang mga pintuan, in-box, at puso ng mga nasa mission kung saan ka maglilingkod? Tulad ng dati, matatagpuan ang mga sagot sa mga banal na kasulatan at sa mga salita ng mga buhay na propeta at apostol.

Nang unang ipinangaral ang ebanghelyo sa England noong Hulyo 1837, inihayag ng Panginoon, “Sinuman ang iyong isusugo sa aking pangalan, sa pamamagitan ng tinig ng iyong mga kapatid, ang Labindalawa, na nara-rapat na itinagubilin at inatasan mo, ay magkakaroon ng kapangyarihang buksan ang pintuan ng aking kaharian sa alinmang bansa kung saan mo sila isugo.”<sup>4</sup>

Saanman kayo isugo, saanmang mission kayo madestino, dapat ninyong malaman na isang miyembro ng Labindalawa ang nagrekomenda ng destinong iyan at kayo ay tinawag ng propeta ng Panginoon. Kayo ay tinawag “sa pamamagitan ng propesiya, at ng pagpapatong ng mga kamay.”<sup>5</sup>

Sa gayon ay nagbigay ng mga kundisyon ang Panginoon para matupad ang pangakong ito. Sabi Niya, “Yayamang [ibig sabihin ay matutupad ang pangako *kung*] sila [ibig sabihin ay ang mga missionary na isinugod] ay [1] magpapakumbaba sa harapan ko, at [2] mananatili sa aking salita, at [3] makikinig sa tinig ng aking Espiritu.”<sup>6</sup>

Ang mga pangako ng Panginoon ay malinaw. Para magkaroon ng espirituwal na kapangyarihang kailangan upang mabuksan ang pintuan ng kaharian ng Diyos sa bansa kung saan kayo isinugo, kailangang kayo ay mapagpakumbaba at masunurin at may kakayahang pakinggan at sundin ang Espiritu.

Ang tatlong katangiang ito ay lubhang magkakaugnay. Kung kayo ay mapagpakumbaba, nanaisin ninyong maging masunurin. Kung kayo ay masunurin, madarama ninyo ang Espiritu. Ang Espiritu ay mahalaga, dahil, tulad ng itinuro ni Pangulong Ezra Taft Benson, “Kung wala ang Espiritu, hindi ka magtatagumpay kahit kailan *anuman* ang iyong talino at kakayahan.”<sup>7</sup>

Noong mission president ako, may mga pagkakataon na nag-interbyu ako ng mga missionary na nahihirapan dahil hindi pa sila lubusang malinis. Namuhay sila nang mas mababa kaysa kanilang espirituwal na potensyal. Gaano man sila kasipag o gaano man karami ang kabutihang ginawa nila, hindi nila nadama ang kapayapaan at natamasa ang patnubay ng Espiritu Santo hangga’t hindi sila nagpakumbaba, lubusang nagsisi, at nakibahagi sa awa at biyaya ng Tagapagligtas.

Inuutusan ng Panginoon ang Kanyang mga lingkod na magpakumbaba dahil ang proseso ng espirituwal na paggaling ay nagsisimula sa bagbag na puso. Isipin ang kabutihang nagmumula sa mga bagay na binungkal o dinurog o pinagputul-putol: Ang lupa ay binubungkal para mataniman ng trigo. Ang trigo ay dinudurog para magawang tinapay. Ang tinapay ay pinagpuputul-putol para maging sagsag ng sakramento. Kapag ang taong nagsisisi ay nakibahagi ng sakramento nang may bagbag na puso at nagsisising espiritu, siya ay nagiging buo o gumagaling.<sup>8</sup> Kapag nagsisi tayo at naging buo sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo, mas marami tayong magagawa para sa Tagapagligtas habang naglilingkod tayo sa Kanya. “Oo, lumapit as kanya, at ialay ang inyong buong kaluluwa bilang handog sa kanya.”<sup>9</sup>



Kung nabibigatan ka dahil sa kasalanan at kailangan mong magsisi, gawin ito kaagad. Nang pagalingin ng Tagapagligtas ang mga maysakit, kadalasan ay pinabangon Niya sila. Nakatala sa mga banal na kasulatan na nagbangon nga sila kaagad, o kapagdaka.<sup>10</sup> Para mapagaling sa inyong espirituwal na mga pasakit, tanggapin ninyo ang Kanyang paanyayang magbangon. Agad kausapin ang inyong bishop, branch president, o mission president at simulan na ang proseso ng pagsisisi ngayon.

Ang nagpapagaling na kapangyarihan ng Pagbabayad-sala ay maghahatid ng kapayapaan sa inyong kaluluwa at ipadarama nito sa inyo ang Banal na Espiritu. Ang sakripisyo ng Tagapagligtas ay hindi masusukat, ngunit ang ating mga kasalanan, bagama’t napakarami at mabigat, ay maaaring bilangin at ipagtapat, talikuran at mapatawad. “At anong laki ng kanyang kagalakan sa kaluluwang nagsisisi!”<sup>11</sup>

Ang pangakong ito sa Doktrina at mga Tipan ay napakabisa: “Puspusin ng kabanalan ang iyong mga inisip nang walang humpay; sa gayon ang iyong pagtitiwala ay lalakas sa harapan ng Diyos.”<sup>12</sup> Kapag banal ang inyong pamumuhay, madarama ninyo ang payapang tiwala sa katayuan ninyo sa harap ng Diyos at sasainyo ang kapangyarihan ng Espiritu.<sup>13</sup>

Maaaring sabihin ng ilan sa mas bagong mga miyembro ng Simbahan o mga nagbalik sa lubos na pagkaaktibo kailan lang, “Karapat-dapat na ako ngayon at hangad kong maglingkod, pero hindi ko alam kung sapat na ang nalalaman ko.” Noong Abril itinuro sa atin ni Pangulong Thomas S. Monson na, “Ang kaalaman sa katotohanan at ang mga sagot sa ating malalaking katunungan ay dumarating sa atin kapag sinusunod natin ang mga kautusan ng Diyos.”<sup>14</sup> Nakapapanatag na malaman na sa ating pagsunod ay nagkakaroon tayo ng kaalaman.

Maaaring madama ng iba na limitado ang kanilang mga talento, kakayahan, o karanasan. Kung nag-aalala kayo tungkol dito, tandaan ang karanasan ni Elder Pokhrel. Maghanda sa abot ng makakaya ninyo, at unawain na palalawakin ng ating Ama sa Langit ang inyong mapagpakumbaba at masunuring mga pagsisikap. Ibinigay ni Elder Richard G. Scott ang nakahihikayat na payong ito: “Kapag sinusunod natin ang mga utos ng Panginoon at pinaglingkuran natin ang Kanyang mga anak nang walang halong kasakiman, ang likas na ibubunga nito ay lakas mula sa Diyos—lakas na magawa ang higit pa sa magagawa nating mag-isa. Ang ating mga kaalaman, talento, at kakayahan ay nadaragdagan dahil tumatanggap

tayo ng lakas at kapangyarihan mula sa Panginoon.”<sup>15</sup>

Kapag nagtiwala kayo sa Panginoon at sa Kanyang kabutihan, pagpapalain ng Diyos na Maykapal ang Kanyang mga anak sa pamamagitan ninyo.<sup>16</sup> Magang natutuhan iyan ni Elder Hollings na taga-Nevada sa kanyang mission. Kinabukasan pagdating niya sa India, naglakbay siyang kasama namin ni Sister Funk patungong Rajahmundry, ang una niyang area. Nang hapong iyon bumisita sina Elder Hollings at Elder Ganaparam sa isang miyembro ng Simbahan at sa ina nito. Gustong malaman ng ina ang iba pa tungkol sa Simbahan dahil nakita niya kung paano biniyayaan ng ebanghelyo ang buhay ng kanyang anak. Sumama si Sister Funk sa kanila para makipagkaiyagan sa kanila. Dahil magtuturo sila sa Ingles at Telugu lamang ang wikang alam ng ina, naroon ang isang brother sa branch para isalin ang itinuturo.

Ang nakaatas na tungkulin ni Elder Hollings sa pinakauna niyang appointment ay ang ituro ang Unang Pangitain, gamit ang mga salita ni Propetang Joseph. Sa puntong iyon ng pagtuturo, bumaling siya kay Sister

Funk at nagtanong, “Dapat ko po bang sabihin ang bawat salita?” batid na isasalin iyon.

Sagot nito, “Sabihin mo ang bawat salita para mapatotohanan ng Espiritu ang sinasabi mo.”

Nang taos-pusong ituro ng bagong missionary na ito ang Unang Pangitain, gamit ang mga salita ng Propeta, nagbago ang anyo ng mahal na sister na iyon. Tumulo ang mga luha. Nang matapos ni Elder Hollings ang napakagandang mensaheng iyon at bago pa naisalin ang kanyang sinabi, nagtanong ang lumuluhang babae sa kanyang katutubong wika, “Maaari ba akong binyagan? At puwede ba ninyong turuan ang isa ko pang anak?”

Mga kabataang kapwa ko tagapaglingkod, ang mga pintuan at puso ay nabubuksan araw-araw sa mensahe ng ebanghelyo—isang mensaheng hatid ay pag-asa at kapayapaan at galak sa mga anak ng Diyos sa buong mundo. Kung kayo ay mapagpakumbaba at masunurin at nakikinig sa tinig ng Espiritu, higit na kaligayahan ang naghihintay sa inyong paglilingkod bilang missionary.<sup>17</sup> Kayagandang panahon nito para maging missionary—isang

panahon kung kailan pinabibilis ng Panginoon ang Kanyang gawain!

Pinatotohanan ko ang ating Tagapagligtas na si Jesucristo at ang Kanyang “banal na utos”<sup>18</sup> na “mag-siyaon nga kayo, at gawin ninyong mga alagad ang lahat ng mga bansa.”<sup>19</sup> Ito ang Kanyang Simbahan. Pinamunuan Niya ito sa pamamagitan ng mga buhay na mga propeta at apostol. Sa susunod na oras, tuturuan tayo ng Unang Panguluhan. Tayo nawa’y maging “mabilis magmasid,”<sup>20</sup> na tulad ni Mormon, upang tayo, pagdating ng tawag, ay karapat-dapat at may kakayahang ipahayag sa kapangyarihan ng Espiritu: “Masdan, ako ay disipulo ni Jesucristo, ang Anak ng Diyos. Ako ay tinawag niya na ipahayag ang kanyang mga salita sa kanyang mga tao, upang magkaroon sila ng buhay na walang hanggan.”<sup>21</sup> Sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

#### MGA TALA

1. Personal na pakikipag-usap kay Dennis C. Brimhall, pangulo ng Kentucky Louisville Mission, 2005–8.
2. Ashish Pokhrel, “My Name Is Ashish Pokhrel and This Is My Story” (di-nakalathalang personal na kasaysayan, Set. 2011).
3. Pokhrel, “My Name Is Ashish Pokhrel.”
4. Doktrina at mga Tipan 112:21.
5. Mga Saligan ng Pananampalataya 1:5.
6. Doktrina at mga Tipan 112:22.
7. Ezra Taft Benson, sa *Mangaral ng Aking Ebanghelyo: Gabay sa Paglilingkod ng Misyonero* (2004), 200.
8. Mga ideyang hango sa mensaheng ibinigay ni Elder Jeffrey R. Holland sa Bountiful Utah North Stake conference, Hunyo 8–9, 2013.
9. Omni 1:26.
10. Tingnan sa Marcos 5:41–42; Juan 5:8–9.
11. Doktrina at mga Tipan 18:13.
12. Doktrina at mga Tipan 121:45.
13. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 121:46.
14. Thomas S. Monson, “Ang Pagsunod ay Nagdudulot ng mga Pagpapala,” *Liahona*, Mayo 2013, 89.
15. Richard G. Scott, “Para sa Kapayapaan sa Tahanan,” *Liahona*, Mayo 2013, 30.
16. Sa paglalarawan ng gagawin ng maraming bagong missionary, sinabi ni Elder Russell M. Nelson: “Gagawin nila ang ginagawa ng mga missionary noon pa man. Ipapangaral nila ang ebanghelyo! Pagpapalain nila ang mga anak ng Makapangyarihang Diyos!” (“Makibahagi sa Kasiglahan ng Gawain,” *Liahona*, Mayo 2013, 45).
17. Tingnan sa *Mangaral ng Aking Ebanghelyo*, v.
18. Thomas S. Monson, “Halina, mga Anak ng Diyos,” *Liahona*, Mayo 2013, 66.
19. Mateo 28:19.
20. Mormon 1:2.
21. 3 Nephi 5:13.







**Ni Pangulong Dieter F. Uchtdorf**  
Pangalawang Tagapayo sa Unang Panguluhan

# Magagawa Na Ninyo Iyan Ngayon!

*Hangga't handa tayong bumangon at magpatuloy sa landas, . . . may matututuhan tayo sa pagkadapang iyon at magiging mas mabuti at mas masaya tayo.*

**N**oong bata pa ako, napakabilis kong tumayo kapag nadarapa ako. Gayunman, habang tuma-tanda ako, nabagabag akong matanto na nagbago na ang batas ng physics—at hindi ko na kayang tumayo.

Kamakailan nag-ski ako kasama ang aking 12-taong-gulang na apo. Masaya kaming magkasama nang tumama ang ski ko sa mayelong bahagi at nadapa ako.

Ginawa ko ang lahat para makatayo pero hindi ko makaya—nadapa ako, at hindi na ako makatayo.

Hindi naman nasaktan ang katawan ko, pero medyo nasaktan ang ego ko. Kaya't tiniyak kong maayos ang helmet at goggles ko, dahil mas gusto kong hindi ako makilala ng ibang mga skier. Nakikinita ko ang aking sarili na kaawa-awang nakaupo habang buong husay silang nag-i-ski, at masayang sumisigaw ng, “Hello, Brother Uchtdorf!”

Nagsimula akong mag-isip kung paano ako masasagip. Noon dumating ang apo ko sa aking tabi. Sinabi ko sa kanya ang nangyari, pero parang hindi siya gaanong interesado sa paliwanag ko kung bakit hindi ako makatayo.

Tiningnan niya ako sa mga mata, inabot ang kamay ko, at sa matatag na tinig ay sinabi, “Lolo, magagawa na ninyo iyan ngayon!”

Sa isang iglap, nakatayo ako.

Hindi pa rin ako makapaniwala.

Ang tila imposible kani-kanina lang ay agad nagawa dahil isang 12-taong-gulang na bata ang tumulong sa akin at nagsabing, “Magagawa na ninyo iyan ngayon!” Para sa akin, pinag-ibayo nito ang aking tiwala, sigla, at lakas.

Mga kapatid, maaaring may mga panahon sa ating buhay na tila hindi natin kayang bumangon at magpatuloy na mag-isa. Sa maniyebeng dalisdid sa araw na iyon, may natutuhan ako. Kahit iniisip natin na hindi natin kayang bumangon, may pag-asa pa. At kung minsan ay kailangan lang natin ng isang taong titingnan tayo sa mata, aabutin ang ating kamay, at sasabihing, “Magagawa na ninyo iyan ngayon!”

## **Ang Maling Akala tungkol sa Pagiging Matatag**

Maaari nating isipin na mas malamang na makadama ng kakulangan at kabiguan ang kababaihan kaysa

kalalakihan—na mas naapektuhan sila ng mga ito kaysa sa atin. Hindi ko tiyak kung totoo ito. Ang kalalakihan ay dumaranas ng pagkabagabag, depresyon, at kabiguan. Maaari tayong magkunwari na hindi tayo apektado ng mga damdaming ito, pero apektado talaga tayo. Maaaring lubha tayong nabibigatan sa ating mga kabiguan at kakulangan kaya naiisip natin na hindi tayo magtatagumpay kailanman. Maaari pa nga nating isipin na dahil nabigo na tayo noon, tadhana na nating mabigo. Sabi nga ng isang manunulat, “Nagpapatuloy tayo, tulad ng mga bangkang sa agos ay lumalaban, at laging natatangay pabalik sa pinanggalingan.”<sup>1</sup>

Namasdan ko ang kalalakihang puno ng potensyal at biyaya na tumigil sa pakikibahagi sa mahirap na gawaing itayo ang kaharian ng Diyos dahil isa o dalawang beses na silang nabigo. Ang kalalakihang ito ay maraming potensyal na naging mahuhusay sanang mayhawak ng priesthood at alagad ng Diyos. Ngunit dahil nagkamali sila at pinanghinaan ng loob, hindi nila tinupad ang mga pangako nila sa priesthood at isinagawa ang mas madali ngunit di-gaanong makabuluhang mga gawain.

At sa gayon, nagpapatuloy sila, na ginagawa lamang ang maliit na bahagi ng kaya nilang gawin, na hindi naaabot kailanman ang potensyal na taglay na nila nang isilang sila. Tulad ng panangis ng makata, kasama sila sa kapus-palad na mga kaluluwang “pumanaw nang hindi nagagawa ang [karamihan sa] mga bagay na kaya [pa] nilang gawin.”<sup>2</sup>

Walang gustong mabigo. At lalong ayaw nating makita ng iba—lalo na ng ating mga mahal sa buhay—na mabigo tayo. Gusto nating lahat na respetuhin at igalang tayo. Gusto nating maging kampeon. Ngunit tayong mga mortal ay hindi magiging kampeon nang walang pagsisikap at disiplina o hindi nagkakamali.

Mga kapatid, ang ating tadhana ay hindi nasusukat sa dami ng pagkadapa natin kundi sa dami ng ating pagbangon, pagpagpag ng dumi sa ating sarili, at pagpapatuloy.



### Kalumbayang Mula sa Diyos

Alam natin na ang buhay na ito ay isang pagsubok. Ngunit dahil sakdal ang pagmamahal sa atin ng ating Ama sa Langit, ipinakita Niya kung saan natin matatagpuan ang mga kasagutan. Binigyan niya tayo ng mapa upang malagpasan natin ang di-pamilyar na lupain at di-inaasahang mga pagsubok na makakaharap ng bawat isa sa atin. Ang mga salita ng mga propeta ay bahagi ng mapang iyan.

Kapag naligaw tayo—kapag nadapa tayo o lumayo mula sa landas ng ating Ama sa Langit—sinasabi sa atin ng mga salita ng mga propeta kung paano makabangon at makabalik sa tamang landas.

Sa lahat ng alituntuning itinuro ng mga propeta sa paglipas ng mga siglo, ang isang bagay na paulit-ulit na binibigyang-diin ay ang mensaheng puno ng pag-asa at panghihikayat na ang tao ay maaaring magsisi, magbago, at magbalik sa totoong landas ng pagkadisipulo.

Hindi ibig sabihin niyan ay dapat na tayong mapanatag sa ating mga kahinaan, pagkakamali, o kasalanan. At may mahalagang kaibhan sa pagitan ng kalungkutan dahil sa kasalanan

na humahantong sa pagsisisi at ng kalungkutang humahantong sa kawalan ng pag-asa.

Itinuro ni Apostol Pablo na ang “*kalumbayang mula sa Dios* ay gumagawa ng pagsisisi sa ikaliligtas . . . datapuwa’t ang *kalumbayang ayon sa sanglibutan* ay [na]kamamatay.”<sup>3</sup> Ang *kalumbayang mula sa Diyos* ay naghihikayat ng pagbabago at pag-asa sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo. Ang *kalumbayang ayon sa sanglibutan* ay hinahatak tayo pababa, pinapawi ang pag-asa, at inuudyukan tayong magpatangay pa sa tukso.

Ang *kalumbayang mula sa Diyos* ay humahantong sa pagbabalik-loob<sup>4</sup> at pagbabago ng puso.<sup>5</sup> Nagiging dahilan ito para kamuhian natin ang kasalanan at mahalín ang kabutihan.<sup>6</sup> Hinihikayat tayo nitong bumangon at lumakad sa liwanag ng pagmamahal ni Cristo. Ang tunay na pagsisisi ay tungkol sa pagbabago, hindi paghihirap o pagdurusa. Oo, ang taos-pusong dalamhati at taos na pagsisisi dahil sa pagsuway ay kadalasang masakit at napakahalagang mga hakbang sa sagradong proseso ng pagsisisi. Ngunit kapag ang pagkabagabag ay humantong sa pagkasuklam sa sarili

o pinigilan tayong bumangong muli, humahadlang ito sa halip na maghikayat sa atin na magsisi.

Mga kapatid, may mas mabuting paraan. Magsibangon tayo at maging kalalakihan ng Diyos. May kampeon tayo, isang Tagapagligtas, na lumakad sa libis ng lilim ng kamatayan alang-alang sa atin. Ibinigay Niya ang Kanyang sarili para tubusin tayo sa ating mga kasalanan. Walang may lalong dakilang pag-ibig kaysa rito—si Jesucristo, ang Korderong walang kapintasan, ay kusang inialay ang Kanyang sarili at nagbayad para sa ating mga kasalanan hanggang sa “katapustapusang beles.”<sup>7</sup> Inako Niya ang ating pagdurusa. Pinasan Niya ang ating mga pasanin, ang ating kasalanan sa Kanyang mga balikat. Mahal kong mga kaibigan, kapag nagpasiya tayong lumapit sa Kanya, kapag tinaglay natin sa ating sarili ang Kanyang pangalan at buong tapang tayong lumakad sa landas ng pagkadisipulo, sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala ay pinangakuan tayo hindi lamang ng kaligayahan at “kapayapaan sa daigdig na ito” kundi maging ng “buhay na walang hanggan sa daigdig na darating.”<sup>8</sup>

Kapag nagkamali tayo, kapag nagkasala at nadapa tayo, isipin natin ang tunay na kahulugan ng pagsisisi. Ibig sabihin ay isuko ang ating puso at kalooban sa Diyos at talikuran ang kasalanan. Ang taos-pusong pagsisisi ay naghahatid ng banal na katiyakan na “magagawa na natin iyan ngayon.”

### Sino Kayo?

Isa sa mga paraan ng kaaway para hadlangan tayo sa pag-unlad ay ang lituhin tayo tungkol sa kung sino tayo talaga at kung ano ang talagang nais natin.

Gusto nating makasama ang ating mga anak, ngunit gusto rin nating gawin ang paborito nating mga libangang panlalaki. Nais nating magbawas ng timbang, ngunit nais din nating kainin ang mga pagkaing gusto natin. Nais nating maging katulad ni Cristo, ngunit nais din nating kagalitan ang taong humarang sa ating sasakyan.

Layon ni Satanas na tuksuhin tayong ipagpalit ang pinakamahahaling perlas na tunay na kaligayahan at mga walang-hanggang pinahahalagahan sa mumurahing alahas na isa lamang guniguni at huwad na kaligayahan at kagalakan.

Ang isa pang paraang gamit ng kaaway para panghinaan tayo ng loob na bumangon ay ang ipaisip sa atin na pinipilit tayong sundin ang mga kautusan. Palagay ko likas sa tao ang tanggihan ang anumang hindi naman natin sariling ideya.

Kung itinuturing natin ang masustansyang pagkain at ehersisyo na isang bagay na inaasahan lamang sa atin ng ating doktor, malamang na mabigo tayo. Kung titingnan natin ang mga pagpapasiyang ito ayon sa kung sino tayo at ano ang gusto nating kahinatnan, mas malamang na manatili tayo sa tamang landas at magtagumpay.

Kung iniisip natin na ang home teaching ay mithiin lang ng stake president, maaaring hindi natin gaanong pahalagahan ang paggawa nito. Kung itinuturing nating mithiin natin ito— isang bagay na hangad nating gawin para maging mas katulad tayo ni Cristo at makapaglingkod sa kapwa— hindi lang natin tutuparin ang ating pangako kundi isasagawa natin ito sa paraang tunay na magpapala sa mga pamilyang binibisita natin at maging sa sarili nating pamilya.

Kadalasan, tayo ang tinutulungan ng mga kaibigan o kapamilya. Ngunit kung magmamasid tayo sa paligid at nanaisin nating pangalagaan ang iba, makikita natin ang mga oportunidad na laan ng Panginoon para matulungan natin ang iba na makabangong muli at patuloy na abutin ang kanilang tunay na potensyal. Sabi sa mga banal na kasulatan, “Anomang inyong ginagawa, ay inyong gawin [na]ng buong puso, na gaya ng sa Panginoon, at hindi sa mga tao.”<sup>9</sup>

Ito ay pagmumulan ng espirituwal na kapangyarihang mamuhay nang may dangal at kabutihan at magtuon ng paningin sa nais nating kahinatnan sa mga kawalang-hanggan. Kahit titingnan lang natin ang banal na hantunang ito nang may pananampalataya,



tutulungan tayo nitong manatili sa tamang landas.

Kapag ang ating pansin ay nakatuon lamang sa ating tagumpay o kabiguan sa araw-araw, maaari tayong maligaw ng landas, malihis, at madapa. Ang pagtuon sa mas matataas na mithiin ay tutulong sa atin na maging mas mabubuting anak at kapatid, mas mababait na ama, at mas mapagmahal na asawa.

Maging yaong mga nagtuon ng kanilang puso sa mga banal na mithiin ay maaaring magkamali paminsan-minsan, ngunit hindi sila madaraig. Nagtiwala at umaasa sila sa mga pangako ng Diyos. Muli silang babangon na may maningning na pag-asa sa kabutihan ng Diyos at sa nakasisiglang tanawin ng magandang kinabukasan. Alam nilang magagawa na nila iyan ngayon.

### Magagawa Na Ninyo Iyan Ngayon

Lahat ng tao, bata at matanda, ay nakaranas nang madapa. Nadarapa tayong mga mortal. Ngunit hangga't handa tayong bumangon at magpatuloy sa landas tungo sa espirituwal na

mga mithiing ibinigay sa atin ng Diyos, may matutuhan tayo sa pagkadamang pangiyon at magiging mas mabuti at mas masaya tayo dahil doon.

Mahal kong mga kapatid, mahal kong mga kaibigan, may mga pagkakataon na *akala* ninyo ay hindi na ninyo kayang magpatuloy. Magtiwala sa Tagapagligtas at sa Kanyang pagmamahal. Taglay ang pananampalataya sa Panginoong Jesucristo at sa kapangyarihan at pag-asa ng ipinangyarihan na ebanghelyo, *makakaya* ninyong tumindig at magpatuloy.

Mga kapatid, mahal namin kayo. Ipinagdarasal namin kayo. Sana marinig ninyo ang pagdarasal ni Pangulong Monson para sa inyo. Kayo man ay bata pang ama, may edad nang priesthood holder, o bagong orden na deacon, inaalala namin kayo. Inaalala kayo ng Panginoon!

Alam namin na kung minsan ay nahihirapan kayo sa buhay. Ngunit ipinangako ko ito sa inyo sa pangalan ng Panginoon: bumangon at sundan ang mga yapak ng ating Manunubos at Tagapagligtas, at balang-araw ay maaalala ninyo ito at mapupuspos kayo ng walang-hanggang pasasalamat na pinili ninyong magtiwala sa Pagbabayad-sala at sa kapangyarihan nitong tulungan at palakasin kayo.

Mahal kong mga kaibigan at kapatid, ilang beses man kayo madulas o madapa, bumangon! Maluwalhati ang inyong tadhana! Tumindig at lumakad sa liwanag ng ipinangyarihan na ebanghelyo ni Jesucristo! Mas malakas kayo kaysa inaakala ninyo. Mas may kakayahan kayo kaysa inaakala ninyo. Magagawa na ninyo iyan ngayon! Pinatotohanan ko ito sa sagradong pangalan ng ating Panginoon at Manunubos na si Jesucristo, amen. ■

### MGA TALA

1. F. Scott Fitzgerald, *The Great Gatsby* (1925), 180.
2. “The Voiceless,” sa *The Complete Poetical Works of Oliver Wendell Holmes* (1908), 99.
3. II Mga Taga Corinto 7:10; idinagdag ang pagbibigay-diin.
4. Tingnan sa Mga Gawa 3:19.
5. Tingnan sa Ezekiel 36:26; II Mga Taga Corinto 5:17; Mosias 3:19.
6. Tingnan sa Mosias 5:2.
7. Mateo 5:26.
8. Doktrina at mga Tipan 59:23.
9. Mga Taga Colosas 3:23.



**Ni President Henry B. Eyring**  
Unang Tagapayo sa Unang Panguluhan

# Talian ang Kanilang mga Sugat

*Dalangin ko na nawa'y ihanda natin ang ating sarili sa anumang paglilingkod sa priesthood na maaaring italaga sa atin ng Panginoon sa buhay na ito.*

Lahat tayo ay binigyan ng responsibilidad na pangalagaan ang iba. Ang magtaglay ng priesthood ng Diyos ay pananagutan sa Diyos para sa buhay na walang hanggan ng Kanyang mga anak. Iyan ay totoo, iyan ay kahanga-hanga, at paminsan-minsa'y nakapupos.

May nakikinig na mga elders quorum president ngayong gabi na alam ang ibig kong sabihin. Ganito ang nangyari sa isa sa inyo. Malamang na nangyari na ito sa marami sa inyo—at hindi lang minsan. Maaaring iba-iba ang mga detalye, pero pareho lang ang sitwasyon.

Isang elder na hindi ninyo gaanong kilala ang humingi ng tulong sa inyo. Noon lang niya nalaman na kailangan niyang ilipat sa kalapit na apartment ang kanyang asawa at sanggol na anak mula sa apartment na tinitirhan nila.

Tinanong ng mag-asawa ang isang kaibigan kung maaaring hiram ang trak nito sa araw na iyon para mailipat ang mga kasangkapan at personal na gamit nila. Ipinahiram sa kanilang kaibigan nila ang trak. Sinimulang ikarga ng bata pang ama ang lahat ng ari-arian nila sa trak, pero ilang minuto

pa lang, nanakit na ang kanyang likod. Masyadong abala ang kaibigang nagpahiram ng trak para tumulong. Desperado ang bata pang ama. Naisip niya kayo, na kanyang elders quorum president.

Nang humingi siya ng tulong, hapon na. May miting noon ang Simbahan sa gabi. Nakapangako na kayong tutulungan ang asawa ninyo sa gawain sa bahay sa araw na iyon. May ipinagagawa sa inyo ang inyong mga anak, pero hindi pa ninyo nagagawa iyon.

Alam din ninyo na ang mga miyembro ng korum ninyo, lalo na ang pinakamatapat, na palagi ninyong tinatawag para tumulong, ay malamang na gayon din ang sitwasyon.

Alam ng Panginoon na may mga araw na mahaharap kayo sa ganitong sitwasyon nang tawagin Niya kayo sa katungkulang ito, kaya may kuwento Siya sa inyo para palakasin ang inyong loob. Isa itong talinghaga para sa napakaabalang mga mayhawak ng priesthood. Kung minsan ay tinatawag natin itong kuwento ng mabuting Samaritano. Pero kuwento ito talaga para sa mayhawak ng priesthood sa abala at mahirap na mga huling araw na ito.

Ang kuwento ay akmang-akma sa napakaabalang lingkod ng priesthood. Alalahanin lamang na kayo ang Samaritano at hindi ang saserdote o Levita na dinaanan lang ang sugatang lalaki.

Maaaring hindi ninyo naisip ang kuwentong ito nang maharap kayo sa ganitong mga hamon. Ngunit dalangin kong maalala ninyo ito kapag muling dumating ang mga araw na iyon, na tiyak namang darating.

Hindi sinabi sa atin sa mga banal na kasulatan kung bakit nagdaan doon ang Samaritano mula Jerusalem patungong Jerico. Malamang ay hindi siya namamasyal na mag-isa yamang alam niya na may mga tulisang nag-aabang sa mga panatag ang loob. Mahalaga ang kanyang pupuntahan, at tulad ng kaugalian, may dala siyang hayop at langis at alak.

Sa mga salita ng Panginoon, ang Samaritano, nang makita niya ang sugatang lalaki, ay huminto dahil “[siya ay] nagdalang habag.”

Hindi lang siya nagdalang-habag, kumilos pa siya. Laging alalahanin ang mga detalye sa kuwento:

“At lumapit [siya] sa kaniya, at tinalian ang kaniyang mga sugat, na binuhusan ng langis at alak; at siya'y isinakay sa kaniyang sariling hayop, at dinala siya sa bahay-tuluyan, at siya'y inalagaan.

“At nang kinabukasa'y dumukot siya ng dalawang denario, at ibinigay sa katiwala ng bahay-tuluyan, at sinabi, Alagaan mo siya, at ang anomang magugol mong higit, ay aking pagbabayaran sa iyo pagbabalik ko.”<sup>1</sup>

Kayo at ang mga mayhawak ng priesthood na pinaaakay sa inyo ay may di-kukulangin sa tatlong katiyakan. Una, ipagkakaloob sa inyo ng Panginoon, kung hihilingin ninyo, ang pagkahabag na nadama Niya sa mga nangangailangan. Pangalawa, maglaan Siya ng iba pa, tulad ng katiwala sa bahay-tuluyan, para makasama ninyo sa paglilingkod. At pangatlo, ang Panginoon, tulad ng mabuting Samaritano, ay gagantimpalaan nang higit pa ang lahat ng nakikiisa sa pagtulong sa mga nangangailangan.

Kayong mga quorum president ay malamang na hindi lang minsan


kumilos ayon sa mga katiyakang iyon. Pinatulong ninyo ang iba pang mga mayhawak ng priesthood ng Panginoon, tiwalang tutugon sila nang may habag. Hindi kayo natakot na patulungin yaong mga pinakamadalas tumugon noong araw dahil alam ninyo na madali silang mahabag. Pinatulong ninyo sila, batid na noong araw ay nadama na nila ang kabutihang-loob ng Panginoon nang magpasiya silang tumulong. Pinatulong ninyo ang ilang nabibigatan na, batid na kapag mas malaki ang sakripisyo, mas malaki ang gantimpalang tatanggapin nila mula sa Panginoon. Yaong mga nakatulong noon ay nadama na ang malaking pasasalamat ng Tagapagligtas.

Maaaring nabigyan kayo ng inspirasyon na huwag patulungin ang isang tao na magkarga at magbaba ng mga gamit mula sa trak. Bilang lider kilala ninyo ang mga miyembro ng inyong korum pati na ang kanilang pamilya. Kilalang-kilala sila ng Panginoon.

Alam Niya kung kaninong maybahay ang malapit nang manlupaypay dahil walang oras ang kanyang asawa na tugunan ang kanyang mga pangangailangan. Alam Niya kung kaninong mga anak ang pagpapalain kapag nakita Niyang muling tumulong ang kanilang ama sa iba o kung kailangang madama ng mga anak kung gaano sila kahalaga sa kanilang ama para pag-ukulan nito ng oras na makapiling sila sa araw na iyon. At alam din Niya kung sino ang kailangang anyayahang maglingkod ngunit malamang na hindi handa o ayaw maglingkod.

Hindi ninyo makikilala nang lubusan ang lahat ng miyembro ng inyong korum, ngunit kilala sila ng Diyos. Kaya, tulad ng maraming beses na ninyong nagawa, ipinagdasal ninyong malaman kung kanino kayo magpapatulong na matulungan ang iba. Alam ng Panginoon kung sino ang mapagpapala kapag pinatulong sila at kung kaninong pamilya ang mapagpapala kapag hindi sila pinatulong. Iyan ang paghahayag na maaasahan ninyong dumating sa inyo sa pamumuno sa priesthood.

Nakita kong mangyari iyan noong binatilyo ako. Ako ang first assistant sa



priests quorum. Isang araw tinawagan ako ng bishop ko sa bahay. Samahan ko raw siya sa pagbisita sa isang biyudang nangangailangan ng tulong. Kailangan daw niya ako.

Habang hinihintay kong sunduin niya ako sa bahay, nag-alala ako. Alam kong may malalakas at matatalinong counselor ang bishop. Ang isa ay kilalang hukom. Ang isa naman ay namahala sa isang malaking kompanya na kalaunan ay naging General Authority. Ang bishop mismo ay maglilingkod balang-araw bilang General Authority. Bakit sasabihin ng bishop sa isang priest na walang gaanong alam na, “Kailangan ko ang tulong mo”?

Alam ko na ngayon ang maaari niyang sabihin sa akin noon: “Kailangan kang pagpalain ng Panginoon.” Sa tahanan ng biyuda, nakita ko siya, sa aking pagkamangha, na sabihin dito na wala itong makukuhang tulong mula sa Simbahan hangga’t hindi niya pinupunan ang budget form na

iniwan niya rito. Sa daan pauwi, nang makita niya ang pagkabigla ko, nagulat ako nang tumawa siya at sabihin niyang, “Hal, kapag nakontrol na niya ang paggastos niya, matutulungan na niya ang iba.”

Noong minsan naman, isinama ako ng bishop ko sa bahay ng lasenggong mga magulang na pinabuksan ang pintuan sa dalawang takot na batang babae para salubungin kami. Matapos kausapin ang dalawang bata, umalis na kami at sinabi niya sa akin, “Hindi pa natin mababago ang malungkot na pangyayari sa buhay nila, pero mada-rama nilang mahal sila ng Panginoon.”

Isang gabi naman isinama niya ako sa bahay ng isang lalaki na ilang taon nang hindi nagsisimba. Sinabi sa kanya ng bishop na mahal siya nito at kailangan siya sa ward. Tila wala namang epekto iyon sa lalaki. Ngunit noong araw na iyon, at tuwing isasama ako ng bishop, malaki ang epekto niyon sa akin.

Walang paraan para malaman ko kung ipinagdasal ng bishop na malaman kung sinong priest ang pagpapalain sa pagsama sa kanya sa mga pagbisitang iyon. Maaaring maraming beses na rin siyang nagsama ng iba pang mga priest. Ngunit alam ng Panginoon na magiging bishop ako balang-araw na mag-aanyaya sa mga taong nanlamig ang pananampalataya na bumalik sa pangangalaga ng ebanghelyo. Alam ng Panginoon na balang-araw ay bibigyan ako ng responsibilidad sa priesthood para sa daan-daan at maging sa libu-libong anak ng Ama sa Langit na nangangailangan ng temporal na tulong.

Maaaring hindi ninyo alam na mga kabataang lalaki kung anong paglilingkod sa priesthood ang inihahanda ng Panginoon para sa inyo. Ngunit ang pinakamalaking hamon sa lahat ng mayhawak ng priesthood ay ang magbigay ng espirituwal na tulong. Tungkulin nating lahat iyan. Kasama iyan sa pagiging miyembro ng korum. Kasama iyan sa pagiging miyembro ng pamilya. Kung inaatake ni Satanas ang pananampalataya ng sinuman sa inyong korum o pamilya, mahahabag

kayo. Tulad ng paglilingkod at awang ibinigay ng Samaritano, maglilingkod din kayo sa kanila nang may nagpapagaling na balsamo para sa kanilang mga sugat sa oras ng kanilang pangangailangan.

Sa inyong paglilingkod bilang full-time missionary, pupuntahan ninyo ang libu-libong tao na malaki ang espirituwal na pangangailangan. Ni hindi malalaman ng marami, hangga't hindi ninyo sila tinuturuan, na sila ay may mga espirituwal na sugat na magdudulot ng walang-hanggang kalungkutan kapag hindi nagamot. Kayo ay hahayo sa gawain ng Panginoon upang sagipin sila. Panginoon lamang ang maaaring magbenda o magtali sa kanilang espirituwal na mga sugat kapag tinanggap nila ang mga ordenansang humahantong sa buhay na walang hanggan.

Bilang miyembro ng korum, home teacher, at missionary, hindi ninyo matutulongan ang mga tao na espirituwal na gumaling kung hindi malakas ang inyong pananampalataya. Nangangahulugan ito ng higit pa sa regular na pagbabasa ng mga banal na kasulatan at pagdarasal tungkol dito. Ang

sandaling pagdarasal at madaliang pagsulyap sa mga banal na kasulatan ay hindi sapat na paghahanda. Ang muling katiyakan ng kakailanganin ninyo ay darating lakip ang payong ito mula sa ika-84 na bahagi ng Doktrina at mga Tipan: “Ni huwag kayong mabalisa kung ano ang inyong sasabihin; kundi papagyamanin sa inyong mga isipan tuwina ang mga salita ng buhay, at ibibigay ito sa inyo sa oras na iyon yaong bahagi na nararapat ipagkalooob sa bawat tao.”<sup>2</sup>

Ang pangakong iyan ay matatamo lamang natin kung “papagyamanin” natin ang mga salita ng buhay at patuloy itong gagawin. Ang kahulugan ng katagang papagyamanin sa banal na kasulatan para sa akin ay tungkol sa nadarama ko tungkol sa mga salita. Halimbawa, kapag nagsikap akong tulungan ang isang tao na nanghihina ang pananampalataya tungkol sa banal na tungkulin ni Propetang Joseph Smith, muli kong nadarama ang katiyakan.

Hindi lamang ito mga salita mula sa Aklat ni Mormon. Ito ay katiyakan ng katotohanang nadarama ko tuwing magbabasa ako ng kahit ilang talata lamang sa Aklat ni Mormon. Hindi ko maipapangako na mangyayari ito sa lahat ng taong nag-aalinlangan kay Propetang Joseph o sa Aklat ni Mormon. Ngunit alam ko na si Joseph Smith ang Propeta ng Pagpapanumbalik. Alam ko na ang Aklat ni Mormon ay salita ng Diyos dahil pinagyaman ko ito.

Alam ko mula sa sarili kong karanasan na matitiyak ninyo ang katotohanan mula sa Espiritu dahil nangyari iyon sa akin. Dapat tayong magkaroon ng gayong katiyakan bago tayo ilagay ng Panginoon sa daraanan ng manlalakbay na mahal natin na nasugatan ng mga kaaway ng katotohanan.

May isa pang paghahanda tayong kailangang gawin. Ugali na ng tao na maging manhid sa paghihirap ng iba. Isa iyan sa mga dahilan kung bakit lubos na nagsikap ang Tagapagligtas na ipahayag ang Kanyang Pagbabayad-sala at pagpapasan ng mga pasakit at kalungkutan ng lahat ng anak ng ating Ama sa Langit upang malaman kung paano Niya sila tutulongan.



Maging ang pinakamabubuting mayhawak ng priesthood ng Ama sa Langit sa lupa ay hindi agad nakakabot sa pamantayang iyon ng pagkahabag. Ang ugali natin ay mawalan ng pasensya sa taong hindi makaunawa sa katotohanang napakalinaw sa atin. Kailangan nating ingatang hindi ipakahulugan na pagtuligsa o pagwawaksi ang kawalan natin ng pasensya.

Habang naghahanda tayong tumulong para sa Panginoon bilang Kanyang mga lingkod, may talata sa banal na kasulatan na gagabay sa atin. May kaloob doon na kailangan natin sa paglalakbay, saanman tayo isugo ng Panginoon. Taglay ng mabuting Samaritano ang kaloob na iyan. Kakailanganin natin ito, at sinabi na sa atin ng Panginoon kung paano ito mahahanap:

“Kaya nga, mga minamahal kong kapatid, kung wala kayong pag-ibig sa kapwa-tao, wala kayong kabuluhan, sapagkat ang pag-ibig sa kapwa-tao kailanman ay hindi nagkukulang. Kaya nga, manangan sa pag-ibig sa kapwa-tao, na pinakadakila sa lahat, sapagkat ang lahat ng bagay ay nagkukulang—

“Datapwat ang pag-ibig sa kapwa-tao ay dalisay na pag-ibig ni Cristo, at iyon ay nagtitiis magpakailanman; at sinumang matagpuang mayroon nito sa huling araw, ay makabubuti sa kanya.

“Kaya nga, mga minamahal kong kapatid, manalangin sa Ama nang buong lakas ng puso, nang kayo ay mapuspos ng ganitong pag-ibig, na kanyang ipinagkaloob sa lahat na tunay na mga tagasunod ng kanyang Anak, si Jesucristo; upang kayo ay maging mga anak ng Diyos; na kung siya ay magpapakita, tayo ay magiging katulad niya, sapagkat makikita natin siya bilang siya; upang tayo ay magkaroon ng ganitong pag-asa; upang tayo ay mapadalisay maging katulad niya na dalisay.”<sup>3</sup>

Dalangin ko na nawa’y ihanda natin ang ating sarili sa anumang paglilingkod sa priesthood na maaaring italaga sa atin ng Panginoon sa buhay na ito. Sa sagradong pangalan ni Jesucristo, amen. ■

#### MGA TALA

1. Lucas 10:33–35.
2. Doktrina at mga Tipan 84:85.
3. Moroni 7: 46–48.



Ni Pangulong Thomas S. Monson

## Mga Tunay na Pastol

*Ang home teaching ay sagot sa maraming panalangin at tinutulutan tayong makita ang mga pagbabagong maaaring mangyari sa buhay ng mga tao.*

**N**gayong gabi sa Conference Center sa Salt Lake City at sa malalayo at malalapit na lugar nakatipon ang mga mayhawak ng priesthood ng Diyos. Tunay ngang kayo’y “makaharing pagkasaserdote”—maging “isang lahing hirang,” tulad ng sabi ni Apostol Pedro.<sup>1</sup> Ikinararantal kong makapagsalita sa inyo.

Habang lumalaki ako, tuwing summer ay nagpupunta ang pamilya namin sa Provo Canyon, mga 45 milya (72 km) sa timog at gawing silangan ng Salt Lake City, kung saan kami lumalagi sa cabin ng pamilya nang ilang linggo. Kaming mga lalaki ay laging sabik na mangisda sa sapa o lumangoy, at sinasabihan namin si Itay na bilisan ang patakbo ng kotse. Noong panahong iyon, ang kotseng gamit ni Itay ay isang 1928 Oldsmobile. Kung mahigit 35 milya (56 km) bawat oras ang bilis niya, sasabihin ni Inay na, “Bagalan mo! Bagalan mo!” Sasabihin ko naman, “Bilisan n’yo, Itay! Bilisan n’yo!”

Ang patakbo ni Itay ay mga 35 milya bawat oras paakyat sa Provo Canyon o hanggang makaliko kami sa isang kurbada at tumitigil kami kapag may tuma-tawid na isang kawan ng mga tupa. Minamasdan namin ang daan-daang tupang mabilis na nagdaraan, na parang walang pastol, habang kumakahol ang

ilang aso habang naglalakad. Doon sa likuran ay nakikita namin ang tagapastol na sakay ng kanyang kabayo—na hindi kabisada ang nasa bibig kundi suga. Paminsan-minsa’y nakayukyok siya sa sintadera ng kabayo at natutulog, dahil alam naman ng kabayo kung saan pupunta at malaking tulong ang pagkahol ng mga aso.

Ihambing ninyo iyan sa tagpong nakita ko sa Munich, Germany, maraming taon na ang nakalipas. Linggo ng umaga noon, at papunta kami sa isang missionary conference. Pagtanaw ko sa bintana ng kotse ng mission president, nakita ko ang isang pastol na may hawak na tungkod, at *inaakay* ang mga tupa. Nakasunod sila sa kanya saanman siya magpunta. Kung kaka-liwa siya, susundan nila siya sa kaliwa. Kung kakanan siya, susundan nila siya sa direksyong iyon. Pinaghambing ko ang tunay na pastol na umaakay sa kanyang mga tupa at ang tagapastol na parang wala lang na nakasakay sa kabayo sa likuran ng kanyang mga tupa.

Sabi ni Jesus, “Ako ang mabuting pastor; at nakikilala ko ang [aking mga tupa].”<sup>2</sup> Ipinakikita Niya sa atin ang perpekting halimbawa ng nararapat gawin ng isang tunay na pastol.

Mga kapatid, bilang priesthood ng Diyos may responsibilidad tayong



magpastol. Ang karunungan ng Panginoon ay naglaan ng mga tuntunin kung paano tayo magiging pastol sa mga pamilya ng Simbahan, kung saan tayo makapaglilingkod, makapagtuturo, at makapagpapatoto sa kanila. Ang tawag dito ay home teaching, at ito ang nais kong talakayin sa inyo ngayong gabi.

Ang bishop ng bawat ward sa Simbahan ang namamahala sa pagtatalaga sa mga mayhawak ng priesthood bilang mga home teacher na bisitahin sa bahay ang mga miyembro bawat buwan. Pares-pares sila. Kapag maaari, sasamahan ng binatilyong priest o teacher sa Aaronic Priesthood ang isang adult na mayhawak ng Melchizedek Priesthood. Pagpasok nila sa bahay ng mga taong pananagutan

nila, dapat makibahagi ang mayhawak ng Aaronic Priesthood sa pagtuturong ginagawa. Ang tungkuling iyon ay makakatulong sa paghahanda ng mga binatilyong ito para sa misyon at maging sa habambuhay na paglilingkod ng priesthood.

Ang home teaching program ay sagot sa makabagong paghahayag na nag-uutos sa mga naorden sa priesthood na “magturo, magpaliwanag, manghikayat, magbinyag . . . at dumalaw sa bahay ng bawat kasapi, at hikayatin silang manalangin nang malakas at nang lihim at isagawa ang lahat ng tungkulin na pang mag-anak, . . . pangalagaan ang simbahan tuwina, at makapiling at palakasin sila; at tiyakin na walang kasamaan sa simbahan, ni samaan ng loob sa bawat isa, ni pagsisinungaling, paninirang-puri, ni pagsasalita ng masama.”<sup>3</sup>

Ipinayo ni Pangulong David O. McKay: “Home teaching ang isa sa mga pinakakailangan at pinakanakasisiyang oportunidad para mangalaga at magbigay-inspirasyon, magpayo at pumatnubay sa mga anak ng ating Ama. . . . [Ito] ay isang banal na paglilingkod, isang banal na tungkulin. Tungkulin natin bilang mga Home Teacher na dalhin ang . . . espiritu sa bawat tahanan at puso. Ang mahalín ang gawain at gawin ang makakaya natin ay magdudulot ng walang-katapusang kapayapaan, galak at kasiyahan sa [isang marangal at] tapat [na guro] ng mga anak ng Diyos.”<sup>4</sup>

Sa Aklat ni Mormon mababasa natin na “itinalaga [ni Alma] ang lahat ng kanyang saserdote at lahat ng kanyang mga guro; at walang itinalaga maliban na sila ay mga makatarungang tao.

“Anupa’t pinangalagaan nila ang kanilang mga tao, at pinagyaman sila sa mga bagay na may kinalaman sa kabutihan.”<sup>5</sup>

Sa pagganap sa ating mga responsibilidad sa home teaching, matalino tayo kung malalaman at mauunawaan natin ang mga hamon ng mga miyembro ng bawat pamilya, upang maging epektibo tayo sa pagtuturo at pagbibigay ng kinakailangang tulong.

Ang isang home teaching visit ay malamang na magtagumpay kung

maaga nating itatakda ang petsa ng pagbisita. Para mailarawan ang puntong ito, ibabahagi ko sa inyo ang isang karanasan ko ilang taon na ang nakalilipas. Noong panahong iyon ang Missionary Executive Committee ay binubuo nina Spencer W. Kimball, Gordon B. Hinckley, at Thomas S. Monson. Isang gabi pinakain nina Brother at Sister Hinckley sa bahay nila ang mga miyembro ng komite at kanilang mga asawa. Katatapos lang naming kumain ng masarap na pagkain nang may kumatok sa pinto. Binuksan ni Pangulong Hinckley ang pintuan at nakitang nakatayo roon ang isa sa kanyang mga home teacher. Sabi ng home teacher, “Alam ko po na hindi ko nasabing darating ako, at hindi ko kasama ang kompanyon ko, pero nadama kong dapat akong magpunta ngayong gabi. Hindi ko po alam na may mga bisita pala kayo.”

Magiliw na pinatuloy ni Pangulong Hinckley ang home teacher at pinatulo at pinaturuan ang tatlong Apostol at aming mga asawa tungkol sa tungkulin natin bilang mga miyembro. Kahit may kaunting takot, ginawa ng home teacher ang lahat ng makakaya niya. Pinasalamat siya ni Pangulong Hinckley sa pagpunta, at nagmamadali na siyang umalis.

Babanggitin ko ang isa pang halimbawa ng maling paraan ng pag-sasagawa ng home teaching. Mahilig magkuwento si Pangulong Marion G. Romney, na counselor sa Unang Panguluhan ilang taon na ang nakaraan, tungkol sa kanyang home teacher na nagpunting minsan sa tahanan ng mga Romney isang gabi ng taglamig. Hawak niya ang kanyang sumbrero at halatang ninenerbiyos nang sabihan siyang maupo at ibigay ang kanyang mensahe. Habang nakatayo, sinabi niya, “Alam mo, Brother Romney, maginaw sa labas, at iniwan kong umaandar ang makina ng kotse para hindi ito tumirik. Dumaan lang ako para masabi ko sa bishop na nakabisita ako.”<sup>6</sup>

Pagkatapos ay sinabi ni Pangulong Ezra Taft Benson, matapos ikuwento ang karanasan ni President Romney sa isang miting ng mga mayhawak ng priesthood, “Higit pa roon ang kaya





# Mga General Authority ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw

## ANG UNANG PANGULUHAN



Henry B. Eyring  
Unang Tagapayo



Thomas S. Monson  
Pangulo



Dieter F. Uchtdorf  
Pangalawang Tagapayo

## ANG KORUM NG LABINDALAWANG APOSTOL



Boyd K. Packer



L. Tom Perry



Russell M. Nelson



Dallin H. Oaks



M. Russell Ballard



Richard G. Scott



Robert D. Hales



Jeffrey R. Holland



David A. Bednar



Quentin L. Cook



D. Todd Christofferson



Neil L. Andersen

## ANG PANGULUHAN NG PITUMPU



Ronald A. Rasband



L. Whitney Clayton



Donald L. Hallstrom



Tod R. Callister



Richard J. Maynes



Craig C. Christensen



Ulisses Soares

**ANG UNANG KORUM NG PITUMPU**

(sunud-sunod ayon sa alpabeto)



Marcos A. Adrijanits



José L. Alonso




Carlos H. Amador



Ion S. Ardiem



Mervyn B. Arnold



David S. Baxter



Shyneve M. Bowen



Craig A. Cardon



Yoon Hwan Choi



Don R. Clarke



Carl B. Cook



Lawrence E. Condrige



Claudio R. M. Costa




LeGrand R. Curtis Jr.



Benjamin De Hoyos



Edward Dube



Kevin R. Durcan



Larry J. Echo Hawk



Stanley G. Ellis



David L. Evans



Enrique R. Fabballo



Eduardo Gavarret



Robert C. Gny



Carlos A. Gobby



Christoffel Golden



Gerrit W. Gong



Walter F. González



C. Scott Grow



James J. Hamula



Daniel L. Johnson



Paul V. Johnson



Patrick Keenan



Erich W. Kopschke




Marcus B. Nash



S. Gifford Nielsen



Brent H. Nielson



Allan F. Packer



Kevin W. Pearson



Anthony D. Perkins



Paul B. Pieper



Rafael E. Pino



Bruce D. Poner



Dale G. Renlund



Michael T. Ringwood



Lynn G. Robbins



Joseph W. Sitrati



Steven E. Snow



Michael John U. Teh



Jose A. Teixeira



Juan A. Uceda



Wilford W. Andersen



Koichi Aoyagi



Randall K. Bennett



J. Devin Cornish



Timothy J. Dyches



Bradley D. Foster



O. Vincent Haleck



Kevin S. Hamilton



Larry R. Lawrence



James B. Martino



Jaro Mazzaguardi



Adrián Ochoa



Kent F. Richards



Gregory A. Schwitzer



Terence M. Vinson



Larry Y. Wilson

**ANG PRESIDING BISHOPRIC**



Gérard Causse  
Unang Tagapayo



Gary E. Stevenson  
Presiding Bishop



Dean M. Davies  
Pangalawang Tagapayo



**Ang pagsasahimpapawid ng pangkalahatang kumperensya, ayon sa sinabi ni Pangulong Thomas S. Monson ay nakarating sa “mga kontinente tungo sa mga tao sa lahat ng dako.” Nasa mga larawan mula sa pinakaitaas sa kaliwa pakanan ang mga miyembro at missionary sa Rome, Italy; Cavite, Philippines; Lima, Peru; Colleyville, Texas; Foz do Iguaçu, Brazil; London, England; Arraiján, Panama; at Lyon, France.**



nating gawin, mga kapatid—higit pa roon!”<sup>7</sup> Sang-ayon ako.

Ang home teaching ay hindi lang basta pagbisita nang minsan sa isang buwan. Atin ang responsibilidad na magturo, magbigay-inspirasyon, manghikayat, at bumisita sa mga di-aktibo, gawin silang aktibo nang sa huli ay magkamit ng kadakilaan ang mga anak ng Diyos.


Para matulungan tayo sa ating mga pagsisikap, ibinabahagi ko ang matalinong payo na tiyak na angkop sa mga home teacher. Mula ito kay Abraham Lincoln, na nagsabing, “Kung gusto mong makiisa sa layon mo ang isang tao, kumbinsihin mo muna siya na ikaw ay tapat niyang kaibigan.”<sup>8</sup> Nanghikayat si Pangulong Ezra Taft Benson: “Higit sa lahat, maging tunay na kaibigan sa mga tao at pamilyang tinuturuan ninyo. . . . Ang isang kaibigan ay hindi lamang minsan sa isang buwan bumibisita. Ang isang kaibigan ay mas inaalalang matulungan ang mga tao kaysa tumanggap ng papuri. Ang kaibigan ay nagmamalasakit. Ang isang kaibigan ay [nagpapakita ng pagmamahal]. Ang isang kaibigan ay nakikinig, at ang isang kaibigan ay dumadamay.”<sup>9</sup>

Ang home teaching ay sagot sa maraming panalangin at tinutulutan tayong makita ang mga pagbabagong maaaring mangyari sa buhay ng mga tao.

Isang halimbawa nito si Dick Hammer, na dumating sa Utah kasama ng Civilian Conservation Corps noong panahon ng Depression. Nakilala at pinakasalan niya ang isang dalagang Banal sa mga Huling Araw. Binuksan niya ang Dick’s Café sa St. George, Utah, na naging bantog na tagpuan.

Itinalagang home teacher sa pamilya Hammer si Willard Milne, na aking kaibigan. Yamang kilala ko rin si Dick Hammer, dahil ako ang nag-print ng mga menu para sa kanyang café, itinanong ko sa kaibigan kong si Brother Milne nang bumisita ako sa St. George, “Kumusta naman ang kaibigan nating si Dick Hammer?”

Ang karaniwan niyang isinasagot ay, “Okey naman, mabagal nga lang.”



Tuwing dadalaw si Willard Milne at ang kompanyon niya sa tahanan ng mga Hammer buwan-buwan, lagi silang nakapaglalahad ng mensahe ng ebanghelyo at nagbabahagi ng kanilang patotoo kay Dick at sa pamilya.

Lumipas ang mga taon, at isang araw ay tinawagan ako ni Willard na may magandang balita. “Brother Monson,” pagsisimula niya, “bibinyagan na si Dick Hammer. Siya ay 90 anyos na, at matagal na kaming magkaibigan. Tuwang-tuwa ako sa kanyang desisyon. Naging home teacher niya ako sa loob ng maraming taon.” Medyo garalgal ang boses ni Willard nang iparating niya sa akin ang masayang balita.

Nabinyagan nga si Brother Hammer at makalipas ang isang taon

ay nakapasok siya sa magandang St. George Temple at natanggap doon ang kanyang endowment at mga basbas ng pagbubuklod.

Tinanong ko si Willard, “Nasiraan ka ba ng loob bilang home teacher niya nang napakatagal na panahon?”

Sagot niya, “Hindi, sulit ang lahat ng pagod. Kapag nakikita ko ang galak na dumating sa mga miyembro ng pamilya Hammer, napupuspos ng pasasalamat ang puso ko para sa mga pagpapalang dulot ng ebanghelyo sa kanilang buhay at sa pagkaka-taon kong makatulong kahit paano. Masayang-masaya ako.”

Mga kapatid, magkakaroon tayo ng pagkakataon sa paglipas ng mga taon na bisitahin at turuan ang maraming tao—yaong mga di-gaanong aktibo



at maging ang mga taong lubos ang katapatan. Kung desidido tayo sa ating tungkulin, magkakaroon tayo ng maraming pagkakataong magpala ng mga buhay. Ang mga pagbisita natin sa mga lumayo na sa Simbahan ay maaaring maging susi na sa huli ay magbubukas ng pintuan para sa kanilang pagbabalik.

Habang iniisip ito, tulungan natin ang mga taong pananagutan natin at dalhin sila sa hapag ng Panginoon upang magpakabusog sa Kanyang salita at magtamasa ng patnubay ng Kanyang Espiritu at “hindi na [maging] mga taga ibang lupa at mga manglalakbay, kundi . . . mga kababayan na kasama ng mga banal, at sangbahayan ng Dios.”<sup>10</sup>

Kung mayroon mang nagpabaya sa inyo sa pagbisita bilang home teacher, sasabihin ko na wala nang mas mainam na panahon kaysa ngayon upang muling ilaan ang inyong sarili sa pagganap sa inyong mga tungkulin sa home teaching. Magpasiya ngayon na gawin ang lahat ng kailangan para matulungan ang mga taong pananagutan ninyo. May mga pagkakataon na kailangan ng dagdag na panghihikayat, para tulungan din ang inyong kompanyon sa home teaching na magkaroon ng panahon na sumama

sa inyo, ngunit kung matiyaga kayo, magtatagumpay kayo.

Mga kapatid, patuloy ang pagsisikap natin sa home teaching. Ang gawain ay hindi matatapos hanggang sa sabihin ng ating Panginoon at Guro na, “Sapat na.” May mga buhay na pasasayahin. May mga pusong aantigin. May mga kaluluwang ililigtas. Atin ang sagra-dong pribilehiyong pasiglahin, antigin, at iligtas ang mahahalagang kaluluwang ipinagkatiwala sa atin. Dapat nating gawin ito nang buong katapatan at may pusong puno ng galak.

Bilang pagtatapos magbibigay ako ng isang halimbawa na maglalarawan sa uri ng mga home teacher na dapat tayong maging. May isang Gurong ang buhay ay nakahihigit sa lahat ng iba pang guro. Nagturo Siya tungkol sa buhay at kamatayan, sa tungkulin at tadhana. Nabuhay Siya hindi para paglingkuran kundi maglingkod, hindi para tumanggap kundi magbigay, hindi para iligtas ang Kanyang buhay kundi ialay ito para sa iba. Inilarawan niya ang isang pag-ibig na mas maganda kaysa pagnanasa, isang kahirapang mas sagana kaysa kayamanan. Sinasabi na ang Gurong ito ay nagturo nang may awtoridad at hindi tulad ng mga eskriba.<sup>11</sup> Ang Kanyang mga batas ay hindi

nakaukit sa bato kundi sa puso ng mga tao.

Ang tinutukoy ko ay ang Panginoon, maging si Jesucristo, ang Anak ng Diyos, ang Tagapagligtas at Manunubos ng buong sangkatauhan. Ayon sa Biblia Siya ay “naglilibot na gumagawa ng mabuti.”<sup>12</sup> Kasama Siya na ating gabay at huwaran, tayo ay magiging marapat sa Kanyang banal na tulong sa ating home teaching. Ang mga buhay ay pagpapalain. Ang mga puso ay ma-aaliw. Ang mga kaluluwa ay maliligtas. Tayo’y magiging tunay na mga pastol. Nawa’y mangyari ito, ang dalangin ko sa pangalan ng dakilang Pastol na iyon na si Jesucristo, amen. ■

#### MGA TALA

1. I Ni Pedro 2:9.
2. Juan 10:14.
3. Doktrina at mga Tipan 20:42, 47, 53–54.
4. David O. McKay, sa *Priesthood Home Teaching Handbook*, binagong edisyon (1967), ii, iii.
5. Mosias 23:17–18.
6. Sinipi sa Marion G. Romney, mensaheng ibinigay sa isang priesthood home teaching seminar, Ago. 9, 1963.
7. Ezra Taft Benson, “To the Home Teachers of the Church,” *Ensign*, Mayo 1987, 50.
8. Abraham Lincoln, sa David Decamp Thompson, *Abraham Lincoln, the First American* (1895), 226.
9. Ezra Taft Benson, *Ensign*, Mayo 1987, 50.
10. Mga Taga Efeso 2:19.
11. Tingnan sa Mateo 7:28–29.
12. Mga Gawa 10:38.



**Ni President Henry B. Eyring**  
Unang Tagapayo sa Unang Panguluhan

## Sa Aking mga Apo

*May isang pangunahing kautusan na makakatulong sa pagharap natin sa mga hamon at hahantong sa pagkakaroon ng masayang pamilya.*

**S**a taong ito ikakasal ang aming unang dalawang apo. Ilang taon pa ay malamang na 10 sa kanilang mga pinsan ang darating din sa punto ng kanilang buhay na sila ang susunod na magbubuo ng sarili nilang magandang pamilya.

Ang masayang posibilidad na iyan ay nagpaisip sa akin nang malalim nang humingi sila ng payo sa akin. Itinatanong nila, “Ano ang mga pasiyang magagawa ko na magpapaligaya sa akin?” At sa kabilang banda, “Ano ang mga pasiya na malamang na magpa-*lungkot* sa akin?”

Nilikha tayo ng Ama sa Langit na magkakaiba. Walang dalawa sa atin na parehong-pareho ang mga karanasan. Walang mga pamilyang magkakapareho. Kaya hindi nakapagtataka na mahirap magpayo kung paano magpasiya para sa kaligayahan ng pamilya. Subalit iisa ang itinakdang daan ng mapagmahal na Ama sa Langit tungo sa kaligayahan para sa lahat ng Kanyang anak. Anuman ang ating personal na mga katangian o karanasan, iisa lang ang plano ng kaligayahan. Ang planong iyan ay ang sundin ang lahat ng utos ng Diyos.

Para sa ating lahat, pati na sa

aking mga apo na nag-iisip nang mag-asawa, may isang pangunahing kautusan na makakatulong sa pagharap natin sa mga hamon at hahantong sa pagkakaroon ng masayang pamilya. Angkop ito sa lahat ng ugnayan anuman ang sitwasyon. Paulit-ulit itong binabanggit sa mga banal na kasulatan at sa mga turo ng mga propeta sa ating panahon. Narito ang payo ng Panginoon na nasa Biblia para sa lahat ng gustong mamuhay nang magkaka-sama at maligaya magpakailanman:

“At isa sa kanila, na tagapagtanggol ng kautusan, ay tinanong siya ng isang tanong, upang siya’y tuksuhin:

“Guro, alin baga ang dakilang utos sa kautusan?

“Sinabi sa kaniya [ni Jesus], Iibigin mo ang Panginoon mong Dios ng buong puso mo, at ng buong kaluluwa mo, at ng buong pag-iisip mo.

“Ito ang dakila at pangunang utos.

“At ang pangalawang katulad ay ito, Iibigin mo ang iyong kapuwa na gaya ng iyong sarili.

“Sa dalawang utos na ito’y nauuwi ang buong kautusan, at ang mga propeta.”<sup>1</sup>

Mula sa simpleng pahayag na iyon hindi mahirap ibuod ang lahat ng

natutuhan ko tungkol sa kung anong mga pagpapasiya ang humahantong sa kaligayahan ng pamilya. Magsisi-mula ako sa tanong na, “Anong mga pasiya ang umakay sa akin na mahal in ang Panginoon nang buong puso’t kaluluwa at buong pag-iisip ko?” Para sa akin, iyon ay ang makapagpasiyang ilagay ang aking sarili kung saan ako nakadama ng kagalakang dulot ng kapatawaran sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala ng Panginoon.

Maraming taon na ang nakalipas, bininyagan ko ang isang binatilyo sa Albuquerque, New Mexico, na naturuan namin ng missionary companion ko. Inilubog ko ang binata sa tubig at iniahon siya. Halos kasintaas ko siguro siya dahil nagsalita siya nang tapat na tapat sa tainga ko. Basa ng tubig ang mukha at tumutulo ang luha sa pisngi na masaya niyang sinabi, “Malinis na ako, malinis na ako.”

Nakita ko rin ang mga luhang iyon ng kaligayahan sa mga mata ng isang taong bumanggit sa mga salita ng isang Apostol ng Diyos. Sinabi niya sa babae, matapos ang masusi at magiliw na interbyu, “Pinatawad kita sa pangalan ng Panginoon. Ibibigay Niya sa iyo ang katiyakan ng Kanyang kapatawaran sa Kanyang sariling panahon at sa Kanyang sariling paraan.” At ginawa nga Niya iyon.

Nakita ko na kung bakit nasasabi ng Panginoon na kapag pinatawad na ang mga kasalanan, hindi na Niya maaalala ang mga ito. Sa kapangyarihan ng Pagbabayad-sala, ang mga taong kilalang-kilala at mahal ko ay nagbago, at ang epekto ng kasalanan ay napawi. Ang puso ko ay puspos ng pagmamahal sa Tagapagligtas at sa mapagmahal na Ama na nagsugo sa Kanya.

Ang malaking pagpapalang iyan ay dumating nang hikayatin ko ang mga taong mahal ko na lumapit sa Tagapagligtas para guminhawa sa pasakit, ginhawang Siya lamang ang makapagbibigay. Kaya nga hinihikayat ko yaong mga mahal ko na tanggapin at gampanan ang bawat tungkuling ibinibigay sa kanila sa Simbahan. Ang pasiyang iyan ay isa sa mahahalagang susi sa kaligayahan ng pamilya.

Ang mga problema sa bawat aspeto ng buhay ay maaaring mag-udyok sa atin na tanggihan o balewalain ang mga tawag na maglingkod sa Tagapagligtas. Magdudulot iyan ng espi-rituwal na panganib sa ating sarili, sa ating asawa, at sa ating pamilya. Ang ilan sa mga tungkuling iyon ay tila hindi mahalaga, ngunit ang buhay *ko*, at ang pamilya *ko*, ay napabuti dahil tinanggap ko ang tungkuling magturo sa deacons quorum. Nadama ko ang pagmamahal ng mga deacon na iyon sa Tagapagligtas at ang pagmamahal Niya sa kanila.

Nakita ko nang mangyari iyan sa buhay ng isang dating stake at mission president nang tawagin siyang maging teachers quorum adviser. May kilala pa akong isang bishop na naging Area Seventy na ginamit ng Panginoon para tulungan ang isang bata sa teachers quorum na nasaktan sa isang aksidente. Ang mga himala mula sa paglilingkod na iyan ay umantig sa

buhay ng marami, pati na sa akin, at nagpatindi sa pagmamahal nila sa Tagapagligtas.

Habang naglilingkod sa iba, mala-mang na humihiling tayo ng patnubay ng Espiritu Santo. Ang tagumpay sa paglilingkod sa Panginoon ay laging naghahatid ng mga himalang lampas pa sa sarili nating kakayahan. Alam ng magulang na may suwail na anak na totoo iyan, gayundin ng visiting teacher na kinausap ng isang babaeng naghahangad ng pag-alo nang sabihan siya ng kanyang asawa na iiwanan na siya nito. Kapwa nagpapasalamat ang mga lingkod na ito na ipinagdasal nila sa Panginoon nang umagang iyon na patnubayan sila ng Espiritu Santo.

Sa patnubay lamang ng Espiritu Santo tayo makakaasa na magsasama ang mag-asawa nang may pantay na karapatan at hindi nagtatalo. Nakita ko na kung gaano kahalaga ang patnubay na iyon sa maligayang pagsasama ng mag-asawa. Ang himala ng

pagkakaisa ay nangangailangan ng tulong ng langit, at ng sapat na panahon. Ang mithiin natin ay mabuhay nang magkasama magpakailanman sa piling ng Ama sa Langit at ng ating Tagapagligtas.

Ang aking ama at ina ay magkaibang-magkaiba. Si Inay ay isang mang-aawit at artista. Hilig naman ni Itay ang chemistry. Minsan sa isang symphony concert, nagulat si Inay nang tumayo si Itay at umalis bago magpalakpakan ang mga nanonood. Tinanong siya ni Inay kung saan siya pupunta. Walang anumang sumagot siya ng: “Tapos na, hindi ba?” Ang magiliw na impluwensya lang naman ng Espiritu Santo ang naghikayat sa kanyang sumama roon kay Inay at sa iba pang mga konsiyerto nang paulit-ulit.

Nanirahan si Inay sa New Jersey nang 16 na taon para matustusan ng aking ama ang pamilya sa paggawa ng pagsasaliksik at pagtuturo ng chemistry. Para sa kanya isang sakripisyo ang mawalay sa kanyang biyudang ina at kapatid na dalaga, na nag-alaga sa kanya sa luma nilang bahay sa bukid. Kapwa sila namatay habang nasa New Jersey si Inay. Noon ko lamang nakitang umiyak si Inay.


Makalipas ang ilang taon may nag-alok ng trabaho kay Itay sa Utah. Muli, walang anumang tinanong niya si Inay, “Mildred, ano sa palagay mo ang dapat kong gawin?”

Sabi ni Inay, “Henry, gawin mo ang inaakala mong pinakamabuti.”

Tinanggihan niya ang trabaho. Kinabukasan sumulat ng isang liham si Inay kay Itay na sana lang ay nasa akin pa. Naaalala kong sinabi ni Inay kay Itay na, “Huwag mong buksan iyan dito. Magpunta ka sa opisina at doon mo buksan iyan.” Nagsimula ang sulat sa galit. Nangako siya kay Inay noon pa na kung may pagkakataon, lilipat sila malapit sa pamilya ni Inay. Nagulat siya sa pagkayamot ni Inay. Hindi niya naalala ang naisin ng puso ni Inay. Agad siyang nagpasabi na tinatanggap niya ang trabaho.

Sabi niya, “Mildred, bakit hindi mo sinabi sa akin?”

Sagot ni Inay, “Dapat ay natatandaan mo iyon.”





Lagi niyang sinasabi na ang paglipat sa Utah ay sarili niyang pasiya, hindi kailanman pagsasakripisyo ng kanyang propesyon. Natanggap nila ang himala ng pagkakaisa. Mas mainam sana kung naipaalala ng Espiritu Santo kay Itay ang matagal na niyang pangako. Ngunit tinulutan niyang palambutin ng Espiritu Santo ang kanyang puso para magkaisa sila ng pasiya ni Inay.

Nakikita ng Ama sa Langit ang mangyayari, kilala Niya ang bawat isa sa atin, at alam Niya ang ating hinaharap. Alam Niya ang mga paghihirap na daranasin natin. Isinugo Niya ang Kanyang Anak upang magdusa para malaman kung paano Niya tayo tutulongan sa ating mga pagsubok.

Alam natin na may mga espiritung anak ang Ama sa Langit sa mundong ito na kung minsan ay pinipiling magkasala at lubhang malungkot. Kaya isinugo Niya ang Kanyang Panganay upang maging ating Manunubos, na siyang pinakadakilang pagpapakita ng pagmamahal sa lahat ng nilikha. Kaya kailangan nating asahan na kakailanganin natin ang tulong ng Diyos at ng panahon para maihanda tayong mabuti para sa buhay na walang hanggan, upang makapiling ang ating Ama.

Susubukan tayo sa ating buhay may-pamilya. Isa iyan sa mga layunin ng Diyos sa pagbibigay sa atin ng mortalidad—ang palakasin tayo sa pagdaan sa mga pagsubok. Totoo iyan lalo na sa pamilya, kung saan marama natin ang malaking kagalakan at kalungkutan at mga hamon na kung minsan ay tila higit pa sa makakaya nating tiisin.

Ganito ang sabi ni Pangulong George Q. Cannon tungkol sa pagha-handang ginawa ng Diyos sa inyo at sa akin at sa ating mga anak para sa mga pagsubok na haharapin natin: “Walang isa man sa atin ang hindi minahal ng Diyos. Walang isa man sa atin na hindi Niya pinagmalasakitan at pinangalagaan. Walang isa man sa atin na hindi Niya hinangad na ilitgas, at hindi Niya ginawan ng paraan na maligtas. Walang isa man sa atin na hindi Niya pinabantayan sa Kanyang mga anghel. Maaaring wala tayong kabuluhan at hamak sa sarili nating paningin, at sa paningin



ng iba, ngunit nananatili ang katotohanan na tayo ay mga anak ng Diyos, at na talagang inutusan Niya ang Kanyang mga anghel—mga nilalang na hindi nakikita na may kapangyarihan at lakas—na bantayan tayo at subaybayan.”<sup>2</sup>

Totoo ang itinuro ni Pangulong Cannon. Kakailanganin ninyo ang katiyakang ito, na tulad nang kailanganin ko ito at umasa ako rito.

Ipinagdasal ko nang may pananampalataya na subukan at damhin ng isang mahal ko sa buhay ang kapangyarihan ng Pagbabayad-sala. Ipinagdasal ko nang may pananampalataya na dumating ang mababait na tao para tulungan sila, at dumating nga ang mga ito.

Gumawa ng mga paraan ang Diyos para mailigtas ang bawat isa sa Kanyang mga anak. Para sa marami, kabilang diyang ang makasama ang isang kapatid na lalaki o babae o lolo o lola na mahal sila anuman ang gawin nila.

Ilang taon na ang nakararaan nagkuwento ang isang kaibigan ko tungkol sa kanyang lola. Ang lola niya ay namuhay nang matwid, at tapat sa Panginoon at sa Kanyang Simbahan sa tuwina. Subalit naging kriminal ang isa

sa kanyang mga apo. Sa huli ay nasentensiyahan itong mabilanggo. Naalala ng kaibigan ko na ang kanyang lola, habang tinatahak ang highway para bisitahin ang kanyang apo sa bilang-guan, ay may luha sa mga mata habang nagdadalamhating nagdarasal, “Sinikap ko pong mamuhay nang matwid. Bakit, bakit ako nagkaroon ng suwail na apo na tila sinira na ang buhay niya?”

Dumating ang sagot sa kanyang isipan sa mga salitang ito: “Ibinigay ko siya sa iyo dahil alam kong mamahalin mo siya anuman ang ginawa niya.”

Napakagandang aral nito para sa ating lahat. Hindi magiging madali ang tatahaking landas ng mapagmahal na mga magulang at lolo’t lola at lahat ng lingkod ng Diyos sa isang mundong lalo pang sumasama. Hindi natin mapipilit ang mga anak ng Diyos na piliin ang landas tungo sa kaligayahan. Hindi iyan magagawa ng Diyos dahil sa kalayaang ibinigay Niya sa atin.

Mahal ng Ama sa Langit at ng Kanyang Pinakamamahal na Anak ang lahat ng anak ng Diyos anuman ang piliin nilang gawin o kahinatnan. Tinubos ng Tagapagligtas ang lahat ng kasalanan, gaano man ito kabigat.

Kahit kailangang magkaroon ng katarungan, ipinagkakaloob ang awa kung hindi nito aagawin ang katarungan.

Ipinahayag ni Alma ang pag-asang iyan sa anak niyang si Corianton sa mga salitang ito: “Anupa’t alinsunod sa katarungan, ang plano ng pagtubos ay hindi maisasakatuparan, tanging sa mga hinihingi ng pagsisisi ng tao sa kalagayang ito ng paghahanda, oo, dito sa kalagayang ito ng pagsubok; sapagkat maliban sa mga hinihingi ito, ang awa ay hindi magkakaroon ng bisa maliban kung wawasakin nito ang gawa ng katarungan. Ngayon, ang gawa ng katarungan ay hindi maaaring mawasak; kung magkakagayon, ang Diyos ay titigil sa pagiging Diyos.”<sup>3</sup>

Ang mensahe ko kung gayon sa aking mga apo, at sa ating lahat na nagsisikap na magkaroon ng walang-hanggang pamilya, ay na may kagalakang nakalaan sa matatapat. Bago nilikha ang mundo, minahal at pinagtuunan ng mapagmahal na Ama sa Langit at ng Kanyang Pinakamamahal na Anak ang mga tao na alam Nilang malilihis ng landas. Mamahalin sila ng Diyos magpakailanman.

Mapalad kayong malaman na natutuhan nila ang plano ng kaligtasan mula sa mga turong natanggap nila sa daigdig ng mga espiritu. Sila at kayo ay sapat ang katapatan para tulutang pumarito sa mundo samantalang marami ang hindi tinulutang pumarito.

Sa tulong ng Espiritu Santo, lahat ng katotohanan ay maaalala natin. Hindi natin iyan maipipilit sa iba, ngunit maaari nila itong makita sa ating buhay. Lagi tayong makakahugot ng lakas ng loob sa katiyakan na minsan ay nadama natin ang kagalakang magkasama-sama bilang miyembro ng mahal na pamilya ng ating Ama sa Langit. Sa tulong ng Diyos maaari nating madamang muli ang pag-asa at kagalakang iyan. Dalangin ko na mangyari nawa ito sa ating lahat sa pangalan ng Panginoong Jesucristo, amen. ■

#### MGA TALA

1. Mateo 22:35–40.

2. George Q. Cannon, “Our Pre-existence and Present Probation,” *Contributor*, Okt. 1890, 476.

3. Alma 42:13.



**Ni Elder Dallin H. Oaks**

Ng Korum ng Labindalawang Apostol

## Walang Ibang mga Diyos

*Inuuna ba natin ang ibang mga prayoridad o diyos kaysa sa Diyos na ating sinasamba?*

Ang Sampung Utos ay pangunahing saligan ng relihiyon ng mga Kristiyano at Judio. Ibinigay ng Diyos sa mga anak ni Israel sa pamamagitan ni propetang Moises, ang una at pangalawa sa mga utos na ito ay mga tagubilin para sa ating pagsamba at mga prayoridad. Sa una, iniutos ng Panginoon, “Huwag kang magkakaroon ng ibang mga dios sa harap ko” (Exodo 20:3). Makalipas ang daan-daang taon, nang tinanong si Jesus, “Alin baga ang dakilang utos sa kautusan?” Sumagot Siya, “Iibigin mo ang Panginoon mong Dios ng buong puso mo, at ng buong kaluluwa mo, at ng buong pag-iisip mo” (Mateo 22:36–37).

Ipinaliwanag na mabuti sa pangalawa sa Sampung Utos ang tagubilin na huwag magkaroon ng ibang mga diyos at tinukoy kung ano ang dapat na pina-kaunang prayoridad sa ating buhay bilang Kanyang mga anak. “Huwag kang gagawa para sa iyo ng larawang inanyuan o ng kawangis man ng anomang anyo” sa langit man o sa lupa (Exodo 20:4). Idinagdag pa sa utos, “Huwag mong yuyukuran sila, o paglilingkuran man sila” (Exodo 20:5). Higit pa sa pagbabawal sa pisikal na diyos-diyusan, ipinapahayag nito ang pinakaunang

dapat iprayoridad sa lahat ng oras. Ipinaliwanag ni Jehova, “Sapagka’t akong Panginoon mong Dios, ay Dios na mapanibughuin, . . . pinagpapakitaan ko ng kaawaan ang . . . mga umiibig sa akin at tumutupad ng aking mga utos” (Exodo 20:5–6). Kitang-kita ang ibig sabihin ng *mapanibughuin*. Sa Hebreo ang kahulugan nito ay “pagtataglay ng maselan at masidhing damdamin” (Exodo 20:5, footnote *b*). Kung gayon ay nasasaktan natin ang Diyos kapag “pinaglilingkuran” natin ang ibang mga diyos—kapag may iba tayong inuunang mga prayoridad.<sup>1</sup>

#### I.

Ano ang ibang mga prayoridad na unang “pinaglilingkuran” ng mga tao bago ang Diyos—maging ng mga relihiyosong tao—sa ating panahon? Isipin ang mga posibilidad na ito, na karaniwang lahat sa ating mundo:

- Mga Kaugalian sa kultura at pamilya
- Pangungunsinti sa mali
- Hangad na mga tagumpay sa buhay
- Mga materyal na ari-arian
- Mga hangad na libangan
- Kapangyarihan, katanyagan, at reputasyon

Kung wala ni isa sa mga halimbawang ito ang angkop sa sinuman sa atin, marahil ay makapagmumungkahi tayo ng iba pang halimbawa. Mas mahalaga ang alituntunin kaysa kaniyang halimbawa. Ang tinutukoy rito ay hindi kung may iba pa tayong prayoridad. Ang tanong sa pangalawang utos ay “Ano dapat ang ating *pinakaunang* prayoridad?” Inuuna ba natin ang ibang mga prayoridad o diyos kaysa sa Diyos na ating sinasamba? Nalimutan na ba nating sundin ang Tagapagligtas na nagturo na kung mahal natin Siya, susundin natin ang Kanyang mga utos? (tingnan sa Juan 14:15). Kung magkagayon, ang mga prayoridad natin ay binago na ng kawalan ng malasakit sa espirituwalidad at walang-kabuluhang paghahangad na talamak sa ating panahon.

## II.

Para sa mga Banal sa mga Huling Araw, ang mga utos ng Diyos ay nakabatay at di-maihihiwalay sa plano ng Diyos para sa Kanyang mga anak—ang dakilang plano ng kaligtasan. Ang planong ito, na kung minsan ay tinatawag na “dakilang plano ng kaligayahan” (Alma 42:8), ay ipinaliliwanag ang ating pinagmulan at tadhana bilang mga anak ng Diyos—saan tayo nagmula, bakit tayo narito, at saan tayo pupunta. Ipinaliliwanag ng plano ng kaligtasan ang layunin ng paglikha at ang mga kundisyon ng mortalidad, kabilang na ang mga utos ng Diyos, ang pangangailangan sa isang Tagapagligtas, at ang mahalagang papel ng pamilya sa mundo at sa kawalang-hanggan. Kung tayong mga Banal sa mga Huling Araw, na binigyan ng kaalamang ito, ay hindi ibabatay ang mga prayoridad natin sa planong ito, malamang na matukso tayong maglingkod sa ibang mga diyos.

Ang malaman na may plano ang Diyos para sa Kanyang mga anak ay nagbibigay sa mga Banal sa mga Huling Araw ng magandang pananaw sa pag-aasawa at pagpapamilya. Kilala tayo bilang isang simbahang nakasentro sa pamilya. Nagsisimula ang ating teolohiya sa mga magulang sa langit,



at ang pinakamimithi nating matamo ay ang kaganapan ng walang-hanggan kadakilaan. Alam nating posible lamang ito sa pamamagitan ng ugnayan sa pamilya. Alam natin na ang pagpapakasal ng isang lalaki at isang babae ay kailangan para maisakatuparan ang plano ng Diyos. Ang pagpapakasal na ito lamang ang maglalaan ng tamang lugar para magsilang ng mga anak at ihanda ang mga miyembro ng pamilya para sa buhay na walang hanggan. Itinuturing natin ang pag-aasawa at pag-aanak at pag-aaruga sa mga anak na bahagi ng plano ng Diyos at isang sagradong tungkulin ng mga yaong binigyan ng pagkakataon na gawin iyon. Naniniwala tayo na ang pinakamalaking ya-man sa lupa at sa langit ay ang ating mga anak at angkan.

## III.

Dahil sa nauunawaan natin tungkol sa magiging papel ng pamilya sa kawalang-hanggan, nagdadalamhati tayo sa bumababang bilang ng mga ipinanganak at nag-aasawa sa maraming bansa sa Kanluran na ang kasaysayan ng mga kultura ay nagmula sa Kristiyano at Judio. Nakasaad sa maaasahang ulat ang sumusunod:

- Naitala ngayon ang pinakamababang bilang ng ipinanganak sa buong kasaysayan<sup>2</sup> ng Estados Unidos, at sa maraming bansa sa Europa at iba pang mauunlad na bansa, ang bilang ng mga ipinanganak ay mas mababa sa narapat para mapanatili ang kanilang populasyon.<sup>3</sup> Dahil dito nanganganib na mawala ang mga kultura at maging ang mga bansa.
- Sa America, ang porsiyento ng mga taong edad 18 hanggang 29 na may asawa ay bumaba sa 20 porsiyento noong 2010 mula 59 na porsiyento noong 1960.<sup>4</sup> Ang karaniwang edad sa unang pagpapakasal ang pinakamatanda na ngayon sa buong kasaysayan: 26 para sa mga babae at halos 29 para sa mga lalaki.<sup>5</sup>
- Sa maraming bansa at kultura (1) ang tradisyunal na pamilya na kasal ang nanay at tatay at may mga anak ang nagiging eksepsiyon sa halip na pamantayan, (2) ang pagtatrabaho sa halip na pagsisilang ng mga anak ang mas pinipili ng maraming kababaihan, at (3) ang papel at ang pangangailangan sa mga ama ay unti-unting nawawala.

Sa gitna ng nakababahalang mga kalakarang ito, alam din natin na ang plano ng Diyos ay para sa lahat ng Kanyang mga anak at mahal ng Diyos ang lahat ng Kanyang mga anak, sa lahat ng dako.<sup>6</sup> Sinasabi sa unang kabanata ng Aklat ni Mormon na ang “kapangyarihan, at kabutihan, at awa [ng Diyos] ay sumasalihat ng mga naninirahan sa mundo” (1 Nephi 1:14). Nakasaad din sa isa pang kabanata na “malaya [niyang ibinibigay ang kanyang kaligtasan] sa lahat ng tao” at na “lahat ng tao ay may pribilehiyo, ang isa tulad ng iba, at walang pinagbabawalan” (2 Nephi 26:27–28). Samakatwid, itinuturo ng mga banal na kasulatan na tungkulin nating maging mahabagin at mapagkawanggawa (mapagmahal) sa lahat ng tao (tingnan sa I Mga Taga Tesalonica 3:12; I Juan 3:17; D at T 121:45).

#### IV.

Iginagalang din natin ang mga paniniwala ng lahat ng tao sa relihiyon, pati na ang lumalaking bilang ng mga taong hindi naniniwala sa Diyos. Alam natin na dahil binigyan tayo ng Diyos ng kakayahang pumili, marami ang may mga paniniwalang salungat sa ating paniniwala, ngunit umaasa tayo na respektuhin din ng iba ang ating paniniwala at uunawain na dahil sa ating mga paniniwala, naiiba sa kanila ang ating mga pinipili at inaasal. Halimbawa,

naniniwala tayo na, bilang mahalagang bahagi ng Kanyang plano ng kaligtasan, nagtakda ang Diyos ng walang hanggang pamantayan na ang seksuwal na relasyon ay dapat lamang mamagitan sa isang lalaki at isang babae na ikinasal.

Ang kapangyarihang lumikha ng buhay ang pinakadakilang kapangyarihang ibinigay ng Diyos sa Kanyang mga anak. Ang paggamit nito ay itinulot ng unang utos ng Diyos kina Eva at Adan (tingnan sa Genesis 1:28), ngunit ang iba pang mahahalagang utos ay ibinigay upang pagbawalan ang maling paggamit nito (tingnan sa Exodo 20:14; I Mga Taga Tesalonica 4:3). Ang pagbibigay-diin natin sa batas ng kalinisang-puri ay ipinaliliwanag sa pag-unawa natin sa layunin ng kapangyarihan nating lumikha sa pagsasakatuparan ng plano ng Diyos. Kung wala ang bigkis ng kasal sa pagitan ng isang lalaki at isang babae, lahat ng paggamit ng ating kapangyarihang lumikha ng buhay sa anumang antas nito ay kasalanan at salungat sa plano ng Diyos para sa kadakilaan ng Kanyang mga anak.

Ang pagpapahalaga natin sa batas ng kalinisang-puri ay nagpapakita ng pangako nating tularan ang huwaran ng kasal na nagsimula kina Eva at Adan at nagpapatuloy sa lahat ng panahon bilang huwaran ng Diyos sa paglikha ng bata ng Kanyang mga

anak na lalaki at anak na babae at para sa pangangalaga ng Kanyang mga anak. Nakakatuwa na maraming taong kabilang sa ibang relihiyon o organisasyon ang sumasang-ayon sa atin tungkol sa katangian at kahalagahan ng kasal, ilan dito ay batay sa doktrinang ukol sa relihiyon at ang iba ay batay sa ipinapalagay nilang pinakamabuti para sa lipunan.

Ang kaalaman natin sa plano ng Diyos para sa Kanyang mga anak<sup>7</sup> ang dahilan kaya tayo nalulungkot na parami nang parami ang mga batang isinisilang sa mga magulang na hindi kasal—sa kasalukuyan 41 porsiyento ng lahat ng ipinanganganak sa Estados Unidos<sup>8</sup>—at ang bilang ng nagsasama nang hindi kasal ay mabilis na dumadami sa nakalipas na kalahating siglo. Limang dekada na ang nakaraan, maliit na porsiyento lang ang nagsasama muna bago ikasal. Ngayon ay 60 porsiyento na ang nagsasama muna bago ikasal.<sup>9</sup> At patuloy na nangyayari ito, lalo na sa mga tinedyer. Nalaman sa survey kamakailan na tinatayang 50 porsiyento ng mga tinedyer ang nagsasabi na ang pag-aanak nang hindi kasal ay isang “makabuluhang paraan ng pamumuhay.”<sup>10</sup>

#### V.

Maraming pagbabago sa batas at patakaran ang ipinipilit sa pamahalaan



at lipunan na salungat sa batas ng Diyos sa seksuwal na kalinisan o moralidad at sa kawalang-hanggan at mga layunin ng pag-aasawa at pag-aanak. Ang mga pamimilit na ito ay nagpahintulot na sa kasal ng magkaparehong kasarian sa maraming estado at bansa. Ang iba pang pamimilit ay lilikha ng pagkalito sa kasarian o palalabuin ang mga pagkakaiba ng lalaki sa babae na mahalaga sa katuparan ng dakilang plano ng kaligayahan ng Diyos.

Ang pagkaunawa natin sa plano ng Diyos at sa Kanyang doktrina ay nagbibigay sa atin ng pananaw sa kawalang-hanggan na hindi nagtutulong sa atin na kunsintihin ang gayong gawain o pangatwiranan ang mga batas na nagpapahintulot sa mga ito. At, hindi tulad ng ibang organisasyon na maaaring magbago ng kanilang mga tuntunin at maging ng kanilang mga doktrina, ang ating mga tuntunin ay nakabatay sa mga katotohanang ipinahayag ng Diyos na hindi magbago kailanman.

Nakasaad sa ating ikalabindalawang saligan ng pananampalataya na naniniwala tayo sa pagpapasailalim sa mga namumuno sa pamahalaan at sa “pagsunod, paggalang, at pagtataguyod ng batas.” Ngunit ang mga batas ng tao ay hindi magagawang moral ang ipinahayag ng Diyos na imoral. Ang katapatan sa ating pinakaunang prayoridad—ang mahalina at paglingkuran ang Diyos—ay nangangailangan ng pagturing natin sa Kanyang batas bilang ating pamantayan ng pag-uugali. Halimbawa, inutusan pa rin tayo ng Diyos na huwag makiapid o makipagtalik nang hindi kasal kahit hindi na kasalanan ang mga ito ayon sa mga batas ng estado o bansa kung saan tayo naninirahan. Gayundin, ang mga batas na ginagawang legal ang “pagpapakasal ng magkaparehong kasarian” ay hindi nagpapabago sa batas ng Diyos sa pagpapakasal o sa Kanyang mga utos at sa mga pamantayan natin hinggil dito. Sakop pa rin tayo ng tipan na mahalina ang Diyos at sundin ang Kanyang mga utos at huwag paglingkuran ang ibang mga diyos at mga prayoridad—kahit na



ang mga tanggap na ng karamihan sa ating panahon at lugar.

Sa pagpapasiyang ito maaaring hindi tayo maunawaan, akusahan na mga panatiko, dumanas ng pang-aapi, o panghimasukan ang kalayaan nating ipamuhay ang ating relihiyon. Kung magkagayon, alalahanin natin ang ating unang prayoridad—ang paglingkuran ang Diyos—at, tulad ng mga ninuno nating pioneer, itulak ang sarili nating bagon ng pagsubok taglay ang tibay ng loob na ipinakita nila.

May itinuro si Pangulong Thomas S. Monson na angkop sa sitwasyong ito. Sa kumperensyang tulad nito 27 taon na ang nakararaan, buong tapang niyang ipinahayag: “Maging matapang tayong sumalungat sa gusto ng marami, matapang na manindigan sa prinsipyo. Tapang, hindi kompromiso, ang kalulugdan ng Diyos. Ang tapang ay isang panuntunan sa buhay at kaakit-akit na katangian kapag ang turing dito’y hindi lamang kahandang mamatay nang may dangal, kundi bilang determinasyon na mamuhay nang disente. Duwag ang taong takot gawin ang inaakala niyang tama dahil hindi siya magugustuhan o pagtatawanan siya ng iba. Tandaan na lahat ng tao ay may kani-kanyang kinatatakutan, ngunit ang humaharap sa kaniyang kinatatakutan nang may dignidad ay matapang din naman.”<sup>11</sup>

Dalangin ko na hindi natin hayaang maging dahilan ang mga pansamantalang pagsubok sa mundo para

kalimutan natin ang dakilang mga utos at prayoridad na ibinigay sa atin ng ating Lumikha at Tagapagligtas. Hindi tayo dapat magtuon nang labis sa mga bagay ng mundo at maghangad ng mga parangal ng tao (tingnan sa D at T 121:35) at dahil dito ay makalimutan ang ating walang-hanggang tadhana. Tayo na nakaaaalam sa plano ng Diyos para sa Kanyang mga anak—tayo na nakipagtipan na makibahagi rito—ay malaki ang responsibilidad. Hindi tayo dapat lumihis sa pinakamahalaga nating hangarin, ang kamtin ang buhay na walang hanggan.<sup>12</sup> Hindi natin dapat kalimutan ang ating unang prayoridad—ang huwag magkaroon ng ibang mga diyos at huwag unahin ang ibang mga prayoridad kaysa sa Diyos Ama at sa Kanyang Anak, ang ating Tagapagligtas na si Jesucristo.

Tulongan nawa tayo ng Diyos na maunawaan ang prayoridad na ito at maunawaan ito ng iba habang hinahangad natin ito sa matalino at mapagmahal na paraan, ang dalangin ko sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

#### MGA TALA

1. Tingnan, halimbawa sa, Doktrina at mga Tipan 124:84.
2. Tingnan sa Joyce A. Martin at iba pa, “Births: Final Data for 2011,” *National Vital Statistics Reports*, tomo 62, blg. 1 (Hunyo 28, 2013), 4; Gloria Goodale, “Behind a Looming Baby Bust,” *Christian Science Monitor Weekly*, Feb. 4, 2013, 21, 23.
3. Tingnan sa Population Reference Bureau, “2012 World Population Data Sheet,” [www.prb.org/Publications/Datasheets/2012/world-population-data-sheet/data-sheet.aspx](http://www.prb.org/Publications/Datasheets/2012/world-population-data-sheet/data-sheet.aspx).
4. Tingnan sa D’Vera Cohn at iba pa, “Barely Half of U.S. Adults Are Married—a Record Low,” Pew Research Center, Social and Demographic Trends, Dis. 14, 2011, makukuha sa [www.pewsocialtrends.org/2011/12/14/barely-half-of-u-s-adults-are-married-a-record-low](http://www.pewsocialtrends.org/2011/12/14/barely-half-of-u-s-adults-are-married-a-record-low); “Rash Retreat from Marriage,” *Christian Science Monitor*, Ene. 2 at 9, 2012, 34.
5. U.S. Census Bureau, “Estimated Median Age at First Marriage, by Sex: 1890 to the Present,” makukuha sa [www.census.gov/population/socdemo/hh-fam/ms2.xls](http://www.census.gov/population/socdemo/hh-fam/ms2.xls).
6. Tingnan sa Dallin H. Oaks, “Lahat ng Tao sa Lahat ng Dako,” *Liahona*, Mayo 2006, 77–80.
7. Tingnan sa Dallin H. Oaks, “The Great Plan of Happiness,” *Ensign*, Nob. 1993, 72–75.
8. Tingnan sa Martin, “Births: Final Data for 2011,” 4.
9. Tingnan sa *The State of Our Unions: Marriage in America, 2012* (2012), 76.
10. Tingnan sa *The State of Our Unions*, 101, 102.
11. Thomas S. Monson, “Courage Counts,” *Ensign*, Nob. 1986, 41.
12. Tingnan sa Dallin H. Oaks, “Hangarin,” *Liahona*, Mayo 2011, 42–45.



**Ni Bonnie L. Oscarson**  
Young Women General President

## Magbalik-loob Kayo

*Nangyayari ang tunay na pagbabalik-loob sa patuloy na pamumuhay ng mga doktrinang alam ninyong totoo at pagsunod sa mga utos, araw-araw, buwan-buwan.*

**M**ga kapatid, malaking karangalan sa akin ang tumayo sa pulpitong ito kung saan tumayo ang napakaraming bayani ng buhay ko. Gusto kong ibahagi sa inyo ang nadarama ng puso ko at iparating ito lalo na sa mga kabataan.

Isa sa mga dakilang bayani ng Lumang Tipan ang propetang mandirigmang si Josue. Ipinaabot niya ang paanyayang ito sa mga anak ni Israel, na kanyang pinamunuan: “Piliin ninyo sa araw na ito kung sino ang inyong paglilingkuran, . . . ngunit sa ganang akin at ng aking sangbahayan ay maglilingkod kami sa Panginoon.”<sup>1</sup> Ang pahayag ni Josue ay nagpapakita ng tunay na pagbabalik-loob sa ebanghelyo. Para kay Josue at sa ating lahat, ang pagbabalik-loob sa mga alituntunin ng ebanghelyo ay bunga ng matwid na pamumuhay ng mga alituntunin ng ebanghelyo at katapatan sa ating mga tipan sa Panginoon.

Gusto kong ikuwento ang pagbabalik-loob ng isa pa sa aking mga bayani na nagmula sa aming pamilya. Ang pangalan niya ay Agnes Hoggan, at sila ng kanyang asawa ay sumapi sa Simbahan sa Scotland noong 1861. Dahil sa naranasang matinding pag-uusig sa kanilang bayan, nandayuhan sila sa Amerika kasama ang kanilang

mga anak. Ilang taon kalaunan, nabalo si Agnes at naiwan sa kanya ang walong anak na pinagsikapan niyang itaguyod. Ang kanyang 12-taong-gulang na anak na si Isabelle ay mapalad na nakapagtrabaho bilang kasambahay sa isang mayamang pamilya, na hindi miyembro ng Simbahan.

Tumira si Isabelle sa malaking bahay ng pamilya at tumulong sa pag-aalaga sa maliliit na anak nito. Bilang kapalit ng kanyang serbisyo, binayaran ng kaunting halaga ang kanyang ina kada linggo. Hindi nagtagal ay itinuring nang miyembro ng pamilya si Isabelle at binigyan ng mga pribilehiyo, tulad ng pag-aaral ng sayaw, magagandang kasuotan, at pagpunta sa teatro. Ganito ang sitwasyon sa loob ng apat na taon, hanggang sa kailanganing lumipat sa ibang estado ang pamilyang pinagtatrabahuhan ni Isabelle. Napalapit na sa kanila si Isabelle kaya kinausap nila ang kanyang inang si Agnes at hiningi ang pahintulot nitong ampunin nila si Isabelle. Nangako silang pag-aaralin siya, titiyaking makapag-asawa siya nang maayos, at gagawin ding tagapagmana ng kanilang ari-arian tulad ng sarili nilang mga anak. Patuloy pa rin silang magbabayad kay Agnes.

Napakabigat na desisyon nito para sa maralitag balo at ina, ngunit hindi

siya nag-atubili kahit sandali. Pakinggan ninyo ang mga sinabi ng kanyang apo, na isinulat makalipas ang maraming taon: “Kung hindi man pagmamahal ang naging dahilan para sumagot [siya] ng hindi, may mas maganda pa siyang dahilan—nanggaling pa siya sa Scotland at nakaranas ng hirap at pagsubok para sa Ebanghelyo, at wala siyang plano, hangga’t kaya niya, na hayaang mawala sa kanyang anak ang pinaghirapan niyang matamo.”<sup>2</sup> Sinabi na ng mayamang pamilya ang lahat ng makakukumbinsi, at si Isabelle na mismo ang nakiusap na payagan siyang sumama, ngunit nanatiling mata-tag si Agnes. Tulad ng maaari ninyong isipin, pakiramdam ng 16 anyos na si Isabelle ay nasira na ang buhay niya.

Si Isabelle Hoggan ay aking impo, at lubos kong pinasasalamatan ang patotoo at pananalig na nag-alab sa puso ng kanyang ina, na dahilan para hindi niya ipagpalit sa kayamanan ang pagiging miyembro ng Simbahan ng kanyang anak. Ngayon, daan-daan sa kanyang mga inapo na pinagpapala sa pagiging miyembro ng Simbahan ang natutulungan ng malalim na pananampalataya at pagbabalik-loob ni Agnes sa ebanghelyo.

Mga kaibigan kong kabataan, nabubuhay tayo sa mapanganib na panahon, at ang mga desisyong dapat ninyong gawin araw-araw, o oras-oras, ay epekto sa kawalang-hanggan. Ang mga desisyong ginagawa ninyo araw-araw ang magtatakda sa mangyayari sa inyo kalaunan. Kung wala pa kayong matibay na patotoo at pananalig na Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw ay ang kaharian ng Diyos sa lupa, panahon na para kumilos at matamo ang pananalig na iyan. Ang pagpapaliban ng kailangang gawin para matamo ang ganyang pananalig ay mapanganib sa inyong kaluluwa.

Ang tunay na pagbabalik-loob ay hindi lang pagkakaroon ng kaalaman sa mga alituntunin ng ebanghelyo at higit pa sa pagkakaroon ng patotoo sa mga alituntuning iyon. Posibleng magkaroon ng patotoo sa ebanghelyo kahit hindi ito ipamuhay. Ang tunay na pagbabalik-loob ay pagkilos ayon sa

ating pinaniniwalaan at pagtutulong na lumikha ito ng “malaking pagbabago sa atin, o sa ating mga puso.”<sup>3</sup> Sa buklet na *Tapat sa Pananampalataya*, nalaman natin na ang “pagbabalik-loob ay isang proseso, hindi isang pangyayari. Nagbabalik-loob kayo dahil sa inyong matwid na mga pagsisikap na sundin ang Tagapagligtas.”<sup>4</sup> Kailangan dito ng panahon, tiyaga, at paggawa. Matibay ang pananalig ng aking imho na mas mahalagang makamit ng kanyang mga anak ang ebanghelyo kaysa lahat ng yaman at ginhawang alok ng mundo dahil siya ay nagsakripisyo, nagtiis, at namuhay ayon sa ebanghelyo. Nagbalik-loob siya dahil sa pamumuhay ng mga alituntunin ng ebanghelyo at pagsasakripisyo para dito.

Kailangan din nating pagdaanan ang gayong proseso kung gusto nating taglayin ang gayong katapatan. Itinuro ng Tagapagligtas, “Kung ang sinomang tao ay nag-iibig gumawa ng kaniyang kalooban, ay makikilala niya ang turo, kung ito’y sa Dios, o kung ako’y nagsasalita na mula sa aking sarili.”<sup>5</sup> Kung minsan ay kabaligtaran ang ginagawa natin. Halimbawa, maaaring ganito ang pamamaraan natin: Handa akong sundin ang batas ng ikapu, pero kailangan ko munang malaman kung ito ay totoo. Siguro ipinagdarasal pa natin na magkaroon ng patotoo tungkol sa batas ng ikapu at umaasa na ibibigay sa atin ng Panginoon ang patotoong iyan bago pa man natin sulatan ang tithing slip. Hindi sa ganyang paraan mangyayari iyan. Inaasahan ng Panginoon na mananalig tayo. Dapat ay patuloy tayong magbayad ng buo at tapat na ikapu para magkaroon tayo ng patotoo sa ikapu. Angkop din ito sa lahat ng alituntunin ng ebanghelyo ito man ay batas ng kalinisang-puri, alituntunin ng disentang pananamit, Word of Wisdom, o batas ng ayuno.

Gusto kong magbahagi ng halimbawa kung paano nakatulong sa amin ang pamumuhay ng alituntunin para maniwala nang lubos sa alituntuning iyan. Dalagita pa lang ako noong dekada 60 at nag-iisang babaeng LDS sa high school namin. Panahon iyon ng radikal na pagbabago gaya ng pagtali-kod sa magandang kaugalian, paggamit



ng ilegal na droga, at mentalidad na gawin ang “anumang magustuhan.” Karamihan sa mga kasamahan ko ay mabubuting tao ngunit madaling matangay sa tukso ng bagong moralidad na ito, na kung tutuusin ay dati nang imoralidad. Itinurong maigi sa akin ng aking mga magulang at guro na mahalagang respetuhin ko ang aking katawan, panatilihin malinis ang isipan, at higit sa lahat, magtiwala sa mga utos ng Panginoon. Nagpasiya akong iwasan ang mga okasyon na alam kong may iaalok na alak at iniwasan kong manigarilyo at gumamit ng droga. Dahil dito madalas ay hindi ako imbitado sa mga party, at bihira akong makipagdeyt. Naging talamak sa mga kabataan ang paggamit ng droga, at ang mga pinsalang dulot nito ay di-gaanong alam noon kumpara ngayon. Marami sa mga kabataang kilala ko ang permanenteng napinsala ang utak at ang iba naman ay nalulong sa droga. Nagpasalamat ako na naturuan ako sa tahanan namin na sundin ang Word of Wisdom, at nagkaroon ako ng malalim na patotoo sa alituntuning iyan ng ebanghelyo nang manalig ako at ipamuhay ito. Ang magandang pakiramdam na dumating

sa akin mula sa pamumuhay ng isang tunay na alituntunin ng ebanghelyo ay ang Espiritu Santo na nagpapatunay na ang alituntunin ay totoo. Sa ganang paraan nangyayari ang tunay na pagbabalik-loob.

Itinuro ng propetang si Moroni, sa Aklat ni Mormon, “Ipakikita ko sa sanlibutan na ang pananampalataya ay mga bagay na inaasahan at hindi nakikita; kaya nga, huwag magtalu-talo dahil sa hindi ninyo nakikita, sapagkat wala kayong matatanggap na patunay hangga’t hindi natatapos ang pagsubok sa inyong pananampalataya.”<sup>6</sup> Sa mundo natin kung saan gusto nating masiyahan palagi, madalas tayong umasang magantimpalaan nang hindi ito pinaghihirapan. Naniniwala ako na sinasabi sa atin ni Moroni na kung kikilos muna tayo at mananalig sa pamamagitan ng pamumuhay ng ebanghelyo, matatanggap natin ang patunay na ito ay totoo. Nangyayari ang tunay na pagbabalik-loob sa patuloy na pamumuhay ng mga doktrinang alam ninyong totoo at pagsunod sa mga utos, araw-araw, buwan-buwan.

Napakasayang panahon ito na maging kabataan sa Simbahan. Kayo ang



unang makikibahagi sa kurikulum para sa kabataan na *Come, Follow Me*, na ang isa sa mga pangunahing layunin ay ang magbalik-loob kayo sa ebanghelyo ni Jesucristo. Makabubuting alalahanin na gaano man kainspirado ang mga magulang at lider ninyo, “pangunahing responsibilidad ninyo ang sariling pagbabalik-loob. Walang magbabalik-loob para sa inyo, at walang makakapilit sa inyong magbalik-loob.”<sup>7</sup> Nararanasan ang pagbabalik-loob kapag tayo ay nananalangin, nag-aaral ng mga banal na kasulatan, nagsisimba, at karapat-dapat na nakikibahagi sa mga ordenansa sa templo. May pagbabalik-loob habang kumikilos tayo ayon sa mabubuting alituntuning natututuhan natin sa ating tahanan at sa silid-aralan. May pagbabalik-loob kapag namuhay tayo nang dalisay at mabuti at marapat sa patnubay ng Espiritu Santo. May pagbabalik-loob kapag nauuna-waan natin ang Pagbabayad-sala ni

Jesucristo, kinikilala Siya bilang ating Tagapagligtas at Manunubos, at tinutulatang magkaroon ng epekto sa buhay natin ang Pagbabayad-sala.

Ang inyong pagbabalik-loob ay tutulong sa inyo na maghandang gumawa ng mga tipan sa templo, magmisyon, at magbuo ng sarili ninyong pamilya. Kapag kayo ay nagbalik-loob, hahangarin ninyong ibahagi ang natutuhan ninyo sa iba, at madaragdagan ang tiwala at kakayahan ninyong magpatotoo sa iba nang may pananalig at lakas. Ang hangaring ito na ibahagi ang ebanghelyo sa iba at ang tiwalang magpatotoo nang may tapang ay likas sa isang tunay na nagbalik-loob. Itinuro ng Tagapagligtas kay Pedro, “Kung makapagbalik ka nang muli, ay papagtibayin mo ang iyong mga kapatid.”<sup>8</sup>

Naaalala ba ninyo si Josue, ang propetang mandirigma? Hindi lamang siya nagbalik-loob, kundi sinikap pa niya hanggang sa huling sandali ng kanyang

buhay na dalhin ang mga anak ni Israel sa Diyos. Mababasa natin sa Lumang Tipan, “At naglingkod ang Israel sa Panginoon sa lahat ng mga araw ni Josue.”<sup>9</sup> Ang taong tunay na nagbalik-loob ay humuhugot ng kapangyarihan sa Pagbabayad-sala at tumatanggap ng kaligtasan para sa kanyang sariling kaluluwa, at pagkatapos ay nagsisikap na maging mabuting impluwensya sa lahat ng nakakakilala sa kanya.

Ang pamumuhay ng ebanghelyo at pagtayo sa mga banal na lugar ay hindi laging madali o maginhawa, ngunit pinatotohanan ko na sulit ito! Pinayuhan ng Panginoon si Emma Smith na “isantabi muna ang mga bagay ng daigdig na ito, at hangarin ang mga bagay na mas mabuti.”<sup>10</sup> Palagay ko hindi pa natin mawawari kung gaano kagila-gilalas ang “mga bagay na mas mabuti” ng daigdig!

Pinatotohanan ko na tayo ay may mapagmahal na Ama sa Langit na ang pinakadakilang hangarin ay tulungan tayo at pagpalain sa ating pagsisikap na ipamuhay ang ebanghelyo at magbalik-loob. Malinaw Niyang ipinahayag na ang Kanyang pangunahing layunin at gawain ay ang ating “kawalang-kamatayan at buhay na walang hanggan.”<sup>11</sup> Nais Niyang ibalik tayong muli sa Kanyang piling. Pinatotohanan ko na kung kikilos tayo ayon sa mga doktrina ng ebanghelyo at ipapamuhay ito araw-araw, makapagbabalik-loob tayo at magiging kasangkapan sa pagsasakatuparan ng maraming kabutihan sa ating pamilya at sa mundo. Nawa’y pagpalain tayo sa ating araw-araw na pagsisikap na kamtin ang layuning iyan sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

#### MGA TALA

1. Josue 24:15.
2. Fuschia Stringham, “Sketch of the Life of Isabelle Hunter Hoggan Stringham” (di-inilathalang personal na kasaysayan, 1934), 4.
3. Mosias 5:2.
4. *Tapat sa Pananampalataya: Isang Sanggunian sa Ebanghelyo* (2004), 107.
5. Juan 7:17.
6. Eter 12:6.
7. *Tapat sa Pananampalataya*, 109.
8. Lucas 22:32.
9. Josue 24:31.
10. Doktrina at mga Tipan 25:10.
11. Moises 1:39.





**Ni Elder Richard J. Maynes**  
Ng Panguluhan ng Pitumpu

# Lakas na Magtiis Hanggang Wakas

*Ang kakayahan nating magtiis hanggang wakas sa kabutihan ay magiging tuwirang kasukat ng lakas ng ating patotoo at lalim ng ating pananalig.*

**T**uwing umaga pagkagising natin, nahaharap tayo sa bagong araw na puno ng mga hamon sa buhay. Dumarating ang mga hamong ito sa maraming anyo: mga pisikal na hamon, problema sa pera, problema sa relasyon, emosyonal na mga pagsubok, at maging mga pagpupunyagi sa sariling pananampalataya.

Gayunman, marami sa mga hamong nakakaharap natin sa buhay ang maaaring malutas at malampasan, ang iba ay maaaring mahirap unawain at imposibleng malampasan at mapapasaatin hanggang sa kabilang-buhay. Habang pansamantala nating tinitii ang mga hamon na kaya nating lutasin at patuloy nating tinitii ang mga hamon na hindi natin kayang lutasin, mahalagang alalahanin na ang espirituwal na kalakasang napapasaatin ay makakatulong na matagumpay nating mapagtiisan ang lahat ng hamon natin sa buhay.

Mga kapatid, mayroon tayong mapagmahal na Ama sa Langit, na nagplano ng ating buhay sa mundo upang matutuhan ng bawat isa sa atin ang mga aral na kailangan nating matutuhan upang maging karapat-dapat

sa buhay na walang hanggan sa Kanyang piling.

Isang pangyayari sa buhay ni Propetang Joseph Smith ang naglalarawan sa alituntuning ito. Ang Propeta at ilang kasamahan niya ay nabilanggo sa Liberty, Missouri, nang ilang buwan. Habang nagdurusa sa bilangguan, nagsumamo si Propetang Joseph sa Panginoon sa mapagpakumbabang panalangin na paginhawain ang mga Banal sa kasalukuyan nilang paghihirap. Tumugon ang Panginoon sa pagtuturo kay Propetang Joseph, at sa ating lahat, na ang mga hamong kinakaharap natin, kung matagumpay na napagtiisan, ay para sa ating kabutihan sa huli. Ito ang sagot ng Panginoon sa panalangin ni Joseph:

“Aking anak, kapayapaan ay mapasaiyong kaluluwa; ang iyong kasawian at ang iyong mga pagdurusa ay maikling sandali na lamang;

“At muli, kung ito ay iyong pagtitii-sang mabuti, ang Diyos ay dadakilain ka sa itaas.”<sup>1</sup>

Binalangkas ng Ama sa Langit ang ating paglalakbay sa buhay para subukan ang ating pagkatao. Lantad tayo kapwa sa mabubuti at masasamang

impluwensya at binigyan tayo ng kala-yaang pumili para sa ating sarili kung aling landas ang ating tatahakin. Tulad ng itinuro ng sinaunang propeta sa Aklat ni Mormon na si Samuel, “Kayo ay malaya; kayo ay pinahintulutang kumilos para sa inyong sarili; sapagkat masdan, binigyan kayo ng Diyos ng kaalaman at ginawa niya kayong malaya.”<sup>2</sup>

Naunawaan din ng Ama sa Langit na dahil mortal tayo ay hindi tayo laging makakagawa ng tama o mabuting pagpapasiya. Dahil hindi tayo perpekto at nagkakamali tayo, kailangan natin ng tulong sa pagbalik sa Kanyang piling. Ang kailangang tulong ay ibinigay sa pamamagitan ng mga turo, halimbawa, at nagbabayad-salang sakripisyo ni Jesucristo. Ang nagbabayad-salang sakripisyo ng Tagapagligtas ay nagbibigay-daan sa ating kaligtasan at kadakilaan sa hina-harap sa pamamagitan ng alituntunin ng pagsisisi. Kung tunay at taos-puso tayong magsisisi, matutulungan tayo ng Pagbabayad-sala na maging malinis, magbago ng ugali, at matagumpay na pagtiisan ang ating mga hamon.

Ang pagtitiis ay isang mahalagang alituntuning matatagpuan sa doktrina ni Jesucristo. Mahalaga ito dahil ang uri ng kahahantungan natin sa kawalang-hanggan ay kasukat ng kakayahan nating magtiis hanggang wakas sa kabutihan.

Sa 2 Nephi 31 itinuro sa atin ng propetang si Nephi na matapos nating matanggap ang nakapagligligtas na ordenansa ng binyag na tinanggap ni Jesucristo at matanggap ang kaloob na Espiritu Santo, kailangan tayong “[magpatuloy], nagpapakabusog sa salita ni Cristo, at [magtiis] hanggang wakas, [pagkatapos ay] masdan, ganito ang wika ng Ama: [Tayo] ay magkakaroon ng buhay na walang hanggan.”<sup>3</sup>

Kaya nga, para matanggap ang pinakadakila sa lahat ng pagpapala ng ating Ama sa Langit, na buhay na walang hanggan, kailangan nating matapos ang lahat ng angkop na ordenansa at magpatuloy sa pagtupad sa mga tipan na kalakip nito. Sa madaaling salita, dapat tayong matagumpay na makapagtiis.



paano natin mapapanatiling nasa kundisyon ang ating patotoo? Hindi natin mapapaganda ang kundisyon ng ating katawan para sa basketball kung manonood lang tayo ng basketball sa telebisyon. Gayundin, hindi natin mapapaganda ang kundisyon ng ating patotoo kung manonood lang tayo ng pangkalahatang kumperensya sa telebisyon. Kailangan nating pag-aralan at matutuhan ang mahahalagang alituntunin ng ebanghelyo ni Jesucristo, pagkatapos ay kailangan nating gawin ang lahat para maipamuhay ang mga ito. Iyan ang paraan para tayo maging mga disipulo ni Jesucristo, at magkaroon tayo ng matatag na patotoo.

Ang kakayahan nating magtiis hanggang wakas sa kabutihan ay magiging tuwirang kasukat ng lakas ng ating patotoo at lalim ng ating pananalig. Kapag malakas ang ating patotoo at tunay tayong nagbalik-loob sa ebanghelyo ni Jesucristo, bibigyang-inspirasyon ng Espiritu Santo ang ating mga pasiya, matutuon ang mga ito kay Cristo, at susuportahan nito ang hangarin nating magtiis hanggang wakas sa kabutihan. Kung mahina ang ating patotoo at paimbabaw ang ating pagbabalik-loob, mas malamang na matukso tayo sa mga maling kaugalian ng mundo at makagawa tayo ng mga maling pasiya.

Gusto kong ibahagi sa inyo ang isang karanasang naglalarawan ng pagsisikap na kailangan upang pisikal na makatagal at pagkatapos ay ikumpara ito sa pagsisikap na kailangan upang espirituwal na makapagtiis. Pagbalik ko mula sa misyon, nagkaroon ako ng pagkakataong maglaro ng basketball para sa isang respetadong coach at awtor sa isang kolehiyo sa California. Napakahalaga sa coach na ito na nasa mabuting kundisyon ang mga manlalaro bago magsimula ang basketball season. Isa sa mga training na kailangan naming gawin bago kami humawak ng bola sa aming praktis ay ang tumakbo sa kaburulan malapit sa paaralan sa isang partikular at napakabilis na oras. Naaalala ko ang unang-una kong pagtatangkang tumakbo sa kaburulang ito pagkabalik

ko mula sa mission field: akala ko mamamatay ako.

Ilang linggo kami puspusang nagsanay para malampasan namin ang oras na itinakda ng coach. Napakaganda ng pakiramdam hindi lamang dahil natakbo namin ang kahabaan kundi dahil din sa mabilis naming pagtakbo pababa hanggang sa finish line.

Para mahusay na makapaglaro ng basketball, kailangan ay mabuti ang kundisyon ng katawan mo. May kabayaran ang pagkaroon ng mabuting kundisyon ng katawan, at iyon ay dedikasyon, pagsusumigasig, at disiplina sa sarili. Ang katatagang espirituwal ay may kabayaran din. Gayon din ang kabayaran: dedikasyon, pagsusumigasig, at disiplina sa sarili.

Ang patotoo, tulad ng katawan mo, ay kailangang nasa kundisyon kung gusto mong makatagal ito. Kaya

Kapag naharap tayo sa paghihirap sa buhay at hinagad nating tularan ang mga katangian ni Jesucristo, mahalagang maging espirituwal na handa tayo. Ang ibig sabihin ng espirituwal na kahandaan ay nagkaroon na tayo ng espirituwal na katatagan o lakas—magiging maganda ang kundisyon ng ating espirituwalidad. Magiging maganda ang kundisyon ng ating espirituwalidad kaya lagi nating pipiliin ang tama. Hindi tayo matitinag sa hangarin at kakayahan nating ipamuhay ang ebanghelyo. Tulad ng sinabing minsan ng isang di-kilalang awtor, “Kailangan kayong maging bato na hindi kayang tangayin ng agos ng ilog.”

Dahil nahaharap tayo sa mga hamon araw-araw, mahalagang patatagin natin ang ating espirituwalidad araw-araw. Kapag naging matatag ang ating espirituwalidad, ang mga maling



**Si Joseph Watson Maynes (kanan) at ang kanyang companion na si, Gilpin S. Woolley.**

tradisyon ng mundo, pati na ang ating mga personal na pagsubok araw-araw, ay magiging bahagya lamang ang masamang epekto sa kakayahan nating magtiis sa kabutihan.

Ang magagandang halimbawa ng katatagan sa espirituwal ay nagmula sa mga kasaysayan ng ating sariling pamilya. Sa maraming kuwento ng ating mga ninuno, makakahanap tayo ng mga halimbawang nagpapakita ng magagandang katangian ng katatagan.

Inilalarawan ng isang kuwento mula sa kasaysayan ng sarili kong pamilya ang alituntuning ito. Ang aking lolo-sa-tuhod na si Joseph Watson Maynes ay isinilang noong 1856 sa Hull, Yorkshire, England. Sumapi ang kanyang pamilya sa Simbahan sa England at naglakbay papuntang Salt Lake City. Pinakasalan niya si Emily Keep noong 1883, at walo ang naging anak nila. Si Joseph ay tinawag na mag-full-time mission noong Hunyo ng 1910, nang siya ay 53 taong gulang. Sa tulong ng kanyang asawa at walong anak, bumalik siya sa kanyang bayang tinubuang England para magmisyon.

Pagkatapos ng halos dalawang taon ng tapat na paglilingkod, nagbibisikleta sila noon ng kompanyon niya papunta sa Sunday School services sa Gloucester, England, nang pumutok ang kanyang gulung. Umibis siya ng bisikleta para tingnan ang sira. Nang makita niya na malaki ang sira at matatagalan bago ito maayos, pinauna niya ang kanyang kompanyon at pinasimulan na rito ang Sunday service at susunod na lang siya kaagad. Pagkatapos na pagkatapos masabi iyon, napahandusay siya sa lupa. Agad siyang namatay sa atake sa puso.

Hindi na nakita pa ni Joseph Watson Maynes ang kanyang asawa at walong anak sa buhay na ito. Naibalik nila ang kanyang bangkay sa Salt Lake City at idinaos ang serbisyo sa burol sa lumang Waterloo Assembly Hall. Ang sinabi ni Elder Anthony W. Ivins ng Korum ng Labindalawang Apostol sa burol ay nagtuturo sa atin ng mahalagang aral tungkol sa buhay, kamatayan, at katatagan: “Ito ang ibinibigay sa atin ng ebanghelyo—hindi kaligtasan sa kamatayan, kundi tagumpay



na madaig ito sa pamamagitan ng pag-asa natin sa maluwalhating pagkabuhay na mag-uli. . . . Nangyari ito kay [Joseph Maynes]. . . . Nakasisiya, at nakalulugod at masayang malaman na iniaalay ng mga tao ang kanilang buhay sa kabutihan, sa pananalig, nang tapat sa pananampalataya.”<sup>4</sup>

Ang kuwentong ito ng pamilya ay nagbigay-inspirasyon sa akin na gawin ang lahat ng makakaya ko na sundin ang halimbawa ng pagtitiis at espirituwal na katatagang ipinakita ng aking lolo-sa-tuhod. Nabigyan din ako ng inspirasyon sa pananampalataya ng kanyang asawang si Emily, na ang buhay pagkamatay ni Joseph ay talagang mabigat na pasanin. Ang kanyang patotoo ay malakas at ang kanyang pagbabalik-loob ay lubos nang buong buhay siyang naging tapat sa pananampalataya habang pinalalaki ang kanyang walong anak.

Sabi ni Apostol Pablo, “Itabi namang walang liwag ang bawa’t pasan, at ang pagkakasalang pumipigil sa atin, at ating takbuhing may pagtitiis ang takbuhing inilagay sa harapan natin.”<sup>5</sup> Ang lalakbayin natin dito sa lupa ay patagalang magtiis na puno ng mga balakid. Ang mga balakid sa paglalakbay na ito ay mga hamong bumubungad sa

atin tuwing umaga. Narito tayo sa lupa upang masubukan, gamitin ang ating kalayaang moral, at pumili sa pagitan ng tama at mali. Para marangal at matagumpay na matapos natin ang paglalakbay sa buhay na ito at makabalik tayo sa ating Ama sa Langit, kailangan natin itong tumbasan ng dedikasyon, pagsusumigasig, at disiplina sa sarili. Kailangan nating pagandahin ang kundisyon ng ating espirituwalidad. Kailangan tayong magkaroon ng espirituwal na katatagan. Kailangan natin ng malalakas na patotoo na hahantong sa tunay na pagbabalik-loob, at bunga nito ay madarama natin ang kapayapaan ng kalooban at lakas na kailangan upang matiis ang anumang mga hamong kinakaharap natin.

Kaya anumang mga pagsubok ang mabungaran ninyo sa paggising tuwing umaga, alalahanin—sa espirituwal na lakas na taglay ninyo, lakip ang tulong ng Panginoon, sa katapusan ng paglalakbay ay magkakaroon kayo ng kumpiyansang ipinakita ni Apostol Pablo nang sabihin niya:

“Sapagka’t ako’y iniaalay na, at ang panahon ng aking pagpanaw ay dumating na.

“Nakipagbaka ako ng mabuting pakikipagbaka, natapos ko na ang aking takbo, iningatan ko ang pananampalataya:

“Buhat ngayon ay natataan sa akin ang putong na katuwiran, na ibibigay sa akin ng Panginoon na tapat na hukom sa araw na yaon.”<sup>6</sup>

Ibinabahagi ko sa inyo ang aking patotoo at pagsaksi na tunay na may mapagmahal na Ama sa Langit at totoo ang Kanyang dakila at walang-hanggang plano ng kaligayahan, na nagdala sa atin sa mundong ito sa panahong ito. Nawa’y bigyang-inspirasyon tayo ng Espiritu ng Panginoon na linangin sa ating sarili ang lakas na makapagtitiis. Sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

#### MGA TALA

1. Doktrina at mga Tipan 121:7–8.
2. Helaman 14:30.
3. 2 Nephi 31:20.
4. Anthony W. Ivins, mensahe sa burol ni Joseph Watson Maynes (personal na mga talaan ng pamilya Maynes).
5. Sa mga Hebreo 12:1.
6. II Kay Timoteo 4:6–8.



**Ni Elder Richard G. Scott**  
Ng Korum ng Labindalawang Apostol

# Sariling Lakas sa Pamamagitan ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo

*Sa Pagbabayad-sala ni Jesucristo, bawat isa sa atin ay magiging malinis at ang pasaning dulot ng ating paghihimagsik ay maaalis.*

**K**amakailan, mapalad akong makilala ang isang kahanga-hangang grupo ng mga kabataan mula sa estado ng Idaho. Itinanong sa akin ng isang mabait na dalagita kung ano sa palagay ko ang pinakamahalagang bagay na dapat nilang gawin sa buhay nila ngayon. Sinabi ko na kailangan nilang maunawaan ang kapangyarihan ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo sa kanilang buhay. Ipaliliwanag ko ngayon ang isang aspeto ng kapangyarihang iyan, na pansariling lakas na makakamtan natin sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo.

Sa Aklat ni Mormon ay mababasa natin ang tungkol kay Ammon at sa kanyang mga kapatid na nagtuturo ng ebanghelyo ni Jesucristo sa mga “mababangis at matitigas at malulupit na tao.”<sup>1</sup> Marami sa mga taong iyon ang nagbalik-loob at piniling talikuran ang makasalanan nilang pag-uugali.

Dahil ganap ang pagbabalik-loob nila, ibinaon nila ang kanilang mga sandata at nakipagtipan sa Panginoon na hindi na nila gagamiting muli ang mga ito.<sup>2</sup>

Kalaunan, marami sa kanilang kapatid na di nagbalik-loob ang lumusob sa kanila at pinagpapatay sila. Pinili ng naging-matatapat na taong ito ang mamatay sa espada kaysa lumaban at ipagsapalaran ang kanilang espirituwalidad. Dahil sa kanilang matwid na halimbawa lalong naragdagan ang mga nagbalik-loob at nagsuko ng kanilang mga sandata ng paghihimagsik.<sup>3</sup>

Sa pamamagitan ni Ammon, ginabayan sila ng Panginoon tungo sa kaligtasan sa kalipunan ng mga Nephita, at sila ay nakilala bilang mga tao ni Ammon.<sup>4</sup> Maraming taon silang pinangalagaan ng mga Nephita, ngunit sa huli ay hukbong Nephita ang nagsimulang manghina, at kinailangan nila ng dagdag na puwersa.<sup>5</sup>

Ang mga tao ni Ammon ay nasa kritikal na sandali ng kanilang espirituwalidad. Naging tapat sila sa kanilang tipan na hindi na muling makikidigma. Ngunit batid nila na responsibilidad ng mga ama na protektahan ang kanilang mga pamilya.<sup>6</sup> Ang pangangailangang iyan ay tila sapat na dahilan para sirain nila ang kanilang tipan.<sup>7</sup>

Alam ng kanilang matalinong lider ng priesthood na si Helaman na ang pagsira sa tipang ginawa sa Panginoon ay hindi mapangangatwiran kailanman. Nagbigay siya ng magandang alternatibo. Ipinaalala niya sa kanila na hindi nagkaroon ng gayong kasalanan ang kanilang mga anak at samakatwid ay hindi kailangang gawin ang gayunding tipan.<sup>8</sup> Bagama’t bata pa ang kanilang mga anak, malalakas sila, at higit sa lahat, sila’y matwid at walang bahid-dungis. Ang mga anak na lalaking ito ay pinatatag ng panampalataya ng kanilang mga ina.<sup>9</sup> Sa pamumuno ng kanilang pinunong propeta, ginampanan ng mga kabataang ito ang tungkulin ng kanilang mga ama na ipagtanggol ang kanilang mga pamilya at tahanan.<sup>10</sup>

Ang mga pangyayaring kaakibat ng mahalagang pagpapasiyang ito ay nagpapakita kung paano pinalalakas ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo ang buhay ng bawat anak ng Diyos. Isipin ang matinding emosyong nadama ng mga amang iyon. Ano kaya ang kanilang nadama nang malaman nila na ang kanilang paghihimagsik noon ang naging hadlang sa pagprotekta nila sa kanilang mga asawa’t anak sa sandaling iyon ng pangangailangan? Dahil alam nila mismo ang kalupitan ng digmaang haharapin ng kanilang mga anak ngayon, marahil ay lihim silang tumangis. Mga ama, hindi mga anak, ang dapat magtanggol sa kanilang pamilya!<sup>11</sup> Marahil ay napakatindi ng pagdadalamhati nila.

Bakit nag-alala ang mahusay nilang lider ng priesthood na sa pagbawi nila ng kanilang mga sandata ay “baka . . . mawala ang kanilang mga kaluluwa?”<sup>12</sup> Sinabi ng Panginoon, “Masdan, siya na nagsisi ng kanyang mga kasalanan, ay siya ring patatawarin, at ako, ang Panginoon, ay hindi na

naaalala ang mga ito.”<sup>13</sup> Ang matatapat na amang ito ay matagal nang nagsipagsisi sa kanilang mga kasalanan at nalinis na ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo, kaya bakit sila pinayuhan na huwag ipagtanggol ang kanilang mga pamilya?

Napakahalagang katotohanan na sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo ay malilinis tayo. Tayo ay magiging banal at walang bahid-dungis. Gayunman, kung minsan ay may matagalang epekto ang mga mali nating pagpili. Ang isa sa pinakamahalagang hakbang para maging ganap ang pagsisisi ay harapin ang pansamantala at pangmatagalang epekto ng nagawa nating mga kasalanan. Dahil sa mga pagpili nila noong araw nalantad ang mga amang Amonita na ito sa makamundong hangarin na maaaring maging dahilan upang muli silang manghina na sasamantalang kasangkapanin ni Satanang.

Tatangkain ni Satanang na ipaalala sa atin ang anumang nagawa nating kasalanan upang matukso tayong muling magpaimluwensya sa kanya. Kailangan tayong maging maingat na maiwasan ang kanyang mga panunukso. Ganyan ang nangyari sa matatapat na amang Amonita. Kahit matagal na silang namumuhay nang tapat, kailangan pa rin nilang espirituwal na protektahan ang sarili laban sa tuksong maalala ang mga kasalanang nagawa nila.

Sa pagitan ng maraming pakikidigma, iniutos ni Kapitan Moroni na patibayin ang pinakamahihinang lungsod. “Iniutos niya na magtayo sila ng muog na kahoy sa loob ng pampang ng bambang; at sila ay nagtambak ng lupa ng bambang sa muog na kahoy . . . hanggang sa mapaligiran nila ang lungsod . . . ng matatag na muog na kahoy at lupa, nang napakataas.”<sup>14</sup> Alam ni Kapitan Moroni na mahalagang patibayin ang mahihinang lugar para lumakas.<sup>15</sup>

Gayon din ang mga amang Amonita. Kinailangan nila ng mas mataas at mas malapad na mga muog sa pagitan ng kanilang matatapat na buhay at ng masamang ugali nila noon. Ang kanilang mga anak na pinagpala ng matwid na mga tradisyon, ay nakayang labanan ang gayong mga tukso. Tapat nilang naipagtanggol ang kanilang pamilya nang hindi ipinagpapalit ang kanilang espirituwal na kapakanan.

Ang masayang balita para sa lahat na naghahangad na iwaksi ang mga bunga ng mga maling pagpili ay na iba ang tingin ng Panginoon sa mga kahinaan kaysa paghihimagsik. Bagama’t nagbabala ang Panginoon na parurusahan ang mga naghimagsik na hindi nagsisi,<sup>16</sup> kapag nagsalita ang Panginoon tungkol sa mga kahinaan, lagi itong may kahalong awa.<sup>17</sup>

Walang duda na may pagsasaalang-alang sa mga amang Amonitang ito

dahil naturuan sila nang mali ng kanilang mga magulang, ngunit lahat ng anak ng Ama sa Langit ay isinilang na may Liwanag ni Cristo. Anuman ang sanhi ng kanilang mga kasalanan, ang epekto nito ay hihina ang espirituwalidad na tatangkaing kasangkapain ni Satanang.

Mabuti na lang at tinuruan sila ng ebanghelyo, nagsisi, at sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo ay mas espirituwal na lumakas kaysa mga panunukso ni Satanang. Malamang na hindi sila natuksong balikan ang masaklap nilang nakaraan, ngunit sa pagsunod nila sa kanilang pinunong propeta, hindi nila binigyan ng pagkakataon si Satanang na “linlangin . . . ang kanilang mga kaluluwa, at maingat silang [akayin] pababa sa impiyerno.”<sup>18</sup> Hindi lamang sila nilinis ng Pagbabayad-sala ng Tagapagligtas mula sa kasalanan, kundi dahil sa pagsunod nila sa payo ng kanilang lider ng priesthood, naprotektahan sila ng Tagapagligtas mula sa kanilang mga kahinaan at pinalakas sila. Ang kanilang mapagpakumbaba at habambuhay na pangakong talikuran ang kanilang mga kasalanan ay mas malaki ang nagawa para protektahan ang kanilang mga pamilya kaysa anumang magagawa nila sa digmaan. Sa pagpapailalim nila ay hindi sila pinagkaitan ng mga pagpapala. Pinalakas at pinagpala sila nito at pinagpala nito ang sumunod na mga henerasyon.

Ipinakita sa katapusan ng kuwento kung paano ginawa ng awa ng Panginoon “ang mahihinang bagay na maging malalakas.”<sup>19</sup> Ipinadala ng matatapat na amang ito ang kanilang mga anak sa digmaan sa ilalim ng pangangalaga ni Helaman. Bagama’t lumaban sa matinding digmaan ang mga anak na iyon kung saan lahat sila ay nasugatan, wala ni isang namatay.<sup>20</sup> Ang mga binatilyong ito ang pinagkunan ng lakas ng nanghihinang hukbo ng mga Nephita. Sila ay matatapat at mas malakas ang espirituwalidad nang magsiuwi na sila. Ang kanilang mga pamilya ay pinagpala, pinrotektahan, at pinalakas.<sup>21</sup> Sa ating panahon, maraming estudyante ng Aklat ni Mormon ang





nabigyang-inspirasyon ng halimbawa ng walang bahid-dungis at matwid na mga anak na ito.

Bawat isa sa atin ay nagkaroon ng mga pagkakataon sa buhay na nakagawa tayo ng mga maling pasiya. Kailangan nating lahat ang nakatutubos na kapangyarihan ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo. Kailangang pagsisihan ng bawat isa sa atin ang anumang paghihimagsik. “Sapagkat ako, ang Panginoon ay hindi makatitingin sa kasalanan nang may pinakamaliit na antas ng pagsasaalang-alang.”<sup>22</sup> Hindi Niya gagawin iyan dahil alam Niya kung ano ang kailangan para maging katulad Niya.

Marami sa atin ang nagtulot na magkaroon ng kahinaan ang ating pagkatao. Sa Pagbabayad-sala ni Jesucristo, tayo, tulad ng mga Amonita, ay makapagtatayo ng mga espirituwal na muog sa pagitan natin at ng anumang nakaraang mga pagkakamaling tinatangkang kasangkapanin ni Satanas. Ang mga espirituwal na muog na nakapalibot sa mga amang Amonita ay nagpala at nagpalakas sa kanila mismo, sa kanilang pamilya, sa kanilang bansa, at sa sumunod na mga henerasyon. Iyan ay maaaring angkop din sa atin.

Kaya paano natin itatayo ang mga walang-hanggang muog na ito? Ang unang hakbang ay taos, masusi, at lubos na pagsisisi. Sa Pagbabayad-sala ni Jesucristo, bawat isa sa atin

ay magiging malinis at ang pasaning dulot ng ating paghihimagsik ay maalis. Tandaan, ang pagsisisi ay hindi parusa. Ito ang landas na puno ng pag-asa tungo sa mas maluwalhating kinabukasan.

Binigyan tayo ng Ama sa Langit ng mga kasangkapang tumutulong sa pagtatayo ng mga muog sa pagitan ng ating mga kahinaan at ng ating katapatan. Isipin ang sumusunod na mga mungkahi:

- Gumawa ng mga tipan at tanggapin ang mga ordenansa para sa inyong sarili. Pagkatapos ay unti-unti at patuloy kayong gumawa ng mga ordenansa sa templo para sa inyong mga ninuno.
- Ibahagi ang ebanghelyo sa di-miyembro o di-gaanong aktibong mga kapamilya o kaibigan. Ang pagbabahagi ng mga katotohanang ito ay magdudulot ng panibagong sigla sa inyong buhay.
- Maglingkod nang tapat sa lahat ng tungkulin sa Simbahan, lalo na sa tungkulin ninyo bilang home teacher at visiting teacher. Huwag maging home teacher o visiting teacher na bumibisita lang nang 15 minuto sa isang buwan. Sa halip, tulungan ang bawat miyembro ng pamilya. Kilalanin sila nang personal. Maging isang tunay na kaibigan. Sa pagpapakita ng kabaitan,

ipakita sa kanila kung gaano ninyo pinagmamalasakitan ang bawat isa sa kanila.

- Higit sa lahat, paglingkuran ang mga miyembro ng sarili ninyong pamilya. Unahin ang espirituwal na pag-unlad ng inyong asawa at mga anak. Pagtuunan ang mga bagay na magagawa ninyo para tulungan ang bawat isa. Ilaan nang lubos ang inyong oras at atensyon.

Sa bawat mungkahing ito, iisa ang tema: puspusin ang inyong buhay sa paglilingkod sa iba. Kapag nagtuon kayo ng pansin sa paglilingkod sa mga anak ng Ama sa Langit,<sup>23</sup> hindi kayo matutukso ni Satanas.

Dahil mahal na mahal kayo ng Ama sa Langit, ang Pagbabayad-sala ni Jesucristo ang magbibigay ng lakas na iyan sa inyo. Hindi ba napakaganda? Marami sa inyo ang nakadama ng pasaning dulot ng mga maling pagpili, at nadarama ng bawat isa sa inyo ang nagpapasiglang kapangyarihan ng pagpapatawad, awa, at lakas ng Panginoon. Nadama ko na ito, at pinatotohanan ko na madarama ito ng bawat isa sa inyo, sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

#### MGA TALA

1. Alma 17:14; tingnan din sa Alma 17–27.
2. Tingnan sa Alma 23:4–7; 24:5–19.
3. Tingnan sa Alma 24:20–27.
4. Tingnan sa Alma 27.
5. Tingnan sa Alma 53:8–9; 56:10–17.
6. Tingnan sa “Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo,” *Liahona*, Nob. 2010, 129.
7. Tingnan sa Alma 53:10–13.
8. Tingnan sa Alma 53:14–16.
9. Tingnan sa Alma 56:48.
10. Tingnan sa Alma 53:17–22; 56:3–10, 30–57.
11. Tingnan sa *Liahona*, Nob. 2010, 129.
12. Alma 53:15.
13. Doktrina at mga Tipan 58:42.
14. Alma 53:4.
15. Tingnan sa Eter 12:27.
16. Tingnan sa I Samuel 12:15; Isaias 1:20; 1 Nephi 2:23; Mosias 15:26; Alma 9:24; Doktrina at mga Tipan 76:25; Moises 4:3.
17. Tingnan sa Mga Kawikaan 28:13; I Corinto 2:3; 15:43; II Corinto 13:4; Santiago 3:17; 2 Nephi 3:13; Jacob 4:7; Alma 34:17; 3 Nephi 22:8; Eter 12:26–28; Doktrina at mga Tipan 24:11; 35:17; 38:14; 62:1.
18. 2 Nephi 28:21.
19. Eter 12:27.
20. Tingnan sa Alma 57:25; 58:39.
21. Tingnan sa Alma 58:40.
22. Doktrina at mga Tipan 1:31.
23. Tingnan sa Mateo 16:25; Doktrina at mga Tipan 88:125.



Ni Pangulong Thomas S. Monson

## “Hindi Kita liwan ni Pababayaang”

*Alam ng ating Ama sa Langit . . . na natututo tayo at lumalago at tumatag kapag hinaharap natin at nalalagpasan ang mga pagsubok na kailangan nating pagdaanan.*

Sa journal ko ngayong gabi, isusulat ko, “Isa ito sa lubos na nagbibigay-inspirasyong mga sesyon sa lahat ng pangkalahatang kumperensyang nadaluhan ko. Lahat ay napakaganda at napakaespirituwal.”

Mga kapatid, anim na buwan na ang nakararaan nang magpulong tayo sa ating pangkalahatang kumperensya, nakaratay noon sa ospital ang mabait kong asawang si Frances, matapos ang matinding pagkahulog ilang araw bago iyon. Noong Mayo, pagkaraan ng ilang linggo ng magiting na pagpupunyaging gumaling sa kanyang mga pinsala, pumanaw siya. Matindi ang pangungulila ko sa kanya. Ikinasal kaming dalawa sa Salt Lake Temple noong Oktubre 7, 1948. Bukas sana ang ika-65 anibersaryo ng aming kasal. Siya ang pag-ibig ko, pinagkatiwalaan ko, at pinakamatalik kong kaibigan. Hindi sapat na sabihing nangungulila ako sa kanya para maipahayag ang tunay kong damdamin.

Ang kumperensyang ito ang ika-50 taon mula nang tawagin ako ni Pangulong David O. McKay sa Korum

ng Labindalawang Apostol. Sa buong panahong ito wala akong ibang natanggap kundi ang ganap at lubos na suporta ng aking mabait na kabi-yak. Napakarami niyang ginawang sakripisyo para magampanan ko ang aking tungkulin. Wala akong narinig na reklamo sa kanya kahit madalas ay kinailangan kong gumugol nang ilang araw at kung minsan ay ilang linggo na malayo sa kanya at sa aming mga anak. Isa siyang tunay na anghel.

Nais kong magpasalamat, maging ang aking pamilya, sa pambihirang pagbuhos ng pagmamahal na dumating sa amin simula nang pumanaw si Frances. Daan-daang card at mga liham ang dumating mula sa iba’t ibang panig ng mundo na nagpapahayag ng paghanga sa kanya at pakikiramay sa aming pamilya. Nakatanggap kami ng maraming magagandang bulaklak. Nagpapasalamat kami sa napakaraming kontribusyong inialay sa kanyang pangalan sa General Missionary Fund ng Simbahan. Sa ngalan namin na naiwan niya, ipinapaabot ko ang malaking pasasalamat

sa taos-pusong pagpapakita ninyo ng kabaitan.

Napakalaking kaaliwan sa akin sa malungkot na sandaling ito ng paghihiwalay ang aking patotoo sa ebanghelyo ni Jesucristo at ang aking kaalaman na buhay pa rin ang mahal kong si Frances. Alam ko na pansamantala lamang ang aming paghihiwalay. Ibinuklod kami sa bahay ng Diyos ng isang taong may awtoridad na magbuklod sa lupa at sa langit. Alam ko na magkaka-sama kaming muli balang-araw at hindi na kami muling magkakahiwalay. Ito ang kaalamang nagpapalakas sa akin.

Mga kapatid, maaari nating ipalagay na walang taong nabuhay na hindi dumanas ng pagdurusa at kalungkutan, ni walang panahon sa kasaysayan ng tao kailanman na hindi siya dumanas ng lubos na kaligaligan at kalungkutan.

Kapag naging masaklap ang ating buhay, nariyan ang tuksong magtalong ng “Bakit ako?” Kung minsan tila walang katapusan ang ating mga problema, walang liwanag na papawi sa kadiliman ng gabi. Pakiramdam natin ay naliligiran tayo ng hinanakit at kalungkutan sa nabigong mga pangarap, at ng kawalang-pag-asa. Kasama tayong umuusal ng panawagang nasa Biblia, “Wala bagang balsamo sa Galaad?”<sup>1</sup> Nadarama nating pinabayaan na tayo, nagdurusa, nag-iisa. Nakagawian na nating tingnan ang kasawiang-palad natin sa napakane-gatibong paraan. Nawawalan tayo ng tiyaga sa paghahanap ng solusyon sa ating mga problema, at nalilimutan natin na madalas ay kailangan ang banal na katangian ng pagtitiyaga.

Ang mga paghihirap na dinaranas natin ang tunay na sumusubok sa kakayahan nating magtiis. Kailangan pa rin nating sagutin ang napakahalagang tanong: Susuko na ba ako, o tatapusin ko ito? Sumusuko nga ang ilan kapag hindi nila madaig ang mga hamon sa kanilang buhay. Para makatapos, kailangan nating magtiis hanggang magwakas ang buhay mismo.

Habang pinag-iisipan natin ang mga kaganapang maaaring mangyari sa ating lahat, masasabi nating katulad ni Job noon, “Ang tao ay ipinanganak sa kabagabagan.”<sup>2</sup> Si Job ay isang



taong “sakdal at matuwid” na “natatakot sa Dios, at humihiwalay sa kasamaan.”<sup>3</sup> Madasalin at mayaman, si Job ay naharap sa isang pagsubok na kanyang wasakin ang sinuman. Nawalan ng lahat ng kanyang ari-arian, nilibak ng kanyang mga kaibigan, nahirapan sa kanyang pagdurusa, nawasak ang puso sa pagkawala ng kanyang pamilya, hinimok siyang “itakuwil . . . ang Dios, at mamatay.”<sup>4</sup> Nilabanan niya ang tuksong ito at ipinahayag mula sa kaibuturan ng kanyang marangal na kaluluwa:

“Narito, ang aking saksi ay nasa langit, at siyang nananagot sa akin ay nasa kaitaasan.”<sup>5</sup>

“Talastas ko na manunubos sa akin ay buhay.”<sup>6</sup>

Si Job ay nanatiling sumasampalataya. Gagawin din kaya natin iyon kapag naharap tayo sa mga hamon sa ating buhay?

Tuwing nabibigatan tayo sa mga pagsubok ng buhay, alalahanin natin na naranasan din ito ng iba, nagtiis sila, at nadaig nila ito.

Ang kasaysayan ng Simbahan sa dispensasyong ito ng kaganapan ng mga panahon ay puno ng mga karanasan ng mga taong naghirap ngunit nanatiling matatag at nagagalak nang isentro nila sa ebanghelyo ni Jesucristo ang kanilang buhay. Ang dahilan? Isinentro nila ang kanilang buhay

sa ebanghelyo ni Jesucristo. Ito ang tutulong na malampasan natin ang anumang hadlang sa ating daanan. Daranas pa rin tayo ng mahihirap na hamon, ngunit kakayanin nating harapin ang mga ito, nang buong tapang, at magtatagumpay tayo.

Mula sa banig ng karamdaman, mula sa unan na basa sa luha, iaangat tayo sa langit ng banal na katiyakan at natatanging pangako: “Hindi kita iiwan ni pababayaan.”<sup>7</sup> Walang kapanatay ang gayong kapanatagan.

Nang maglakbay ako sa maraming malalayong lugar sa buong mundo para gampanan ang mga responsibilidad ng aking tungkulin, marami akong nalaman—kabilang na ang katotohanan na lahat ay dumaranas ng kalungkutan at pagdurusa. Hindi ko masusukat ang lahat ng sama ng loob at pighating nasaksihan ko nang kausapin ko ang mga taong nagdadalamhati, may karamdaman, nagdidiborsyo, nahihirapan sa suwail na anak, o pinagdurusahan ang mga bunga ng kasalanan. Marami pa akong mababanggit, dahil napakaraming problemang maaaring dumating sa atin. Mahirap bumanggit ng isang halimbawa, subalit tuwing iisipin ko ang mga hamon, naiisip ko si Brother Brems, isa sa mga Sunday School teacher ko noong bata pa ako. Siya ay matapat na miyembro ng Simbahan,

isang lalaking ginintuan ang puso. Sila ng asawa niyang si Sadie, ay may walong anak, na halos lahat ay kaedad ng mga bata sa aming pamilya.

Nang makasal kami ni Frances at lumipat kami ng ward, nakita namin sina Brother at Sister Brems at ang mga miyembro ng kanilang pamilya sa mga kasalan at libing, gayundin sa mga ward reunion.

Noong 1968, pumanaw ang asawa ni Brother Brems na si Sadie. Pumanaw na rin ang dalawa sa walo niyang anak sa paglipas ng mga taon.

Isang araw halos 13 taon na ang nakararaan, tinawagan ako ng panganay na apong babae ni Brother Brems. Ipinaliwanag niya na ika-105 kaarawan na ng kanyang lolo. Sabi niya, “Nakatira siya sa maliit na bahay-kalinga at dinadalaw ng buong pamilya kada Linggo, kung saan siya ang nagtuturo ng aralin [sa ebanghelyo].” Sabi pa niya, “Nitong nakaraang Linggo ibinalita sa amin ni Lolo, ‘Mga mahal, mamamatay na ako ngayong linggo. Puwede bang tawagan n’yo si Tommy Monson. Alam niya kung ano ang gagawin.’”

Binisita ko si Brother Brems nang sumunod na gabi. Matagal-tagal ko na rin siyang hindi nakikita. ‘Di ko siya makausap, dahil bingi na siya. Hindi ko siya masulatan para mabasa niya dahil bulag na siya. Sinabihan ako na nakakausap siya ng kanyang pamilya sa pamamagitan ng paghawak sa daliri ng kanyang kanang kamay at [pagguhit] sa kaliwang palad niya ng pangalan ng taong bumibisita. Anumang mensahe ay kinailangang ipaalam sa kanya sa ganitong paraan. Sinunod ko ang paraan at hinawakan ang kanyang daliri at binaybay ko ang “T-O-M-M-Y M-O-N-S-O-N,” na siyang tawag niya sa akin. Natuwa si Brother Brems at hinawakan ang aking mga kamay at ipinatong sa kanyang ulo. Alam kong gusto niya ng basbas ng priesthood. Sinamahan ako ng tsuper na nagdala sa akin sa bahay-kalinga at ipinatong namin ang aming mga kamay sa ulo ni Brother Brems at ibinigay ang basbas. Pagkatapos ay dumaloy ang luha sa kanyang mga matang walang pani-ngin. Hinawakan niya nang mahigpit



ang aming mga kamay sa pasasalamat. Bagama't hindi niya narinig ang pagbabasbas namin sa kanya, malakas ang Espiritu, at naniniwala ako na masaya siyang malaman na naibigay namin ang basbas na kailangan niya. Hindi na makakita ang mabait na lalaking ito. Hindi na siya makarinig. Nakaratay siya gabi't araw sa isang maliit na silid sa bahay-kalinga. Sa kabila niyon naantig ang puso ko sa ngiti sa kanyang mukha at sa sinabi niya. "Salamat sa iyo," sabi niya. "Napakabait sa akin ng aking Ama sa Langit."

Sa loob ng linggong iyon, gaya ng ibinadya ni Brother Brems, siya ay namatay. Hindi niya inisip ang kulang sa kanya; sa halip, lubos niyang pinasalamatan palagi ang maraming pagpapala sa kanya.

Alam din ng ating Ama sa Langit, na nagbibigay sa napakaraming tinatamasa natin, na natututo tayo at lumalago at tumatatag kapag hinaharap natin at nalalagpasan ang mga pagsubok na kailangan nating pagdaanan. Alam natin na may mga pagkakataon na daranas tayo ng sama ng loob, dalamhati, at susubukan tayo kung hanggang saan ang ating panampalataya. Gayunman, ang gayong mga paghihirap ang nagtutulot para tayo'y magpakabuti, ayusin ang ating buhay sa paraang itinuro sa atin ng ating Ama sa Langit, at maging kaiba kaysa rati—mas mabuti kaysa rati, mas maunawain kaysa rati, mas mahabagin kaysa rati, mas malakas ang patotoo kaysa rati.

Ito dapat ang ating layunin—hindi lamang ang magtiyaga at magtiis, kundi maging mas dalisay rin sa espirituwal habang nabubuhay tayo sa masaya at malungkot na panahon. Kung hindi sa mga hamon na dadaigin at mga problemang lutasin, mananatili sana tayong ganito, kakatiting o walang pagsulong tungo sa ating minithing buhay na walang hanggan. Nagpahayag ng gayon ding ideya ang makata sa mga salitang ito:

*Hindi madaling lumaki ang mabuting puno,  
Kapag mas malakas ang hangin,  
mas tumatatag ito.*



*Kapag mas mataas ang langit,  
tumataas itong lalo.  
Kapag mas maraming unos, mas  
lumalakas ito.  
Sa init at lamig, sa ulan at snow,  
Sa puno man o sa tao, kabutiha'y  
lumalago.<sup>8</sup>*

Panginoon lamang ang nakaaalam sa tindi ng ating mga pagsubok, pasakit, at pagdurusa. Siya lamang ang naghahandog sa atin ng walanghanggang kapayapaan sa oras ng paghihirap. Siya lamang ang umaantig sa ating naghihirap na kaluluwa sa Kanyang nakaaliw na mga salita:

"Magsiparito sa akin, kayong lahat na nangapapagal at naganbibigatang lubha, at kayo'y aking papagpapahingahin.

"Pasanin ninyo ang aking pamatok, at magaral kayo sa akin; sapagka't ako'y maamo at mapagpakumbabang puso: at masusumpungan ninyo ang kapahingahan ng inyong mga kaluluwa.

"Sapagka't malambot ang aking pamatok, at magaan ang aking pasan."<sup>9</sup>

Sa pinakamasasayang sandali man o sa pinakamalungkot, kasama natin Siya. Nangako Siya na hinding-hindi ito magbabago.

Mga kapatid, nawa'y maging tapat tayo sa ating Ama sa Langit na hindi nagbabago sa paglipas ng mga taon o sa mga kagipitan natin sa buhay. Hindi

na natin kailangan pang dumanas ng mga paghihirap para alalahanin Siya, at hindi na tayo dapat piling magpakumbaba bago tayo sumampalataya o magtiwala sa Kanya.

Nawa'y lagi tayong magpunyaging mapalapit sa ating Ama sa Langit. Para magawa ito, kailangan nating manalangin at makinig sa Kanya araw-araw. Talagang kailangan natin Siya bawat oras, masasayang oras man ang mga ito o malulungkot. Nawa'y alalahanin natin palagi ang Kanyang pangako: "Hindi kita iiwan ni pababayaan."<sup>10</sup>

Taglay ang buong lakas ng aking kaluluwa, pinatototohanan ko na ang Diyos ay buhay at mahal Niya tayo, na ang Kanyang Bugtong na Anak ay nabuhay at namatay para sa atin, at na ang ebanghelyo ni Jesucristo ang tumatagos na liwanag na kumikinang sa kadiliman ng ating buhay. Nawa'y magkaganito nga, ang dalangin ko sa sagradong pangalan ni Jesucristo, amen. ■

#### **MGA TALA**

1. Jeremias 8:22.
2. Job 5:7.
3. Job 1:1.
4. Job 2:9.
5. Job 16:19.
6. Job 19:25.
7. Josue 1:5.
8. Douglas Malloch, "Good Timber," sa Sterling W. Sill, *Making the Most of Yourself* (1971), 23.
9. Mateo 11:28–30.
10. Josue 1:5.



**Ni Elder Quentin L. Cook**  
Ng Korum ng Labindalawang Apostol

# Mga Panaghoy ni Jeremias: Mag-ingat sa Pagkaalipin

*Ang hamon sa atin ay iwasan ang anumang uri ng pagkaalipin, tulungan ang Panginoon na tipunin ang Kanyang mga hinirang, at magsakripisyo para sa susunod na henerasyon.*

Noong bagong kasal pa lang kami ng asawa kong si Mary, nagpasiya kami na hangga't maaari ay pipiliin namin ang mga aktibidad na madadaluhan namin nang magkasama. Gusto rin naming maging matalino sa paggasta. Mahilig si Mary sa musika at nag-alala siya noon na baka mas mapagtuunan ko ang isports, kaya iminungkahi niya na dapat sa pupuntahan namin, may dalawang musikal na pagtatanghal, opera, o aktibidad na pangkultura sa bawat ball game o laro na may bayad.

Noong una parang ayaw ko ng opera, ngunit sa paglipas ng panahon nagbago ang pananaw ko. Nagustuhan ko lalo na ang mga opera ni Giuseppe Verdi.<sup>1</sup> Sa linggong ito ang ika-200 anibersaryo ng kanyang pagsilang.

Noong bata pa si Verdi naging interesado siya sa buhay ni propetang Jeremias, at noong 1842 sa edad na

28, naging bantog siya sa opera na *Nabucco*, ang pinaikling Italian ng pangalang Nabucodonosor, na hari ng Babilonia. Ang opera na ito ay naglalaman ng mga konseptong mula sa mga aklat ni Jeremias, sa Mga Panaghoy, at Mga Awit sa Lumang Tipan. Bahagi ng opera ang pagkalupig ng Jerusalem at pagkabihag at pagkaalipin ng mga Judio. Ang Mga Awit 137 ang inspirasyon ng nakakaantig at nagbibigay-inspirasyong "Chorus of the Hebrew Slaves" ni Verdi. Ang heading ng awit na ito sa ating mga banal na kasulatan ay labis na nakakaantig: "Habang bihag, ang mga Judio ay lumuha sa mga ilog ng Babilonia—Dahil sa lungkot, hindi nila makanta ang mga awitin ng Sion."

Ang layunin ko ay talakayin ang maraming uri ng pagkaalipin at pagkabihag. Ihahambing ko ang ilang kalagayan ng ating panahon sa kapanahunan ni Jeremias bago ang

pagbagsak ng Jerusalem. Sa paglalahad nitong tinig ng babala, nagpapasalamat ako na karamihan sa mga miyembro ng Simbahan ay matwid na umiiwas sa pag-uugali na lubhang di-kanais-nais sa Panginoon noong panahon ni Jeremias.

Ang mga propesiya at panaghoy ni Jeremias ay mahalaga sa mga Banal sa mga Huling Araw. Si Jeremias at ang Jerusalem noong panahon niya ang tagpo sa mga unang kabanata sa Aklat ni Mormon. Si Jeremias ay kasabayan ng propetang si Lehi.<sup>2</sup> Ipinaalam ng Panginoon kay Jeremias ang pagkahirang sa kanya noon pa man bago siya isilang: "Bago kita inanyuan sa tiyan ay nakilala kita, at bago ka lumabas sa bahay-bata ay pinapaging banal kita; inihalal kitang propeta sa mga bansa."<sup>3</sup>

Si Lehi ay may ibang tungkulin, misyon, at gawain mula sa Panginoon. Hindi siya tinawag noong kanyang kabataan kundi noong may edad na siya. Noong una siya ay nagbabala, ngunit matapos matapat na ipahayag ang mensaheng tulad ng kay Jeremias, iniutos ng Panginoon kay Lehi na dalhin ang kanyang pamilya at magpunta sa ilang.<sup>4</sup> Sa paggawa nito, pinagpala ni Lehi hindi lamang ang kanyang pamilya kundi maging ang lahat ng tao.


Noong mga taon bago ang pagkawasak ng Jerusalem,<sup>5</sup> ang mga mensahe ng Panginoon kay Jeremias ay mahirap malimutan. Sabi Niya:

"Ipinagpalit ng aking bayan ang kanilang kaluwalhatian sa hindi pinakikinabangan. . . .

". . . Kanilang iniwan ako na bukal ng buhay na tubig, at nagsigawa . . . ng . . . mga sirang balon na hindi malalamnan ng tubig."<sup>6</sup>

Tungkol sa mga kalamidad na darating sa mga naninirahan sa Jerusalem, ang Panginoon ay nanaghoy, "[Para sa kanila] ang pagaani ay nakaraan, ang taginit ay lipas na, at [sila'y] hindi ligtas."<sup>7</sup>

Nilayon ng Diyos na maging malaya sa pagpili ng mabuti o masama ang kalalakihan at kababaihan. Kapag masasamang pagpili ang nangingibabaw na katangian ng isang kultura o bansa, ito ay may mabibigat na ibubunga kapwa sa buhay na ito at sa kabilang-buhay. Ang mga tao ay maaaring maalipin o mailagay ang



sarili nila sa pagkabihag hindi lamang sa nakasisira, nakalululong na mga sangkap kundi maging sa nakasisira, nakalululong na mga pilosopiya na lihis sa matwid na pamumuhay.

Ang pagtalikod sa pagsamba sa tunay at buhay na Diyos at pagsamba sa mga huwad na diyos na gaya ng yaman at katanyagan at paggawa ng kahalayan at kasamaan ay nagbubunga ng pagkaalipin na may epekto sa lahat ng tao. Kabilang dito ang pagkaalipin ng espiritu, katawan, at isipan at kung minsan ay nagdudulot ng kapahamakan. Itinuro din nina Jeremias at Lehi na kailangang tulungan ng mabubuting tao ang Panginoon sa pagtatayo ng Kanyang Simbahan at kaharian at tipunin ang nakalat na Israel.<sup>8</sup>

Ang mga mensaheng ito ay paulit-ulit at muling pinagtittibay sa maraming siglo sa lahat ng dispensasyon. Ang mga ito ang sentro ng Panunumbalik ng ebanghelyo ni Jesucristo sa huling dispensasyong ito.

Ang pagkaalipin ng mga Judio at ang pagkalat ng mga lipi ni Israel, kabilang na ang sampung lipi, ay

mahahalagang katotohanan na dapat isaalang-alang sa Panunumbalik ng ebanghelyo. Ang nawawalang sampung lipi ang bumubuo sa Hilagang Kaharian ng Israel at nadalang bihag ng Assyria noong 721 B.C. Nagpunta sila sa mga bansa sa hilaga.<sup>9</sup> Naka-saad sa ating ikasampung saligan ng pananampalataya, “Naniniwala kami sa literal na pagtitipon ng Israel at sa pagpapanumbalik ng Sampung Lipi.”<sup>10</sup> Naniniwala rin tayo na bilang bahagi ng tipan na ginawa ng Panginoon kay Abraham, hindi lamang ang lipi ni Abraham ang pagpapalain kundi maging ang lahat ng tao sa mundo ay pagpapalain. Gaya ng sinabi ni Elder Russell M. Nelson, ang pagtitipon “ay hindi nakabatay sa kinaroroonan ninyo; ito’y batay sa katapatan ng bawat isa. Ang mga tao ay maaaring [dalhin] sa kaalaman ng Panginoon’ [3 Nephi 20:13] nang hindi nililisan ang kanilang sariling bayan.”<sup>11</sup>

Ang ating doktrina ay malinaw: “Ikinalat at pinarusahan ng Panginoon ang labindalawang lipi ng Israel dahil sa kanilang kasamaan at

pagsuway. Gayunman, [ginamit] din ng Panginoon ang pagtitipon ng ito ng kanyang mga hinirang sa kalipunan ng mga bansa ng daigdig upang pagpalain ang mga bansang iyon.”<sup>12</sup>

Mahahalagang aral ang matutuhan natin mula sa malagim na panahong ito. Dapat nating gawin ang lahat sa abot ng ating makakaya upang maiwasan ang kasalanan at paghihimagsik na humahantong sa pagkaalipin.<sup>13</sup> Alam din natin na ang matwid na pamumuhay ay kailangan sa pagtulong sa Panginoon sa pagtitipon ng Kanyang mga hinirang at sa literal na pagtitipon ng Israel.

Ang pagkaalipin, pagkalupig, adiksiyon, at pagkabihag ay maraming uri. Ang mga ito ay maaaring literal na pisikal na pagkaalipin ngunit maaari din itong kawalan o pagkasira ng moral na kalayaan na maaaring pumigil sa ating pag-unlad. Malinaw na sinabi ni Jeremias na ang kasamaan at paghihimagsik ang mga pangunahing dahilan ng pagkawasak ng Jerusalem at pagkabihag sa Babilonia.<sup>14</sup>

Ang iba pang uri ng pagkaalipin ay nakapipinsala rin sa espiritu ng tao. Ang moral na kalayaan ay maaaring maabuso sa maraming paraan.<sup>15</sup> Babanggit ako ng apat na talagang nakapipinsala sa kultura ngayon.

Una, ang mga adiksiyon na sumisira sa kalayaan sa pagpili, kumakalaban sa kagandahang-asal, at sumisira sa mabuting kalusugan ay nagdudulot ng pagkaalipin. Ang epekto ng droga at alak, imoralidad, pornograpiya, pagsusugal, kasakiman sa pera, at iba pang pagpapahirap sa mga naaalipin ay labis na nagpapabigat sa lipunan kung kaya’t halos imposible itong masukat.

Ikalawa, ang ilang adiksiyon o pagkaakit sa ibang bagay, kahit hindi talagang masama, ay maaaring umubos ng ating panahon na dapat sana ay magamit sa paggawa ng mabubuting bagay. Maaaring kabilang dito ang sobrang paggamit ng social media, mga video at digital game, isports, libanngan, at marami pang iba.<sup>16</sup>

Ang paglalaan natin ng panahon para sa pamilya ang isa sa mga pinakamahalagang bagay na kinakaharap natin sa maraming kultura. Noong ako

lang ang miyembro ng Simbahan sa aming law firm, isang abugada ang nagpaliwanag sa akin kung paanong dama niya palagi na para siyang juggler na may pinaikot na tatlong bola sa ere. Ang isang bola ay ang kanyang pagiging abugada, ang isa ay ang pagsasama nilang mag-asawa, at ang isa pa ay ang kanyang mga anak. Halos wala na siyang panahon para sa kanyang sarili. Nababahala siya na isa sa mga bola ay hindi na niya napag-uukulan ng panahon. Iminungkahi ko na magpulong kami bilang isang grupo at pag-usapan ang aming mga prioridad. Napagpasiyahan namin na kaya kami nagtatrabaho ay para suportahan ang aming mga pamilya. Nagkasundo kami na ang pagkita ng pera ay hindi kasinghalaga ng aming mga pamilya, ngunit alam namin na mahalaga ang paglilingkod sa aming mga kliyente sa abot ng aming makakaya. Pagkatapos ay pinag-usapan namin ang mga bagay na ginagawa namin sa trabaho na hindi naman kailangan at nakukuha pa ang oras para sa pamilya. Napipilitan ba kaming mag-ukol ng panahon sa trabaho na hindi naman kailangang gawin?<sup>17</sup> Nagpasiya kami na ang mithiin namin ay magkaroon ng kapaligiran na kasiya-siya sa pamilya kapwa para sa kababaihan at sa kalalakihan. Dapat maging mabuting halimbawa tayo ng pagprotekta ng oras para sa pamilya.

Ikatlo, ang pinaka-karaniwang uri ng pagkaalipin sa ating panahon, gaya ng nangyari sa kasaysayan, ay ang ideolohiya o paniniwala na hindi ayon sa ebanghelyo ni Jesucristo. Ang paghahalili ng mga pilosopiya ng tao sa katotohanan ng ebanghelyo ay maaaring maglayo sa atin sa kasimplihan ng mensahe ng Tagapagligtas. Nang bumisita si Apostol Pablo sa Athens, sinubukan niyang ituro ang Pagkabuhay na Mag-uli ni Jesucristo. Mababasa natin ang pagsisikap na ito sa Mga Gawa, “Lahat nga ng mga Ateniyense at ang mga taga ibang bayang nakikipamayan doon ay walang ibang ginagawa, kundi ang magsipagsaysay o mangakinig ng *anomang bagay na bago*.”<sup>18</sup> Nang malaman ng mga tao ang simpleng mensahe ni Pablo ukol sa relihiyon, na hindi na bago, tinanggihan nila ito.

Katulad din ito sa ating panahon, kung saan ang mga katotohanan ng ebanghelyo ay madalas tanggihan o baluktutin upang maging kaakit-akit sa kaisipan o tumugma sa kasalukuyang kalakaran ng kultura at mga intelektuwal na pilosopiya. Kung hindi tayo maingat, maaari tayong mabihag ng mga kalakarang ito at maalipin ang ating kaisipan. Maraming tinig ngayon ang nagsasabi kung paano dapat mamuhay ang kababaihan.<sup>19</sup> Madalas ay magkakasalungat ang mga ito. Mas dapat tayong mabahala sa mga pilosopiya na bumabatikos o pumapawi sa paggalang sa kababaihan na piniling gawin ang mga sakripisyong kailangan upang maging mga ina, guro, tagapangalaga, o mga kaibigan ng mga anak nila.

Ilang buwan na ang nakalipas bumisita sa amin ang dalawa naming pinakabatang apong babae—sa magkasunod na linggo. Nasa bahay ako at ako ang nagbukas ng pinto. Ang asawa kong si Mary ay nasa kabilang silid. Sa dalawang pagbisitang iyon, pagkatapos yumakap, halos pareho sila ng sinabi. Tumingin sila sa paligid at sinabing, “Gustung-gusto ko sa bahay ni Lola. Nasaan po si Lola?” Naisip ko at hindi ko ito sinabi sa kanila, “Hindi ba’t bahay rin ito ni Lolo?” At naisip ko na noong bata pa ako, nagpupunta kaming pamilya sa bahay ni Lola. Ang mga titik ng isang pamilyar na awitin ay pumasok sa isip ko: “Pagtawid ng ilog at matapos maglakad sa kakahuyan,

bahay ni Lola aming pinupuntahan.”

Ngayon, lilinawin ko na natutuwa ako sa edukasyon at iba pang mga pagkakataon na maaaring matamo ng kababaihan. Masaya ako na ang mabibigat na trabaho at nakakapagod na gawain sa tahanan ay nabawasan nang husto dahil sa makabagong pamamaraan at ang kababaihan ay nakagagawa ng kahanga-hangang mga kontribusyon sa lahat ng larangan. Ngunit kung hahayaan nating mabawasan ang espesyal na pakikipag-ugnayan ng mga bata sa mga ina at lola at sa iba pa na nangangalaga sa kanila, pagsisisihan natin ito balang-araw.

Ikaapat, ang kapangyarihan na tahasang lumalabag sa mabubuting alituntunin ay maaaring magdulot ng pagkaalipin. Isa sa mga nakapanlulumong uri nito ay kapag ang mabubuting tao, na damang mananagot sila sa Diyos sa kanilang ikinikilos, ay pinipilit na gawin ang bagay na labag sa kanilang konsiyensya—halimbawa, ang mga health provider na pilit papipiliin kung tutulong sila sa paglalaglag ng sanggol nang labag sa kanilang kagustuhan o mawawalan sila ng trabaho.

Ang Simbahan ay maliit na minoridad lamang kahit iugnay sa mga taong gayundin ang saloobin. Mahirap baguhin ang lipunan sa pangkalahatan, ngunit kailangan nating sikaping pag-igihin ang moral na kulturang nakapalibot sa atin. Ang mga Banal sa mga Huling Araw sa lahat ng bansa



ay dapat maging mabubuting mamamayan, lumahok sa mga gawaing panglipunan, alamin ang nangyayari sa kanilang paligid, at bumoto.

Gayunman, ang pangunahin nating pagtutuunan ng pansin ay ang gawin ang anumang sakripisyong kailangan upang mapangalagaan ang ating pamilya at ang susunod na henerasyon.<sup>20</sup> Marami sa kanila ang hindi pa alipin ng matinding adiksiyon o mga maling ideolohiya. Kailangan natin silang tulungan na maging matatag sa mundong katulad ng Jerusalem noong panahon nina Lehi at Jeremias. Bukod pa rito, kailangan natin silang ihanda sa paggawa at pagtupad ng mga sagra-dong tipan at maging mga pangunahing lingkod na tutulong sa Panginoon sa pagtatayo ng Kanyang Simbahan at pagtitipon sa nakalat na Israel at mga hinirang ng Panginoon sa lahat ng dako.<sup>21</sup> Gaya ng mababasa sa Doktrina at mga Tipan, “Ang mabubuti ay matitipon mula sa lahat ng bansa, at patutungo sa Sion, umaawit ng mga awit ng walang hanggang kagalakan.”<sup>22</sup>

Ang hamon sa atin ay iwasan ang anumang uri ng pagkaalipin, tulungan ang Panginoon na tipunin ang Kanyang mga hinirang, at magsakripisyo para sa susunod na henerasyon. Kailangang palagi nating tandaan na hindi tayo ang nagliligtas sa ating sarili. Tayo ay pinalalaya ng pagmamahal, biyaya, at nagbabayad-salang sakripisyo ng Tagapagligtas. Nang umalis ang pamilya ni Lehi, sila ay inakay ng liwanag ng Panginoon. Kung tapat tayo sa Kanyang liwanag, sumusunod sa Kanyang mga utos, at umaasa sa Kanyang mga biyaya, maiiwasan natin ang pagkaalipin ng espiritu, katawan, at isipan gayundin ang pananaghoy sa paggala sa ating sariling ilang, sapagkat Siya ay may kapangyarihang magligtas.

Iwasan natin ang kapighatian at kalungkutan ng mga yaong bumagsak sa pagkaalipin at hindi na makakanta pa ng mga awit ng Sion. Sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

#### MGA TALA

1. Ang mga opera ni Verdi, gaya ng *Aida*, *La traviata*, at *Il trovatore*, ay kabilang sa mga pinakabantog na opera na itinatanghal sa iba't ibang panig ng mundo ngayon.
2. Tingnan sa 1 Nephi 5:13; 7:14.



3. Jeremias 1:5.
4. Tingnan sa 1 Nephi 2:2–3.
5. Ang pagkawasak ng templo ni Salomon, ang pagbagsak ng Jerusalem, at ang pagkabahag ng lipi ni Juda ay naganap noong mga 586 B.C.
6. Jeremias 2:11, 13.
7. Jeremias 8:20. Naunang naitala ni Jeremias ang panawagan ng Panginoon na magsisi, “Ako’y nagdaramdam sa aking puso” (Jeremias 4:19) at nagsabing, “Hanapin [ang tao] . . . na gumagawa ng kaganapan, na humahanap ng katotohanan; at aking patatawarin siya” (Jeremias 5:1).
8. Tingnan sa Jeremias 31; 1 Nephi 10:14.
9. Tingnan sa II Mga Hari 17:6; Doktrina at mga Tipan 110:11.
10. Mga Saligan ng Pananampalataya 1:10; tingnan din sa 2 Nephi 10:22.
11. Russell M. Nelson, “The Book of Mormon and the Gathering of Israel,” (mensaheng ibinigay sa seminar para sa mga bagong mission president, Hunyo 26, 2013).
12. Gabay sa mga Banal na Kasulatan, “Israel” scriptures.lds.org.
13. Ang Panginoon, sa pagsasalita sa ating panahon, ay nagsabing, “Ang buong sanlibutan ay nasasadlak sa kasalanan, at dumadaing sa ilalim ng kadiliman at sa pagkaalipin ng kasalanan . . . sapagkat sila ay hindi lumalapit sa akin” (Doktrina at mga Tipan 84:49–50).
14. Ang mga taong inosente, siyempre pa, ay maaari ding magalipin.
15. Ang mga alituntunin ng doktrina ay hindi nagbabago, ngunit ang paraan ng pagkaalipin, pagkabihag, at pagkawasak ay lalo pang tumitindi kaysa noon.
16. Ito ay angkop at medyo nakakatwang napansin sa pabalat ng *New York Times Magazine* noong nakaraang taon (Abr. 8, 2012) na tinutukoy ang pagkalulong sa mga digital game. Nakasaad doon, “Ang Sobrang Nakakaadik, Umuubos ng Oras, Nakakasira ng Relasyon, Nakapagpapahina ng Isipan at Kaakit-akit na mga Walang Silbing Digital Game.” At sa maliit na

print: “(Hindi ibig sabihin nito na hindi rin natin gusto ang mga ito.)” Ito, kahit medyo pabiro, ay nagbibigay-diin na kailangang maging matalino tayo sa paggamit ng mga kahanga-hangang imbensyon sa teknolohiya ng ating panahon.

17. Ang karaniwang naiisip ng maraming nagtatrabaho ay “Subsob tayo sa pagtatrabaho, kaya maglibang naman tayo.” Bagama’t mahalagang nagkakasundo ang mga empleyado, kapag inagaw na ng “trabaho at paglilibang” ang oras para sa pamilya, wala ng saysay ito.
18. Mga Gawa 17:21; idinagdag ang pagbibigay-diin.
19. Tingnan sa Keli Goff, “Female Ivy League Graduates Have a Duty to Stay in the Workforce,” *Guardian*, Abr. 21, 2013, [Deseret News, Hunyo 28, 2012, A3; Judith Warner, “The Midcareer Timeout \(Is Over\);” \*New York Times Magazine\*, Ago. 11, 2013, 24–29, 38; Scott Schieman, Markus Schafer, and Mitchell McIvor, “When Leaning In Doesn’t Pay Off,” \*New York Times\*, Ago. 11, 2013, 12.](http://www.theguardian.com/commentisfree/2013/apr/21/female-ivy-league-graduates-stay-home-moms; Sheryl Sandberg, <i>Lean In: Women, Work, and the Will to Lead</i> (2013); Anne-Marie Slaughter, “Why Women Still Can’t Have It All,” <i>The Atlantic</i>, Hunyo 13, 2012, <a href=)
20. Hinihikayat ng Simbahan ang mga bishopric na tulungan ang mga pamilya sa pamamagitan ng pag-uukol ng mas maraming oras sa mga kabataang lalaki, kabataang babae, at young single adult. Ang mga bishopric ay hinikayat na mag-atas ng mas marami pang responsibilidad sa ward council sa mga Melchizedek Priesthood quorum, mga auxiliary, at sa mga miyembro na may espesyal na kakayahan na tulungan ang iba sa angkop na paraan.
21. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 29:7.
22. Doktrina at mga Tipan 45:71.



**Ni Elder Neil L. Andersen**  
Ng Korum ng Labindalawang Apostol

# Kapangyarihan sa Priesthood

*Maaaring hawiin ng isang lalaki ang kurtina para pumasok ang mainit na sikat ng araw sa silid, ngunit hindi kanya ang araw o ang liwanag o ang init na hatid nito.*

## Ang mga Pagpapala ng Priesthood ay Para sa Lahat

Nang masayang kantahin ng mga bata sa sacrament meeting ang awit sa Primary na “Dito ay May Pag-ibig,” nasisiyahang ngumiti ang lahat. Pina-kinggang mabuti ng isang matatag na ina na may limang anak ang pangalawang talata: “Tahanan ko sa t’wina ay [kapangyarihan ng priesthood] ang gabay.”<sup>1</sup> Malungkot niyang naisip, “Hindi pa naranasan ng mga anak ko ang ganyang tahanan.”<sup>2</sup>

Ang mensahe ko sa matatapat na babaeng ito at sa lahat ay na maaari tayong mabuhay sa lahat ng oras na “pinagpapala ng lakas ng kapangyarihan ng priesthood,” anuman ang ating sitwasyon.

Kung minsan ay masyado nating iniuugnay ang kapangyarihan ng priesthood sa kalalakihan sa Simbahan. Ang priesthood ay kapangyarihan at awtoridad na bigay ng Diyos para sa kaligtasan at pagpapala ng lahat—kalalakihan, kababaihan, at mga bata.

Maaaring hawiin ng isang lalaki ang kurtina para pumasok ang mainit na sikat ng araw sa silid, ngunit

hindi kanya ang araw o ang liwanag o ang init na hatid nito. Ang mga pagpapala ng priesthood ay lalong higit na dakila kaysa sa nahilingang magkaloob nito.

Ang matanggap ang mga pagpapala, kapangyarihan, at mga pangako ng priesthood sa buhay na ito at sa kabilang-buhay ay isa sa malalaking pagkakataon at responsibilidad sa buhay na ito. Kapag tayo ay karapat-dapat, pagyayamanin ng mga ordenansa ng priesthood ang ating buhay sa lupa at ihahanda tayo para sa magagandang pangako ng mundo sa hinaharap. Sabi ng Panginoon, “Sa mga ordenansa . . . ang kapangyarihan ng kabanalan ay makikita.”<sup>3</sup>

May espesyal na mga pagpapala ang Diyos para sa bawat karapat-dapat na taong nabinyagan, tumanggap ng Espiritu Santo, at regular na nakikibahagi ng sakramento. Ang templo ay naghahatid ng dagdag na liwanag at lakas, pati na ng pangako ng buhay na walang hanggan.<sup>4</sup>

Ang lahat ng ordenansa ay nag-aanyaya sa atin na palakasin ang ating pananampalataya kay Jesucristo at makipagtipan sa Diyos at tuparin

ang mga ito. Kapag tinupad natin ang mga sagradong tipang ito, tatanggapin natin ang kapangyarihan at mga pagpapala ng priesthood.

Hindi ba natin nadarama ang kapangyarihang ito ng priesthood sa sarili nating buhay at nakikita ito sa mga miyembro ng Simbahan na tumutupad sa kanilang mga tipan? Nakikita natin ito sa mga bagong binyag sa pag-ahon nila mula sa tubig ng binyag na nadaramang sila ay napatawad at malinis. Nakikita natin na ang ating mga anak at kabataan ay mas nakakahiwatig sa mga paghihikayat at patnubay ng Espiritu Santo. Nakikita natin na nagiging lakas at liwanag ang mga ordenansa ng templo para sa mabubuting lalaki at babae sa iba’t ibang dako ng mundo.

Nitong nakaraang buwan nakita ko na nakakuha ng lakas ang isang bata pang mag-asawa mula sa mga pangako ng pagbubuklod sa templo nang isilang ang kanilang pinakamamahal na anak na lalaki ngunit nabuhay lamang ito nang isang linggo. Sa pamamagitan ng mga ordenansa ng priesthood, ang bata pang mag-asawang ito at lahat tayo ay tumatanggap ng kapanatagan, lakas, proteksyon, kapayapaan, at mga walang-hanggan pangako.<sup>5</sup>

## Ang Alam Natin Tungkol sa Priesthood

Maaaring matapat na itanong ng ilan, “Kung ang kapangyarihan at mga pagpapala ng priesthood ay para sa lahat, bakit kalalakihan lang ang namamahala sa mga ordenansa ng priesthood?”

Nang tanungin ng isang anghel si Nephi, “Nalalaman mo ba ang pagpapakababa ng Diyos?” Tapat na sumagot si Nephi, “Alam kong mahal niya ang kanyang mga anak; gayon pa man, hindi ko nalalaman ang ibig sabihin ng lahat ng bagay.”<sup>6</sup>

Kapag priesthood ang pinag-uusapan, napakarami nating alam.

## Lahat ay Pantay-pantay

Alam natin na mahal ng Diyos ang lahat ng anak Niya at wala siyang itinatanggi. “Wala siyang tinatanggihan sa mga lumalapit sa kanya, . . . lalaki [o

babae; . . . at pantay-pantay ang lahat sa Diyos.”<sup>7</sup>

Kahit tiyak natin na “pantay-pantay” ang pagmamahal ng Diyos sa Kanyang mga anak, alam din natin na hindi Niya nilikha ang mga lalaki at babae na parehong-pareho. Alam natin na ang kasarian ay mahalagang katangian ng pagkakakilanlan at layunin natin sa buhay na ito at sa kawalang-hanggan. Ang mga sagradong responsibilidad ay ibinigay sa bawat kasarian.<sup>8</sup>

### Mula sa Simula

Alam natin na sa simula pa lamang ay itinatag na ng Panginoon kung paano pamamahalaan ang Kanyang priesthood. “Unang ibinigay ang priesthood kay Adan.”<sup>9</sup> Sina Noe, Abraham, at Moises ay pawang namahala sa mga ordenansa ng priesthood. Si Jesucristo ang Dakilang Mataas na Saserdote. Tumawag Siya ng mga Apostol. “Ako’y hindi ninyo hinirang,” sabi Niya, “nguni’t kayo’y hinirang ko, at aking kayong inihalal.”<sup>10</sup> Sa ating panahon ang mga makalangit na sugo ay ipinadala ng Diyos. Sina Juan Bautista, Pedro, Santiago, at Juan ang nagpanumbalik ng priesthood sa lupa sa pamamagitan ni Propetang Joseph Smith.<sup>11</sup> Ito ang paraan ng pamamahala ng ating Ama sa Langit sa Kanyang priesthood.<sup>12</sup>

### Maraming Kaloob mula sa Diyos

Alam natin na ang kapangyarihan ng banal na priesthood ay hindi gumagana kung walang pananampalataya, Espiritu Santo, at mga espirituwal na kaloob. May babala sa mga banal na kasulatan: “Huwag ninyong itatatwa ang mga kaloob ng Diyos, sapagkat ang mga yaon ay marami. . . . At maraming iba’t ibang paraan na ang mga kaloob na ito ay pinamamahalaan; ngunit ng yaon ding Diyos na siyang gumagawa ng [lahat ng ito].”<sup>13</sup>

### Pagkamarapat

Alam natin na mahalaga ang pagiging karapat-dapat sa pagsasagawa at pagtanggap ng mga ordenansa ng priesthood. Sinabi ni Sister Linda K. Burton, general president ng Relief Society, “Kabutihan ang kailangan . . . para maanyayahan ang kapangyarihan ng priesthood sa ating buhay.”<sup>14</sup>

Halimbawa, isipin ang salot na pornograpiya na laganap sa lahat ng dako ng mundo. Walang lugar ang pornograpiya sa pamantayan ng Panginoon sa pagkamarapat ng mga namamahala sa mga ordenansa ng priesthood. Sinabi ng Tagapagligtas:

“Magsisi sa inyong . . . mga lihim na gawaing karumal-dumal.”<sup>15</sup>

“Ang ilawan ng katawan ay ang mata. . . . Kung masama ang iyong mata, ang buong katawan

mo’y mapupuspos ng kadiliman.”<sup>16</sup>

“[Sapagka’t] bawa’t tumingin sa isang babae na taglay ang masamang hangad ay nagkakasala na ng pangangalunya sa kaniyang puso.”<sup>17</sup>

Ang di-marapat na pamamahala o pagpapasa ng sakramento, pagbabasbas sa maysakit, o pakikibahagi sa ibang mga ordenansa ng priesthood, sabi nga ni Elder David A. Bednar, ay pagbanggit sa pangalan ng Diyos sa walang kabuluhan.<sup>18</sup> Kung ang isang tao ay hindi karapat-dapat, hindi siya dapat mamahala sa mga ordenansa ng priesthood at mapanalangin niyang lapitan ang kanyang bishop bilang unang hakbang sa pagsisisi at pagsunod sa mga kautusan.

### Pagpapakumbaba

Ang isa pang alam natin ay na sagana ang mga pagpapala ng priesthood sa mga pamilya na ang matwid na ina at ama ay nagkakaisa sa paggabay sa kanilang mga anak. Ngunit alam din natin na nais ng Diyos na ibigay ang mga pagpapalang ito sa mga tao sa iba’t ibang sitwasyon.<sup>19</sup>

Isang ina, na mag-isang bumubuhay sa kanyang pamilya kapwa sa espirituwal at sa temporal, ang taos-pusong nagpaliwanag na kailangan niyang magpakumbaba kapag tinatawag niya ang kanyang mga home teacher para basbasan ang isa sa kanyang mga anak. Ngunit may pag-unawang idinagdag niya na kailangan ding magpakumbabang katulad niya ang kanyang mga home teacher sa paghahanda nilang basbasan ang kanyang anak.<sup>20</sup>

### Ang mga Susi ng Priesthood

Alam natin na ang mga susi ng priesthood, na hawak ng mga miyembro ng Unang Panguluhan at ng Korum ng Labindalawang Apostol, ang namamahala sa gawain ng Panginoon sa ibabaw ng lupa. Ang natatanging mga susi ng priesthood ay ipinagkaloob sa mga stake president at bishop para sa kanilang mga responsibilidad sa lugar na sakop nila. At tumatawag sila ng kalalakihan at kababaihan sa pamamagitan ng paghahayag, na sinasang-ayunan at itinatalaga upang





mo, Elder Ballard, ang [kababaihan] ng Simbahan ay maaaring may magagandang mungkahi . . . kung sila [ay] tata-nungin. Tuta, . . . kami *ang* kanilang mga ina!”<sup>25</sup>

Kilala si Pangulong Thomas S. Monson sa pag-alam at pagtugon sa mga alalahanin ng kababaihan. Ang babaeng may pinakamalaking impluwensya sa kanya ay si Sister Frances Monson. Nami-miss natin siya. At nitong nakaraang Huwebes, ipinaalala ni Pangulong Monson sa mga General Authority kung gaano ang natutuhan niya bilang bishop mula sa 84 na balo ng kanyang ward. Malaki ang impluwensya nila sa kanyang paglilingkod at sa buong buhay niya.

Hindi nakakagulat, na bago ang mapanalanging desisyon ni Pangulong Monson tungkol sa pagbabago ng edad ng paglilingkod ng missionary, ay nagkaroon ng maraming talakayan sa mga general presidency ng Relief Society, Young Women, at Primary.

Mga bishop, kapag tinularan ninyo ang halimbawa ni Pangulong Monson, madarama ninyo na higit na pinagpapala ng Panginoon ang inyong sagradong gawain.

Ilang taon kaming nanirahan sa Brazil. Hindi nagtagal pagdating namin doon, nakilala ko si Adelson Parrella, na naglilingkod noon bilang Pitumpu, at ang kapatid niyang si Adilson, na naglilingkod noon sa aming stake presidency. Kalaunan ay nakilala ko ang kapatid nilang si Adalton, na naglilingkod bilang stake president sa Florianopolis, at isa pa nilang kapatid na si Adelmo, na naglilingkod bilang bishop. Humanga ako sa pananam-palataya ng magkakapatid na ito, at kinumusta ko ang kanilang mga magulang.

Nabinyagan ang pamilya sa Santos, Brazil, 42 taon na ang nakararaan. Sabi ni Adilson Parrella, “Noong una, tila tuwang-tuwa si Itay na sumapi sa Simbahan. Gayunman, [agad] siyang naging di-gaanong aktibo at sinabihan si Inay na huwag nang magsimba.”

Ikinuwento sa akin ni Adilson na nananahi ng damit ang kanyang ina para sa mga kapitbahay para may pamasaha ang kanyang mga anak sa bus

magampanan ang awtoridad na ipinagkatiwala sa kanila para magturo at maglilingkod.<sup>21</sup>

Kahit marami tayong alam tungkol sa priesthood, ang mga karanasan natin sa buhay ay hindi laging lubos na nagpapaunawa sa atin tungkol sa mga gawain ng Diyos. Ngunit ang magiliw Niyang paalala na, “Ang aking mga pag-iisip ay hindi ninyo mga pag-iisip, o ang inyo mang mga lakad ay aking mga lakad,”<sup>22</sup> ay muling tinitiyak sa atin na pagdating ng panahon at kapag naunawaan natin ang kawalang-hanggan makikita natin ang “mga bagay kung ano talaga ang mga ito”<sup>23</sup> at mas lubos nating mauunawaan ang Kanyang sakdal na pagmamahal.

Tayong lahat ay handang maglilingkod. Kung minsan parang madali lang ang ating tungkulin at umaasam na sana ay dagdagan pa ito. May mga pagkakataon naman na nagpapasalamat tayo kapag na-release na tayo. Hindi tayo ang nagpapasiya ukol sa mga tungkuling natatanggap natin.<sup>24</sup> Maaga kong natutuhan ang aral na ito nang mag-asawa ako. Noong bagong kasal pa lang kami ng asawa kong si Kathy, tumira kami sa Florida. Isang araw ng Linggo ipinaliwanag sa akin ng isang counselor sa stake presidency na nainspirasyunan sila na tawagin si Kathy bilang early-morning seminary teacher.

“Paano namin ito gagawin?” tanong ko. “May maliliit kaming anak, nagsisimula ang seminary nang alas-5:00 n.u., at ako ang ward Young Men president.”

Ngumiti ang counselor at sinabi niya, “OK lang, Brother Andersen. Tatawagin namin siya, at ire-release ka namin.”

At iyon ang nangyari.

### Ang Kontribusyon ng Kababaihan

Ang taos-pusong pag-alam at pakikinig sa mga ideya at alalahanin ng kababaihan ay mahalaga sa buhay, sa mag-asawa, at sa pagtatayo ng kahirian ng Diyos.

Dalawampung taon na ang nakararaan sa pangkalahatang kumperensya, ikinuwento ni Elder M. Russell Ballard ang pakikipag-usap niya sa general president ng Relief Society. May tanong tungkol sa pagpapalakas sa pagkamarapat ng mga kabataang naghahandang magmisyon. Sinabi ni Sister Elaine Jack na nakangiti, “Alam



**Vany Parrella**



papuntang simbahan. Sama-samang naglalakad ang apat na batang lalaki nang mahigit isang milya papunta sa isa pang bayan, sumasakay ng bus nang 45 minuto, at naglalakad nang 20 minuto pa papuntang chapel.

Kahit hindi makasama si Sister Parrella sa kanyang mga anak na magsimba, nagbabasa sila ng kanyang mga anak ng mga banal na kasulatan, tinuturuan niya sila ng ebanghelyo, at magkakasama silang nagdarasal. Ang kanilang abang tahanan ay puno ng saganang mga pagpapala ng kapangyarihan ng priesthood. Lumaki ang mga batang lalaki, nagmisyon, nag-aral, at ikinasal sa templo. Napuspos ng mga pagpapala ng priesthood ang kanilang mga tahanan.

Lumipas ang mga taon, nag-iisa na sa buhay, si Vany Parrella ay pumasok sa templo para sa sarili niyang endowment at, kalaunan pa, naglingkod sa tatlong misyon sa Brazil. Siya ngayon ay 84 na taong gulang na, at patuloy na pinagpapala ng kanyang pananampalataya ang mga henerasyong sumunod sa kanya.

### Patotoo at Pangako

Ang kapangyarihan ng banal na priesthood ng Diyos ay matatagpuan sa Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw. Nagpapatotoo ako na kapag marapat kayong nakikibahagi sa mga ordenansa ng priesthood, bibigyan kayo ng Panginoon ng higit

na lakas, kapayapaan, at pag-unawa sa kawalang-hanggan. Anuman ang inyong sitwasyon, “kapangyarihan ng priesthood ang gagabay” sa inyong tahanan at ang mga mahal ninyo sa buhay ay mas hahangarin ang mga pagpapalang ito para sa kanilang sarili.

Bilang kalalakihan at kababaihan, magkakapatid, mga anak ng Diyos, magkakasama tayong sumusulong. Ito ay ating pagkakataon, responsibilidad, at pagpapala. Ito ang ating tadhana—ang ihanda ang kaharian ng Diyos para sa pagbabalik ng Tagapagligtas. Sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

### MGA TALA

1. “Dito’y May Pag-ibig,” *Aklat ng mga Awit Pambata*, 102–3.
2. Personal na email, Ago. 5, 2013.
3. Doktrina at mga Tipan 84:20.
4. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 138:37, 51.
5. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 84:35; 109:22.
6. 1 Nephi 11:16–17.
7. 2 Nephi 26:33.
8. Tingnan sa “Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo,” *Liahona*, Nob. 2010, 129.
9. *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Joseph Smith* (2007), 121; tingnan din sa Doktrina at mga Tipan 84:16; 107:40–53; 128:18, 21; Russell M. Nelson, “Lessons from Eve,” *Ensign*, Nob. 1987, 86–89.
10. Juan 15:16.
11. Tingnan sa Joseph Smith—Kasaysayan 1:72; tingnan din sa Doktrina at mga Tipan 13; 27.
12. Tingnan sa M. Russell Ballard, “Let Us Think Straight” (BYU Campus Education Week devotional, Ago. 20, 2013); speeches.byu.edu. Sinabi ni Elder Ballard: “Bakit inorden sa mga katungkulan sa priesthood ang kalalakihan at hindi ang kababaihan?”

Ipinaliwanag ni Pangulong Gordon B. Hinckley na ang Panginoon, hindi ang tao, ‘ang nagtakda na kalalakihan sa Kanyang Simbahan ang dapat humawak ng priesthood’ at na ang Panginoon din ang nagka-loob sa kababaihan ng ‘mga kakayahang buuin ang dakila at kagila-gilalas na organisasyong ito, na siyang Simbahan at kaharian ng Diyos’ (“Women of the Church,” *Ensign*, Nob. 1996, 70). Matapos masabi at magawa ang lahat, hindi pa inihahayag ng Panginoon kung bakit Niya inorganisa ang Kanyang Simbahan nang gayon.”

13. Moroni 10:8.
14. Linda K. Burton, “Priesthood: ‘A Sacred Trust to Be Used for the Benefit of Men, Women, and Children’” (Brigham Young University Women’s Conference address, Mayo 3, 2013); ce.byu.edu/cw/womensconference/pdf/archive/2013/lindaBurtonTalk.pdf.
15. 3 Nephi 30:2.
16. Mateo 6:22–23.
17. Mateo 5:28; tingnan din sa Alma 39:9. Sinabi ni Pangulong Thomas S. Monson: “Ang pornograpiya ay lalong mapanganib at nakalululong. Ang pag-uurirang tungkol sa pornograpiya ay maaaring makagawian, at humantong sa mas malalawang materyal at kasalanang seksuwal. Iwasan ang pornograpiya anuman ang mangyari” (“Ang Paghahanda ay Naghahatid ng mga Pagpapala,” *Liahona*, Mayo 2010, 66).  
“Talagang nakakabahala . . . ang ulat ng bilang ng mga taong gumagamit ng Internet para sa masasamang layuning, ang panood ng pornograpiya ang pinakalaganap sa mga layuning ito. Mga kapatid, ang pagkasangkot sa gayon ay tiyak na sisira sa espiritu. Maging matatag. Maging malinis. Iwasan ang nakabababa ng pagkatakto at nakapipinsalang nilalaman anuman ang mangyari—kahit nasaan pa ito! Ipinabot ko ang babalang ito sa lahat ng tao, sa lahat ng dako” (“Hanggang sa Muli Nating Pagkikita,” *Liahona*, Mayo 2009, 113).  
“Iwasan ang anumang anyo ng pornograpiya. Gagawin nitong manhid ang espiritu at magpapawala ng konsensya. Sinabi sa atin sa Doktrina at mga Tipan, ‘At yaong hindi nakapagpapatibay ay hindi sa Diyos, at ito ay kadiliman’ [Doktrina at mga Tipan 50:23]” (“Tapat sa Pananampalataya,” *Liahona*, Mayo 2006, 18–19).
18. Tingnan sa David A. Bednar, *Act in Doctrine* (2012), 53.
19. Tingnan sa Dallin H. Oaks, “Awtoridad ng Priesthood sa Pamilya at sa Simbahan,” *Liahona*, Nob. 2005, 24–27.
20. Personal na email, Ago. 5, 2013; tingnan sa Santiago 5:14.
21. Tingnan sa Sa Mga Hebreo 5:4.
22. Isaias 55:8.
23. Jacob 4:13.
24. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 81:4–5. Sinabi ni Pangulong Gordon B. Hinckley: “Mabigat ang obligasyon ninyo sa inyong tungkulin gaya ng bigat ng obligasyon ko sa aking tungkulin. Walang tungkulin sa simbhang ito na maliit o hindi gaano ang epekto” (“This Is the Work of the Master,” *Ensign*, Mayo 1995, 71).
25. M. Russell Ballard, “Strength in Counsel,” *Ensign*, Nob. 1993, 76.





**Ni David M. McConkie**

Unang Tagapayo sa Sunday School General Presidency

# Pagtuturo nang may Kapangyarihan at Awtoridad ng Diyos

*Ang Panginoon ay naglaan ng paraan para sa lahat ng karapat-dapat na Banal sa mga Huling Araw upang makapagturo ayon sa paraan ng Tagapagligtas.*


**K**ulang ang salita upang lubos naming maipahayag ang aming pasasalamat sa mga guro sa buong Simbahan. Mahal namin kayo at malaki ang tiwala namin sa inyo. Kayo ay isa sa mga pinakamalaking himala ng ipinanumbalik na ebanghelyo.

Sa katunayan may sekreto sa pagiging matagumpay na guro sa ebanghelyo, sa pagtuturo nang may kapangyarihan at awtoridad ng Diyos. Ginamit ko ang salitang *sekreto* dahil ang mga alituntunin na pinagbatayan ng tagumpay ng guro ay nauunawaan lamang ng mga taong may patotoo sa naganap noong umaga ng isang maganda, maaliwalas na araw, sa tagsibol ng 1820.

Bilang sagot sa mapagpakumbabang panalangin ng 14-na-taong gulang na bata, nabuksan ang kalangitan. Ang Diyos Amang Walang Hanggan at Kanyang Anak na si Jesucristo ay nagpakita at nangusap kay Propetang Joseph Smith. Ang matagal nang hinihintay na panunumbalik ng lahat

ng mga bagay ay nagsimula na, at ang alituntunin ng paghahayag ay naitatag magpakailanman sa ating dispensasyon. Ang mensahe ni Joseph, at ating mensahe sa mundo, ay maibubuod sa apat na salita: “Ang Diyos ay nangungusap.” Siya ay nangusap noong sinauna, Siya ay nangusap kay Joseph, at Siya ay mangungusap sa inyo. Ito ang dahilan kaya iba kayo sa lahat ng

## Rome, Italy



iba pang guro sa mundo. Dahil dito hindi kayo mabibigo.

Kayo ay tinawag sa pamamagitan ng diwa ng propesiya at paghahayag at itinalaga ng awtoridad ng priesthood. Ano ang ibig sabihin nito?

Una, ibig sabihin nito ay naglilingkod kayo sa Panginoon. Kayo ay Kanyang kinatawan, at kayo ay binigyang karapatan at responsibilidad na kumatawan sa Kanya at kumilos sa Kanyang pangalan. Bilang Kanyang kinatawan, kayo ay tatanggap ng Kanyang tulong. Dapat ninyong itanong sa inyong sarili, “Ano ang sasabihin ng Tagapagligtas kung Siya ang nagtuturo sa klase ko ngayon, at paano Niya ito sasabihin?” Dapat ganoon din ang inyong gawin.

Ang responsibilidad na ito ay maaring magpadama sa ilan ng kakulangan o takot. Ang landas na tatahakin ay hindi mahirap. Ang Panginoon ay naglaan ng paraan para sa lahat ng karapat-dapat na Banal sa mga Huling Araw upang makapagturo ayon sa paraan ng Tagapagligtas.

Pangalawa, kayo ay tinawag upang ipangaral ang ebanghelyo ni Jesucristo. Hindi ninyo dapat ituro ang sarili ninyong ideya o pilosopiya, kahit pa hinaluan ito ng mga banal na kasulatan. Ang ebanghelyo ay “siyong kapangyarihan ng Dios sa ikaliligtas,”<sup>1</sup> at sa pamamagitan lamang ng ebanghelyo tayo maliligtas.

Pangatlo, iniuutos sa inyo na ituro ang mga alituntunin ng ebanghelyo ayon sa nakasulat sa mga banal na kasulatan ng Simbahan, na ituro ang mga salita ng mga apostol at propeta sa mga panahong ito, at ituro ang mga itinuro sa inyo sa pamamagitan ng Espiritu Santo.

Kaya saan tayo magsisimula?

Ang una at pinakamahalaga nating responsibilidad ay mamuhay sa paraang mapapasatain ang Espiritu Santo bilang ating gabay at kasama. Nang hangarin ni Hyrum Smith na makibahagi sa gawing ito sa mga huling araw, sinabi ng Panginoon, “Masdan, ito ang iyong gawain, ang sumunod sa aking mga kautusan, oo, nang buo mong kakayahan, pag-iisip at lakas.”<sup>2</sup> Dito magsisimula. Ang payo, na ibinigay ng Panginoon kay Hyrum, ay ibinigay rin



### **Arraiján, Panama**

Niya sa mga Banal sa lahat ng panahon.

Tungkol sa mga guro ngayon, sinabi ng Unang Panguluhan: “Ang pinakamahalagang bahagi ng inyong paglilingkod ay ang inyong araw-araw na espirituwal na paghahanda, kabilang ang pagdarasal, pag-aaral ng mga banal na kasulatan, at pagsunod sa mga kautusan. Hinihikayat namin kayo na lubos na ipamuhay ang ebanghelyo nang may mas dakilang layunin kaysa noon.”<sup>3</sup>

Hindi sinabi ng Unang Panguluhan na ang pinakamahalagang bahagi ng inyong paglilingkod ay ang paghahandang mabuti sa inyong lesson o pagpapakahusay sa iba’t ibang pamamaraan sa pagtuturo. Totoong dapat kayong maghandang mabuti sa bawat lesson at magsikap na matutuhan kung paano magtuturo para matulungan ang inyong mga estudyante na magamit ang kanilang kalayaan at maantig ng ebanghelyo ang kanilang puso, ngunit ang una at pinakamahalagang bahagi ng inyong paglilingkod ay ang inyong personal at espirituwal na paghahanda. Kapag sinunod

ninyo ang payo na ito, ipinangako ng Unang Panguluhan: “Tutulungan kayo ng Espiritu Santo na malaman ang gagawin. Ang sarili ninyong patotoo ay lalakas, mas lalalim ang inyong pananalig, at mapapalakas kayo para maharap ang mga hamon ng buhay.”<sup>4</sup>

Anong malalaking pagpapala ang maaaring hangarin ng isang guro?

Kasunod nito, iniutos ng Panginoon na bago natin hangaring ipahayag ang Kanyang salita, hangarin muna nating matamo ito.<sup>5</sup> Dapat kayong maging mga kalalakihan at kababaihan na may malinaw na pang-unawa sa pamamagitan ng masigasig na pagsasaliksik ng mga banal na kasulatan at pagpapahalaga sa mga ito sa inyong puso. Pagkatapos kapag humingi kayo ng tulong sa Panginoon, pagpapalain Niya kayo ng Kanyang Espiritu at Kanyang salita. Mapapasainyo ang kapangyarihan ng Diyos sa ikahihikayat ng mga tao.

Sinabi sa atin ni Pablo na dumarating ang ebanghelyo sa mga tao sa dalawang paraan, sa salita at sa kapangyarihan.<sup>6</sup> Ang salita ng ebanghelyo ay nakasulat sa mga banal na

kasulatan, at matatamo natin ang salita sa masigasig na pagsasaliksik. Ang kapangyarihan ng ebanghelyo ay dumarating sa mga taong namumuhay sa paraang makakasama nila ang Espiritu Santo at sumusunod sa mga pahiwatig na kanilang natatanggap. Ang ilan ay nakatuon lamang sa pag-aaral ng ebanghelyo, at nagiging mahusay sila sa pagbibigay ng impormasyon. Ang iba ay nagpapabaya sa kanilang paghahanda at umaasang kahit paano dahil sa Kanyang kabutihan ay tutulungan sila ng Panginoon sa pagtuturo sa klase. Hindi ninyo maaasahang tutulungan kayo ng Espiritu na maalala ang mga banal na kasulatan at alituntunin kung hindi ninyo ito pinag-aralan o pinaghandaan. Upang matagumpay na maituro ang ebanghelyo, dapat kapwa nasa inyo ang salita at ang kapangyarihan ng ebanghelyo.

Naunawaan ni Alma ang mga alituntuning ito nang magalak siya sa mga anak ni Mosias at kung paano sila nagturo nang may kapangyarihan at awtoridad ng Diyos. Mababasa natin: “Sila’y mga lalaking may malinaw



na pang-unawa at sinaliksik nila nang masigasig ang mga banal na kasulatan upang malaman nila ang salita ng Diyos.

“Subalit hindi lamang ito; itinuoan nila ang kanilang sarili sa maraming panalangin, at pag-aayuno; kaya nga taglay nila . . . ang diwa ng paghahayag.”<sup>7</sup>

Pagkatapos, dapat kayong matutong makinig. Itinuro ni Elder Jeffrey R. Holland ang alituntuning ito sa mga missionary. Babanggitin ko ang sinabi ni Elder Holland pero palalitan ko ang mga salitang *mga missionary* at *investigator* ng mga salitang *mga guro* at *estudyante*: “Pangalawa sa responsibilidad ng [mga guro] na makinig sa Espiritu, ay ang responsibilidad nila na makinig sa [estudyante]. . . . Kung makikinig tayo habang umaasa sa Espiritu, . . . *sasabihin sa atin ng [ating mga estudyante]* ang mga lesson na kailangan nilang marinig!”

Sinabi pa ni Elder Holland: “Sa katunayan ang [mga guro] ay masyadong nakatuon pa rin sa magaan at paulit-ulit na lesson sa halip na magtuon sa kanilang [mga estudyante] bilang mga indibiduwal.”<sup>8</sup>

Matapos ninyong maihanda ang inyong sarili at inyong lesson sa abot ng inyong makakaya, dapat ninyong hayaan ang Espiritu na gabayan kayo sa dapat ninyong ituro. Kapag ang bayanad na pahiwatig ng Espiritu Santo ay dumating, dapat magkaroon kayo ng lakas ng loob na isantabi ang inihanda ninyong outline at sundin ang mga pahiwatig na iyon. Kapag ginawa ninyo ito, ang lesson na itinuro ninyo ay hindi na ang gusto ninyong ituro, kundi ang lesson na gusto ng Tagapagligtas na ituro sa kanila.

Kapag inyong iniukol ang inyong sarili sa pamumuhay sa ebanghelyo nang may mas dakilang layunin kaysa noon at sinaliksik ang mga banal na kasulatan, pinahalagahan ang mga ito sa inyong puso, ang Espiritu Santo ring iyon, na nagpahayag ng mga salitang ito sa sinaunang mga apostol at propeta, ay patototohanan din sa inyo ang katotohanan ng mga ito. Sa katunayan, ihahayag ito nang panibago ng Espiritu Santo. Kapag nangyari ito, ang mga salitang binasa ninyo ay hindi na mga salita lamang ni Nephi o ni Pablo o ni Alma, kundi nagiging salita na rin

ninyo. Pagkatapos, habang nagtuturo kayo, maipapaalala sa inyo ng Espiritu Santo ang lahat ng bagay. Sa katunayan, “ibigay sa inyo sa mga oras na yaon, oo, sa sandali [ring iyon], kung ano ang inyong sasabihin.”<sup>9</sup> Kapag nangyari ito, makikita ninyong sinasabi ninyo ang isang bagay na hindi ninyo ipinlanong sabihin. At, kung pag-iisipan ninyo ito, may matututuhan kayo mula sa mga bagay na inyong sinabi habang nagtuturo kayo. Sinabi ni Pangulong Marion G. Romney, “Nalalaman ko sa tuwina kapag nagsasalita ako sa ilalim ng inspirasyon ng Espiritu Santo dahil palagi akong may natututuhan sa sinabi ko.”<sup>10</sup> Tandaan, ang isang guro ay estudyante rin.

At sa huli, dapat may sarili kayong patotoo ukol sa mga bagay na itinuro ninyo at hindi lamang inuulit ang mga salita sa manwal o ang sinabi ng iba. Kapag nagpakabusog kayo sa mga salita ni Cristo at nagsikap na ipamuhay ang ebanghelyo nang may mas dakilang layunin kaysa noon, ipaaalam sa inyo ng Espiritu Santo na totoo ang inyong itinuro. Ito ang diwa ng paghahayag, at ang diwa ring ito ang magdadala ng inyong mensahe sa puso ng mga taong nais ito at handang tanggapin ito.

Magtapos tayo ngayon kung saan tayo nagsimula—sa Sagradong Kakahuyan. Dahil sa naganap noong umagang iyon ng magandang tagsibol, kayo ay may karapatang magturo nang may kapangyarihan at awtoridad ng Diyos. Ito ay taimtim at personal kong pinatotohanan sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

#### MGA TALA

1. Mga Taga Roma 1:16.
2. Doktrina at mga Tipan 11:20.
3. Unang Panguluhan, sa *Teaching the Gospel in the Savior's Way: A Guide to Come, Follow Me: Learning Resources for Youth* (2012), 2.
4. Unang Panguluhan, sa *Teaching the Gospel in the Savior's Way*, 2.
5. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 11:21.
6. Tingnan sa I Mga Taga Tesalonica 1:5.
7. Alma 17:2–3.
8. Jeffrey R. Holland, “The Divine Companionship” (mensaheng ibinigay sa seminar para sa mga bagong mission president, Hunyo 26, 2009), 7, 8, Church History Library, Salt Lake City; binigyang-diin ang orihinal.
9. Doktrina at mga Tipan 100:6.
10. Marion G. Romney, sa Boyd K. Packer, *Teach Ye Diligently* (1975), 304.



**Ni Elder Kevin S. Hamilton**  
Ng Pitumpu

# Patuloy na Humawak nang Mahigpit

*Nawa ay patuloy tayong humawak nang mahigpit sa gabay na bakal na humahantong sa kinaroroonan ng ating Ama sa Langit.*

**N**aalala ng aking ama ang mismong araw, maging ang mismong oras, na ang kanyang pamilya—ama, ina, at apat na anak—ay umalis sa Simbahan, marami sa kanila ang hindi na nakabalik mula noon. Siya ay 13 taong gulang noon, isang deacon, at noong mga panahong iyon dumadalo ng Sunday School ang mga pamilya sa umaga at ng sacrament meeting sa hapon. Isang maaliwalas na araw ng tagsibol, matapos dumalo ng Sunday School sa umaga at samasamang nagtatanghalian, tumingin ang kanyang ina sa kanyang ama at simpleng itinanong, “Mahal, ano sa palagay mo, dadalo pa ba tayo ng sacrament meeting sa hapon, o mamamasyal na lang tayo kasama ang mga bata?”

Hindi pumasok sa isip ng aking ama na mayroon pang puwedeng gawin maliban sa pagdalo ng sacrament meeting, at silang magkakapatid ay naupo at hinintay ang magiging pasiya nila. Marahil nasiyahan ang pamilya sa pamamasyal nang Linggong iyon ng hapon, ngunit ang simpleng pagpasiyag iyon ang naging simula ng bagong direksyon na humantong sa paglayo ng pamilya sa Simbahan pati

na sa kaligtasan, seguridad, at pagpapala at tinahak ang ibang landas.

Bilang aral sa mga tao ngayon na maaaring matuksong pumili ng ibang landas, ibinahagi ni Lehi sa kanyang pamilya ang isang pangitain kung saan “nakakita [siya] ng di mabilang na lipumpon ng mga tao, marami sa kanila ay nagpapatuloy sa paglalakad, upang kanilang matamo ang landas patungo sa kinatatayuan [niya malapit sa] punungkahoy.


“At . . . nagtungo sila, at nagsimula sa landas na patungo sa punungkahoy.

“At . . . may lumitaw na abu-abo ng kadiliman; . . . kung kaya nga’t sila na mga nagsimula sa landas ay nangaligaw, at sila ay nagpagala-gala at nangawala.”<sup>1</sup>

Pagkatapos ay nakita ni Lehi ang pangalawang pangkat ng mga tao na “nagpapatuloy sa paglalakad, at nagtungo sila at mahigpit na humawak sa dulo ng gabay na bakal; at sila ay nagpatuloy sa paglalakad sa abu-abo ng kadiliman, mahigpit na nakakapit sa gabay na bakal, maging hanggang sa makalapit sila at makakain ng bunga ng punungkahoy.” Nakakalungkot na,

“matapos na makakain sila ng bunga ng punungkahoy ay nagpalingun-lingon sila na sa wari ay nahihiya” dahil sa mga taong nasa “malaki at maluwang na gusali,” na “nasa ayos ng panlalait at pagtuturo ng kanilang daliri roon sa mga yaong nagsitungo at kumakain ng bunga.” Pagkatapos ang mga taong ito ay “nangagsilayo . . . patungo sa mga ipinagbabawal na landas at nanga-wala.”<sup>2</sup> Hindi nila kaya, o marahil hindi nila gusto, na magtiis hanggang wakas.

Gayunman, may pangatlong pangkat na hindi lamang nakarating sa punungkahoy ng buhay, kundi hindi rin sila nangagsilayo pagkatapos niyon. Ayon sa mga banal na kasulatan ang mga taong ito ay “*nagpatuloy . . . sa kanilang paglalakad, patuloy na humahawak nang mahigpit* sa gabay na bakal, hanggang sa makarating sila at napatiluhod at makakain ng bunga ng punungkahoy.”<sup>3</sup> Ang gabay na bakal para sa mga taong ito ay kumakatawan ng tanging kaligtasan at seguridad na mahahanap nila, at patuloy silang humawak nang mahigpit; tumanggi silang umalis, kahit na ang kapalit ay kasing simple ng pamamasyal sa kinahapunan ng Linggo.





Patungkol sa pangkat na ito ng mga tao, itinuro ni Elder David A. Bednar: “Ang pinakamahalagang parirala sa talatang ito ay ‘patuloy na humahawak nang mahigpit’ sa gabay na bakal. . . . Marahil ang pangatlong pangkat na ito ng mga tao ay *palaging* binabasa at pinag-aaralan at sinasaliksik ang mga salita ni Cristo. . . . Ito ang pangakat ng mga tao na dapat nating kabilangan.”<sup>4</sup>

Tayong mga miyembro ng Simbahan ng Diyos ngayon ay gumawa ng mga tipan na tutularan si Jesucristo at susundin ang mga utos ng Diyos. Sa binyag nakipagtipan tayo na tatayong saksi ng Tagapagligtas,<sup>5</sup> [tu]tulongan ang mahihina at nangangailangan,<sup>6</sup> [su]sundin ang mga utos ng Diyos at magsisi[si] kapag kinakailangan, dahil itinuro ni Apostol Pablo, “Lahat ay nangagkasala nga, at hindi nangakaabot sa kaluwalhatian ng Dios.”<sup>7</sup>

Bawat linggo may pagkakataon tayong dumalo ng sacrament meeting, kung saan mapapanibago natin ang mga tipang ito sa pagkain ng tinapay at pag-inom ng tubig ng ordenansa ng sakramento. Ang simpleng pakikibahaging ito ay nagtutulot sa atin na matibay na mangakong muli na susundin si Jesucristo at magsisi kapag

hindi natin natutupad ang pangakong iyan. Kapalit niyon ipinangako sa atin ng Diyos na gagabayan at pangangalagaan tayo ng Kanyang Espiritu.

Mula sa *Mangaral ng Aking Ebanghelyo*, itinuturo ng ating mga missionary na dumarating ang paghahayag at patotoo kapag tayo ay dumadalo sa mga miting ng Simbahan tuwing Linggo: “Sa pagdalo natin sa mga miting sa Simbahan at sama-samang pagsamba, pinalalakas natin ang bawat isa. Nag-iibayo ang ating sigla sa pakikihalubilo sa ating mga kaibigan at pamilya. Lumalakas ang ating pananampalataya habang nag-aaral tayo ng mga banal na kasulatan at natututo pa tungkol sa ipinanumbalik na ebanghelyo.”<sup>8</sup>

Maaaring may magtanong kung bakit may tatlong magkakahiwalay na miting tuwing Linggo at bakit kailangan ito. Alamin natin nang bahagya ang tatlong miting na ito:

- Ang sacrament meeting ay nagbibigay sa atin ng pagkakataong makibahagi sa ordenansa ng sakramento. Pinapanibago natin ang ating mga tipan, tumatanggap ng dagdag na gabay ng Espiritu, at

higit na natatagubilinan at napapasigla ng Espiritu Santo.

- Itinutulot sa atin ng Sunday School na “turuan . . . ang isa’t isa ng doktrina ng kaharian,”<sup>9</sup> upang ang lahat ay “[mapagtibay] at magkasamang magsasaya.”<sup>10</sup> Nagkakaroon tayo ng malaking kakayahan at kapayapaan sa sarili kapag nauunawaan natin ang mga doktrina ng ipinanumbalik na ebanghelyo.
- Ang mga priesthood meeting ay pagkakataon para sa kalakihan at kabataang lalaki na “matuto ng [kanilang] tungkulin”<sup>11</sup> at “lalong ganap na matagubilinan,”<sup>12</sup> at ang mga Relief Society meeting ay nagbibigay ng pagkakataon sa kababaihan ng Simbahan na “dagdagan ang kanilang pananampalataya . . . , palakas ang [kanilang] mga pamilya at tahanan, at tulungan ang mga nangangailangan.”<sup>13</sup>

Gayundin, ang mga kabataang bae at mga bata ay may sariling miting at klase kung saan itinuturo sa kanila ang ebanghelyo habang naghahanda sila sa pinakamahalagang responsibilidad na darating sa kanila. Sa bawat kakaiba pero magkakaugnay na mga miting na ito, natutuhan natin ang doktrina, nadarama ang Espiritu, at napaglilingkuran ang isa’t isa. Bagama’t isinasaalang-alang ang layo ng lugar, gastos sa pamasahe, o kalusugan, dapat nating pagsikapang daluhan ang lahat ng mga miting natin tuwing Linggo. Ipinangako ko na malaking pagpapala at kapayapaan ang darating mula sa tatlong-oras na miting natin tuwing Linggo.

Matibay na nangako ang pamilya namin na laging dadalo sa lahat ng miting namin tuwing Linggo. Nadama namin na pinalalakas nito ang aming pananampalataya at pinalalalim ang pang-unawa namin sa ebanghelyo. Masaya kami sa naging pasiya naming daluhan ang mga miting ng Simbahan, lalo na kapag sa pag-uwi namin ay patuloy pa rin naming iginagalang ang Sabbath. Dinadaluhan pa namin ang lahat ng miting tuwing Linggo kahit nasa bakasyon kami o nasa ibang lugar. Kamakailan lumihap ang isa sa aming

mga anak na babae para sabihing nagsimba siya sa lungsod na pinuntahan niya at isinulat pa niya, “Opo, Itay, dinaluhan ko lahat ng tatlong miting noong Linggo.” Alam naming pinagpala siya sa tamang desisyong ito.

Bawat isa sa atin ay maraming pagpapasiyang dapat gawin tungkol sa paraan ng pagsunod natin sa araw ng Sabbath. Palaging magkakaroon ng ilang “magandang” aktibidad na maaari at dapat isakripisyo kapalit ng mas magandang pagpapasiyang dumalo sa miting ng Simbahan. Sa katunayan isa ito sa mga paraan na “lilinlangin [ng kaaway ang ating] mga kaluluwa, at maingat [tayong] aakayin pababa sa impiyerno.”<sup>14</sup> Gumagamit siya ng “magandang” mga aktibidad bilang kapalit ng “mas maganda” o pati ng “pinakamagandang” mga aktibidad.<sup>15</sup>

Ibig sabihin ng patuloy na paghawak nang mahigpit sa gabay na bakal ay pagdalo sa lahat ng ating miting tuwing Linggo: sacrament meeting, Sunday School, at mga miting ng priesthood o Relief Society. Ang ating mga anak at kabataan ay dumadalo sa kani-kanilang miting sa Primary, Young Men, at Young Women. Hindi tayo dapat namimili ng mga miting na dadaluhan. Humahawak tayo nang mahigpit sa salita ng Diyos sa pag-samba at pagdalo sa lahat ng miting na dapat daluhan tuwing Sabbath.

Ibig sabihin ng patuloy na kumapit nang mahigpit sa gabay na bakal ay sikapin nating sundin ang lahat ng utos ng Diyos, magdasal nang sarilinan at nang kasama ang pamilya araw-araw, at pag-aralan ang mga banal na kasulatan araw-araw.

Ang patuloy na pagkapit nang mahigpit ay bahagi ng doktrina ni Cristo tulad nang itinuro sa Aklat ni Mormon. Nananampalataya tayo kay Jesucristo, nagsisisi sa ating mga kasalanan, at nagbabago ang ating mga puso, at sumusunod sa Kanya sa pamamagitan ng pagpapabinyag at pagtanggap ng nagpapatunay na kaloob na Espiritu Santo bilang gabay at mang-aaliw. At pagkatapos, tulad ng itinuro ni Nephi, tayo ay “magpapatuloy, nagpapakabusog sa salita ni Cristo” hanggang sa wakas ng ating buhay.<sup>16</sup>



Mga kapatid, tayo ay mga pinagtipanang tao. Handa tayong gumawa at tumupad ng mga tipan, at ang pagpapalang ipinangako sa atin ay matatagap natin ang “lahat ng mayroon ang . . . Ama.”<sup>17</sup> Sa patuloy nating paghawak nang mahigpit sa gabay na bakal sa pamamagitan ng pagtupad ng ating mga tipan, mapalalakas tayo at malalaban ang mga tukso at panganib sa mundo. Magagawa nating maglakbay sa mundong ito na puno ng mga hamon sa buhay hanggang sa marating natin ang punungkahoy na may bungang “pinakamahalaga at pinakakanais-nais sa lahat ng iba pang bunga.”<sup>18</sup>

Ang aking ama ay mapalad na nakapag-asawa ng mabuting babae na humikayat sa kanya na bumalik sa simbahang dinaluhan niya noong bata pa siya at tahaking muli ang tamang landas. Pinagpala ng kanilang katapatan ang lahat ng kanilang mga anak, ang sumunod na henerasyon ng mga apo, at ngayon ng mga apo sa tuhod.

Tulad ng ang simpleng pagpapasiya kung magsisimba o hindi sa isang araw ng Sabbath ay nakaapekto nang malaki sa pamilya ng aking lolo’t lola, ang araw-araw nating pagpapasiya ay makakaapekto nang malaki sa buhay natin sa maraming paraan. Ang tila maliit na pagpapasiya kung dadalo

o hindi ng sacrament meeting ay makakaapekto nang malaki at nang walang hanggan.

Nawa ay magpasiya tayong maging masigasig at kamtin ang malalaking pagpapala at pangangalagang dulot ng pagtitipon at pagtupad ng mga tipan. Nawa ay patuloy tayong humawak nang mahigpit sa gabay na bakal na humahantong sa kinaroroonan ng ating Ama sa Langit ang aking dalangin sa banal na pangalan ni Jesucristo, amen. ■

#### MGA TALA

1. 1 Nephi 8:21–23.
2. 1 Nephi 8:24–28.
3. 1 Nephi 8:30; may dagdag na pagbibigay-diin.
4. David A. Bednar, “A Reservoir of Living Water” (Church Educational System fireside address, Feb. 4, 2007), 8–9; speeches.byu.edu.
5. Tingnan sa Mosias 18:9.
6. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 81:5.
7. Mga Taga Roma 3:23.
8. *Mangaral ng Aking Ebanghelyo: Gabay sa Paglilingkod ng Misyonero* (2004), 83.
9. Doktrina at mga Tipan 88:77.
10. Doktrina at mga Tipan 50:22.
11. Doktrina at mga Tipan 107:99.
12. Doktrina at mga Tipan 88:78.
13. *Handbook 2: Administering the Church* (2010), 9.1.1.
14. 2 Nephi 28:21.
15. Tingnan sa Dallin H. Oaks, “Maganda, Mas Maganda, Pinakamaganda,” *Liahona*, Nob. 2007, 104–8.
16. 2 Nephi 31:20.
17. Doktrina at mga Tipan 84:38.
18. 1 Nephi 15:36.



**Ni Elder Adrián Ochoa**  
Ng Pitumpu

# Tumingala

*Ngayon ang panahon para tumingin sa Pinagmumulan ng katotohanan at tiyakin na ang ating mga patotoo ay malakas.*

**N**oong walong taong gulang ako, kami ng dalawang pinsan ko ay pinapunta sa kalapit na bayan upang maggroseri para magamit sa susunod na 15 araw. Kapag naaalala ko ito, labis akong nagtataka sa napakalaking tiwala ng lola at tita at tito ko sa amin. Maliwanag at maaliwalas ang kalangitan sa umaga nang umalis kami sakay ng aming maliit na caravan na may tatlong kabayo.

Sa gitna ng parang, naisip namin na magandang ideya na bumaba kami sa caravan at maglaro ng holen. Ganoon nga ang ginawa namin—sa maha-bang oras. Nawili kami sa paglalaro kaya hindi namin napansin ang “mga tanda ng panahon” sa aming uluhan nang matakpan ng maiitim na ulap ang kalangitan. Nang matanto namin ang nangyayari, ni wala na kaming oras para sumakay sa aming mga kabayo. Hinagupit kami ng malakas na ulan, at tumama sa aming mukha ang namuong maliliit na yelo, kaya’t wala kaming ibang naisip kundi ang alisin ang siya [saddle] sa mga kabayo at gamiting panangga ang mga saddle blanket o sapin sa kabayo.

Walang kabayo, basa, at giniginaw, nagpatuloy kami sa aming paglalakbay, na nagsisikap nang kumilos nang mabilis hangga’t kaya namin. Nang malapit na kami sa aming pupuntahan,

nakita namin na baha na sa maluwang na kalye papasok ng bayan at parang ilog ito na rumagasa papunta sa amin. Ang tanging magagawa namin ay alisin ang aming talukbong at umakyat sa bakod na barbed-wire na nakapaikot sa bayan. Hatinggabi na nang makituhoy kami, pagod at masakit ang katawan at basang-basa, sa unang bahay na nakita namin pagpasok sa bayan. Binigyan kami ng malinis na damit ng mabait na pamilyang iyon, pinakain ng masarap na bean burritos, at pinatulog sa isang silid. Di-nagtagal nakita namin na patag na lupa ang sahig ng silid, kaya may naisip kaming isa pang magandang ideya. Gumuhit kami ng bilog sa sahig at itinuloy namin ang paglalaro ng holen hanggang sa makatulog kami sa sahig.

Dahil mga bata pa kami sarili lang namin ang iniisip namin. Hindi namin naisip ang mga mahal namin sa buhay na labis na nag-aalala sa kahahanap sa amin—disinsana’y nagmadali na kami sa aming paglalakbay at hindi na naglaro pa. At kung naging mas matalino sana kami, tumingala sana kami sa kalangitan, napansin ang maiitim na ulap, at nagmadali na para hindi kami abutan ng bagyo. Ngayong naragdagan na ang kaalaman ko, lagi kong ipinapaalala sa sarili ko na, “Huwag mong kalimutang tumingala.”

Natutuhan ko sa karanasan namin ng mga pinsan ko na dapat pansinin ang mga tanda ng ating panahon. Nabubuhay tayo sa maunos, mapanganib na panahon na inilarawan ni Pablo: “Ang mga tao’y magiging maibigin sa kanilang sarili, . . . masuwayin sa mga magulang, mga walang turing, mga walang kabanalan, . . . mga palabintangin, mga walang pagpipigil sa sarili, . . . mga maibigin sa kalayawan kay sa mga maibigin sa Dios” (II Kay Timoteo 3:2–4).

Patungkol sa mga panahong ito, sinabi ni Elder Dallin H. Oaks: “Dapat tayong maghanda kapwa sa temporal at sa espirituwal. . . . At ang paghahandang mas malamang na makaligtaan ay ang hindi nakikita at mas mahirap—ang espirituwal” (“Paghahanda para sa Ikalawang Pagparito,” *Liahona*, Mayo 2004, 9). Sa madaling salita, huwag kaligtaang tumingala.

Sa agarang pangangailangang maghanda sa espirituwal sa mapanganib na panahong iyon, nais kong magbabala tungkol sa isang napakatinding tanda ng panahon. Nasa teknolohiya ang propesyon ko, kaya nauunawaan ko ang kahalagahan nito, lalo na sa komunikasyon. Madali na nating makuha ang napakaraming impormasyong likha ng tao. Ngunit puno rin ang Internet ng maraming marumi at maling mga bagay. Napag-ibayo ng teknolohiya ang kalayaan nating magsalita, ngunit binibigyan din nito ng maling kredibilidad ang hindi karapat-dapat na blogger batay sa dami ng mga tumitingin. Kaya ngayon, higit kailanman, alalahanin natin ang walang-hanggang alituntuning ito: “Sa kanilang mga bunga ay mangakikilala ninyo sila” (Mateo 7:20).

Higit sa lahat, binabalaan ko kayo na huwag tingnan ang mahahalay na larawan o bigyang-pansin ang mga taong nagpapatang nang mali kay Cristo at kay Propetang Joseph Smith. Magkakaroon ng parehong epekto ang dalawang gawaing ito: ang pagkawala ng Espiritu Santo at ng Kanyang nagpoprotekta at tumutulong na kapangyarihan. Kasamaan at kalungkutan ang kasunod nito.

Mahal kong mga kapatid, kung sakaling may makita kayong anumang



dahilan para pagdudahan ang inyong patotoo sa ebanghelyo, isinasamo kong tumingala kayo. Umasa sa Pinagmumulan ng lahat ng karunungan at katotohanan. Palakasin ang inyong pananampalataya at patotoo sa salita ng Diyos. May mga tao sa mundo na nais pahinain ang inyong pananampalataya sa paghahalo ng mga kasinungalingan sa mga bagay na hindi lubos na totoo. Kaya nga napakahalaga na lagi kayong manatiling karapat-dapat sa Espiritu. Ang patnubay ng Espiritu Santo ay hindi lamang nagbibigay ng kapanatagan—mahalaga ito sa inyong espirituwal na kaligtasan. Kung hindi ninyo pahahalagahan ang mga salita ni Cristo at pakikingang mabuti ang mga pahiwatig ng Espiritu, kayo ay malililang (tingnan sa Joseph Smith—Mateo 1:37). Kailangan nating gawin ang mga bagay na ito.

Si Jesucristo, na perpekto, at si Joseph Smith, na umamin na hindi siya perpekto, ay kapwa pinatay ng mga taong nagpapatang nang mali at ayaw tanggapin ang kanilang patotoo. Paano natin malalaman na totoo ang kanilang patotoo—na si Jesucristo ang Anak ng Diyos at si Joseph Smith ay tunay na propeta?

“Sa kanilang mga bunga ay mangakikilala ninyo sila.” Mabuti ba ang magiging bunga ng masamang puno? Alam ko sa sarili ko na napatawad na ng aking Manunubos ang aking mga kasalanan at napalaya ako sa aking sariling pasanin, na nagdala sa akin sa masayang kalagayang hindi ko alam na umiiral. At alam ko sa sarili ko na si Joseph Smith ay isang propeta dahil nagawa ko ang simpleng pangako sa Aklat ni Mormon: “Itanong ninyo sa Diyos, ang Amang Walang Hanggan, sa pangalan ni Cristo” (Moroni 10:4). Sa simpleng salita, tumingala.

Maaaring sabihin ng ilang tao na dapat kayong may maipakitang katibayan para maniwala sila sa Pagkabuhay na Mag-uli ni Cristo o sa katotohanan ng Kanyang ipinanumbalik na ebanghelyo. Para sa kanila uulitin ko ang sinabi ni Alma kay Korihor, na nagtatangkang kumbinsihin ang iba na huwag maniwala: “May sapat ka nang mga palatandaan; tutuksuhin mo ba ang inyong



**Brasil, Brazil**

Diyos? Sasabihin mo ba, Magpakita ka sa akin ng palatandaan, bagaman taglay mo ang patotoo ng lahat ng ito na iyong mga kapatid, at gayon din ang lahat ng banal na propeta? Ang mga banal na kasulatan ay nakalahad sa iyong harapan” (Alma 30:44).

Kayo at ako ay buhay na katibayan ng nakatutubos na kapangyarihan ng Tagapagligtas. Tayo ay buhay na katibayan ng ministeryo ni Propetang Joseph at ng katapatan ng mga nuanang Banal na nanatiling matatag sa kanilang patotoo. Laganap na ang Simbahan ni Jesucristo sa buong mundo at lumalago kaysa rati—na tinanggap, tulad noong panahon ni Cristo, ng mapagpakumbabang mga tao na hindi na kailangang makakita at makahawak ng katibayan para maniwala.

Walang nakakaalam kung kailan muling paparito ang Panginoon. Nguniit mapanganib na ang ating panahon. Ngayon ang panahon para tumingin sa Pinagmumulan ng katotohanan at tiyakin na ang ating mga patotoo ay malakas.

Mabalik tayo sa kuwento ko, naging kami ng mga pinsan ko kinabukasan sa magandang sikat ng araw at maaliwalas na kalangitan. Kumatok sa pintuan ang isang lalaking naghahanap sa tatlong nawawalang bata. Isinakay niya kami sa mga kabayo, at tinahak namin ang parang din na iyon pauwi. Hinding-hindi ko malilimutan ang nakita namin sa daan

pauwi—ang napakaraming tao na naghanap sa amin buong magdamag, at nakalubog sa putik ang kanilang mga traktora at trak. Nakakita sila ng isang siya [saddle] dito at isang kabayaron, at nang makita nila kaming pauwi, nadama ko na nakahinga sila nang maluwig at mahal nila kami. Sa bukana ng bayan, maraming tao ang naghihintay sa amin, at sa unahan nilang lahat ay naroon ang mapagmahal kong lola at aking tiyo at tiya. Niyakap nila kami at napaiyak sila, tuwang-tuwang natagpuan na nila ang nawawala nilang mga anak. Kaygandang paalala nito sa akin na inaalala tayo ng ating mapagmahal na Ama sa Langit. Sabik Siyang naghihintay sa ating pag-uwi.

Oo, may mga palatandaan ng mga namumuong unos sa paligid natin. Tumingala tayo at ihanda natin ang ating sarili. May kaligtasan sa malakas na patotoo. Ingatan at palakasin natin ang ating patotoo araw-araw.

Alam ko na maaari tayong magkasama-sama nang walang hanggan bilang pamilya, na ang ating mapagmahal na Ama sa Langit ay naghihintay sa atin, na Kanyang mga anak, at nakaunat ang Kanyang mga bisig. Alam ko na si Jesucristo, ang ating Tagasagip, ay buhay. Tulad ni Pedro, walang laman at dugo na naghayag nito sa akin, kundi ang aking Ama na nasa langit (tingnan sa Mateo 16:15–19). Sa sagradong pangalan ni Jesucristo, amen. ■



**Ni Elder Terence M. Vinson**  
Ng Pitumpu

# Pagiging Mas Malapit sa Diyos

*Nais ng Tagapagligtas na tunay natin Siyang mahalín hanggang sa naisin nating iayon ang ating kalooban sa Kanya.*

Ang anim-na-taong-gulang naming apong si Oli, na magiliw akong tinatawag na “Poppy,” ay may kinailangang kunin sa kotse. Nakatayo sa loob ng bahay ang tatay niya at, lingid kay Oli, binuksan nito ang pinto ng kotse gamit ang remote control nito habang papunta roon si Oli, at saka ito muling isinara nang tapos na siya. Tumakbo papasok si Oli na nakangiti!

Tinanong siya ng buong pamilya, “Paano mo nabuksan ang pinto ng kotse, at naisara itong muli?” Ngumiti lang siya.

Sabi ng anak naming babae, na kanyang ina, “Siguro parang katulad ng ginagawa ni Poppy—siguro may magic powers ka na kagaya niya!”

Nang pangalawang beses iyon mangyari makaraan ang ilang minuto, ang sagot niya sa iba pang mga tanong tungkol sa bagong-tuklas na kakayahan niya ay: “Ang galing! Siguro dahil mahal ako ni Poppy at isa siya sa matatalik kong kaibigan, at inaalagaan niya ako!”

Mapalad ako na nalaman ko ang tunay na mahimalang mga bagay na nangyari sa buhay ng matatapat na Banal sa buong Africa, Papua New Guinea, Australia, New Zealand, at

mga pulo ng Pacific. Sang-ayon ako kay Oli—palagay ko iyon ay dahil ang nadarama ng matatapat na tao tungkol sa Ama sa Langit at sa Tagapagligtas ay katulad ng nadarama ni Oli tungkol sa akin. Mahal nila ang Diyos bilang mala-pit na kaibigan, at inaalagaan Niya sila.

Ang mga miyembro ng Simbahang ito ay nararapat tumanggap, at marami ang tumatanggap, ng espirituwal na patotoo at gumagawa ng mga sagradong tipan na susundin ang Panginoon. Subalit sa kabila niyon, lumalapit ang ilan sa Kanya ngunit ang iba ay hindi. Saang kategorya kayo kabilang?


Ang Diyos dapat ang pinakamahalaga sa ating buhay—ang literal na pinagtutuunan ng ating pansin. Siya nga ba? O kung minsan Siya ay malayo sa nilalaman at mga hangarin ng ating puso? (tingnan sa Mosiah 5:13). Pansinin na hindi lamang nilalaman ng ating puso ang mahalaga kundi ang “mga hangarin.” Paano nababanaag sa ating ugali at kilos ang integridad ng ating mga hangarin?

Itinanong ng aming anak na si Ben, noong siya ay 16 na taong gulang at nagsasalita sa stake conference, “Ano ang mararamdaman ninyo kung may nangako sa inyo linggu-linggo at hindi

niya tinupad ang pangako kahit kailan?” Sabi pa niya, “Taos-puso ba tayong nangangako kapag nakikibahagi tayo ng sakramento at nakikipagtipan na susundin natin ang Kanyang mga utos at lagi Siyang aalalahanin?”

Binigyan tayo ng Panginoon ng mga paraan para maalaala Siya at ang kapangyarihan Niyang magpalakas. Ang isang paraan ay sa nararanasan nating lahat—paghihirap (tingnan sa Alma 32:6). Kapag ginugunita ko ang mga pagsubok na nararanasan ko, malinaw na naging dahilan iyon ng aking pag-unlad, pag-unawa, at pagdamay. Higit akong inilapit nito sa aking Ama sa Langit at sa Kanyang Anak lakip ang mga karanasan at pagpapadalisay na nakintal sa puso ko.

Mahalaga ang patnubay at pagtuturo ng Panginoon. Tinulungan Niya ang matapat na kapatid ni Jared na malutas ang isa sa dalawang problema nito nang sabihin Niya rito kung paano papapasukin ang sariwang hangin sa mga gabara na buong sigasig na ginawa (tingnan sa Eter 2:20). Ngunit, ang mahalaga, hindi lamang hinayaan ng Panginoon na pansamantalang hindi malutas ang problema kung paano magkakaroon ng ilaw, kundi nilinaw ng Panginoon na hahayaan Niya na maranasan nila ang hirap at mga pagsubok na kailangan para malutas ito. Siya ang magpapadala ng hangin,



ulan, at baha (tingnan sa Eter 2:23–24).

Bakit Niya gagawin iyon? At bakit Niya binabalaan ang sinuman sa atin na ilayo ang ating sarili sa pinagmumulan ng panganib samantalang maaari naman Niyang pigilan ang panganib? Ikinuwento ni Pangulong Wilford Woodruff na binalaan siya ng Espiritu na ilipat ang karwaheng tinutulugan nila ng kanyang asawa at anak, para lamang matuklasan na maya-maya lang ay binunot ng isang ipuipo ang isang malaking puno at ibinagsak ito sa dating kinaroroonan ng karwahe (tingnan sa *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Wilford Woodruff* [2004], 51).

Sa dalawang pagkakataong ito, nabago sana ang panahon para mawala ang mga panganib. At narito ang dahilan—sa halip na ang Panginoon ang lumutas sa problema, nais Niya na magkaroon tayo ng pananampalataya na tutulong sa atin na umasa sa Kanya sa paglutas ng ating mga problema at magtiwala sa Kanya. Sa gayon madarama natin ang Kanyang pagmamahal nang mas madalas, mas matindi, mas malinaw, at mas personal. Nagiging kaisa Niya tayo, at maaari tayong maging katulad Niya. Mithiin Niyang maging katulad Niya tayo. Katunayan, ito ang Kanyang kaluwalhatian at Kanyang gawain (tingnan sa Moises 1:39).

Sinisikap ng isang batang lalaki na patagin ang lupa sa likod ng bahay nila para makapaglaro siya roon ng kotse-kotsehan. May malaking batong nakaharang sa ginagawa niya. Buong lakas itong itinulak at hinila ng bata, ngunit gaano man ang pagsisikap niya, hindi mausog ang bato.

Nagmasid sandali ang kanyang ama, pagkatapos ay lumapit sa anak at sinabi, “Kailangan mong gamitin ang buong lakas mo para mausog ang batong ganyan kalaki.”

Sumagot ang bata, “Nagamit ko na po ang buong lakas kol!”

Itinama siya ng kanyang ama: “Hindi pa. Hindi pa kita natutulungan!”

Pagkatapos ay yumuko sila pareho at madali nilang niausog ang bato.

Itinuro din sa ama ng kaibigan kong si Vaiba Rome, unang stake president sa Papua New Guinea, na maaari siyang bumaling sa kanyang Ama



**Colleyville, Texas**

sa Langit sa oras ng pangangailangan. Sila ng mga kanayon niya ay nabubuhay lamang sa inaani nilang mga pananim. Isang araw nagsiga siya upang mahawan ang lote niya sa bukid ng nayon para mataniman. Gayunman, bago ang pagsisiga ay nagkaroon ng mahabang tag-init, at tuyot na tuyot ang mga pananim. Kaya natulad ang kanyang apoy sa apoy na kagagawan ni Pangulong Thomas S. Monson, tulad ng ikinuwento ng ating propeta mismo sa huling pangkalahatang kumperensya (tingnan sa “Ang Pagsunod ay Nagdudulot ng mga Pagpapala,” *Liahona*, Mayo 2013, 89–90). Nagsimula itong kumalat sa damuhan at talahiban, at sabi nga ng kanyang anak, nagkaroon ng “napakalaking sunog.” Natakot siya para sa kanyang mga kanayon at sa posibleng pagkaubos ng kanilang mga pananim. Kung masunog ang mga ito, parurusahan siya ng buong nayon. Nang hindi niya mapatay ang apoy, naalala niya ang Panginoon.

Ito ang sinabi ng anak niya, na kaibigan ko: “Lumuhod siya sa burol sa talahiban at nagsimulang magdasal sa Ama sa Langit na patigilin ang apoy. Biglang may lumitaw na malaki at maitim na ulap sa kalangitan sa tapat kung saan siya nagdarasal, at umulan nang napakalakas—ngunit doon lamang sa may apoy. Nang tingnan

niya ang paligid, maaliwalas ang langit sa buong paligid maliban doon sa tapat ng nagliliyab na apoy. Hindi siya makapaniwala na sasagutin ng Panginoon ang isang simpleng taong katulad niya, at muli siyang lumuhod at umiyak na parang bata. Sinabi niya na napakasaya ng pakiramdam niya” (tingnan sa Alma 36:3).

Nais ng Tagapagligtas na tunay natin Siyang mahal in hanggang sa naisin nating iyon ang ating kalooban sa Kanya. Sa gayon ay madarama natin ang Kanyang pagmamahal at malalaman ang Kanyang kaluwalhatian. Pagkatapos ay mapagpapala Niya tayo ayon sa nais Niya. Nangyari ito kay Nephi na anak ni Helaman, hanggang umabot sa punto na lubos na nagtiwala sa kanya ang Panginoon at, dahil diyan, pinagpala siya at ibinigay ang lahat ng kanyang hiniling (tingnan sa Helaman 10:4–5).

Sa *Life of Pi*, ang kathang-isip na aklat ni Yann Martel, inihayag ng bida ang damdamin niya tungkol kay Cristo: “Hindi ko Siya maalís sa isipan ko. Hindi talaga. Tatlong araw kong inisip ang tungkol sa Kanya. Habang lalo Niya akong inaantig, lalo ko Siyang hindi malimutan. At habang lalo ko Siyang nakikilala, lalong ayaw ko Siyang iwanan” ([2001], 57).

Iyan mismo ang damdamin ko tungkol sa Tagapagligtas. Lagi Siyang

nariyan, lalo na sa mga sagradong lugar at sa oras ng pangangailangan; at kung minsan, kung kailan ko hindi inaasahan, halos parang tinatapik Niya ako sa balikat para ipaalam sa akin na mahal Niya ako. Maibabalik ko ang pagmamahal na iyon sa sarili kong di-perpektong paraan sa pamamagitan ng pagbibigay sa Kanya ng puso ko (tingnan D at T 64:22, 34).

Ilang buwan pa lang ang nakararaan nakatabi ko si Elder Jeffrey R. Holland nang italaga niya ang mga missionary sa kanilang mga misyon. Nang umalis kami hinintay niya ako, at habang naglalakad kami inakbayan niya ako. Sinabi ko sa kanya na ginawa rin niya iyon dati sa Australia. Sabi niya, “Kasi mahal kita!” At alam kong totoo iyon.

Naniniwala ako na kung magkakaroon tayo ng pribilehiyong makasabay sa paglalakad ang Tagapagligtas, maramdaman nating nakaakbay Siya sa atin tulad niyon. Gaya ng mga disipulo na papuntang Emaus, “[m]ag-aalab ang ating puso sa loob natin” (Lucas 24:32). Ito ang Kanyang mensahe: “Magsiparito kayo, at inyong makikita” (Juan 1:39). Personal, nag-aanyaya, at naghihikayat ang paanyayang ito na maglakad na nakaakbay Siya sa atin.

Nawa’y magtiwala tayong lahat na katulad ni Enos, tulad ng makikita sa huling talata ng kanyang aklat na maikli ngunit malalim ang kahulugan: “Ako ay magsasaya sa araw na ang aking pagiging may kamatayan ay mabibihisan ng kawalang-kamatayan, at tatayo sa kanyang harapan; sa gayon, makikita ko ang kanyang mukha nang may katuwaan, at sasabihin niya sa akin: Lumapit ka sa akin, ikaw na pinagpala, may isang pook na inihanda para sa iyo sa mga mansiyon ng aking Ama” (Enos 1:27).

Dahil sa dami ng mga karanasan at sa kapangyarihang ipinadama ng Espiritu para magpatotoo sa akin, pinatototohanan ko nang may lubos na katiyakan na ang Diyos ay buhay. Dama ko ang Kanyang pagmamahal. Ito ang pinakamasayang pakiramdam. Nawa’y gawin natin ang kailangan para maiyong ang ating kalooban sa Kanya at tunay natin Siyang mahal. Sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■



**Ni Elder Russell M. Nelson**  
Ng Korum ng Labindalawang Apostol

## Mga Pagpapasiya para sa Kawalang-Hanggan

*Ang matalinong paggamit ng kalayaan ninyong magpasiya ay mahalaga sa inyong espirituwal na pag-unlad, ngayon at sa kawalang-hanggan.*

Mahal kong mga kapatid, bawat araw ay araw ng pagpapasiya. Itinuro sa atin ni Pangulong Thomas S. Monson na “ang mga pagpapasiya ang nagtatakda ng tadhana.”<sup>1</sup> Ang matalinong paggamit ng kalayaan ninyong magpasiya ay mahalaga sa inyong espirituwal na pag-unlad, ngayon at sa kawalang-hanggan. Hindi kayo napakabata pa para matuto, hindi napakatanda na para magbago. Ang pagnanais ninyong matuto at magbago ay mula sa hangaring ikinintal sa inyo ng langit na umunlad nang walang hanggan.<sup>2</sup> Bawat araw ay pagkakataong magpasiya para sa kawalang-hanggan.

Tayo ay mga walang hanggang nilalang—mga espiritung anak ng mga magulang sa langit. Nakatala sa Biblia na “Nilalang ng Dios ang tao ayon sa kaniyang sariling larawan, . . . nilalang niya sila na lalake at babae.”<sup>3</sup> Kama-kailan napakinggan ko ang isang koro ng mga batang umaawit ng “Ako ay Anak ng Diyos.”<sup>4</sup> Itinanong ko, “Bakit hindi ko naririnig na kinakanta iyan

nang madalas ng matatapat na ina o ama?” Hindi ba’t tayong *lahat* ay mga anak ng Diyos? Sa katunayan, wala ni isa man sa atin ang *titigil* sa pagiging anak ng Diyos!

Bilang mga anak ng Diyos, dapat natin Siyang mahal nang buong puso at kaluluwa, higit pa sa pagmamahal natin sa mga magulang natin sa lupa.<sup>5</sup> Dapat nating mahal nang ating kapwa bilang ating mga kapatid. Walang utos na mas dakila pa sa mga ito.<sup>6</sup> At dapat na lagi nating respetuhin ang kahalagahan ng buhay ng tao, sa bawat estado nito.

Itinuturo sa atin ng banal na kasulatan na ang katawan at espiritu ay ang kaluluwa ng tao.<sup>7</sup> Dahil binubuo kayo ng dalawang bahagi, dapat pasalamat ng bawat isa sa inyo ang Diyos para sa Kanyang walang katumbas na kaloob sa inyo na katawan at espiritu.

### **Ang Katawan ng Tao**

Ang propesyong ko bilang doktor ay nagbigay sa akin ng malaking

paggalang sa katawan ng tao. Nilalang ng Diyos bilang kaloob sa inyo, ito ay talagang kagila-gilalas! Isipin ninyo ang inyong mga mata na nakakakita, taingang nakaririnig, at mga daliring nakadarama sa lahat ng kamanghamanghang bagay sa paligid ninyo. Ang utak ninyo ang tumutulong sa inyo na matuto, mag-isip, at mangatwiran. Ang puso ninyo ay walang tigil na pumipintig araw at gabi, na halos hindi ninyo napapansin.<sup>8</sup>

Pinoprotektahan ng katawan ang sarili nito. Nakakaramdam ito ng sakit bilang babala na may problema sa katawan na kailangang pagtuunan ng pansin. Paminsan-minsan ay may mga dumarapong nakakahawang sakit, at kapag nangyayari ito, nabubuo sa katawan ang mga pangontra na nagdaragdag ng resistensya laban sa pagkalat ng impeksyon.

Ginagamot ng inyong katawan ang sarili nito. Naghihilom ang mga hiwa o sugat at gasgas. Ang mga nabaling buto ay tumitibay muli. Ang mga binanggit ko ay ilan lang sa ibinigay ng Diyos na kamanghamanghang katangian ng inyong katawan.

Gayunman, tila sa bawat pamilya, kung hindi man sa bawat tao, may mga kundisyon ng katawan na kailangan ng espesyal na pangangalaga.<sup>9</sup> May paraan na ibinigay ang Panginoon upang makayanan ang gayong hamon. Sabi niya “Ako ay nagbibigay ng kahinaan sa mga tao upang sila ay magpakumbaba; . . . sapagkat kung magpapakumbaba sila ng kanilang sarili . . . at magkakaroon ng pananampalataya sa akin, sa gayon ay gagawin ko ang mahihinang bagay na maging malalakas sa kanila.”<sup>10</sup>

Ang mabubuting espiritu ay karaniwang nananahanan sa mga katawang hindi perpekto.<sup>11</sup> Ang mapagkalooban ng gayong katawan ay magpapatatag sa pamilya kapag nakahandang baguhin ng mga magulang at kapatid ang kanilang buhay para sa batang iyon na isinilang na may espesyal na mga pangangailangan.

Ang pagtanda ay kaloob din mula sa Diyos, tulad ng kamatayan. Ang kamatayan ng inyong katawang-lupa ay mahalaga sa dakilang plano ng



kaligayahan ng Diyos.<sup>12</sup> Bakit? Dahil tutulutan ng kamatayan ang espiritu ninyo na makabalik sa Kanya.<sup>13</sup> Mula sa pananaw ng kawalang-hanggan, ang kamatayan ay napakaaga para sa mga hindi pa handang humarap sa Diyos.

Dahil ang katawan ninyo ay mahalagang bahagi ng walang hanggang plano ng Diyos, hindi nakapagtataka na inilarawan ito ni Apostol Pablo bilang “templo ng Diyos.”<sup>14</sup> Sa tuwing kayo ay titingin sa salamin, tingnan ang inyong katawan bilang inyong templo. Ang katotohanang iyan—na dapat pasalamat na bawat araw—ay makakaapektong mabuti sa ipapasiya ninyong paraan ng pangangalaga at paggamit ng inyong katawan. At ang mga desisyong iyon ang magtatakda ng inyong tadhana. Paano mangyayari ito? Dahil ang inyong katawan ay templo para sa inyong espiritu. At ang paraan ng paggamit ninyo ng inyong katawan ay makakaapekto sa inyong espiritu. Kabilang sa mga desisyong magtatakda ng inyong walang hanggang tadhana ay:

- Ano ang ipapasiya ninyong paraan ng pag-aalaga at paggamit sa inyong katawan?
- Anong mga espirituwal na katangian ang pipiliin ninyong taglayin?

### Ang Espiritu ng Tao

Ang inyong espiritu ay walang hanggang nilalang. Sinabi ng Panginoon sa Kanyang propetang si Abraham: “Ikaw ay pinili bago ka pa man isinilang.”<sup>15</sup> Kahalintulad nito ang sinabi ng Panginoon kay Jeremias<sup>16</sup> at maraming iba pa.<sup>17</sup> Sinabi niya ito maging sa inyo.<sup>18</sup>

Matagal na kayong kilala ng inyong Ama sa Langit. Kayo, bilang Kanyang anak na lalaki o babae, ay pinili Niyang isilang sa mundo sa panahong ito mismo, upang maging mga pinuno sa Kanyang dakilang gawain sa mundo.<sup>19</sup> Pinili kayo *hindi* dahil sa mga katangian ng inyong katawan kundi dahil sa inyong *espirituwal* na mga katangian, tulad ng katapangan, kagitingan, integridad, pagnanais sa katotohanan, pagnanais ng karunungan, at hangaring maglingkod sa kapwa.

Tinaglay ninyo ang ilan sa mga katangiang ito bago pa kayo isilang. Ang iba ay maaari ninyong taglayin dito sa mundo<sup>20</sup> habang masigasig ninyong hinahangad ito.<sup>21</sup>

Ang pinakamahalagang espirituwal na katangian ay ang pagsupil sa sarili—ang determinasyong piliin ang tama hindi lamang ang gusto. Ang pagsupil sa sarili ay nagbibigay-katatagan sa konsensya. At ang konsensya ninyo ang hihikayat sa inyo na tugunan nang tama ang mahihirap, mapanukso, at mapaghamong mga sitwasyon. Tinutulungan kayo ng pag-aayuno na madaig ang inyong pisikal na mga naisin. Sa pag-aayuno, kaagad kayong nakatatanggap ng tulong ng langit, dahil ginagawang mas taimtim nito ang inyong panalangin. Bakit kailangang masupil ang sarili? Ikinintal sa atin ng Diyos na hangarin ang pangangalaga at pagmamahal, na mahalagang ipadama para magpatuloy ang lahi ng tao.<sup>22</sup> Kapag nasupil natin ang ating mga pagnanais na naaayon sa limitasyong ibinigay ng mga batas ng Diyos, magkakaroon tayo ng mas



mahabang buhay, mas matinding pagmamahal, at ganap na kagalakan.<sup>23</sup>

Hindi na nakakagulat kung gayon, na ang pinakamalakas na tuksong lumihis sa plano ng kaligayahan ng Diyos ay dahil sa maling paggamit ng mahahalagang pagnanais na iyon na bigay ng Diyos. Ang pagsupil o pagkontrol sa mga ninanais natin ay hindi laging madali. Walang sinuman sa atin ang perpektong nakagagawa nito.<sup>24</sup> Nangyayari ang mga pagkakamali. Nakagagawa ng mga pagkakamali. Nagagawa ang mga kasalanan. Kung gayon ano ang magagawa natin? Maaari tayong matuto mula sa mga ito. At maaari tayong magsisi.<sup>25</sup>

Mababago natin ang ating pag-uugali. Ang mga ninanais natin ay maaaring mabago. Paano? Isa lamang ang paraan. Ang totoong pagbabago—permanenteng pagbabago—ay magmumula lamang sa nagpapagaling, naglilinis, nagbibigay-kakayahang kapangyarihan ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo.<sup>26</sup> Mahal Niya kayo—bawat isa sa inyo!<sup>27</sup> Tutulutan Niya kayong magkaroon ng karapatan sa Kanyang kapangyarihan kung susundin ninyo ang Kanyang mga utos, nang may buong sigasig, katapatan, at ganap. Ganyan lang kasimple at katotoo. Ang ebanghelyo ni Jesucristo ay ebanghelyo ng pagbabago!<sup>28</sup>

Ang matatag na espiritu ng tao na nakakapigil sa mga pita ng laman ay nakakasupil sa mga emosyon at simbuyo ng damdamin at hindi nagpapadaig dito. Ang ganyang uri

ng kalayaan ay mahalaga sa espiritu tulad ng oxygen sa katawan! Ang kalayaan sa pagkaalipin ng sarili ay tunay na kalayaan!<sup>29</sup>

Tayo ay “malayang makapipili ng kalayaan at buhay na walang hanggan . . . o piliin ang pagkabihag at kamatayan.”<sup>30</sup> Kapag pinili natin ang mas mataas na landas tungo sa kalayaan at buhay na walang-hanggan, ang landas ay kinabibilangan ng pagpapakasal.<sup>31</sup> Ipinapahayag ng mga Banal sa mga Huling Araw na “ang kasal sa pagitan ng lalaki at babae ay inorden ng Diyos at ang mag-anak ang sentro ng plano ng Tagapaglikha para sa walang hanggang tadhana ng Kanyang mga anak.” Alam din natin na ang “kasarian ay mahalagang katangian ng pagkakakilanlan at layunin ng isang tao sa kanyang buhay bago pa ang buhay niya sa mundo, sa buhay niyang mortal, at sa walang hanggan.”<sup>32</sup>

Ang kasal sa pagitan ng isang lalaki at isang babae ay pangunahing saligan sa doktrina ng Panginoon at mahalaga sa walang hanggang plano ng Diyos. Ang kasal sa pagitan ng isang lalaki at isang babae ay huwaran o pamantayan ng Diyos para sa kaganapan ng buhay sa lupa at sa langit. Ang pamantayan ng Diyos sa kasal ay hindi dapat gamitin nang mali, unawain nang mali, o ipakahulugan nang mali.<sup>33</sup> Hindi ito dapat gawin kung nais ninyo ng tunay na kagalakan. Ang pamantayan ng Diyos sa kasal ay nangangalaga sa sagradong kapangyarihan ng paglikha ng buhay at sa kagalakan ng tapat na

ugnayan ng mag-asawa.<sup>34</sup> Alam natin na sina Eva at Adan ay ikinasal ng Diyos bago nila naranasan ang galak ng pagsasama ng mag-asawa.<sup>35</sup>

Sa ating panahon, ang mga pamahalaan ay may tunay na malasakit sa pagprotekta sa kasal dahil ang matatag na mga pamilya ang pinakamainam na tagapaglaan ng kalusugan, edukasyon, kapakanan at pag-unlad ng mga bagong henerasyon.<sup>36</sup> Ngunit ang mga pamahalaan ay malakas na naiimpluwensiyahan ng mga kalakaran sa lipunan at pilosopiya ng tao sa kanilang pagsulat, muling pagsulat, at pagpapatupad ng batas. Anuman ang ipatupad ng batas, ang doktrina ng Panginoon hinggil sa kasal at moralidad ay *hindi mababago*.<sup>37</sup> Tandaan: ang kasalanan, kahit gawin itong legal ng tao, ay kasalanan pa rin sa mata ng Diyos!

Bagama’t dapat nating tularan ang kabaitan at pagkamahabagin ng ating-Tagapagligtas, bagama’t kailangan nating pahalagahan ang mga karapatan at damdamin ng lahat ng anak ng Diyos, hindi natin mababago ang Kanyang doktrina. Hindi tayo ang dapat magbago niyan. Ang tungkulin natin ay pag-aralan, unawain, at sundin ang Kanyang doktrina.

Ang paraan ng pamumuhay ng Tagapagligtas ay mabuti. Kabilang sa Kanyang pamamaraan ang kadalisayan ng puri bago ikasal at ganap na katapatan sa loob ng bigkis ng kasal.<sup>38</sup> Ang pamamaraan ng Panginoon ang tanging paraan upang maranasan natin ang walang hanggang kaligayahan. Ang Kanyang pamamaraan ay nagdudulot ng kapanatagan sa ating kaluluwa at patuloy na kapayapan sa tahanan. At higit sa lahat, ang Kanyang pamamaraan ay umaakay sa atin pabalik sa Kanya at sa ating Ama sa Langit, sa walang hanggang buhay at kadakilaan.<sup>39</sup> Ito ang pinakamahalagang bahagi ng gawain at kaluwalhatian ng Diyos.<sup>40</sup>

Mahal kong mga kapatid, bawat araw ay araw ng pagpapasiya, at ang ating mga pagpapasiya ang magtakda ng ating tadhana. Balang-araw ang bawat isa sa atin ay tatayo sa harapan ng Panginoon para hatulan.<sup>41</sup> Isa-isa tayong kakausapin ni Jesucristo.<sup>42</sup> Pananagutan natin ang

mga pagpapasiyang ginawa natin para sa ating katawan, mga espirituwal na katangian, at kung paano natin sinunod ang huwaran ng Diyos para sa kasal at pamilya. Nawa'y maging matalino tayo sa pagpapasiya bawat araw para sa kawalang-hanggan ang taos-puso kong panalangin sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

#### MGA TALA

1. Thomas S. Monson, "Decisions Determine Destiny" (Church Educational System fire-side, Nob. 6, 2005), 3; speeches.byu.edu.
2. Ang konsepto ng walang hanggang pag-unlad ay nailarawang mabuti ni W. W. Phelps sa kanyang mga titik sa himnong "If You Could Hie to Kolob" (*Hymns*, blg. 284). Mababasa sa ika-4 na taludtod: "Walang hanggan ang kabanalan; / Walang hanggan ang kapangyarihan; / Walang hanggan ang karunungan; / Walang hanggan ang liwanag; / Walang hanggan ang pagbubuklod; / Walang hanggan ang kabataan; / Walang hanggan ang priesthood; / Walang hanggan ang katotohanan." Nagtatapos ang taludtod 5 sa: "Walang hanggan ang kaluwalhatian; / Walang hanggan ang pagmamahal; / Walang hanggan ang buhay; / Walang kamatayang iiral."
3. Genesis 1:27; tingnan din sa Mga Taga Colosas 3:10; Alma 18:34; Eter 3:15; Moises 6:9.
4. "Ako ay Anak ng Diyos," *Mga Himno*, blg. 189.
5. Tingnan sa Mateo 10:37.
6. Tingnan sa Marcos 12:30–31.
7. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 88:15.
8. May iba pang mga prosesong bigay ang Diyos na nangyayari sa inyong katawan. Ang mga elementong tulad ng sodium, potassium, at calcium at mga compound na gaya ng tubig, glucose, at protina ay mahalaga para mabuhay. May oxygen at carbon dioxide sa ating katawan. Gumagawa ito ng mga hormone na tulad ng insulin, adrenalin, at thyroxin. Ang mga lebel ng bawat isa sa mga ito at marami pang ibang bahagi ng katawan ay awtomatikong nare-regulate nang may limitasyon. Ang mga pagkakaugnay-ugnay ng mga glandula ng katawan ay awtomatikong nakokontrol at nare-regulate. Halimbawa, ang pituitary gland sa gawing ibaba ng utak ay naglalabas ng hormone na nagpapagalaw sa cortex ng adrenal glands para maglabas ng adrenal cortical hormones. Sa pagtaas ng lebel ng cortical hormones napipigilan naman ang paglalabas ng pituitary ng nagpapagalaw na hormone at vice versa. Ang temperatura ng iyong katawan ay name-mentena sa 98.6°F o 37°C, ikaw man ay nasa equator sa North Pole.
9. May mga sakit na kailangan ng espesyal na pangangalaga na madaling makita; ang iba naman ay nakatago. Ang ilan ay namamana; ang iba ay hindi. Mga mga tao na madaling dapuan ng kanser, ang iba ay mayroong mga allergy, at iba pa. Maaaring malaman ng bawat isa sa atin ang kani-kanya nating kahinaan at mapagpakumbabang alamin ang nais ituro ng Panginoon, upang ang kahinaan ay maging kalakasan.
10. Eter 12:27.
11. May mga kundisyon na hindi ganap na mapapagalang hangga't hindi pa nagaganap ang Pagkabuhay na Mag-uli, kung saan, "lahat ng bagay ay magbabalik sa kanilang wasto at ganap na anyo" (Alma 40:23).
12. Tingnan sa Alma 42:8.
13. Isinulat ng Mang-awit, "Mahalaga sa paningin ng Panginoon ang kamatayan ng kaniyang mga banal" (Mga Awit 116:15). Mahalaga ang kamatayan dahil ito ay "pag-uwi" ng mga Banal sa Panginoon.
14. I Mga Taga Corinto 3:16; tingnan din sa 6:19.
15. Abraham 3:23.
16. Tingnan sa Jeremias 1:5.
17. Tingnan sa Alma 13:2–3.
18. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 138:55–56.
19. Tingnan sa Alma 13:2–3; Doktrina at mga Tipan 138:38–57.
20. Ang mga katangian ng "pananampalataya, karangalan, kaalaman, kahinahunan, tiyaga, kabaitang pangkapatid, kabanalan, pag-ibig sa kapwa-tao, kababaang-loob, [at] sigasig" (Doktrina at mga Tipan 4:6) ay kabilang sa mga espirituwal na kaloob na maaaring linangin at ipagkaloob sa atin. Ang pagpapasalamat o pagtanaw ng utang-na-loob ay isa pang espirituwal na katangian na maaaring taglayin. Ang taong mapagpapasalamat ay masaya at maraming mabuting nagagawa. At kapag ikaw ay "espirituwal na isinilang sa Diyos," buong pasasalamat mong matatanggap ang Kanyang larawan sa iyong mukha (tingnan sa Alma 5:14).
21. Tingnan sa I Mga Taga Corinto 12; 14:1–12; Moroni 10:8–19; Doktrina at mga Tipan 46:10–29.
22. Ang ilan ay natutuksong kumain nang sobra. "Ang labis na katabaan ay isa nang epidemya sa buong daigdig, at hindi kukulangin sa 2.8 milyong tao na ang namamatay bawat taon dahil sa sobrang timbang" ("10 Facts on Obesity," World Health Organization, Mar. 2013, www.who.int/features/factfiles/obesity/en). May iba namang kakaunti ang kinakain. Maraming buhay na ang nasira, mag-asawang nagkahiwalay, at pamilyang nawasak dahil sa anorexia at bulimia. At ilan ay natutuksong gumawa ng kahalayang ipinagbabawal ng ating Tagapaglikha. Ang mga paglilinaw tungkol dito ay matatagpuan sa *Handbook 2: Administering the Church*, na nagsasaad: "Ang batas ng Panginoon ukol sa kalinisang-puri ay ang pag-iwas na magkaroon ng seksuwal na relasyon sa labas ng legal na kasal at lubusang katapatan sa asawa. . . . Ang pangangalunya, pakikiapid, seksuwal na relasyon sa kapwa kasarian, at iba pang napakasama, at hindi likas o normal, o mahalay na kaasalan ay kasalanan." Mula pa rin sa hanbuk: "Ang homoseksuwalidad ay lumalabag sa mga utos ng Diyos, salungat sa mga layunin ng seksuwalidad ng tao, at pinagkakaitan ang mga tao ng mga pagpapala na matatagpuan sa pamilya at sa mga nakapagligligtas na ordenansa ng ebanghelyo. . . . Bagama't salungat ang Simbahan sa homoseksuwalidad, inuunawa at iginagalang ng Simbahan ang mga taong naaakit sa mga taong kapareho nila ang kasarian" ([2010], 21.4.5; 21.4.6).
23. Tingnan sa I Mga Taga Corinto 6:9–20; Santiago 1:25–27; Doktrina at mga Tipan 130:20–21. At dapat na lagi nating tandaan na "ang tao ay gayon, upang sila ay magkaroon ng kagalakan" (2 Nephi 2:25).
24. Ang mortalidad ay panahon ng pagsubok, tulad nang ipinaliwanag sa banal na kasulatan: "Susubukin natin sila upang makita kung kanilang gagawin ang lahat ng bagay anuman ang iutos sa kanila ng Panginoon nilang Diyos" (Abraham 3:25).
25. Tingnan sa Mosias 4:10; Alma 39:9; Helaman 15:7. Ang *Handbook 2* ay kinapapalooban ng mensaheng ito: "Ang pag-uugaling homoseksuwal ay maaaring mapatawad sa pamamagitan ng taos-pusong pagsisisi" (21.4.6).
26. Sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo at sa pagsunod sa mga alituntunin ng ebanghelyo, ang buong sangkatauhan ay maaaring maligtas (tingnan sa Doktrina at mga Tipan 138:4; Mga Saligan ng Pananampalataya 1:3).
27. Tingnan sa Eter 12:33–34; Moroni 8:17.
28. Tingnan sa Mosias 5:2; Alma 5:12–14.
29. Tingnan sa Mga Taga Roma 8:13–17; Mga Taga Galacia 5:13–25; Doktrina at mga Tipan 88:86.
30. 2 Nephi 2:27.
31. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 131:1–4.
32. "Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo," *Liahona*, Nob. 2010, 129.
33. Tingnan sa Mateo 19:4–6; Mosias 29:26–27; Helaman 5:2.
34. Bawat tao ay isinilang na may kani-kanyang identidad, chromosomes, at DNA (deoxyribonucleic acid). Ang DNA ay molecule na naglalaman ng mga instruksiyon sa genetiko sa pagbuo at paggamit ng mga buhay na selula. Ang DNA ng bawat tao ay nalilikha kapag nagsama ang DNA mula sa ama at ina para lumikha ng DNA ng bagong katawan—pagsasama-sama sa pagitan ng ama, ina, at anak.
35. Tingnan sa Genesis 2:24–25; 3:20–21; 4:1–2, 25.
36. Isinulat ni Dr. Patrick F. Fagan: "Ang napakahalagang building block na pinag-sasaligan ng ekonomiya ay ang tahananang may mga magulang na ikinasal—lalo na ang pamilya na may mga anak na sumasamba lingu-linggo. . . . Bawat pag-aasawa ay lumilikha ng bagong pamilya, isang indipendyenteng yunit ng ekonomiya na kumikita, gumagastos, nag-iipon, at namumuhunan" ("The Family GDP: How Marriage and Fertility Drive the Economy," *The Family in America*, vol. 24, no. 2 [Spring 2010], 136).
37. Tingnan sa Exodo 20:14; Levitico 18:22; 20:13; Deuteronomio 5:18; Mateo 5:27–28; Marcos 10:19; Lucas 18:20; Mga Taga Roma 1:26–27; 13:9; Mosias 13:22; 3 Nephi 12:27–28; Doktrina at mga Tipan 42:24; 59:6.
38. Tingnan sa Gordon B. Hinckley, "This Thing Was Not Done in a Corner," *Ensign*, Nob. 1996, 49.
39. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 14:7.
40. Tingnan sa Moises 1:39.
41. Tingnan sa 2 Nephi 9:41, 46; Mosias 16:10.
42. Tayo ayihatulan alinsunod sa ating mga gawa at hangarin ng ating mga puso (tingnan sa Doktrina at mga Tipan 137:9; tingnan din sa Sa Mga Hebreo 4:12; Alma 18:32; Doktrina at mga Tipan 6:16; 88:109).



Ni President Thomas S. Monson

# Hanggang sa Muli Nating Pagkikita

*Nawa'y magpakita tayo ng ibayong kabaitan sa isa't isa, at nawa'y palagi nating gawin ang gawain ng Panginoon.*

Mga kapatid, puno ng kasiyahan ang puso ko sa pagtatapos nitong napakagandang pangkalahatang kumperensya ng

Simbahan. Napakain ang ating espiritu sa pakikinig sa payo at mga patotoo ng mga nakibahagi sa bawat sesyon. Mapalad tayong magkatipon

dito sa napakagandang Conference Center, nang payapa at ligtas. Mas malawak kaysa dati ang saklaw ng kumperensya, natatawid nito ang mga kontinente at mga karagatan tungo sa mga tao sa lahat ng dako. Bagama't napakalayo namin sa marami sa inyo, dama namin ang inyong diwa.

Sa ating mga Kapatid na na-release sa kumperensyang ito, hayaang ipaabot ko ang taos-pusong pasasalamat ng buong Simbahan sa maraming taon ng inyong tapat na paglilingkod. Hindi mabibilang ang mga taong pinagpala ng inyong mga naiambag sa gawain ng Panginoon.


Pinasasalamatan ko ang Tabernacle Choir at ang iba pang mga koro na nakibahagi sa kumperensyang ito. Napakaganda ng musika at nakadagdag nang husto sa Diwang nadama natin sa bawat sesyon.

Pinasasalamatan ko kayo sa inyong mga dalangin para sa akin at sa lahat ng mga General Authority at mga pangkalahatang pinuno ng Simbahan. Pinalalakas kami ng mga ito.

Nawa ang mga pagpapala ng langit ay sumainyo. Nawa ang inyong mga tahanan ay mapuno ng pagmamahal at paggalang at ng Espiritu ng Panginoon. Nawa'y patuloy ninyong palakasin ang inyong mga patotoo sa ebanghelyo, upang maging proteksiyon ninyo ito laban sa mga pagtuligsa ng kaaway.

Tapos na ngayon ang kumperensya. Sa pag-uwi natin sa ating mga tahanan, nawa'y maging ligtas tayo. Nawa ang Diwang nadama natin dito ay sumaatin at manatili sa atin habang abala tayo sa mga bagay na ginagawa natin sa bawat araw. Nawa'y magpakita tayo ng ibayong kabaitan sa isa't isa, at nawa'y palagi nating gawin ang gawain ng Panginoon.

Mga kapatid ko, pagpalain nawa kayo ng Diyos. Nawa ang Kanyang ipinangakong kapayapaan ay mapsainyo ngayon at sa tuwina. Paalam sa inyo hanggang sa muli nating pagkikita matapos ang anim na buwan. Sa pangalan ng ating Tagapagligtas, maging si Jesucristo na Panginoon, amen. ■







**Ni Linda K. Burton**  
Relief Society General President

# Ang Kapangyarihan, Galak, at Pagmamahal sa Pagtupad ng Tipan

*Inaanyayahan ko ang bawat isa sa atin na suriin kung gaano natin kamahal ang Tagapagligtas, gamit bilang panukat kung gaano tayo kagalak sa pagtupad ng ating mga tipan.*

**G**usto kong magsimula sa kuwentong umaantig sa puso ko. Isang gabi pinapasok ng isang lalaki ang kanyang limang tupa sa kulungan para doon magpalipas ng magdamag. Natutuwang nagmasid ang pamilya niya nang sabihin niyang, “Pumasok na kayo,” at agad tumingin ang limang tupa sa kanyang direksyon. Nagtakbuhan ang apat na tupa papunta sa kanya. Magiliw niyang tinapik-tapik sa ulo ang bawat isa sa apat. Kilala ng mga tupa ang tinig niya at mahal siya ng mga ito.

Ngunit ang panlimang tupa ay hindi tumakbo papunta sa kanya. Isa itong malaking babaing tupa na ilang linggo pa lang ipinamigay ng may-ari, na nag-ulat na ito ay mailap, matigas ang ulo, at lagi nitong inililigaw ang ibang mga tupa. Tinanggap ng bagong may-ari ang tupa at itinali sa tulos sa kanyang bukid nang ilang araw para matuto itong huwag gumala. Matiyaga

niya itong tinuruang mahal siya at ang ibang mga tupa hanggang sa maikling lubid na lang ang nakatali sa leeg nito pero hindi na nakatulos.

Nang gabing iyon habang nakamasid ang kanyang pamilya, nilapitan ng lalaki ang tupa, na nakatayo sa gilid ng bukid, at magiliw na muling sinabi, “Halika na. Hindi ka na nakatali. Ikaw ay malaya na.” Pagkatapos ay magiliw niya itong nilapitan, hinaplos ito sa ulo, at lumakad siyang kasama nito at ng iba pang mga tupa pabalik sa kanlungan.<sup>1</sup>

Sa diwa ng kuwentong iyan, dalangin ko na tulongan tayo ng Espiritu Santo na sama-samang matuto ngayong gabi tungkol sa pagtupad ng tipan. Ang paggawa at pagtupad ng mga tipan ay pagpiling ibuklod ang ating sarili sa ating Ama sa Langit at kay Jesucristo. Ito ay matibay na pangakong susundin ang Tagapagligtas. Ito ay pagtitiwala sa Kanya at

paghahangad na magpasalamat para sa sakripisyo Niya upang mapalaya tayo sa pamamagitan ng walang-hanggang kaloob na Pagbabayad-sala.

Ipinaliwanag ni Elder Jeffrey R. Holland na “ang tipan ay isang may bisang espirituwal na kasunduan, isang taimtim na pangako sa Diyos na ating Ama na mamumuhay at mag-iisip at kikilos tayo sa isang partikular na paraan—sa paraan ng Kanyang Anak, ang Panginoong Jesucristo. Bilang kapalit, ipinapangako sa atin ng Ama, Anak, at Espiritu Santo ang ganap na kaluwalhatian ng buhay na walang hanggan.”<sup>2</sup> Sa kasunduang iyan, ang Panginoon ang nagtatakda ng mga kundisyon at sumasang-ayon tayong tutuparin ang mga ito. Ang paggawa at pagtupad ng ating mga tipan ay pagpapakita ng ating pangakong maging katulad ng Tagapagligtas.<sup>3</sup> Ang nararapat gawin ay pagsikapang magkaroon ng saloobing higit na naipapahayag sa ilang talata ng isang paboritong himno: “Tutungo ako saanman. *O Diyos . . .* Bibigkasin ko ang *inyong* nais. . . . Susundin ang *Inyong* utos.”<sup>4</sup>

## **Bakit Ba Kailangang Gumawa at Tumupad ng mga Tipan?**

### **1. Ang pagtupad ng mga tipan ay nagpapalakas, nagbibigay-kakayahan, at nagpoprotekta.**

Nakita ni Nephi sa pangitain ang mahahalagang pagpapalang ipinagkakaloob ng Panginoon sa mga tumutupad ng tipan: “At ito ay nangyari na, na ako, si Nephi, ay namasdan ang kapangyarihan ng Kordero ng Diyos, na ito ay napasa . . . mga pinagtipanang tao ng Panginoon, . . . at nasasandatahan sila ng kabutihan at kapangyarihan ng Diyos sa dakilang kaluwalhatian.”<sup>5</sup>

Kamakailan ay nagkaroon ako ng bagong kaibigan. Pinatotohanan niya na matapos niyang matanggap ang kanyang endowment sa templo, nardama niyang nagkaroon siya ng lakas na labanan ang mga tuksong nahirapan siyang labanan noon.

Sa pagtupad ng ating mga tipan, nagkakaroon din tayo ng tapang at lakas na pagaanin ang mga pasanin ng isa’t isa. May isang nagdadalamhating



“simulan nang maaga at magpatuloy” ang paggawa at pagtupad ng mga tipan.<sup>10</sup> Kailan lang ay may nakakaha-mon at taimtim na tanong na binanggit sa isang lupon ng mga priesthood at auxiliary leader: talaga bang inaasahan natin na tutuparin ng mga walong-taong-gulang ang kanilang mga tipan? Sa aming pagpupulong, iminungkahi na ang isang paraan para maihanda ang mga bata na gumawa at tumupad ng sagradong mga tipan sa binyag ay tulungan silang matutong gumawa at tumupad ng isang simpleng pangako.

Ang matatapat na magulang ay may karapatang malaman kung paano pinakamabuting magturo para matugunan ang mga pangangailangan ng kanilang mga anak. Kapag ang mga magulang ay naghangad ng personal na paghahayag at kumilos ayon dito, nag-usap, naglingkod at nagturo ng mga simpleng alituntunin ng ebanghelyo, magkakaroon sila ng kapangyarihang patatagin at protektahan ang kanilang pamilya. Makakatulong din ang ibang mga miyembro ng pamilya. Itinuro sa amin ng mahal naming lolo ang kahalagahan ng pagtupad sa mga pangako sa isang simpleng awitin. Ganito ang sabi roon: “Bago ka mangako, pakaisipin mo ito. At kapag nangako na, ito ay isapuso. Ito ay isapuso.” Ang maikling awiting ito ay itinuro nang may pagmamahal, pananalig, at kapangyarihan dahil isinapuso ni Lolo ang kanyang mga pangako.

May kilala akong matalinong ina na isinasama ang mga anak niya sa pagtupad ng kanyang mga tipan. Masaya niyang pinagagaan ang mga pasanin ng mga kapitbahay, kaibigan, at miyembro ng ward—at inaaliw ang mga nangangailangan ng aliw. Hindi nakapagtataka na nagpatulong ang kanyang anak na babae kamakailan para malaman kung paano niya maaaliw ang kanyang kaibigang namatayan ng ama. Magandang pagkakataon iyon para ituro na ang hangarin niyang aliwin ang kanyang kaibigan ay isang paraan para matupad niya ang kanyang tipan sa binyag. Paano natin maaasahan ang mga bata na gumawa at tumupad ng mga tipan sa templo kung hindi natin aasahang tutuparin

miyembrong babae na may anak na malubha ang kapansanan. Dahil nananalig siya na tinutupad ng mga Relief Society sister ang kanilang tipan, lakas-loob niyang hiniling sa kanila na ipag-ayuno at ipagdasal ang kanyang anak. Ipinahayag ng isa pang sister na sana ay hiniling din niya iyon sa kanyang mga sister. Ilang taon bago iyon, nahirapan din ang kanyang anak. Inisip niya na sana ay nagpatulong siya sa kanila na pagaanin ang pasanin ng kanyang pamilya. Sabi ng Tagapagligtas, “Sa ganito’y mangakilala ng lahat ng mga tao na kayo ay aking mga alagad, kung kayo’y may pagigbig sa isa’t isa.”<sup>6</sup>

Ah, mga kapatid, lahat tayo ay may mga pasaning daranasin at pagagaanin. Ang pag-anyayang pasanin ang dalahin ng isa’t isa ay pag-anyayang tuparin ang ating mga tipan. Ang payo ni Lucy Mack Smith sa unang kababaihan ng Relief Society ay mas mahalaga ngayon kaysa rati: “Kailangan nating pakamahalin ang isa’t isa, [pangalagaan] ang isa’t isa, aliwin ang isa’t isa

at maturuan, upang makaupo tayo nang magkakasama sa langit.”<sup>7</sup> Ito ang pinakamagandang paraan ng pagtupad ng tipan at paggawa ng visiting teaching!

Ipinapaalala sa atin ng Aklat ni Mormon na maging ang propetang si Alma ay kinailangang tiisin ang pagkakaroon ng isang suwail na anak. Ngunit mapalad si Alma na magkaroon ng mga kapatid sa ebanghelyo na tumutupad ng mga tipan at tunay na nagbalik-loob sa Panginoon at alam kung paano pasanin ang dalahin ng isa’t isa. Pamilyar tayo sa talata sa Mosias tungkol sa taimtim na panalangin ni Alma para sa kanyang anak. Ngunit nakatala na “napakinggan ng Panginoon ang mga panalangin *ng kanyang mga tao*, at gayon din ang mga panalangin ng kanyang tagapaglingkod na si Alma.”<sup>8</sup>

Alam natin na nagagalak ang Panginoon “sa kaluluwang nagsisisi,”<sup>9</sup> ngunit ang pinakahahangad natin sa lahat ay sundin ng ating mga anak ang payo ni Pangulong Henry B. Eyring na

nila ang kanilang unang tipan—ang kanilang tipan sa binyag?

Sinabi ni Elder Richard G. Scott, “Ang isa sa pinakadakilang mga pagpapala na maibibigay natin sa mundo ay ang kapangyarihan ng isang tahanan nakasentro kay Cristo kung saan itinuturo ang ebanghelyo, tinutupad ang mga tipan, at may pagmamahalan.”<sup>11</sup> Ano ang ilang paraan na makabubuo tayo ng gayong tahanan para maihanda ang ating mga anak na gumawa at tumupad ng mga tipan sa templo?

- Maaari nating sama-samang tuklasin kung paano maging karapat-dapat sa temple recommend.
- Maaari nating sama-samang tuklasin kung paano makinig sa Espiritu Santo. Dahil ang endowment sa templo ay natatanggap sa pamamagitan ng paghahayag, kailangan tayong magkaroon ng ganyang kakayahan.
- Maaari nating sama-samang tuklasin kung paano matuto gamit ang mga simbolo, simula sa mga sagradong simbolo ng tipan at ng sakramento.
- Maaari nating sama-samang tuklasin kung bakit sagrado ang katawan, bakit ito tinatawag na templo kung minsan, at paano nauugnay ang disentang pananamit at ayos sa kasagraduhan ng kasuotan sa templo.
- Maaari nating tuklasin ang plano ng kaligayahan sa mga banal na kasulatan. Kapag naging mas pamilyar tayo sa plano ng Ama sa Langit at sa Pagbabayad-sala sa mga banal na kasulatan, magiging mas makahulugan ang pagsamba sa templo.
- Maaaring sama-sama tayong matuto tungkol sa mga kuwento ng ating mga ninuno, magsaliksik ng family history, mag-index, at magsagawa ng gawain sa templo para sa pumanaw nating mga mahal sa buhay.
- Maaari nating sama-samang tuklasin ang kahulugan ng mga katagang tulad ng *endowment*, *ordenansa*, *pagbubuklod*, *priesthood*, *mga susi*, at iba pang mga katagang may kaugnayan sa pagsamba sa templo.

- Maaari nating ituro na nagpupunta tayo sa templo para magkipagtipan sa ating Ama sa Langit—at umuuwi para tuparin ang mga ito!<sup>12</sup>

Alalahanin natin ang konsepto ng “maganda, mas maganda, at pinakamaganda” sa ating pagtuturo.<sup>13</sup> Makabubuting ituro sa ating mga anak ang tungkol sa templo. Mas magandang ihanda at asahan silang gumawa at tumupad ng mga tipan. Pinakamagandang ipakita sa kanila sa ating halimbawa na masaya tayong tumutupad sa sarili nating mga tipan sa binyag at sa templo! Mga kapatid, nauunawaan ba natin ang ating mahalagang papel sa gawain ng kaligtasan sa ating pangangalaga, pagtuturo, at paghahanda sa ating mga anak sa landas ng tipan? Mauunawaan natin ito kapag iginalang at tinupad natin ang ating mga tipan.

## 2. Ang pagtupad ng mga tipan ay mahalaga para tunay na lumigaya.


Itinuro ni Pangulong Thomas S. Monson, “Ang mga sagradong tipan ay dapat nating pagpitaganan, at ang pagiging tapat dito ay kailangan para lumigaya.”<sup>14</sup> Mababasa natin sa 2 Nephi, “At ito ay nangyari na, na kami ay namuhay nang maligaya.”<sup>15</sup> Sa bandang unahan ng kabanatang ito nalaman natin na katatapos lamang magtayo ng templo ni Nephi at ng kanyang mga tao. Tunay ngang sila ay masayang tumutupad ng mga tipan! At mababasa natin sa Alma, “Subalit masdan hindi pa nagkaroon ng higit na masayang panahon sa mga tao ni Nephi, magmula sa mga araw ni Nephi, kaysa sa mga araw ni Moroni.”<sup>16</sup> Bakit? Muli nating malalaman sa isang naunang talata na sila ay “matatapat sa pagsunod sa mga kautusan ng Panginoon.”<sup>17</sup> Ang mga tumutupad ng tipan ay sumusunod sa utos!

Gustung-gusto ko ang talatang nagsasabing: “At ngayon, nang marinig ng mga tao ang mga salitang ito [ang mga salita tungkol sa tipan sa binyag], ipinalakpak nila ang kanilang mga kamay sa kagalakan, at nagbulalas: Ito ang mga naisin ng aming mga puso.”<sup>18</sup> Gustung-gusto ko ang naisin ng kanilang mga puso. Masaya nilang ninais

na gumawa at tumupad ng kanilang mga tipan!

Isang araw ng Linggo isang dalagita ang masayang nagsabi, “Tatanggap ako ng sakramento ngayon!” Kailan tayo huling nagalak sa pribilehiyong iyan? At paano natin ito ipinakikita? Ginagawa natin ito sa *laging* pag-alaala sa Tagapagligtas at *laging* pagsunod sa Kanyang mga utos, kasama na rian ang pagpapanatiling banal sa araw ng Kanyang Sabbath. Ginagawa natin ito sa *laging* pag-alaala sa Kanya kapag *laging* tayong umuusal ng personal na panalangin at ng mga panalangin ng pamilya, araw-araw na pagbabasa ng mga banal na kasulatan, at mga family home evening linggulinggo. At kapag hindi natin pinagtuunan o sineryoso ang mahahalagang bagay na ito, nagsisisi tayo at nagsisimulang muli.

Ang paggawa at masayang pagtupad ng ating mga tipan ay nagpapatibay at nagbibigay ng kahulugan sa mahalagang sagrado at nakapagligligtas na mga ordenansang kailangan nating matanggap para matamo ang “lahat ng mayroon ang Ama.”<sup>19</sup> Ang mga ordenansa at tipan ang “mga napakahalagang espirituwal na pangyayari” na tinukoy ni Pangulong Henry B. Eyring nang ituro niya na: “Ang mga Banal sa mga Huling Araw ay mga



pinagtipanang tao. Mula sa araw ng binyag hanggang sa mahahalagang espirituwal na pangyayari sa ating buhay, nangangako tayo sa Diyos at nangangako rin Siya sa atin. Siya ay *laging* tumutupad sa Kanyang mga pangako sa pamamagitan ng Kanyang mga awtorisadong lingkod, ngunit ang pinakamahalagang pagsubok sa ating buhay ay ang alamin kung *tayo* ay gagawa at tutupad ng ating mga tipan sa Kanya.”<sup>20</sup>

### 3. Ang pagtupad ng ating mga tipan ay nagpapakita ng ating pagmamahal sa Tagapagligtas at sa ating Ama sa Langit.

Sa lahat ng dahilan kung bakit dapat nating higit na pagsikapang tuparin ang ating mga tipan, ito ang pinakamatindi—pagmamahal. May isang talata sa Lumang Tipan na umaantig sa puso ko kapag pinag-uusapan natin ang alituntunin ng pagmamahal. Sino sa atin ang hindi maaantig sa kuwento ng pag-ibig nina Jacob at Raquel kapag nabasa natin, “At naglingkod si Jacob dahil kay Raquel, na pitong taon; at sa kaniya’y naging parang ilang araw, dahil sa pagibig na taglay niya sa kaniya?”<sup>21</sup> Mga kapatid, tinutupad ba natin ang ating mga tipan na may gayong uri ng matindi at tapat na pagmamahal?

Bakit handa ang Tagapagligtas na tuparin ang Kanyang mga tipan sa Ama at isakatuparan ang Kanyang banal na misyon na magbayad-sala para sa mga kasalanan ng sanlibutan? Iyon ay dahil sa pagmamahal Niya sa Kanyang Ama at sa atin. Bakit handa ang Ama na tulutan ang Kanyang Bugtong at perpektong Anak na dumanas ng hirap na di-kayang ilarawan upang pasanin ang mga kasalanan, sakit, at kahinaan ng sanlibutan at ang lahat ng di-makatarungan sa buhay na ito? Makikita natin ang kasagutan sa mga salitang ito: “Sapagka’t gayon na lamang ang pagsinta ng Dios sa sanglibutan, na ibinigay niya ang kaniyang bugtong na Anak.”<sup>22</sup>

“Kung ganap nating pinahahalagahan ang maraming pagpapalang napasatindahin dahil sa pagtubos na ginawa para sa atin, walang iuutos sa atin ang Panginoon na hindi natin sabik at handang gawin.”<sup>23</sup> Ayon sa



pahayag na ito ni Pangulong Joseph Fielding Smith, ang pagtupad ng tipan ay isang paraan ng pagpapakita ng ating pagmamahal sa di-maunawaan at walang-hanggang Pagbabayad-sala ng ating Tagapagligtas at Manunubos at sa sakdal na pagmamahal ng ating Ama sa Langit.

Makabagbag-damdamin ang pahayag ni Elder Holland, “Hindi ko tiyak kung ano ang mangyayari sa atin sa Araw ng Paghuhukom, ngunit ikagugulat ko nang lubos kung sa ating pakikipag-usap sa Diyos ay hindi niya itatanong sa atin ang mismong itinanong ni Cristo kay Pedro na: ‘Inibig mo baga ako?’”<sup>24</sup> Ngayong gabi inaanyayahan ko ang bawat isa sa atin na suriin kung gaano natin kamahal ang Tagapagligtas, at gamiting panukat kung gaano kasaya natin tinutupad ang ating mga tipan. Sinabi ng Tagapagligtas, “Ang mayroon ng aking mga utos, at tinutupad ang mga yaon, ay siyang umiibig sa akin: at ang umiibig sa akin ay iibigin ng aking Ama, at siya’y iibigin ko, at ako’y magpapakahayag sa kaniya.”<sup>25</sup> Kailangang-kailangan nating maipakita palagi na nasa buhay natin ang Tagapagligtas araw-araw!

Alalahanin natin na maging ang mga nalihis ng landas noon o nahihirapan ngayon ay madarama ang haplos ng kamay ng Mabuting Pastor sa kanilang ulo at maririnig ang

Kanyang tinig na nagsasabing: “Halikana. Hindi ka na nakatali. Malaya ka na.” Sabi ng Tagapagligtas, “Ako ay mabuting pastor: ibinigay ng mabuting pastor ang kaniyang buhay dahil sa mga tupa.”<sup>26</sup> Masasabi Niya iyan dahil tinupad Niya ang Kanyang mga tipan nang may pagmamahal. Ang tanong ay, tayo rin kaya? Nawa’y sumulong tayo nang may pananampalataya, masayahing puso, at matinding hangaring tuparin ang mga tipan. Sa ganito natin maipapakita ang ating pagmamahal sa ating Ama sa Langit at sa ating Tagapagligtas, na kapwa ko pinatotohanan nang may lubos na pagmamahal sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

#### MGA TALA

1. Tingnan sa D. Todd Christofferson, “Ikaw ay Malaya,” *Liahona*, Mar. 2013, 16, 18.
2. Jeffrey R. Holland, “Pagtupad ng mga Tipan: Isang Mensahe para sa mga Magmimisyon,” *Liahona*, Ene. 2012, 49.
3. Tingnan sa “Pag-unawa sa Ating mga Tipan sa Diyos,” *Liahona*, Hulyo 2012, 23.
4. “Tutungo Ako Saanman,” *Mga Himno*, blg. 171; idinagdag ang pagbibigay-diin.
5. 1 Nephi 14:14.
6. Juan 13:35.
7. Lucy Mack Smith, sa *Mga Anak na Babae sa Aking Kaharian: Ang Kasaysayan at Gawain ng Relief Society* (2011), 30.
8. Mosias 27:14; idinagdag ang pagbibigay-diin.
9. Doktrina at mga Tipan 18:13.
10. Tingnan sa Henry B. Eyring, “Kahandaang Espirituwal: Simulan nang Maaga at Magpatuloy,” *Liahona*, Nob. 2005, 37–40.
11. Richard G. Scott, “Para sa Kapayapaan sa Tahanan,” *Liahona*, Mayo 2013, 30.
12. Tingnan sa D. Todd Christofferson, “The Gospel Answers Life’s Problems and Challenges” (pandaigdigang pulong sa pagsasanay sa pamumuno, Feb. 2012); lds.org/broadcasts.
13. Tingnan sa Dallin H. Oaks, “Maganda, Mas Maganda, Pinakamaganda,” *Liahona*, Nob. 2007, 104.
14. Thomas S. Monson, “Happiness—the Universal Quest,” *Liahona*, Mar. 1996, 5.
15. 2 Nephi 5:27.
16. Alma 50:23.
17. Alma 50:22.
18. Mosias 18:11.
19. Doktrina at mga Tipan 84:38.
20. Henry B. Eyring, “Witnesses for God,” *Ensign*, Nob. 1996, 30; idinagdag ang pagbibigay-diin.
21. Genesis 29:20.
22. Juan 3:16.
23. Joseph Fielding Smith, “Importance of the Sacrament Meeting,” *Relief Society Magazine*, Okt. 1943, 592.
24. Jeffrey R. Holland, “Ang Unang Dakilang Utos,” *Liahona*, Nob. 2012, 84.
25. Juan 14:21.
26. Juan 10:11.



**Ni Carole M. Stephens**

Unang Tagapayo sa Relief Society General Presidency

# May Malaking Dahilan Tayo para Magalak

*Kapag nagmamahal kayo, nagbabantay, at naglilingkod sa iba sa maliit at simpleng mga paraan, kayo ay aktibong nakikibahagi sa gawain ng kaligtasan.*

**N**ang pumanaw ang biyenang kong lalaki, nagtipon ang aming pamilya para asikasuhin ang mga nakiramay sa amin. Buong gabi, habang kausap ko ang mga kapamilya at kaibigan, madalas kong mapansin ang aming 10-taong-gulang na apo na si Porter, na nakatayo sa tabi ng biyenang kong babae—ang kanyang “lola.” Kung minsan ay nakatayo siya sa likuran nito, at binabantayan ito. Minsan napansin ko na

magkakapit-bisig sila. Nakita ko siyang hinahaplos ang kamay ng lola niya, niyayakap ito, at nakatayo sa tabi nito.

Ilang araw matapos iyon, hindi maalis sa isipan ko ang tagpong iyon. Nahikayat akong sulatan si Porter, at sinabi sa kanya ang napansin ko. Nag-email ako sa kanya at sinabi sa kanya ang nakita at nadama ko. Ipinaalala ko kay Porter ang mga tipan niya noong binyagan siya, na binabanggit ang mga salita ni Alma sa Mosias kabanata 18:



**Si Porter (kanan) kasama ang kanyang lola-sa-tuhod.**

“At ngayon, yamang kayo ay nagnais na lumapit sa kawan ng Diyos, at matawag na kanyang mga tao, at nahahandang magpasan ng pasanin ng isa’t isa, nang ang mga yaon ay gumaan;

“Oo, at nahahandang makidalamhati sa mga yaong nagdadalamhati[;] oo, at aliwin yaong mga nangangailangan ng aliw, at tumayo bilang mga saksi ng Diyos sa lahat ng panahon at sa lahat ng bagay, at sa lahat ng lugar kung saan kayo ay maaaring naroroon, maging hanggang kamatayan, . . . nang kayo ay magkaroon ng buhay na walang hanggan—

“ . . . Kung ito ang naisin ng inyong mga puso, ano ang mayroon kayo laban sa pagpapabinyag sa pangalan ng Panginoon, bilang saksi sa harapan niya na kayo ay nakikipagtipan sa kanya, na siya ay inyong paglilingkuran at susundin ang kanyang mga kautusan, nang kanyang ibuhos nang higit na masagana ang kanyang Espiritu sa inyo?”<sup>1</sup>

Ipinaliwanag ko kay Porter na itinuro ni Alma na ang gustong magpabinyag ay kailangang handang maglilingkod sa Panginoon sa pamamagitan ng paglilingkod sa kapwa—habambuhay! Sabi ko: “Hindi ko alam kung naisip mo, pero ang ipinakita mong pagmamahal at pagmamalasakit kay Lola ay pagtupad ng iyong mga tipan. Tinutupad natin ang ating mga tipan araw-araw kapag mabait tayo, nagmamahal, at nagmamalasakit sa isa’t isa. Gusto ko lang malaman mo na ipinagmamalaki kita sa pagtupad mo ng iyong tipan! Sa pagtupad mo sa tipan na ginawa mo nang binyagan ka, magiging handa kang maorden sa priesthood. Ang karagdagang tipan na ito ay magbibigay sa iyo ng mas maraming pagkakataong pagpalain at paglilingkuran ang iba at tutulong sa iyo na maghanda para sa mga tipan sa templo. Salamat sa pagiging mabuting halimbawa mo sa akin! Salamat at ipinakita mo sa akin kung paano maging isang taong tumutupad ng tipan!”

Sumagot si Porter: “Lola, salamat po sa mensahe ninyo. Noong lagi kong niyayakap si Lola, hindi ko po alam na tinutupad ko ang aking mga

tipan, pero masaya ako at talagang maganda ang pakiramdam ko. Alam ko po na ang Espiritu Santo iyon na nasa puso ko.”

Sumaya rin ang kalooban ko nang malaman ko na iniugnay ni Porter ang pagtupad niya ng kanyang mga tipan sa pangakong “sa tuwina ay mapa[pasaatin] ang kanyang Espiritu upang makasama [natin]”<sup>2</sup>—isang pangako na nagiging posible dahil sa pagtanggap sa kaloob na Espiritu Santo.

Mga kapatid, nang bisitahin ko kayo sa iba’t ibang dako ng mundo, nakita ko na marami sa inyo ang kagaya ni Porter. Tahimik kayong tumatayo bilang mga saksi ng Diyos, nakikidalamhati sa mga nagdadalamhati, at umaaliw sa mga nangangailangan ng aliw nang hindi ninyo namamalayan na tinutupad ninyo ang inyong mga tipan—mga tipan na ginawa ninyo sa mga tubig ng binyag at sa templo. Kapag nagmahal kayo, nagbantay, at naglingkod sa iba sa maliliit at simpleng paraan, kayo ay aktibong nakikibahagi sa gawain ng kaligtasan, sa gawain ng Diyos na “isakatuparan ang kawalang-kamatayan at buhay na walang hanggan ng tao.”<sup>3</sup>

Bilang “mga anak na . . . babae sa kaharian [ng Panginoon],”<sup>4</sup> gumawa na tayo ng mga sagradong tipan. Tumatahak tayo sa tinatawag ni Nephi na “makipot at makitid na landas na patungo sa buhay na walang hanggan.”<sup>5</sup> Lahat tayo ay nasa iba’t ibang lugar sa landas. Ngunit maaari nating tulungan ang isa’t isa na “magpatuloy sa paglakad nang may katatagan kay Cristo, na may ganap na kaliwanagan ng pag-asa, at pag-ibig sa Diyos at sa lahat ng tao.”<sup>6</sup>

Si Jeanne ay naglilingkod bilang Young Women adviser. Ilang buwan na ang nakararaan nalaman niya na magkakaroon ng aktibidad ang mga kabataan sa ward: pag-akyat sa bundok ng Malan’s Peak. Natuwa siya dahil kamakailan ay nagtakda siya ng mithiin na umakyat doon.

Pagdating niya sa paanan ng landas paakyat, nilapitan siya ng mabait na kaibigan niyang si Ashley. Sa pakikipagkapit-bisig kay Jeanne, niyaya niya itong umakyat, at sinabing, “Sabay

tayo.” Si Ashley, na 16 na taong gulang noon, ay may kaunting kapansanan kaya’t mahirap para sa kanya ang umakyat nang mabilis sa bundok. Kaya’t mabagal silang naglakad ni Jeanne, habang pinapansin ang mga likha ng Ama sa Langit: ang mga bato sa tuktok ng bundok sa itaas nila at ang mga bulaklak sa paligid nila. Kalaunan ay sinabi ni Jeanne, “Agad kong nalimutan ang mithiin kong marating ang tuktok ng bundok, dahil agad itong naging ibang uri ng pakikipagsapalaran—isaing pakikipagsapalaran na nagpakita ng kagandahan ng paligid, na karamihan ay hindi ko sana napan-sin kung basta lang ako naglakad para makarating sa tuktok ng Malan’s Peak.”

Habang patuloy sa pag-akyat sina Jeanne at Ashley, na napag-iwanan na ng grupo, sumama sa kanila si Emma, isa pang dalagita sa ward, na nagpasiyang maghintay at sabayan sila. Naka-ragdag si Emma sa kanilang kasiyahan. Tinuruan niya sila ng isang kanta at sinuportahan at hinikayat pa silang lalo. Paggunita ni Jeanne: “Naupo kami at nagpahinga, nagkantahan, nag-usap, at nagtawanan. Mas nakilala ko sina Ashley at Emma sa paraang hindi sana nangyari kung hindi dahil dito. Hindi ito tungkol sa bundok noong gabing iyon—higit pa iyon doon. Tungkol ito sa pagtulong sa isa’t isa habang nasa daan, sa bawat hakbang.”

Habang nagha-hiking at nagkantahan at nagpapahinga at nagtawanan sina Jeanne, Ashley, at Emma, hindi siguro nila naisip na, “Aba, tinutupad namin ang aming mga tipan sa oras na ito.” Ngunit talagang tinutupad nila noon ang kanilang mga tipan. Pinaglilingkuran nila ang isa’t isa nang may pagmamahal, habag, at katapatan. Pinalalakas nila ang pananampalataya ng isa’t isa habang hinihikayat at pinaglilingkuran nila ang isa’t isa.

Itinuro ni Elder Russell M. Nelson: “Kapag natanto natin na tayo ay mga anak ng tipan, nalalaman natin kung sino tayo at ano ang inaasahan ng Diyos sa atin. Ang Kanyang batas ay nasusulat sa ating mga puso.”<sup>7</sup>

Si Maria Kuzina ay pinagtipanang anak ng Diyos na nakakaalam kung sino siya at ano ang inaasahan ng

Diyos sa kanya. Nang patuluyin niya ako sa kanyang tahanan sa Omsk, Russia, akala ko naroon ako para maglingkod sa kanya, ngunit agad kong natanto na naroon ako para matuto mula sa kanya. Nabinyagan sa Simbahan, nabubuhay si Maria ayon sa patnubay na matatagpuan sa Lucas 22: “Kung makapagbalik ka nang muli, ay papagtibayin mo ang iyong mga kapatid.”<sup>8</sup> May pananampalataya siya sa mga salita ng ating buhay na propeta, si Pangulong Thomas S. Monson, na nagsabi:

“Panahon na para ang mga miyembro at missionary ay magsama-sama, magtulungan, magsigawa sa ubasan ng Panginoon upang magdala ng mga kaluluwa sa Kanya. . . .

. . . Kapag kumilos tayo nang may pananampalataya, ipapakita sa atin ng Panginoon kung paano palakasin ang Kanyang Simbahan sa mga ward at branch na ating kinabibilangan. Siya ay sasaatin at patuloy na magiging katuwang sa ating mga gawain bilang missionary.

. . . Manampalataya . . . habang mapanalangin ninyong iniisip kung sino sa inyong pamilya, mga kaibigan, kapitbahay, at kakilala ang gusto ninyong anyayahan sa bahay ninyo para ipakilala sa mga missionary, upang marinig nila ang mensahe ng Panunumbalik.”<sup>9</sup>

Sinusunod ni Maria ang payong ito sa pagbantay at paglilingkod sa kababaihang iniatas na bisitahin niya at sa pagtulong din nang higit pa rito. Marami siyang kaibigang di-gaanong aktibo o kaya’y hindi pa naririnig ang mensahe ng ipinanumbalik na ebanghelyo ni Jesucristo. Bawat araw ay nananampalataya siya at ipinagdarasal na malaman kung sino ang nangangailangan ng tulong niya, at saka siya kumikilos ayon sa pahiwatig na natatanggap niya. Tumatawag siya sa telepono, nagpapahayag ng pagmamahal, at sinasabi niya sa kanyang mga kaibigan, “Kailangan ka namin.” May family home evening siya sa apartment niya linggu-linggo at inaanayahan ang mga kapitbahay, miyembro, at missionary—at pinakakain sila. Inaanayahan niya silang magsimba,

inaabangan sila, at tinatabihan sila kapag dumarating sila.

Nauunawaan ni Maria ang paalala ni Elder Jeffrey R. Holland kamakailan na “ang paanyayang ginawa dahil mahal natin ang iba at ang Panginoong Jesucristo . . . ay hindi ituturing na masama o mapanghusga kailanman.”<sup>10</sup> May listahan siya ng mga tao na nagsabing nasaktan sila, at patuloy niya silang pinaglilingkuran. Dahil alam nila na mahal niya sila, nasasabi niya sa kanila, “Huwag kayong maghinanakit. Hindi maganda ‘yan!”

Si Maria ay isang disipulo ni Jesucristo na tumutupad ng tipan. Bagama’t walang priesthood holder sa kanyang tahanan, nadarama niya ang kapangyarihan ng Diyos bawat araw sa pagtupad sa kanyang mga tipan sa templo habang sumusulong siya sa landas, nagtitiis hanggang wakas at tumutulong sa iba na makibahagi sa gawain ng kaligtasan.

Sa pagbabahagi ko sa inyo ng mga karanasang ito, nakita ba ninyo ang inyong sarili sa gawain ng kaligtasan? Saglit ninyong isipin ang isa pang anak na babae ng Diyos na nangangailangan ng panghihikayat na magbalik sa landas ng tipan o kaya’y nangangailangan ng kaunting tulong para manatili sa landas. Tanungin ang inyong Ama sa Langit tungkol sa kanya. Siya ay Kanyang anak. Kilala Niya ito sa pangalan. Kilala Niya rin kayo, at sasabihin Niya sa inyo ang kailangan nito. Magtiyaga at magpatuloy sa pagsampalataya at ipagdasal siya, at kumilos ayon sa mga pahiwatig na natatanggap ninyo. Kapag kumilos kayo ayon sa mga pahiwatig na ito, pagtitibayin ng Espiritu na ang inyong handog ay katanggap-tanggap sa Panginoon.

“Buong pasasalamat na kinilala ni Sister Eliza R. Snow . . . ang pagsisikap ng kababaihan na palakasin ang isa’t isa. . . . Sinabi niya sa kanila na bagamat hindi naitala ng Simbahan ang bawat donasyong ibinigay nila upang tulungan ang mga nangangailangan, ang Panginoon ay may perpektong talaan ng kanilang mga gawain ng pagliligtas:

“ . . . Sinabi ni Pangulong Joseph Smith na ang samahang ito ay itinatag



upang magligtas ng mga kaluluwa. Ano ang [ginagawa natin] upang mabalik ang mga naligaw ng landas?—upang paningasin ang puso ng mga nanlalamig na sa ebanghelyo?—May isa pang aklat na iniingatan at ito ay naglalaman ng inyong pananampalataya, kabaitan, mabubuting gawa, at [inyong] mga salita. May isa pang talaan na iniingatan. Walang paglilingkod na nalilimutan.”<sup>11</sup>

Sa Aklat ni Mormon, binanggit ni Ammon ang malaking dahilan natin para magalak. Sabi niya: “At ngayon, itinatanong ko, anu-anong dakilang pagpapala ang ipinagkaloob [ng Diyos] sa atin? Masasabi ba ninyo?”

Sa kanyang katuwaan, hindi na naghintay ng sagot si Ammon. Sinabi niya, “Masdan, ako ang siyang tutugon para sa inyo; . . . ito ang pagpapalang ipinagkaloob sa atin, na tayo ay gawing mga kasangkapan sa mga kamay ng Diyos upang maisagawa ang dakilang gawaing ito.”<sup>12</sup>

Tayo ay pinagtipanang mga anak sa kaharian ng Panginoon, at tayo ay may pagkakataon na maging kasangkapan sa Kanyang mga kamay. Sa pakikibahagi natin sa gawain ng kaligtasan sa araw-araw sa maliliit at simpleng paraan—nagbabantay, nagpapalakas, at nagtuturo sa isa’t isa—nakikiisa

tayo kay Ammon, na nagsabing:


“Masdan, ang aking kagalakan ay lubos, oo, ang aking puso ay nag-uumpaw sa kagalakan, at ako ay nagsasaya sa aking Diyos.

“Oo, nalalaman kong ako’y walang halaga; kung sa akin lamang lakas ay mahina ako, kaya nga hindi ako nagmamalaki sa aking sarili, kundi ipagmamalaki ko ang aking Diyos, sapagkat sa kanyang lakas ay maaari kong magawa ang lahat ng bagay.”<sup>13</sup>

Pinatotohanan ko ito sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

#### MGA TALA

1. Mosias 18:8–10.
2. Doktrina at mga Tipan 20:77.
3. Moises 1:39.
4. Doktrina at mga Tipan 25:1.
5. 2 Nephi 31:18.
6. 2 Nephi 31:20.
7. Russell M. Nelson, “Mga Tipan,” *Liahona*, Nob. 2011, 88.
8. Lucas 22:32.
9. Thomas S. Monson, “Pananampalataya sa Gawain ng Kaligtasan” (brodkast ng pandaigdigang pagsasanay sa pamumuno, Hunyo 2013), [lds.org/broadcasts](http://lds.org/broadcasts).
10. Jeffrey R. Holland, “Ang Ating Responsibilidad na Mag-anyaya” (brodkast ng pandaigdigang pagsasanay sa pamumuno, Hunyo 2013); [lds.org/broadcasts](http://lds.org/broadcasts).
11. *Mga Anak na Babae sa Aking Kaharian: Ang Kasaysayan at Gawain ng Relief Society* (2011), 99–100.
12. Alma 26:2–3.
13. Alma 26:11–12.



**Ni Linda S. Reeves**

Pangalawang Tagapayo sa Relief Society General Presidency

# Kamtin ang mga Pagpapala ng Inyong mga Tipan

*Kapag pinanibago at iginalang natin ang ating mga tipan, gagaan ang ating mga pasanin at patuloy tayong mapapadalisay at mapapalakas.*

**M**ga kapatid, napakasayang makapiling kayong muli. Nakilala ko kamakailan ang isang babaeng naghahandang mabin-yagan. Sa partikular na Linggong ito dumating siya sa simbahan matapos maglakad nang dalawang milya (3 km) sa makapal na putik. Agad siyang nag-punta sa banyo, hinubad ang kanyang maputik na damit, naghugas, at nag-bihis ng malinis na damit-pangsimba. Sa Relief Society meeting ikinuwento niya ang kanyang pagsapi. Naantig ako sa napakalaking hangarin niyang maging malinis at dalisay sa pamamagitan ng pagsisisi at ng nagbabayad-salang sakripisyo ng Tagapagligtas at sa kahandaan niyang talikuran ang kanyang “dating buhay” para gumawa ng mga sagradong tipan sa ating Ama sa Langit. Hiniwalayan niya ang kanyang kasintahan, pinaglalaman niya ang mga adiksyon para masunod ang Word of Wisdom, hindi na siya nagtatrabaho sa araw ng Linggo, at nawala ang pakikipagkaibigan ng mga

mahal niya sa buhay nang ibalita niya ang plano niyang magpabinyag. Sabik na sabik siyang pagsisihan ang lahat ng kasalanan niya para maging malinis siya at madama niya ang mapagtubos na pagmamahal ng Tagapagligtas. Nabigyang-inspirasyon ako noong umagang iyon nang hangarin niyang maging malinis ang kanyang katawan at espiritu.



Alam namin na marami sa inyo ang nakagawa ng ganitong mga sakripisyo nang madama ninyo ang pagsaksi ng Espiritu Santo at inasam ninyong magsisi, magpabinyag, at maging malinis. Marahil wala nang ibang pagkakataon na nadarama natin ang saganang pagmamahal ng Tagapagligtas na tulad noong magsisi tayo at madama natin ang Kanyang mapagmahal na yakap at pagtiyak ng Kanyang pagmamahal at pagtanggap sa atin.

Ilang Linggo na ang nakalilipas habang nakikinig ako sa panalangin sa sakramento, naantig ako sa madamdaming pagsambit ng priest sa bawat salita. Kalaunan tinawagan ko ang priest para pasalamat siya sa pagtulong na gawing napakaespirituwal na karanasan ang sakramento para sa akin at sa kongregasyon. Wala siya sa bahay, pero sumagot ang kanyang ina, “Ah, matutuwa po siya na tumawag kayo! Ito ang unang pagkakataon na siya ang nag-alay ng panalangin sa sakramento, at tinulungan ko siyang maghanda, at pinag-usapan namin ang kahalagahan ng sakramento at ang marapat na pagpapanibago ng ating mga tipan sa binyag sa Tagapagligtas.” Mahal na mahal ko ang inang ito na nagturo sa kanyang anak tungkol sa kapangyarihan ng mga tipan sa binyag at kung paano nito matutulungan ang mga miyembro ng ward na madama ang kapangyarihang iyon.

Isa pang inang kilala ko ang nakau-pong mag-isa sa simbahan nang ilang taon kasama ang kanyang apat na maliliit na anak. Dahil hindi maituon ang pansin sa Tagapagligtas sa oras ng sakramento, bumuo siya ng plano. Ngayoy sinisikap niyang gumugol ng oras tuwing Sabado para pag-isipan ang mga ginawa niya sa buong linggo at ang kanyang mga tipan at ang kailangan niyang pagsisihan. “Pagkatapos,” sabi niya, “anuman ang maranasan namin ng mga anak ko sa araw ng Linggo, handa akong makibahagi sa sakramento, magpanibago ng aking mga tipan, at madama ang nakalilinis na kapangyarihan ng Pagbabayad-sala.”

Bakit lubhang mahalaga sa Tagapagligtas ang sakramento, mahal na mga kapatid? Ano ang kahalagahan





ng lingguhang pagpapanibagong ito ng ating mga tipan sa binyag sa ating buhay? Kinikilala ba natin ang kakayahang ng Tagapagligtas na lubos tayong linisin linggu-linggo kapag marapat at taimtim tayong nakikibahagi sa sakramento? Nagpatotoo si Pangulong Boyd K. Packer, “Iyan ang pangako ng ebanghelyo ni Jesucristo at ng Pagbabayad-sala: . . . [na] sa katapusan ng [ating] buhay, ay makapapasok [tayo] sa tabing na nakapagsisi ng [ating] mga kasalanan at nalinis sa pamamagitan ng dugo ni Cristo.”<sup>1</sup>

Natutuwa ang ating panguluhan kapag gumagawa at tumutupad ng mga tipan ang ating mga kapatid at kanilang mga pamilya, ngunit nalungkot kami sa inyo na dumaranas ng matinding paghihirap sa buhay dahil sa paglabag ng mga mahal sa buhay sa kanilang tipan. Inutusan ng Panginoon ang propetang si Jacob, na kapatid ni Nephi, na mangusap sa kanyang mga kapatid hinggil sa mabubuting kababaihan at mga bata noong kanyang panahon. Pinatotohanan ko na ang kanyang mga salita ay ini-ngatan lalo na para sa ating panahon. Nangusap siya sa atin na parang ang Tagapagligtas mismo ang nagsasalita.

Si Jacob ay “labis na nabibigatan . . . sa pag-aalala” nang magpatotoo siya sa mga asawang lalaki at ama:

“Labis ko ring ipinagdadalamhati na kinakailangan akong gumamit ng matalim na pananalita . . . sa harapan ng inyong mga asawa at ng inyong mga anak, marami sa kanilang mga damdamin ay labis na mapagmahal at dalisay at maselan. . . .

“. . . Ang mga hinaing ng kanilang mga puso ay nakararating sa Diyos. . . . Maraming puso ang namatay, nasugatan nang malalim.”<sup>2</sup>

Sa kababaihan at mga batang tumutupad ng mga tipan sa kanyang panahon at sa atin, nangako si Jacob:

“Umasa sa Diyos nang may kataagan ng pag-iisip, at manalangin sa kanya nang may labis na pananampalataya, at kanya kayong aaluin sa inyong mga paghihirap. . . .

“. . . Itaas ninyo ang inyong mga ulo at tanggapin ang kasiya-siyang salita ng Diyos, at magpakabusog sa kanyang pagmamahal.”<sup>3</sup>

Mga kapatid, pinatotohanan ko ang lakas at kapangyarihan ng panalangin kapag ipinaalam natin sa ating Ama sa Langit ang ating matitinding pasakit at hangarin at ang mga sagot

na natatanggap kapag “nagpakabusog” tayo sa mga banal na kasulatan at sa mga salita ng mga buhay na propeta.

Halos tatlong taon na ang nakaraan nasunog ang loob ng pinakamamahal at makasaysayang tabernakulo sa Provo, Utah. Ang pagkawala nito ay itinuring na malaking trahedya kapwa ng komunidad at ng mga miyembro ng Simbahan. Maraming nagtaka, “Bakit hinayaan ng Panginoon na mangyari ito? Tiyak namang makakaya Niyang hadlangan ang apoy o pigilin ang pagkawasak nito.”

Pagkaraan ng sampung taon, sa pangkalahatang kumperensya noong Oktubre 2011, nakahinga nang maluwig ang mga tao nang ibalita ni Pangulong Thomas S. Monson na ang halos wasak na tabernakulo ay magiging isang banal na templo— isang bahay ng Panginoon! Bigla naming nakita ang matagal nang alam ng Panginoon! Hindi Siya ang dahilan ng sunog, ngunit hinayaan Niyang tupukin ng apoy ang loob nito. Nakita Niya ang Tabernakulo bilang isang maringal na templo— isang permanenteng tahanan para sa paggawa ng mga sagrado at walang-hanggang tipan.<sup>4</sup>



Mahal kong mga kapatid, tinutulan ng Panginoon na masubukan at mapatunayan tayo, kung minsan hanggang sa masagad ang ating kakayahan. Nakita na nating nasira ang buhay ng ating mga minamahal—at marahil ang buhay natin—hanggang sa mawasak ito at nagtaka tayo kung bakit hayaan ng mapagmahal na Ama sa Langit na mangyari ang gayong mga bagay. Ngunit hindi Niya tayo iniwang mag-isa; bukas ang Kanyang mga bisig, at sabik tayong inaanyayahang lumapit sa Kanya. Itinatag Niya ang ating buhay sa maririnal na templo kung saan makatatahan ang Kanyang espiritu magpasawalang-hanggan.

Sa Doktrina at mga Tipan 58:3–4 sinabi sa atin ng Panginoon:

“Hindi ninyo mamamasdan ng inyong likas na mga mata, sa kasalukuyan, ang balangkas ng inyong Diyos hinggil sa mga bagay na yaon na darating pagkaraan nito, at ang kaluwalhatiang susunod matapos ang maraming kapighatian.

“Sapagkat pagkatapos ng maraming kapighatian darating ang mga pagpapala. Dahil dito darating ang araw na kayo ay puputungan ng maraming kaluwalhatian.”

Mga kapatid, pinatotohanan ko na may plano ang Panginoon sa buhay ng bawat isa sa atin. Walang nangyayari na ikakabigla o ikakamangha Niya. Alam Niya ang lahat at mahal Niya

ang lahat. Sabik Siyang tulungan tayo, aliwin tayo, at pawin ang ating pasakit kapag umasa tayo sa kapangyarihan ng Pagbabayad-sala at iginalang natin ang ating mga tipan. Ang mga pagsubok at paghihirap na dinaranas natin ay maaaring siya mismong mga bagay na gumagabay sa atin na lumapit sa Kanya at kumapit sa ating mga tipan upang makabalik tayo sa Kanyang kinaroroonan at matanggap natin ang lahat ng mayroon ang Ama.

Nitong nakaraang taon kinailangan at ninais kong mas madama ang pagmamahal ng Panginoon, tumanggap ng personal na paghahayag, mas maunawaan ang aking mga tipan sa templo, at gumaan ang aking mga pasanin. Nang ipagdasal kong makamtan ang mga pagpapalang ito mismo, nadama kong pinapupunta ako ng Espiritu sa templo para pakinggan nang mas mabuti ang bawat salita ng mga basbas na igagawad sa akin. Pinatotohanan ko na nang makinig ako nang mas mabuti at sinikap kong sumampalataya, naawa sa akin ang Panginoon at tinulungan akong gumaan ang aking mga pasanin. Tinulungan Niya akong makadama ng malaking kapayapaan tungkol sa mga dalanging hindi pa nasasagot. Inaasahan natin na tutuparin ng Panginoon ang Kanyang mga pangako kapag tinupad natin ang ating mga tipan at sumampalataya tayo.<sup>5</sup> Halina sa templo, mahal na mga

kapatid, at kamtin ang inyong mga pagpapala!

Nais kong talakayin ang isa pang paraan para magkaroon tayo ng tiwala at pananampalataya. Tayong kababaihan, kung minsan, ay mahilig mamintas sa ating sarili. Sa mga pagkakataong ito kailangan nating hangarin ang Espiritu at magtanong, “Ito ba ang nais ng Panginoon na isipin ko tungkol sa aking sarili, o pinahihinalang ni Satanas ang loob ko?” Alalahanin ang likas na katangian ng ating Ama sa Langit, na ang pagmamahal ay sakdal at walang hanggan.<sup>6</sup> Nais Niya tayong palakasin, hindi pahinain.

Bilang mga miyembro ng Simbahan, kung minsan ay maaari nating madama na kailangan ay kabilang tayo sa isang “perpektong pamilyang LDS” para tanggapin tayo ng Panginoon. Madalas nating madama na “kulang” tayo o hindi nababagay sa kaharian kung pakiramdam natin ay hindi tayo perpekto. Mahal na mga kapatid, matapos masabi at magawa ang lahat, ang magiging mahalaga sa ating Ama sa Langit ay kung natupad natin nang husto ang ating mga tipan at napagsikapan nating mabuti na sundan ang halimbawa ng ating Tagapagligtas na si Jesucristo.

Pinatotohanan ko na si Jesucristo ang ating Tagapagligtas at Manunubos. Dahil sa Kanyang nagbabayad-salang sakripisyo, maaari tayong magiging malinis linggu-linggo kapag marapat tayong nakibahagi sa Kanyang sakramento. Kapag pinanibago at iginalang natin ang ating mga tipan, gagaan ang ating mga pasanin at patuloy tayong mapapadalisay at mapapalakas upang sa katapusan ng ating buhay ay maituring tayong karapat-dapat na tumanggap ng kadakilaan at buhay na walang hanggan. Pinatotohanan ko ang mga bagay na ito sa pangalan ng ating pinakamamahal na Tagapagligtas, na si Jesucristo, amen. ■

#### MGA TALA

1. Boyd K. Packer, “Ang Pagbabayad-sala,” *Liahona*, Nob. 2012, 77.
2. Jacob 2:3, 7, 35.
3. Jacob 3:1–2.
4. Tingnan sa Mosias 23:21–22.
5. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 82:10.
6. Tingnan sa Russell M. Nelson, “Banal na Pag-ibig,” *Liahona*, Peb. 2003, 12–17.



Ni Pangulong Thomas S. Monson

# Hindi Tayo Kailanman Nag-iisa

*Balang-araw ay tatayo kayo sa isang tabi at makikita ninyo ang mga panahon ng inyong paghihirap, at matatanto ninyo na palagi Siyang nariyan sa inyong tabi.*

Mahal kong mga kapatid, ang diwang nadarama natin sa gabing ito ay nagpapakita ng inyong kalakasan, katapatan, at kabutihan. Sabi nga ng Panginoon: “Kayo ang asin ng lupa. . . . Kayo ang ilaw ng sanglibutan.”<sup>1</sup>

Habang pinag-iisipan ko ang pagkakataong makapagsalita sa inyo, naalala ko ang pagmamahal ng aking asawang si Frances para sa Relief Society. Noong nabubuhay pa siya naglingkod siya sa maraming katungkulan sa Relief Society. Noong kapwa kami 31 anyos, tinawag akong maging pangulo ng Canadian Mission. Sa loob ng tatlong taon ng tungkuling iyon, si Frances ang namuno sa lahat ng Relief Society sa malawak na lugar na iyon, na sumasakop sa mga probinsya ng Ontario at Quebec. Ang ilan sa matatalik niyang pakikipagkaibigan ay nagmula sa tungkuling iyon, gayundin sa maraming tungkuling ginampanan niya sa Relief Society ng aming ward. Siya ay matapat na anak ng ating Ama sa Langit, ang pinakaiibig kong kabi-yak, at pinakamamahal kong kaibigan. Hindi kayang bigkasin ng salita ang pangungulila ko sa kanya.

Mahal ko rin ang Relief Society. Nagpapatotoo ako sa inyo na itinatag ito sa pamamagitan ng inspirasyon at isa itong mahalagang bahagi ng Simbahan ng Panginoon dito sa lupa. Imposibleng kalkulahan ang lahat ng kabutihang nagmumula sa organisasyong ito at lahat ng buhay na napag-pala dahil dito.

Ang Relief Society ay binubuo ng iba’t ibang klaseng kababaihan. Mayroon sa inyo na mga dalaga pa— marahil ay nag-aaral, o nagtatrabaho— subalit maganda at masaya ang buhay. Ang ilan sa inyo ay mga inang abala sa lumalaking mga anak. May ilan din sa inyo na nawalan ng asawa dahil sa diborsyo o kamatayan at hirap sa pagpapalaki ng inyong mga anak nang walang tulong ng isang asawa at ama. Ang ilan sa inyo ay napalaki na ang inyong mga anak ngunit natanto na patuloy pa rin silang umaasa sa tulong ninyo. Marami sa inyo ang matatanda na ang magulang na nangangailangan ng mapagkalingang pagmamahal na kayo lamang ang makapagbibigay.

Saan man tayo naroon sa buhay, may mga pagkakataon na lahat tayo ay may dinaranas na mga hamon at hirap.

Bagama’t magkakaiba ang ating mga hamon, lahat tayo ay mayroon nito.

Nariyan ang marami sa mga hamong kinakaharap natin dahil nabubuhay tayo sa mortal na mundong ito, na tinitirhan ng lahat ng uri ng tao. Kung minsan naitatanong natin, “Paano ako makapagtutuon sa selestiyal habang nabubuhay ako dito sa telestiyal na mundo?”

Magkakaroon ng mga pagkakataon na lalakad kayo sa landas na puno ng mga tinik at paghihirap. Maaaring may mga pagkakataon na pakiramdam ninyo ay nakahiwalay kayo—at malayo—sa Tagapagbigay ng bawat mabuting kaloob. Nag-aalala kayo na nag-iisa kayo. Nahahalinhan ng takot ang pananampalataya.

Kapag gayon ang inyong sitwasyon, nakikiusap ako na alalahanin ninyong manalangin. Gustung-gusto ko ang sinabi ni Pangulong Ezra Taft Benson tungkol sa panalangin. Sabi niya:

“Sa buong buhay ko ang payo na umasa sa panalangin ang pinakamahalaga na yata sa lahat ng payong . . . natanggap ko. Naging bahagi na ito ng aking pagkatao—isang angkla, na lagi kong pinaghuhugutan ng lakas, at ang batayan ng kaalaman ko sa mga bagay na banal. . . .

“ . . . Kahit hindi maganda ang mga nangyayari, sa panalangin ay muli tayong makasusumpung ng katiyakan, sapagkat ang Diyos ay bubulong ng kapayapaan sa kaluluwa. Ang kapayapaang iyon, and diwa ng katiwasayan, ang pinakamalaking pagpapala ng buhay.”<sup>2</sup>

Ipinayo ni Apostol Pablo:

“Ipakilala ninyo ang inyong mga kahilingan sa Dios.

“At ang kapayapaan ng Dios, na di masayod ng pag-iisip, ay magiingat ng inyong mga puso at ng inyong mga pag-iisip kay Cristo Jesus.”<sup>3</sup>

Napakagandang pangako! Kapayapaan ang ating hangad, ang ating minimithi.

Hindi tayo inilagay sa mundong ito para lumakad nang mag-isa. Kamangha-manghang mapagkukunan ng kapangyarihan, ng lakas, at ng kapanatagan ang nariyan para sa bawat isa sa atin. Siya na mas kilala

tayo kaysa kilala natin ang ating sarili, Siya na mas nakakaunawa at nakakaalam ng wakas sa simula pa lamang, ay tiniyak sa atin na nariyan Siya para tulungan tayo kung hihilingin lang natin. Ipinangako Niya sa atin: “Manalangin tuwina, at maging mapanampalataya, at lahat ng bagay ay magkakalakip na gagawa para sa inyong ikabubuti.”<sup>4</sup>

Kapag nagdarasal tayo sa Panginoon, huwag nating kalimutan ang mga itinuro sa atin ng Tagapagligtas. Nang humarap Siya sa matinding pasakit sa Getsemani at sa krus, nanalangin Siya sa Ama, “Huwag mangyari ang aking kalooban, kundi ang iyo.”<sup>5</sup> Mahirap man kung minsan, responsibilidad din nating magtiwala sa ating Ama sa Langit na alam Niya kung paano at kailan at sa anong paraan pinakamainam na ilaan ang tulong na hinahanap natin.

Mahalaga sa akin ang mga salita ng makata:

*Hindi ko alam kung paano,  
Ngunit alam kong sinasagot ng  
Diyos ang ating pagsamo.  
Alam kong pangako’y Kanyang  
iniwan,  
Na panalangin ay laging tutugunan,  
At sasagutin, kaagad o kalaunan.  
Kaya nagdarasal ako’t payapang  
naghihintay.  
‘Di ko alam kung ang hangad  
na pagpapala  
Ay darating tulad ng aking inakala;  
At sa Kanya lamang ako  
dumadalangin,  
Sa Kanya na ang katalinuha’y  
higit pa sa akin,  
Nakatitiyak na kahilinga’y  
ipagkakaloob Niya,  
O Siya’y magpapadala ng mas  
malaking pagpapala.<sup>6</sup>*

Mangyari pa, ang panalangin ay hindi lamang para sa oras ng kagipitan. Paulit-ulit na sinasabi sa atin sa mga banal na kasulatan na “manalangin tuwina”<sup>7</sup> at manalangin palagi sa ating puso.<sup>8</sup> Ang mga titik ng isang paborito at pamilyar na himno ay may katanungan na makabubuting itanong natin sa ating sarili araw-araw: “Naisip bang manalangin?”<sup>9</sup>



Kasama sa panalangin na tulungan tayong malampasan ang kadalasa’y mahirap nating mundo ay ang pag-aaral ng banal na kasulatan. Ang mga salita ng katotohanan at inspirasyong matatagpuan sa ating apat na pamantayang aklat ay mga nata-tanging pag-aari para sa akin. Hindi ako nagsasawang basahin ang mga ito. Nabibigyan ako ng espirituwal na sigla tuwing sasaliksikin ko ang mga banal na kasulatan. Ang mga banal na salitang ito ng katotohanan at pagmamahal ang patnubay sa buhay ko at itinaturo nito ang daan tungo sa walang-hanggang kasakdalan.

Kapag binasa at pinagnilayan natin ang mga banal na kasulatan, madarama natin ang magiliw na mga bulong ng Espiritu sa ating kaluluwa. Mahahanap natin ang mga sagot sa ating mga katanungan. Nalalaman natin ang mga pagpapalang dumarating sa pagsunod sa mga utos ng Diyos. Nagkakaroon tayo ng tiyak na patotoo tungkol sa ating Ama sa Langit at sa ating Tagapagligtas na si Jesucristo at sa Kanilang pagmamahal sa atin. Kapag hinaluan natin ng panalangin ang pag-aaral ng banal na kasulatan, tiyak

na malalaman natin na ang ebanghelyo ni Jesucristo ay totoo.

Sinabi ni Pangulong Gordon B. Hinckley, “Pagpalain ng Panginoon ang bawat isa sa atin upang magpakabusog sa kanyang banal na [mga salita] at makahugot mula sa [mga ito] ng lakas, ng kapayapaan, at ng kaalaman na “di masayod ng pag-iisip’ (Filipos 4:7).”<sup>10</sup>

Kapag naaalala natin ang panalangin at nag-uukol tayo ng oras na bumaling sa mga banal na kasulatan, ang ating buhay ay lalo pang pagpapalain at ang ating mga pasanin ay pagagaanin.

Ibabahagi ko sa inyo ang kuwento kung paano sinagot ng ating Ama sa Langit ang mga dalangin at pagsamo ng isang babae at binigyan siya ng kapayapaan at katiyakan na pinakahangad niya.

Ang hirap na dinanas ni Tiffany ay nagsimula noong isang taon na may mga bisita siya sa bahay para sa Thanksgiving at naulit iyon noong Pasko. Nag-aaral noon ng medisina ang asawa niya at nasa ikalawang taon na ng kanyang medical residency. Dahil mahabang oras ng trabaho ang kailangan nito, gustuhin man nila pareho ay hindi siya gaanong natulungan nito, kaya’t karamihan sa mga kailangang gawin sa pista-opisyal na ito, bukod pa sa pag-aalaga sa apat nilang anak, ay si Tiffany ang gumawa. Nabibigatan na siya, pagkatapos ay nalaman niya na isang taong malapit sa kanya ang natuklasang may kanser. Ang stress at pag-aalala ay nagsimulang makabigat sa kanya, at nakadama siya ng kawalan ng pag-asa at depresyon. Nagpatingin siya sa doktor, ngunit walang nagbago. Nawalan siya ng ganang kumain, at nagsimula siyang mangayayat, na hindi kaya ng kanyang maliit na pangangatawan. Naghanap siya ng kapayapaan sa mga banal na kasulatan at ipinagdasal niya na mapawi ang kapanglawang nadarama niya. Nang tila walang kapayapaan o tulong na dumarating, nadama niyang pinabayaan siya ng Diyos. Ipinagdasal siya ng kanyang pamilya at mga kaibigan at sinikap nilang tulungan siya. Hinatiran nila siya ng kanyang mga

paboritong pagkain sa pagtatangkang mapanatiling malusog ang kanyang katawan, ngunit tumitikim lang siya at hindi niya ito nauubos.

Isang partikular na araw, tinangka ng isang kaibigan na pakainin siya ng pagkaing gustung-gusto niya ngunit nawalan ito ng saysay. Nang ayaw niyang kumain, sinabi ng kaibigan, “Alam kong may *isang bagay* na masarap sa pandinig mo.”

Sandaling nag-isip si Tiffany at nagsabi, “Ang naiisip ko lang na masarap sa pandinig ko ay ang tinapay na gawang-bahay.”

Ngunit wala siyang dalang ganoon.

Kinahapunan ay tumunog ang doorbell ni Tiffany. Nagkataong nasa bahay ang kanyang asawa at binuksan nito ang pinto. Pagbalik nito, may bitbit na siyang tinapay na gawang-bahay. Nagulat si Tiffany nang sabihin sa kanya ng asawa na galing iyon sa isang babaing nagngangalang Sherrie, na hindi pa nila gaanong kilala.

Kaibigan siya ng kapatid ni Tiffany na si Nicole, na nakatira sa Denver, Colorado. Naipakilala na si Sherrie kay Tiffany at sa asawa nito ilang buwan bago iyon nang mamalagi si Nicole at ang kanyang pamilya sa bahay ni Tiffany para sa Thanksgiving. Si Sherrie, na nakatira sa Omaha, ay nagpunta sa bahay ni Tiffany para bisitahin si Nicole.

Ngayon, makalipas ang ilang buwan, hawak ang masarap na tinapay, tinawagan ni Tiffany ang kapatid niyang si Nicole para pasalamat na inutusan niya si Sherrie na magdala ng tinapay. Sa halip, nalaman niya na hindi si Nicole ang may pakana sa pagbisita nito at wala itong alam tungkol doon.

At lumabas ang tunay na nangyari nang alamin ni Nicole sa kaibigan niyang si Sherrie kung ano ang nagtulak sa kanyang ihatid ang tinapay na iyon. Ang natuklasan niya ay nagsilbing inspirasyon sa kanya, kay Tiffany, kay Sherrie—at inspirasyon ito sa akin.

Nang umagang iyon na inihatid ang tinapay, nadama ni Sherrie na dapat siyang gumawa ng dalawang tinapay sa halip na isa lang na siyang plano niyang gawin. Sinabi niya na

nadama niya na dapat niyang dalhin ang pangalawang tinapay sa kanyang kotse sa araw na iyon, kahit hindi niya alam kung bakit. Matapos mananghalian sa bahay ng isang kaibigan, nagsimulang umiyak ang kanyang isang-taong-gulang na anak na babae at kinailangan itong iuwi para umidlip. Nag-alangan si Sherrie nang madama niya ang malinaw na pahiwatig na kailangan niyang ihatid ang sobrang tinapay sa kapatid ni Nicole na si Tiffany, na 30 minuto ang layo ng tinitirhan sa kabilang panig ng bayan at hindi pa niya gaanong kilala. Sinubukan niyang huwag pansinin ang ideyang iyon, dahil gusto na niyang iuwi ang pagod niyang anak at medyo nahihiya siyang ihatid ang tinapay sa mga taong halos hindi niya kilala. Gayunman, matindi ang pakiramdam niyang magpunta sa bahay ni Tiffany, kaya sinunod niya ang pahiwatig.

Pagdating niya, asawa ni Tiffany ang nagbukas ng pinto. Ipinaalala dito ni Sherrie na kaibigan siya ni Nicole

na sandali lang niya nakilala noong Thanksgiving, iniabot dito ang tinapay, at umalis na.

Kaya nga nangyari na nagpadala ng isang halos estranghero ang Panginoon mula sa kabilang bayan para ihatid hindi lamang ang hinahangad na tinapay na gawang-bahay kundi maging ang malinaw na mensahe ng pagmamahal kay Tiffany. Ang nangyari sa kanya ay hindi maipapaliwanag sa iba pang paraan. Matindi ang pangangailangan niya na madamang hindi siya nag-iisa—na alam ng Diyos na nariyan siya at hindi siya pinabayaan. Ang tinapay na iyon—na siya mismong gusto niya—ay inihatid sa kanya ng isang taong hindi niya gaanong kilala, isang taong walang alam sa pangangailangan niya ngunit nakinig sa pahiwatig ng Espiritu at sumunod sa pahiwatig na iyon. Naging malinaw na palatandaan iyon kay Tiffany na alam ng kanyang Ama sa Langit ang kanyang mga pangangailangan at mahal na mahal siya



para padalhan ng tulong. Sinagot Niya ang kanyang mga pagsamo na maginhawahan.

Mahal kong mga kapatid, mahal kayo ng inyong Ama sa Langit—bawat isa sa inyo. Ang pagmamahal na iyan ay hindi nagbabago. Hindi ito naiimpluwensyahan ng inyong hitsura, ng inyong mga ari-arian, o ng pera ninyo sa bangko. Hindi ito nababago ng inyong mga talento at kakayahan. Basta nariyan lang ito. Nariyan ito para sa inyo kapag malungkot kayo o masaya, nawawalan ng pag-asa o umaasa. Ang pag-ibig ng Diyos ay nariyan para sa inyo marapat man kayong mahal ino hindi. Basta nariyan lang ito palagi.

Sa paghahanap natin sa ating Ama sa Langit sa taimtim at taos na panalangin at sa masugid at tapat na pag-aaral ng banal na kasulatan, ang ating patotoo ay lalakas at mag-uugat. Malalaman natin na mahal tayo ng Diyos. Mauunawaan natin na hindi tayo nag-iisa. Ipinapangako ko sa inyo na balang-araw ay tatayo kayo sa isang tabi at makikita ninyo ang mga panahon ng inyong paghihirap, at matatanto ninyo na palagi Siyang nariyan sa inyong tabi. Alam ko na ito ay totoo sa pagpanaw ng aking walang-hanggang kabiyak—si Frances Beverly Johnson Monson.


Iniiwan ko sa inyo ang aking basbas. Iniiwan ko sa inyo ang aking pasasalamat sa lahat ng kabutihang ginagawa ninyo at sa inyong mabuting pamumuhay. Nawa'y biyayaan kayo ng lahat ng mabuting kaloob ang dalangin ko sa pangalan ng ating Tagapagligtas at Manunubos, maging ang Panginoong Jesucristo, amen. ■

**MGA TALA**


1. Mateo 5:13–14.
2. Ezra Taft Benson, “Pray Always,” *Tambuli*, Hunyo 1990, 4–5, 6.
3. Mga Taga Filipos 4:6–7.
4. Doktrina at mga Tipan 90:24.
5. Lucas 22:42.
6. Eliza M. Hickok, “Prayer,” sa James Gilchrist Lawson, ed., *The Best Loved Religious Poems* (1933), 160.
7. Lucas 21:36; tingnan din sa 2 Nephi 32:9; 3 Nephi 18:15; Doktrina at mga Tipan 10:5; 19:38; 20:33; 31:12; 61:39; 88:126; 93:49.
8. Tingnan sa 3 Nephi 20:1.
9. “Naisip Bang Manalangin?” *Mga Himno*, blg. 82.
10. Gordon B. Hinckley, “Feasting upon the Scriptures,” *Tambuli*, Hunyo 1986, 4.

## Mga General Auxiliary Presidency


### RELIEF SOCIETY



Carole M. Stephens  
Unang Tagapayo



Linda K. Burton  
Pangulo



Linda S. Reeves  
Pangalawang Tagapayo


### YOUNG WOMEN



Carol F. McConkie  
Unang Tagapayo



Bonnie L. Oscarson  
Pangulo




Neill F. Marriott  
Pangalawang Tagapayo


### PRIMARY



Jean A. Stevens  
Unang Tagapayo



Rosemary M. Wixom  
Pangulo



Cheryl A. Esplin  
Pangalawang Tagapayo

### YOUNG MEN



Larry M. Gibson  
Unang Tagapayo



David L. Beck  
Pangulo



Randall L. Ridd  
Pangalawang Tagapayo

### SUNDAY SCHOOL



David M. McConkie  
Unang Tagapayo



Russell T. Osguthorpe  
Pangulo



Matthew O. Richardson  
Pangalawang Tagapayo

# Indeks ng mga Kuwento sa Kumperensya

Ang sumusunod na listahan ng mga piling karanasan mula sa mga mensahe sa pangkalahatang kumperensya ay magagamit sa personal na pag-aaral, family home evening, at iba pang pagtuturo. Ang mga tagapagsalita ay nakalista nang sunud-sunod ayon sa alpabeto, at ang bilang ay tumutukoy sa unang pahina ng mensahe.

## TAGAPAGSALITA KUWENTO

Neil L. Andersen	(92) Isang matapat na inang taga-Brazil, na pinagbawalan ng kanyang asawa na magsimba, ang nagsasabi sa kanyang mga anak na magsimba.
M. Russell Ballard	(43) Nagtagumpay ang isang pamilya sa gawaing misyonero nang isapuso nila ang hamon na pabilisin ang gawain ng kaligtasan.
David A. Bednar	(17) Ang pamilya ni Susan Bednar (na noon ay dalagita) ay pinagpala sa pamumuhay ng batas ng ikapu.
Gérald Caussé	(49) Si Gérald Caussé at ang kanyang pamilya ay mas nadadalian sa pagtira sa lungsod na bago sa kanila dahil sa mainit na pagtanggap ng mga Banal sa mga Huling Araw.
D. Todd Christofferson	(29) Si Anna Daines ay sumali sa isang volunteer group at tinutulungan ang kanyang komunidad na maalís ang maling akala nila sa mga Banal sa mga Huling Araw.
Quentin L. Cook	(88) Si Quentin L. Cook at ang iba pang mga abugado sa kanyang opisina ay nagpasiyang gawing kaiga-igaya para sa pamilya ang mga kalagayan sa kanilang trabaho.
Edward Dube	(15) Sinabi ng ina ng batang Edward Dube na tumingin siya sa unahan, huwag lumingon sa likuran, habang magkasama silang nagtatrabaho sa bukid.
Timothy J. Dyches	(37) Pinatawad ni Corrie ten Boom ang isang dating sundalong Nazi na isa sa kanyang mga guwardiya noon sa isang concentration camp.
Henry B. Eyring	(58) Ang batang Henry B. Eyring ay napagpala nang samahan niya ang kanyang bishop sa mga pagbisita sa mga miyembrong nangangailangan. (69) Sina Mildred at Henry Eyring ay nagkaisa sa kanilang desisyon na bumalik sa Utah, na malapit sa pamilya ni Mildred.
Randy D. Funk	(52) Matapos marinig ang kuwento ni Joseph Smith sa isang wika na hindi niya nauunawaan, hiniling ng isang investigator sa India na mabinyagan.
Kevin S. Hamilton	(99) Isang pamilya ang nagsimulang lumayo sa Simbahan sa desisyong maglibot sa araw ng Linggo sa halip na dumalo sa sacrament meeting.
Jeffrey R. Holland	(40) Natuklasan ng isang ina ang layunin niya sa buhay matapos masugatan nang malubha sa pagbagsak ng eroplano ng sinasakyan nila.
Richard J. Maynes	(79) Ang lolo-sa-tuhod ni Richard J. Maynes ay namatay sa atake sa puso habang nasa misyon.
Thomas S. Monson	(61) Isang matapat na home teacher ang puno ng pasasalamat nang ang isang taong matagal na niyang binibisita ay sumapi sa Simbahan. (85) Si Thomas S. Monson ay nagbigay ng basbas ng priesthood sa isang may-edad na lalaki na hindi na makakita o makadini.
S. Gifford Nielsen	(33) Pinakulay-tanso ng isang stake president ang lumang-lumang sapatos ng isang matagumpay na missionary.
Adrián Ochoa	(102) Nagalak ang mga miyembro ng pamilya nang ang batang Adrián Ochoa at dalawa niyang pinsan ay makauwi matapos ang malakas na unos.
Bonnie L. Oscarson	(76) Hindi pumayag si Agnes Hoggan na ampunin ng isang pamilyang hindi LDS ang kanyang 16-na taong gulang na anak na babae.
Boyd K. Packer	(26) Pinayuhan si Boyd K. Packer na hikayatin ang mga miyembro na basahin ang mga banal na kasulatan ng isang stake na nahihirapan.
L. Tom Perry	(46) Noong bata pa siya, si L. Tom Perry at ang iba pang mga batang Primary ay nag-hiking sa isang paboritong lugar sa canyon kasama ang kanilang guro.
Linda S. Reeves	(118) Isang babaing malapit nang binyagan ang naglalakad ng dalawang milya (3 km) sa maputik na daan para magsimba.
Ulisses Soares	(9) Si Moses Mahlangu at iba pa sa South Africa ay nakaupo sa labas ng simbahan at nakikinig sa mga serbisyo mula sa bintana.
Carole M. Stephens	(12) Ang matapat na babae sa Honduras ay tumatanggap ng mga basbas ng priesthood mula sa kanilang mga lider sa Simbahan. (115) Tinutupad ng isang 10-taong gulang na batang lalaki ang kanyang tipan na makidalamhati sa iba sa pag-alo niya sa kanyang lolo-sa-tuhod na balo na.
Dieter F. Uchtdorf	(21) Nanaginip ang isang lalaki kung saan ipinapaliwanag ng mag-asawang Banal sa mga Huling Araw ang mga pagkakataon para makapaglingkod sa Simbahan. (55) Si Dieter F. Uchtdorf ay bumagsak habang nag-i-skiing at nahirapang tumayo hanggang sa tulungan siya ng kanyang apong lalaki.
Arnulfo Valenzuela	(35) Isang di-gaanong aktibong babae ang nagbalik sa simbahan matapos madama ang Espiritu Santo habang kumakanta ng himno kasama ang kanyang mga visiting teacher.
Terence M. Vinson	(104) Ang panalangin ng isang matapat na miyembro ng Simbahan sa Papua New Guinea ay sinagot nang biglang umulan at namatay ang apoy na nagbabantang sumira sa mga pananim sa nayon.



## Pagdami ng mga Miyembro at Missionary Ibinalita sa Pangkalahatang Kumperensya

Umabot na sa 15 milyon ang mga miyembro ng Simbahan, pagbabalita ni Pangulong Thomas S. Monson sa pambungad na sesyon ng Ika-183 Ikalawang Taunang pangkalahatang kumperensya noong Oktubre 5, 2013. Ibinalita rin niya na mula nang ibaba ang edad sa pagmimisyon noong Oktubre 2012, dumami nang husto ang mga full-time missionary na naglilingkod sa lahat ng dako ng mundo—dati ay 58,500 ngayon ay 80,333 na.

“Ang Simbahan ay patuloy na lumalago at binabago nito ang mas marami pang buhay taun-taon,” sabi ni Pangulong Monson. “Lumalaganap ito sa buong mundo habang hinahanap ng ating mga missionary ang mga taong naghahanap ng katotohanan.”

Hinikayat niya ang mga miyembro at missionary na magtulungan sa pagbabahagi ng ebanghelyo. “Panahon na para ang mga miyembro at missionary ay magsama-sama, magtulungan, magsigawa sa ubasan ng Panginoon upang magdala ng mga kaluluwa sa Kanya,” sabi ni Pangulong Monson, na 50 taon nang naglilingkod bilang Apostol.

Sa sesyon sa Sabado ng hapon, tatlong miyembro ng Unang Korum ng Pitumpu—sina Elder John B. Dickson,

Paul E. Koelliker, at F. Michael Watson—ang marangal na ini-release at binigyan ng emeritus status, at marangal ding ini-release si Elder Kent D. Watson ng Pangalawang Korum ng Pitumpu. Bukod pa rito, sinang-ayunan sina Julio A. Angulo, 45, ng Bogotá, Colombia; Peter F. Evans, 54, ng Salt Lake City, Utah, USA; at Gennady N. Podvodov, 47, ng Donetsk, Ukraine, bilang mga Area Seventy. Ibinalita na



na-release na sina César H. Hooker at Craig T. Wright bilang mga Area Seventy.

Milyun-milyon sa buong mundo ang nanood o nakinig sa kumperensya sa pamamagitan ng telebisyon, Internet, radyo, at mga satellite broadcast. Sa kauna-unahang pagkakataon, ibinrodkast ang sesyon ng priesthood nang Sabado ng gabi sa telebisyon at sa oras ding iyon sa Internet. Mahigit 100,000 tao ang dumalo sa limang sesyon sa Conference Center sa Salt Lake City, Utah, noong Oktubre 5 at 6. Napanood o napakinggan din ang kumperensya sa pamamagitan ng iba’t ibang media sa 95 wika at naibrodkast sa 197 bansa at mga teritoryo.

Winakasan ni Pangulong Monson ang kumperensya sa pakiusap na magpakita ng ibayong kabaitan sa isa’t isa ang mga miyembro ng Simbahan “at nawa’y palagi nating gawin ang gawain ng Panginoon.” ■

### PANGULONG MONSON APOSTOL SA LOOB NG 50 TAON

Ang ikalawang taunang pangkalahatang kumperensya ng Oktubre 2013 ang naging tanda ng ika-50 anibersaryo ng pagtagwag kay Pangulong Thomas S. Monson sa Korum ng Labindalawang Apostol. Sinang-ayunan siya bilang Apostol noong Oktubre 4, 1963, sa edad na 36. ■

*Si Thomas S. Monson sa Tabernacle on Temple Square noong 1963, ilang sandali bago siya sinang-ayunan bilang General Authority.*



# Social Media Pages Nilikha para sa mga Lider ng Simbahan

Ni Eric Murdock

Mga Balita at Kaganapan sa LDS.org

Umikha ng opisyal na social media pages ang Simbahan para sa mga miyembro ng Unang Panguluhan at ng Korum ng Labindalawang Apostol sa Facebook at Google Plus. Ang pages na ito ang magsisilbing opisyal na social media presence para sa bawat isa sa mga Kapatid, na mamamahala sa pages na ito na imementena ng Simbahan para sa kanila.

Ang opisyal na mga Facebook at Google Plus account ay matatagpuan sa pamamagitan ng paghahanap sa facebook.com/lds at sa plus.google.com. Para malaman kung opisyal ang isang social media site o page, hanapin ang logo ng Simbahan.

Ang mga taong sumusubaybay sa pages na ito ay tatanggap ng regular

na mga update tungkol sa paglilingkod ng bawat isa sa mga Kapatid. “Ang Simbahan ay magpo-post ng mga link sa mga mensahe, artikulo, video, at iba pang mahalagang content para sa kanila,” sabi ni Dale Jones, tagapagsalita para sa Simbahan.

Sa pages na ito mas madaling matatagpuan ng mga tao ang mga salita ng mga buhay na propeta, at sa pag-“like” sa pages, mapupunta ang content nito sa Facebook feed ng nag-like, kung saan ito madaling makikita at maibabahagi sa iba.

Ang paglikha ng opisyal na pages ay tumutulong sa mga miyembro na malaman kung aling pages ang minementena ng Simbahan at pinoprotektahan ang mga tao sa huwad na pages. ■



LARAWANG KUHA NI NICOLAS CARRASCO, SA KAGANDAHANGLOOB NG CHURCH NEWS

## Mga Balita Tungkol sa Templo

### Nag-Groundbreaking sa Unang Templo sa Connecticut

Nagsimula ang pagtatayo sa unang templo ng mga Banal sa mga Huling Araw sa Connecticut, USA, kasunod ng seremonya sa groundbreaking na pinamunuan ni Pangulong Thomas S. Monson sa Hartford noong Sabado, Agosto 17. Ang Hartford Connecticut Temple ang magiging pangalawa sa New England (ang isa pa ay nasa Boston, Massachusetts) at isa sa 170 mga templo ng LDS na ginagamit, itinatayo, o ipinaplanong itayo sa buong mundo.

### Pangalawang Templo sa Colorado

Noong Sabado, Agosto 24, pinamunuan ni Elder Ronald A. Rasband ng Panguluhan ng Pitumpu ang seremonya sa groundbreaking para sa pangalawang templo sa Colorado, USA, ang Fort Collins Colorado Temple. Ang isa pang templo ay nasa Denver, mga 59 milya (95 km) sa timog ng Fort Collins. ■

## Mga Stake Inorganisa sa Rome at Paris

Inorganisa nina Elder Dallin H. Oaks at Elder M. Russell Ballard ng Korum ng Labindalawang Apostol ang pangalawang stake sa Rome, Italy, at ang pangatlong stake sa Paris, France, nang bumisita sila noong Setyembre 2013 na kinabilangan din ng mga miting sa Leeds at Manchester, England, at Madrid, Spain. Isang templo ang itinatayo sa Rome, at may isang malapit nang itayo sa Paris.

“Ang Simbahan ay buhay na buhay at kahanga-hanga ang pag-unlad sa Europe,” sabi ni Elder Oaks. Sinabi ni Elder Ballard sa mga miyembrong Europeo na dapat “maunawaan [ng Simbahan] na pinabibilis ng Panginoon ang Kanyang gawain ng kaligtasan at na lahat tayo ay kailangang maging abala.” ■

## Mga Turo para sa Ating Panahon

Mula Oktubre 2013 hanggang Marso 2014, ang mga aralin sa Melchizedek Priesthood at Relief Society tuwing ikaapat na Linggo ay dapat ihanda mula sa isa o mahigit pang mga mensaheng ibinigay sa pangkalahatang kumperensya ng Oktubre 2013. Sa Abril 2014, maaaring piliin ang mga mensahe mula sa kumperensya ng Oktubre 2013 o sa kumperensya ng Abril 2014. Mga stake at district president ang dapat pumili ng mga mensaheng gagamitin sa kanilang lugar, o maaari nilang iatas ang responsibilidad na ito sa mga bishop at branch president.

Alamin ang iba pa sa pamamagitan ng pagrebyu ng artikulong “Mga Turo para sa Ating Panahon” sa *Liahona* o *Ensign* ng Mayo 2013. ■



## Randall L. Ridd

*Bagong Pangalawang Tagapayo sa Young Men General Presidency*

Bilang anak ng isang manggagawa, maagang natutuhan ni Randall L. Ridd na mahalagang gawin ang isang trabaho sa tamang paraan. Sa ilang pagkakataon, kahit tapos na ng batang si Randall ang isang trabaho, maririnig pa rin niya ang kanyang amang si Leon Ridd na magsabi ng, “Hindi ka pa tapos.”

Ang gayong pagiging metikuloso ay nakintal sa isipan ng lalaking naglilingkod ngayon bilang pangalawang tagapayo sa Young Men general presidency. Hanggang ngayon ay naririnig pa niya kung minsan ang mahigpit ngunit mapagmahal na mga salita ng kanyang ama kapag ginagawa niya ang kanyang mga tungkulin sa trabaho, sa pamilya, at sa Simbahan: “Hindi ka pa tapos; gawin mo ‘yan nang tama.”

Sinabi ni Brother Ridd na ang ugali ng kanyang pamilya sa trabaho ay naging pagpapala sa buhay niya. Gayon din ang ginagawa ng mga tagapagturo at lider ng priesthood na paminsan-minsang gumagabay sa kanya sa landas ng ebanghelyo. Habang marami sa kanyang mga kaklase sa high school ang tumanggap ng mission call sa edad na 19, pinili ni Randall na mag-aral sa kolehiyo at magpalista sa hukbong sandatahan. Kalaunan ay nagtrabaho siya bilang X-ray technician habang patuloy na nag-aaral sa University of Utah. Sinabihan siya ng ilang matatalinong lalaki na ang lugar para sa kanya ay sa mission field. Sinunod niya ang sinabi nila at nagpadala ng kanyang aplikasyon para magmisyon. Hindi nagtagal ay ibinabahagi na niya ang ebanghelyo sa Mexico North Mission. “Hindi ko maisip kung ano ang magiging buhay ko kung hindi ako nagmisyon,” sabi niya.

Umuwi siya, nagpatuloy sa pag-aaral, at ikinasal kay Tamina Roark sa Salt Lake Temple noong 1975. Nagkaroon ng apat na anak ang mga Ridd habang umuunlad si Brother Ridd sa kanyang propesyon sa commercial real estate at iba pang negosyo.

Mahal pa rin niya ang gawaing misyonero. Siya ang namuno sa Ecuador Guayaquil North Mission mula 2005 hanggang 2008 at muling nasaksihan ang pagbabagong du- lot ng full-time mission sa buhay ng isang binata o dalaga.

Si Brother Ridd ay naglilingkod bilang miyembro ng Young Men general board nang tawagin siya sa Young Men general presidency noong Mayo 2013. ■

© MICHAEL T. MALM, SA KAGANDAHANGLOOB NG ILLUME GALLERY OF FINE ART, HINDI MAAARING KOPYAHIN



*Mapayapang Puso*, ni Michael T. Malm

*“At ang Espiritu ay nagbibigay ng liwanag sa bawat tao na dumarating sa daigdig;  
at ang Espiritu ay nagbibigay-liwanag sa bawat [lalaki at babae] sa pamamagitan ng daigdig,  
na nakikinig sa tinig ng Espiritu” (D at T 84:46).*



“Nawa’y lagi tayong magpunyaging mapalapit sa ating Ama sa Langit,” sabi ni Pangulong Thomas S. Monson sa sesyon sa Linggo ng umaga ng Ika-183 Ikalawang Taunang Pangkalahatang Kumperensya ng Simbahan. “Para magawa ito, kailangan nating manalangin at makinig sa Kanya araw-araw. Talagang kailangan natin Siya bawat oras, masasayang oras man ang mga ito o malulungkot. Nawa’y alalahanin natin palagi ang Kanyang pangako: ‘Hindi kita iiwan ni pababayaan.’”

ANG SIMBAHAN NI  
**JESUCRISTO**  
NG MGA BANAL  
SA MGA HULING ARAW

TAGALOG



4

4

10791 Nov 13